

BASA PILIPINAS

GABAY SA PAGTUTURO

NG FILIPINO

IKATLONG BAITANG

YUNIT 2

MAYO 2015

Ang materyal sa pagtuturo na ito ay nabuo sa tulong ng Mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng United States Agency for International Development (USAID). Ang nilalaman ng materyal na ito ay nasa sariling pananagutan ng may-akda at hindi sumasalamín sa mga pananaw ng USAID o ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

Ikatlong Baitang - Yunit 2

Gabay sa Pagtuturo ng Filipino

Unang Edisyon, 2015

Inilathala ng U.S. Agency for International Development (USAID)

Binuo ng USAID/Basa Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon

Technical Director: Dr. Nancy Clark-Chiarelli

Mga Manunulat: Dr. Felicitas Pado at Cecilia Ochoa

Mga Tagasuri: Paolo Paculan (Nilalaman)

Jomar Empaynado (Wika)

Mga Nag-Layout: Kyleen Sayas at Harry James Creo

Ang karapatang-sipi ng mga akda o materyales gaya ng kuwento, awit, tula, mga larawan, tatak, trademark, at iba pa, na ginamit sa materyal na ito ay taglay ng kani-kanilang mga may-ari. Upang magamit ang mga akdang ito, pinagsikapang mahanap at humingi ng pahintulot mula sa mga may karapatang-ari. Hindi inaangkin ng tagapaglathala at may-akda ang karapatang-ari ng anuman sa mga akdang ito.

Walang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ipadala sa anumang paraan, electronic o mekanikal, kabilang ang photocopy, o anumang sistema ng impormasyon nang walang pahintulot sa tagapaglathala.



USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

LIBRENG KOPYA. HINDI IPINAGBIBILI.

Inilimbag sa Pilipinas

Basa Pilipinas Program

Office Address: 3/F L. Orosa Building, 1010 Meralco Avenue, Pasig City

Telephone: +63 (02) 631-1970; 631-1871

E-mail Address: basatgteam@gmail.com

TALAAAN NG NILALAMAN

ARALIN 11	1
Lingguhang Gabay	2
Mga Aralin.....	10
ARALIN 12	35
Lingguhang Gabay	36
Mga Aralin.....	44
ARALIN 13	65
Lingguhang Gabay	66
Mga Aralin.....	76
ARALIN 14	101
Lingguhang Gabay	102
Mga Aralin.....	110
ARALIN 15	131
Lingguhang Gabay	132
Mga Aralin.....	140
ARALIN 16	161
Lingguhang Gabay	162
Mga Aralin.....	170
ARALIN 17	195
Lingguhang Gabay	196
Mga Aralin.....	204
ARALIN 18	227
Lingguhang Gabay	228
Mga Aralin.....	236
ARALIN 19	257
Lingguhang Gabay	258
Mga Aralin.....	266

ARALIN

11

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI

LEVELED READER: *SI CHICO*



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 11

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: Si Chico (Kuwento ni Sierra Mae Paraan; Guhit ni Alexandra Paredes)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PS Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa itinuturing na bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>matibay ang loob, simpleng pamumuhay, chichacorn</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> F3PN Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> F3PN Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwentong Pinapakinggan (<i>Listening Story</i>): “Ang Inaabangan nina Hasmin at Chico” Pagbasa ng guro ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> F3PN Naisasalaysay ang mahahalagang bahagi ng kuwento batay sa banghay ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento Pagsalaysay ng mahahalagang bahagi ng kuwento
	WG	<ul style="list-style-type: none"> F3WG Nakikilala ang angkop na Pandiwang Pangkasalukuyan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Pandiwang Pangkasalukuyan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang tao na itinuturing na bayani 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa itinuturing na bayani
2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa paghawan ng balakid 	2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
b. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mga paksang kaugnay sa kuwento upang maganyak ang mga mag-aaral sa pakikinig sa kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	b. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa talakayan <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak na tanong
3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Babasahin ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (<i>Listening Story</i>) 	3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito
4. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Magtanong tungkol sa kuwento. Talakayin ang banghay ng kuwento at hikayatin sa mga mag-aaral na isalaysay ang mahahalagang pangyayari. 	4. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pagsalaysay ng mahahalagang pangyayari sa kuwento
5. Pagsasanay: Pandiwa (Mga Salitang Kilos) <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang Pandiwa sa bawat pangungusap. Magbigay ng pagsasanay. 	5. Pagsasanay: Pandiwa (Mga Salitang Kilos) <ul style="list-style-type: none"> Pagkilala ng angkop na Pandiwa sa bawat pangungusap Pagsagot ng pagsasanay
6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin tungkol sa Pandiwa 	6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Paglista ng mga Pandiwang Pangkasalukuyan na napansing ginagawa ng mga kapamilya

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PS Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng Takdang-Aralin
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>hinihimay, kabisado, abono, hinawi</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Gamit ng iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Unang bahagi ng <i>Leveled Reader: Si Chico</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong
	PP	<ul style="list-style-type: none"> F3PP Nakabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng angkop na panlapi sa salitang-ugat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagdagdag ng Panlapi sa Salitang-ugat

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipabahagi sa mga mag-aaral ang mga sagot sa kanilang takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahagi ng kanilang takdang-aralin
<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i>)</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap 	<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i>)</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa mga tanong tungkol sa unang bahagi ng kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang nilalaman ng kuwento batay sa iba't ibang bahagi ng aklat <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binasa</p>	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghula sa nilalaman ng kuwento batay sa iba't ibang impormasyon sa pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<p>4. Pagtalakay ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang kuwento at ipabasa ang bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong 	<p>4. Pagtalakay ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot
<p>5. Aralin: Salitang-Ugat at Panlapi</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang pagbuo ng mga salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng unlapi, gitlapi, at hulapi sa salitang-ugat <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng takdang-aralin kaugnay sa binasang kuwento 	<p>5. Aralin: Salitang-Ugat at Panlapi</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng angkop na unlapi, gitlapi, at hulapi sa salitang-ugat upang makabuo ng bagong salita <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpili ng isang katangian ni Chico at pagsulat tungkol dito
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PS Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng Takdang-Aralin
	PP	<ul style="list-style-type: none"> F3PP Natutukoy ang panlapi sa mga salita F3PP Nakabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng angkop na panlapi sa salitang-ugat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagkilala ng panlapi sa bawat salita Pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng pannlapi sa salitang-ugat
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Naibibigay ang dahilan ng pangyayari sa binasang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng dahilan sa nakasaad na bunga
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PS Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi tungkol sa mga OFW bilang mga bagong bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>natigilan, naglaro sa isipan, nagdalawang-isip, umuusbong na problema</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pangalawang bahagi ng <i>Leveled Reader: Si Chico</i>
PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento 		

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipabahagi sa mga mag-aaral ang mga sagot sa kanilang takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahagi ng kanilang takdang-aralin
<p>2. Pagbabalik-Aral: Mga Panlapi</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbalik-aral sa mga panlapi at hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang panlapi sa bawat salita. Hikayatin ang mga mag-aaral na bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng panlapi sa salitang-ugat. 	<p>2. Pagbabalik-Aral: Mga Panlapi</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagkilala ng panlapi sa bawat salita. Pagbuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng panlapi sa salitang-ugat.
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang dahilan at bunga ng mga pangyayari. Pasagutan ang <i>Skill Builder</i> na gawain. <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng takdang-aralin tungkol sa panlapi 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng dahilan sa nakasaad na bunga. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> na gawain. <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng takdang-aralin
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Iugnay ang kuwento ni Chico sa mga OFW at hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang tungkol sa mga OFW 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbahagi tungkol sa mga OFW at kung bakit sila kahanga-hanga
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang kahulugan ng mga salita 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbalik-aral sa kuwentong binasa <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtalakay tungkol sa kuwentong binasa <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binasa</p>	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Nakasasali sa pangkatang gawain at naibibigay ang angkop na tugon sa bahagi ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pangkatang Gawain: Pagtugon sa tanong tungkol sa kuwento sa pamamagitan ng iba't ibang pangkatang gawain
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Naiiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tanong ng guro sa iba't ibang paraan 	<ul style="list-style-type: none"> Maayos na pagsalaysay ng mahahalagang bahagi ng kuwento
	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Naisasalaysay nang maayos ang mahahalagang bahagi ng kuwento 	
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> F3PS Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng Takdang-Aralin
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB Nahihinuha ang ugali ng mga tauhan batay sa kanilang sinabi o aksiyon 	<ul style="list-style-type: none"> Paghinuha sa ugali ng tauhan
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng napag-aralang talasalitaan
	KM	<ul style="list-style-type: none"> F3KM Nakasusulat ng isang liham nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng Liham

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Pangkatang Gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na ipakita ang pang-unawa sa pamamagitan ng iba't ibang pangkatang gawain 	<p>4. Pangkatang Gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa pangkatang gawain at pagbigay ng angkop na tugon sa bahagi ng kuwento
<p>5. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Ipasalaysay ang mahahalagang bahagi ng kuwento. Ipabasa nang malakas ang bahagi ng kuwento upang maiwasto ang pang-unawa nito. <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>5. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang malakas ng hinihinging bahagi ng kuwento upang maiwasto ang pang-unawa nito <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Ilista ang maaaring gawin kung may sakit ang kapamilya
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Ipabahagi sa mga mag-aaral ang mga sagot sa kanilang takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng kanilang takdang-aralin
<p>2. Pagsasanay: Ugali ng mga Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang paghinuha ng ugali ng tauhan batay sa kaniyang sinabi o aksiyon. Magbigay ng pagsasanay. 	<p>2. Pagsasanay: Ugali ng mga Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng hinuha tungkol sa ugali ng tauhan batay sa kaniyang sinabi o aksiyon. Pagsagot ng pagsasanay.
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na tukuyin ang angkop na solusyon ng tauhan sa bawat naranasang problema 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng angkop na solusyon sa problema
<p>4. Pagsulat ng Liham</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakaying muli ang mga bahagi ng liham at magpasulat ng isang liham nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Pagsulat ng Liham</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat nang wasto ng iba't ibang bahagi ng liham nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig ng programa sa radyo at pag-abang ng pagbanggit ng mga salitang napag-aralan
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PN** Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Naisasalaysay ang mahahalagang bahagi ng kuwento batay sa banghay ng kuwento
- **F3WG** Nakikilala ang Pangngalan at ang angkop na Pandiwang Pangkasalukuyan

I

BAHAGINAN

- Ipakilala sa mga mag-aaral ang tema para sa linggo, at hikayatin ang ilang mag-aaral na magbahagi ng nalalaman nila tungkol sa paksang ito.



Sabihin: *Ang tema natin ngayong linggo ay tungkol sa mga bayani.*

Tinatawag nating bayani ang sinumang tao na binabangaan natin dahil sa kaniyang tapang, talino, o iba pang abilidad na ginagamit niya para sa ikabubuti ng marami. Kung kayo ang tatanungin, ano ang ibig sabihin ng salitang bayani? (Kumuha ng ilang sagot.) Bilang panimula, magbabahaginan kayo ng inyong katabi tungkol sa isang taong kinikilala ninyo bilang isang bayani. Maaari ninyong sagutin ang mga tanong na ito: Sino ang isang tao na itinuturing mong bayani? Magbigay ng ilang detalye tungkol sa kaniyang trabaho o kinikilalang gawain at kontribusyon sa bayan. Bakit mo nasabi na isa siyang bayani? Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimula na ito:

Itinuturing kong bayani si _____.

Isa siyang _____.

Bayani siya para sa akin dahil _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang magsilbing gabay sa mga mag-aaral. Halimbawa:
Itinuturing kong bayani si Amado V. Hernandez. Isa siyang tanyag na manunulat. Tinatawag natin siyang bayani dahil ginamit niya ang kaniyang panulat upang ipaglaban ang karapatan ng mga manggagawa.

Bigyan ng tatlong minuto ang magkakatabi para sa kanilang bahaginan. Mag-ikot sa buong klase at pakinggan ang kanilang pag-uusap. Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng tatlong mag-aaral na maglalahad sa buong klase tungkol sa kanilang bayani.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

TALAAAN

- Ipakita sa klase ang pabalat ng babasahin para sa linggo. Tumawag ng isang mag-aaral upang basahin ang pamagat at ang pangalan ng may-akda.

Itanong: *May kinalaman kaya sa tema natin ngayong linggo ang babasahin ninyong aklat? Ano ang hula ninyo? (Tumawag ng ilang mag-aaral upang sagutin ang tanong at magbigay ng kanilang prediksiyon.)*



a. Paghawan ng Balakid

Sabihin: *May babasahin akong teksto na magpapakilala sa aklat na babasahin natin ngayong linggo. Pero bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita na maririnig ninyo mula sa teksto.*



- Isulat sa pisara at ipabasa sa buong klase ang sumusunod na parirala at salita:

giit alo chichacorn

Sabihin: *Maaari nating malaman ang kabulugan ng isang salita batay sa iba pang salita na kasama nito sa loob ng pangungusap. Pakinggan ang mga pangungusap na babasahin ko. Pagkatapos, pag-uusapan natin kung ano sa tingin ninyo ang kabulugan ng mga salita sa pisara batay sa narinig ninyong paggamit nito.*

(1) **giit**

Basahin: *Matindi ang diskusyon nina Lita at Boyet tungkol sa paborito nilang bayani. “Si Andres Bonifacio ang pinakamabusay na bayani,” **giit** ni Lita. Kung hindi dahil sa kaniya, hindi mabubuo ang Katipunan.” Umiling sa Boyet, sabay **giit**: “Si Emilio Aguinaldo ang mas importanteng bayani. Mabusay siyang heneral, at siya ang unang Pangulo ng Pilipinas.”*



Sabihin: *Ano ang pinagtatalunan ni Lita at Boyet? Ano ang iginiit ni Lita? Ano naman ang iginiit ni Boyet? Batay sa narinig ninyo, ano ang damdamin ng nagsasalita kapag may iginigiit? Ano ang ibig sabihin ng **giit**?*



Isulat sa pisara:

giit – manindigan, magpumilit, makipagtalo

(2) **alo**

Basahin: *Napaiyak ang bunso kong kapatid nang masira ang paborito niyang laruan. “Taban na, Janet,” **alo** ng nanay namin. “Hayaan mo, aayusin ng Tatay mo mamaya yung naputol na parte. Mabubuo ulit ang laruan mo.”*



TALAAN



Sabihin: *Ano ang sinabi ng nanay habang inaalo ang bata? Ano ang tono ng pag-alo? Batay sa narinig ninyo, ano ang nais gawin ng nanay para sa batang kaniyang inaalo?*

Isulat sa pisara: **alo** – pagaanin ang damdamin

(3) **chichacorn**

Basahin: *Isa sa sikat na produkto ng rehiyong Ilocos ang **chichacorn**. Madalas itong iuvi na pasalubong mula sa Ilocos dahil paboritong gawing meryenda ang masarap at malutong na produktong ito.*



Sabihin: *Nakakain na ba kayo ng **chichacorn**? Saan kaya ito gawa? Ano ang kaibahan nito sa cornik? Ano ang dalawang salita na pinagmulan ng salitang **chichacorn**? (Maghintay ng ilang sagot.) Ang **chichacorn** ay galing sa dalawang salita. Alam ba ninyo ang mga salitang ito? Ang chicha ay mula sa salitang “chicharon,” samantalang ang “corn” ay Ingles ng salitang mais. Sa palagay ninyo, ano kaya ang pagkakahawig ng **chichacorn** sa chicharon?*

Isulat sa pisara: **chicacorn** – mais na malutong dahil iprinito sa mantika

- Ipabasa muli sa klase ang mga natutuhang salita at ang kahulugan ng mga ito. Ipasipi ang talasalitaan. Tumawag ng tatlong mag-aaral at hikayatin silang gamitin ang mga salitang pinag-aralan sa sarili nilang pangungusap.

b. Pagganyak



Itanong: *May bagay ba kayong inaabangang dumating, mangyari, o matupad? Isang bagay na sabik na sabik kayong makita o maranasan? Ano ang bagay na pinakaabangan ninyo? Ano ang mararamdaman ninyo kapag hindi dumating ang bagay na ito?*

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: *Habang nagbabasa ako, alamin ninyo ang sagot sa tanong na ito: Ano ang inaabangan ng mga tauban sa ating kumwento?*

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.

- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na teksto.

TALAAN

“Ang Inaabangan nina Hasmin at Chico”

Rinig ang kalabog ng mga paa nila Hasmin at Chico sa buong bahay. “Ako na, Manong!” sigaw ni Hasmin. “Hindi, ako na,” giit ni Chico. Tuwing darating ang kartero, sabik ang magkapatid na makuha ang sulat na dala nito. “O, dahan-dahan. Hindi ninyo kailangan mag-unahan,” paalala ni Nanay Conchita. Pero hindi na ito umabot sa tenga ng dalawa dahil nakalabas na sa bahay ang magkapatid.

Maya-maya pa, rinig ulit ang kalabog ng mga paa nila Hasmin at Chico papasok ng bahay. Mabibigat ang kanilang hakbang. Nakasimangot ang mga mukha. Hindi na kailangang itanong ni Nanay Conchita. Alam na niyang walang sulat mula sa kaniyang asawa. “Naliligaw lang po ‘yung naka-motor, ‘Nay,” sagot ni Chico.

Seaman ang tatay nila Hasmin at Chico. Sa ibang bansa ito nagtatrabaho para mabigyan sila ng magandang buhay. “O, ano ba namang mga mukha ‘yan,” alo ni Nanay Conchita habang niyayakap ang mga anak. “Samahan n’yo na lang akong magluto ng chichacorn.” Tumayo ang dalawang bata at sumunod sa nanay nila. Bilang pandagdag sa kita, nagluluto rin ng chichacorn ang kanilang pamilya.

4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Talakayin ang kuwento sa pamamagitan ng pagtanong ng sumusunod:
 - *Ano ang bagay na inaabangan nina Chico at Hasmin sa kuwento?*
 - *Ano ang naramdaman nila nang hindi ito dumating?*
 - *Nasaan ang tatay nina Chico at Hasmin?*
 - *Bakit siya nasa ibang bansa?*
 - *Ano kaya ang mararamdaman ninyo kapag sa malayong lugar nagtatrabaho ang magulang ninyo?*

Sabihin: *Tatawag ako ng mga mag-aaral na muling magsasalaysay ng kuwentong napakinggan. Alalabanin na sa muling pagsalaysay, dapat banggitin ang sumusunod:*

PAALALA SA GURO

Balik-aralan ang banghay ng kuwento.

TALAAAN

1. Tagpuan	Saan nangyari ang kuwento?
2. Mga Tauhan	Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
3. Mga Pangyayari	Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?

5 PAGSASANAY: PANDIWA (MGA SALITANG KILOS)

PAALALA SA GURO

Ipaalala sa mga mag-aaral ang konsepto ng **Pangngalan**.

- Ipaskil o isulat sa pisara ang sumusunod na gawain:

Panuto: Basahin ang mga pangungusap tungkol sa kuwento. Salungguhitan ang salita na nagpapakita ng kilos at bilugan kung sino ang gumagawa ng kilos:

1. Gumagawa ng chichacorn si Nanay Conchita.
2. Tumutulong sa mga gawaing-bahay si Chico.
3. Nagtatrabaho sa ibang bansa ang tatay nina Chico at Hasmin.
4. Inaabangan nina Chico at Hasmin ang sulat ng kanilang tatay.
5. Nag-uunahan sina Chico at Hasmin sa pagsalubong sa kartero.

- Bigyan ng limang minuto ang mga mag-aaral upang sagutan sa kanilang kuwaderno ang gawain. Matapos ang limang minuto, ipabasa ang kanilang binilugang salita. Ipabasa din ang sinalungguhitang salitang kilos. Bilugan at salungguhitan ang tamang salita sa pisara matapos ang bawat tamang sagot.



Sabihin: *Sa bawat pangungusap, may gumagawa ng kilos at may salitang nagsasaad ng kilos. Ano ang tawag natin sa gumagawa ng kilos? Ano naman ang tawag natin sa salitang nagsasabi o nagbabayag ng kilos? (Maghintay ng sagot.)*



Sabihin: *Basabing muli ang mga salitang kilos o **Pandiwa** sa mga pangungusap. Batay sa pangungusap, ang mga kilos ba na ito ay tapos na, mangyayari pa lamang, o kasalukuyang nagaganap o nangyayari? Ano ang tawag natin sa mga Pandiwa na kasalukuyan pang ginagawa o nangyayari?*

Ang salitang kilos na nangyayari o ginagawa pa hanggang ngayon ay tinatawag na **Pandiwang Pangkasalukuyan**.

- Tumawag ng limang mag-aaral sa harapan ng klase. Isa-isa silang magpapakita ng isang kilos na naisip nila. Habang kumikilos sila, pabuuin ang klase ng akmang pangungusap tungkol sa kanilang ginagawa, gamit ang pandiwang pangkasalukuyan. Isulat sa pisara ang kanilang mga pangungusap.

- Matapos maisulat ang lahat ng pangungusap sa pisara, ipabasang muli sa klase ang mga pangungusap habang ipinapakita namang muli ng mag-aaral sa harapan ang kilos na binabanggit.

Itanong: *Ano ang napapansin ninyo sa mga Pandiwang Pangkasalukuyan? Mayroon ba silang pagkakatulad? Ano ang nangyayari sa porma ng salitang kilos kapag ang kilos ay kasalukuyang nagaganap?*



PAALALA SA GURO

Maaaring diinan ang pagkakasabi, o maaari ring salungguhitan, ang mga pagbabago. Halimbawa: pag-ulit ng unang pantig, pagdagdag ng unlaping **na-** o **nag-**, pagdagdag ng gitlaping **-um-** o **-in-**, at iba pang pagbabago na makikita sa mga halimbawang Pandiwang Pangkasalukuyan na ibibigay ng klase. Hayaan lamang na mapansin ng mga mag-aaral ang pagkakatulad ng mga anyong pangkasalukuyan.

- Isulat o ipaskil ang sumusunod na talahanayan sa pisara.

talumpati	_____ ang pangulo ng samahan.
kinig	Maiging _____ ang mga tao sa sinasabi ng pangulo.
nood	_____ ng sayaw ang mga mag-aaral.
palakpak	_____ ang mga nanonood ng palatuntunan.
sigaw	_____ ang mga bata sa matinding tuwa.

- Tumawag ng limang mag-aaral. Hikayatin silang buuin ang pangungusap sa pamamagitan ng paglapat ng tamang anyo ng Pandiwa sa unang hanay upang maging Pandiwang Pangkasalukuyan. Isulat ang tamang anyo ng Pandiwa sa patlang/ sa loob ng pangungusap at ipasipi ang kompletong talahanayan sa kanilang kuwaderno.

6

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas ng mga mag-aaral ang kanilang hinlalaki (*thumbs-up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggiting pangungusap. Ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusang silang hindi sumasang-ayon (*thumbs-down*). Ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Lubos kong naintindihan ang teksto na binasa ng guro at mababanggit ko ang mga tauban at mababalagang pangyayari mula dito.*

TALAAAN

TALAAAN

- *Matutukoy ko kung alin ang Pangngalan at alin ang Pandiwa sa isang pangungusap.*
- *Alam ko kung kailan nagaganap ang aksiyon kapag Pandiwang Pangkasalukuyan ang ginagamit sa isang pangungusap.*
- *Alam ko kung paano ilagay sa pormang pangkasalukuyan ang isang Pandiwa.*

Alamin kung sino ang mga bata na nagturo pababa ng kanilang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

7

TAKDANG-ARALIN

Pagmasdan ang mga kilos ng inyong mga kapamilya. Maglista ng mga Pandiwang Pangkasalukuyan na napansin ninyong ginagawa ng inyong mga kapamilya sa bahay. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

ARAW

2

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PB-1a-1** Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan
- **F3EP-1b-h-5** Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito
- **F3PP** Nakabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagdagdag ng angkop na panlapi sa salitang-ugat

I

BAHAGINAN

- Ipaalala sa klase ang takdang-aralin. Ano-ano ang napansin nilang kilos na ginagawa ng kanilang mga kapamilya at kasama sa bahay? Hikayatin silang bumuo ng mga pangungusap gamit ang mga pandiwang ito na nasa anyo ng Pandiwang Pangkasalukuyan. Maaari nilang gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:

Tuwing nasa bahay ang _____ ko,
_____, _____, at _____ siya.

- Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap upang ipakita ang nais ipagawa sa klase. Halimbawa: *Tuwing nasa bahay ang kapatid ko, naglalaba, nagluluto, at naglilinis siya.*
- Patayuin ang buong klase at hayaan silang maghanap ng kapares. Ibahagi nila sa kanilang kapares ang kanilang pangungusap. Hikayatin silang ipakita ang kilos na binabanggit nila sa kanilang pangungusap. Tumawag ng ilang pares para ibahagi ang mga pangungusap nila sa klase.

TALAAN

2

PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

PAALALA SA GURO TUNGKOL SA LEVELED READERS

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 11 at 12 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga salitang pag-aaralan sa pisara:

kabisado, abono, hinihimay, hinawi

Sabihin: *Narinig na ba ninyo ang mga salitang ito? Alin dito ang narinig na ninyo? (Tumawag ng ilang mag-aaral at hayaan silang magbahagi tungkol sa pagkakaintindi nila sa alinmang salita sa pisara.)*



TALAAAN

Mababasa ninyo ang mga salitang ito sa kuwento ngayong araw. Pag-aralan natin ang mga ito ngayon. May babasahin akong mga pangungusap na naglalarawan ng salitang ito. Pakinggang mabuti kung may maririnig kayong mga detalye sa pangungusap na nagbibigay ng ideya tungkol sa kahulugan ng mga salita sa pisara.

(1) hinihimay



Basahin: Noong bata pa ako, **hinihimay** ng nanay ko ang balos labat ng pagkain ko. Mas madali daw nguyain ang karne o isda kung **hinihimay** ito ng maninipis o maliliit na piraso. Dabil ayaw niya akong mabirinan o mabilaukan, **hinihimay** niya ang pagkain ko.



Itanong: Ipinagbibimay din ba kayo ng pagkain ng inyong magulang? Ano ang itsura ng **hinimay** na manok o isda? Ano ang ginagamit na bahagi ng katawan kapag may **hinihimay**? Ipakita nga ninyo kung paano maghimay? Ano ang ibig sabihin ng **hinihimay**?

Isulat: hinihimay – pinira-piraso

(2) hinawi



Basahin: **Hinawi** ko ang kurtina sa may bintana upang makita ko ang pagdaan ng prusisyon.



Sabihin: Nakapaghawi na ba kayo ng kurtina? Kunwari may kurtina sa harapan ninyo. Ipakita nga ninyo kung paano **hinahawi** ang kurtina? Paano natin maipalilimang ang kilos na ito gamit ang salita?

Isulat: hinawi – inalis ang anumang bagay na tumatakip, humaharang, kumukubli

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan na nakasulat sa pisara. Ipabasa sa kanila ang mga salita at ang katapat nitong kahulugan. Hikayatin sila na lagyan ng katapat na kilos ang bawat salita. Halimbawa, maaari nilang ituro ang kanilang sentido habang sinasabi ang kabisado, o magkunwari na nagtatanim o naghuhukay habang binabanggit ang abono. Maipakikita rin nila ang kilos ng mga salitang kilos gaya ng “hinihimay” at “hinawi.” Ipaliwanag na nakatutulong ang pagsagawa ng kilos sa pag-intindi at pag-alala sa kahulugan ng mga salita.

PAALALA SA GURO

Ang mga salitang “kabisado” at “abono” ay makikita sa mas mataas na bersiyon ng *Leveled Reader* na binabasa ng Pangkat 2. Subalit, mainam din na malaman ito ng lahat ng mga mag-aaral. Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang mga salitang ito ay makikita sa mas mataas na bersiyon na *Leveled Reader*.

(3) **kabisado**

Basahin: *Araw-araw akong naglalakad papuntang paaralan, kaya **kabisado** ko na ang pagkakasunod-sunod ng mga kaalye, tindahan, at babay na dinadaan ko. **Kabisado** ko na rin ang pangalan ng mga tindera na nagbebenta ng iba-ibang paninda sa daan. Palagi ko silang binabati sa tuwing nakikita ko sila, kaya lagi kong natatandaan ang pangalan nila.*



Itanong: *Ano ang mga detalye sa binasa ko na nagpapahiwatig ng ibig sabihin ng salitang **kabisado**? May narinig ba kayong salita na kasingkahulugan ng salitang **kabisado**? Ano ang ibig sabihin ng **kabisado**? Ano ang mga bagay na **kabisado** na ninyo? **Kabisado** na ba ninyo ang kahulugan ng salitang **kabisado**?*



Isulat: **kabisado** – memoryado; saulado

(4) **abono**

Basahin: *Napakaganda ng hardin ng kapitbahay naming si Gng. Perez. Nilalagyan daw niya ng **abono** ang kaniyang mga pananim para mapaganda ang tubo ng mga ito. Ginagamit niyang **abono** ang mga inipon na balat ng prutas at balat ng itlog. Maganda raw ang sustansiya na iniwan ng mga ito, kaya't mainam itong gamiting **abono**.*



Sabihin: *Higit sa isa ang kahulugan ng salitang **abono**. May pagkakataon na ginagamit ang salitang **abono** sa usapan tungkol sa gastusin o pera. Tungkol ba sa pera ang binasa ko? Sa konteksto ng binasa ko, ano ang ibig sabihin ng salitang **abono**? Saan ginagamit ang **abono** na tinutukoy sa binasa ko?*



Isulat: **abono** – pataba sa lupa
fertilizer – bagay na dinadagdag sa pananim upang lalo itong lumago

Sabihin: *Ngayon naman, pakinggan ang paggamit ko ng salitang **abono** sa pangungusap na ito. “Kulang ang dalang pera ng kapatid ko, kaya ako muna ang nag-**abono** ng pambili ng librong kailangan niya.” Ano ang ibig sabihin ng **abono** sa pangungusap na ito? (Maghintay ng sagot.) Sa pangungusap na ito, ang ibig sabihin ng **abono** ay nagpahiram ng pera o nagdagdag ng pera upang sumapat sa gastusin. Mamaya, habang nakikinig kayo sa babasahin ko, alamin ninyo kung aling kahulugan ng salitang **abono** ang ginamit ng may-akda.*



b. Pagganyak

Sabihin: *Kabapon, napakinggan ninyo ang kuwento nina Chico at Hasmin. Sino ang mas matanda: si Chico o si Hasmin? May kuya rin ba kayo? Ano ang mga bagay na ginagawa ng inyong kuya para sa inyo?*



TALAAAN

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: Babasahin ninyo ngayon ang karugtong ng kuwento. Habang binabasa ninyo ang ikalawang bahagi ng kuwento, alamin: Ano ang itinutulong ni Chico sa kaniyang pamilya?

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

- Ipakita ang pabalat ng *Leveled Reader*.



Sabihin: Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano ang nasa larawan?



Sabihin: Habatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging na level*) ang magbabasa nang tahimik habang ang Pangkat 2 (Madali o *easy na level*) ay magbabasa nang malakas. Pakikitingan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.

- Ipamahagi ang mga *Leveled Reader*. Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.



Sabihin: Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1: Mahirap o Challenging na Level (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2: Madali o Easy na Level (Magbabasa nang malakas)
Isulat ang sumusunod sa pisara: Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong: 1. Saan mahilig pumunta si Chico? 2. Ano ang napansin ni Chico na dumadami sa kanilang pananim?	Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.

3. Ano ang nilutong almusal ni Nanay Conchita?	(Mga maaaring itanong ng guro):
4. Bakit hindi pa tapos gawin ang bahay nina Chico at Hasmin?	1. Saan pumunta si Chico? Ano ang ginagawa niya sa maisan?
5. Ano ang mga ginagawa ni Chico para kay Nanay Conchita at Hasmin?	2. Ano-ano ang alam ni Chico tungkol sa pagtatanim ng mais? 3. Ano ang ginagawa ni Nanay Conchita sa hinimay na mais? 4. Ano-ano ang nilutong almusal ni Nanay Conchita? 5. Bakit hindi pa tapos gawin ang bahay nina Chico at Hasmin?

TALAAN

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Alamin kung may katanungan ang mga mag-aaral sa Pangkat 1 na nais nilang linawin. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase.

Sabihin: *Talakayin natin ang binasa ninyong kuwento.*

Maaaring tingnan ang kuwentong binasa para masagot ang mga tanong ko. Sa ilang tanong, habanapin ninyo ang sagot mula sa kuwento, at tatawag ako ng ilang mag-aaral na magbabasa ng babaging ito nang malakas.

- Saan mahilig pumunta si Chico kapag wala siyang ginagawa?
- Ano ang ginagawa niya sa maisan?
- Noong maliit pa si Chico, ano ang ginagawa niya sa maisan?
Basahin ang bahaging ito ng kuwento.
- Ngayong malaki na si Chico, ano ang ginagawa niya sa maisan?
- Ano-ano ang alam ni Chico sa pagpapatubo ng mais?
Basahin ang bahaging ito ng kuwento.
- Ano ang ginagawa ng nanay ni Chico sa hinimay na mais?
- Ano ang naamoy ni Chico na almusal?
Basahin ang bahagi ng kuwento na nagsasabi kung ano ang almusal nila.
- Ano ang ginagawa ni Chico para alagaan ang kapatid?
Basahin ang bahagi ng kuwento na nagsasaad kung paano inaalaan ni Chico si Hasmin.



PAALALA SA GURO

Sa pagpapabasa nang malakas ng ilang bahagi ng kuwento, nabibigyan ng pagkakataon ang Pangkat I na makapagbasa nang malakas.

TALAAAN

- Ilarawan ang pakikitungo ng magkapatid na Chico at Hasmin sa isa't isa. **Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa inyong sagot.**

5

ARALIN: SALITANG-UGAT AT PANLAPI

- Isulat sa pisara ang sumusunod na pangungusap.



Sabihin: Basabin ang mga pangungusap. Pansinin ang salitang may salunggubit:

- Mahilig maglaro si Chico sa maisan.
- Tinawag ni Nanay Conchita si Chico.
- Hindi na hinintay ni Chico na utusan siya ng nanay.
- “Bumangon ka na Hasmin,” marahang sabi ni Chico.
- “Baka mabuli na naman tayo sa flag ceremony niyan.”
- “Tanggalin ko na daw po ang mga kamatis,” sagot ni Chico kay Nanay Conchita.



Sabihin: Ang mga salitang may salunggubit ay binubuo ng **salitang-ugat** at **panlapi**. Kapag ang panlapi ay nasa unahan ng salitang-ugat, **unlapi** ang tawag dito. Kapag ang panlapi ay nasa gitna ng salitang-ugat, **gitlapi** ang tawag dito. Kapag ang panlapi ay nasa hulihan ng salitang-ugat, **hulapi** ang tawag dito.

- Ikabit o isulat sa pisara ang sumusunod na talahanayan at gabayan ang klase sa pagpuno ng bawat hanay:

Salita	Salitang-ugat	Panlapi
maglaro		
tinawag		
hinintay		
bumangon		
magbaon		
tanggalin		



Sabihin: Pansinin ninyo ang mga salita sa unang hanay. Unabin natin ang salitang maglaro. Ano ang salitang-ugat at ano ang panlapi? Nasaan ang puwesto ng panlapi? Anong uri ng panlapi ito?

- Isulat ang sagot sa talahanayan pagkatapos ibigay ng mag-aaral ang tamang sagot. Gawin ang mga hakbang na ito para sa bawat salita sa talahanayan. Ipasipi sa mga mag-aaral ang nakompletong talahanayan:

TALAAN

Salita	Salitang-ugat	Panlapi
maglaro	laro	mag-
tinawag	tawag	-in-
hinintay	hintay	-in-
bumangon	bangon	-um-
magbaon	baon	mag-
tanggalin	tanggal	-in

- Magdagdag ng tatlong hilera sa talahanayan at isulat ang sumusunod na salitang-ugat:

Salita	Salitang-ugat	Panlapi
maglaro	laro	mag-
tinawag	tawag	-in-
hinintay	hintay	-in-
bumangon	bangon	-um-
magbaon	baon	mag-
tanggalin	tanggal	-in
	kuha	
	lagay	
	salita	

- Hayaang mag-isip ang lahat ng mag-aaral ng isang panlapi na maaaring idagdag sa inilistang salitang-ugat at ang salitang mabubuo mula dito. Ipasulat ang kanilang sagot sa kanilang kuwaderno. Pagkatapos ng tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral upang magbanggit ng kanilang nabuong salita at isulat ito sa talahanayan.

6

TAKDANG-ARALIN

Ano-ano ang katangian ni Chico na ipinakita sa kuwento? Pumili ng isang katangian at isulat ito. Magbanggit ng detalye o pangyayari mula sa kuwento na nagpapakita ng katangiang ito. Dugtungan ang sumusunod na pangungusap:

Si Chico ay _____.

Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng _____.

ARAW

3

LAYUNIN

- **F3PB** Napagsusunod-sunod ang mahahalagang pangyayari sa kuwento
- **F3PB** Naibibigay ang dahilan ng pangyayari sa binasang kuwento
- **F3PP** Natutukoy ang panlapi sa mga salita
- **F3KM** Nakasusulat ng isang pangungusap tungkol sa itinuturing na bayani

1 BAHAGINAN

- Gamitin ang takdang-aralin na ibinigay kahapon bilang paksa ng bahaginan ngayong araw. Isulat muli sa pisara ang halimbawang panimula na ipinagamit sa takdang-aralin:

Si Chico ay _____.

Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng _____.

- Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang mga pangungusap sa buong klase. Tanungin ang ibang mag-aaral kung sumasang-ayon sila sa mga katangian at patunay na binanggit tungkol kay Chico. Tanungin ang mga mag-aaral na hindi naglahad sa harapan kung may iba pa silang maidadagdag na katangian ni Chico.

2 PAGBABALIK-ARAL: MGA PANLAPI



Sabihin: *Natatandaan pa ba ninyo ang talahanayang binuo natin kahapon? Ano ang mga babagi ng salita na pinag-aralan natin nang sinagutan natin ang talahanayan? (Maghintay ng sagot mula sa klase.)*

- Isulat ang sumusunod sa pisara:

Unlapi – Unahan

Gitlapi – Gitna

Hulapi – Hulihan



Sabihin: *Isinulat ko sa pisara ang tatlong uri ng panlapi na tinalakay natin kahapon at kung saang puwesto ito matatagpuan sa isang salita. Ano ang napapansin ninyo tungkol sa pangalan ng panlapi at ang puwesto nito sa salita? (Kumuha ng ilang sagot.)*

- Isulat ang sumusunod sa pisara:

**kumanta
tinugtog**

**magtanong
galawin**

hiramin



Sabihin: *Naglista ako ng ilang salitang may panlapi dito sa pisara. Bilugan ninyo ang panlapi at sabihin kung ano ang puwesto nito sa loob ng salita. Sabihin din kung ano ang salitang-ugat.*

TALAAN

- Tumawag ng limang mag-aaral na magbibigay ng sagot para sa bawat bilang.
- Magpagawa ng pangkatang gawain. Hayaang bumuo ang mga mag-aaral ng maliliit na pangkat na may apat na kasapi. Mag-iisip ang bawat pangkat ng apat na salitang-ugat tungkol sa mga kilos na madalas nilang gawin. Lalagyan nila ng unlapi, gitlapi, o hulapi ang mga salitang-ugat, at gagamitin nila ito sa pangungusap. Magbigay ng sariling halimbawa.

Sabihin: *Kilos ang salitang-ugat na napili ko. Isusulat ko dito sa pisara. Kung dadagdagan ko ito ng unlaping pag- , anong salita ang mabubuo? Pagkilos. (Isulat sa pisara.) Gagamitin ko ito sa pangungusap. "Mabilis ang pagkilos ko sa umaga dahil ayaw kong mabuli sa paaralan." Ganito ang gagawin ninyo sa inyong pangkat. Magbibigay ang bawat isang kasapi ng salitang-ugat at dadagdagan ninyo ito ng panlapi. Pagkatapos, bubuo kayo ng pangungusap gamit ang mga salitang may panlapi.*



- Isulat ang sumusunod na talahanayan sa pisara:

Salitang-ugat	Panlapi	Salitang May Panlapi
kilos	pag-	pagkilos

- Matapos ang limang minuto, tumawag ng mga pangkat upang magbahagi ng kanilang pangungusap. Babasahin ng isang kasapi ang kanilang mga pangungusap, habang isusulat naman ng tatlong natitirang kasapi ang mga salitang-ugat at salitang may panlapi sa tamang hanay sa pisara. Pansinin ang pagsulat ng mga mag-aaral upang tiyakin na naisusulat nila sa tamang hanay (at sa tamang baybay) ang mga salitang may panlapi. Matapos tumawag ng ilang pangkat, ipabasa sa buong klase ang mga salita sa loob ng bawat hanay ng talahanayan.

3

**PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER**

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 5. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.

Pagsasanay: Pagbibigay ng Dahilan

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.



TALAAN

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

- Kung may panahon pang nalalabi pagkatapos ng pagsagot ng *Skill Builder*, maaaring ipagawa ang mga sumusunod na pagsasanay.

a. Pag-ayos ng mga pangyayari ayon sa tamang pagkakasunod-sunod

Panuto: Lagyan ng bilang 1-5 ang mga pangungusap ayon sa pagkasunod-sunod ng mga ito sa kuwento:

- _____ Tinanong ni Nanay Conchita kung ano ang sinabi ni Manong Balong.
- _____ Ginising ni Chico ang kapatid.
- _____ Naamoy ni Chico ang masarap na almusal.
- _____ Nasa maisan si Chico.
- _____ Tinawag ni Nanay Conchita si Chico.

b. Pagsulat ng Pangungusap

Panuto: Punuan ang patlang ng sarili ninyong ideya upang makabuo ng isang pangungusap. Isulat ito sa inyong kuwaderno.

Itinuturing kong bayani si _____ dahil _____.

5

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Papalakpak ang mga mag-aaral upang ipakita ang kanilang pagsang-ayon sa mga babanggiting pangungusap. Ibabatay nila ang lakas ng kanilang palakpak sa antas ng pagsang-ayon nila sa pangungusap. Kung hindi sila sumasang-ayon sa pangungusap, hindi sila papalakpak.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Kaya kong banggitin ang mga pangyayari sa kuwento ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.*
 - *Lubos kong naintindihan ang dahilan ng mga pangyayari sa kuwento.*
 - *Alam ko kung paano dagdagan ng panlapi ang mga salitang-ugat.*
 - *Alam ko kung paano magdagdag ng akmang panlapi upang ipakita kung kailan nagaganap ang aksiyon sa isang pangungusap.*
 - *Alam ko ang kaibahan ng unlapi, gitlapi, at hulapi.*

- Alamin kung sino ang mga bata na hindi pumalakpak sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

TALAAN

6

TAKDANG-ARALIN

Maglista ng tigdalawang salita na may unlapi, gitlapi, at hulapi. Gamitin ang mga salitang ito sa sariling pangungusap.

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento
- **F3PB** Nakasasali sa pangkatang gawain at nakapagbibigay ng angkop na tugon sa bahagi ng kuwento
- **F3PB** Naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tanong ng guro sa iba't ibang paraan
- **F3PB; F3PS** Naisasalaysay nang maayos ang mahahalagang bahagi ng kuwento

ARAW

4

I

BAHAGINAN

- Iugnay ang kuwento ni Chico sa tema ng linggong ito sa pamamagitan ng bahaginan.

Sabihin: *Natatandaan pa ba ninyo ang kuwento ni Chico na sinimulan nating basabin noong nakaraang araw? Nasaan ang Tatay ni Chico? Ano ang ginagawa niya sa ibang bayan? (Maghintay ng sagot.)*



Sabihin: *Overseas Filipino Worker o OFW ang tawag natin sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bayan, katulad ng tatay ni Chico. Maraming naitutulong sa ating ekonomiya at sa ating bansa ang mga OFW. Dabil dito, madalas silang tawaging mga bagong bayani. Ano nga ulit ang ibinigay nating kahulugan ng isang bayani? Bakit kaya bagong bayani ang tawag sa mga OFW? Ito ang pagbabahaginan natin ngayon. Ano ang mga katangian o kontribusyon ng mga OFW na dapat nating hangaan at pasalamat? Pag-usapan ninyo ito ng inyong katabi.*



TALAAN

Kung may kilala kayong OFW, o kung may OFW sa inyong pamilya, magbahagi rin ng ilang detalye tungkol sa kaniya. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na halimbawang panimula:

Dapat ituring na bagong bayani ang mga OFW dahil _____. Isang OFW na hinahangaan ko ay si _____.
Kahanga-hanga siya dahil _____.

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap: Dapat ituring na bagong bayani ang mga OFW dahil napakasiyap nila. Isang OFW na hinahangaan ko ay ang kapatid kong si Sylvia, isang nars sa Amerika. Kahanga-hanga siya dahil sa pagtulong niya sa mga may-sakit sa ibang bansa, tinutulungan din niya ang pamilya niya dito sa Pilipinas upang bumuti ang kanilang bubay.

- Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa kanilang bahaginan. Matapos ang limang minuto, tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad tungkol sa kanilang hinahangaang OFW sa harapan ng klase.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga salitang pag-aaralan ngayong araw sa pisara:

hindi na nagdalawang-isip, sinuri, tinanaw

- Ipabasa sa klase ang mga salita/parirala sa pisara. Tanungin sila kung nabasa o narinig na nila ang mga salita o pariralang ito. Ano ang pagkakaintindi nila sa mga ito? Kumuha ng ilang sagot mula sa mag-aaral.



Sabihin: *May mga babasahin akong pangungusap na gagamit ng mga salita rito sa pisara. Pakinggang mabuti at subukang alamin ang kabulugan ng mga salita sa pisara batay sa binasa kong teksto.*

(1) hindi na nagdalawang-isip



Basahin: *Nang makita ko na may mga batang naglalaro ng posporo, **hindi na ako nagdalawang-isip**. Agad ko silang pinatigil sa paglalaro ng apoy at ipinaliwanag ko kung bakit mapanganib ang ginagawa nila.*



Sabihin: *Ang pariralang ito ay halimbawa ng isang ekspresyon o nakagawiang kasabihan na hindi maaaring unawain sa literal na paraan. Isa lang ang utak o isip ng bawat tao, kaya't hindi posibleng unawain ang ekspresyong ito batay sa literal na kabulugan ng mga salitang bumubuo dito. Pero kung intindihin natin ang kasabibang ito, makukuha natin ang nais nitong sabihin. Kapag sinabing nagdadalawang-isip ang isang tao, ano ang nakikita o naiisip ninyo? Hindi ba tila nahabati ang kaniyang isip, at hindi niya alam kung ano ang gagawin? Desidido na ba siya, o nag-aalangan pa? (Maghintay ng sagot.)*

TALAAN

*Tama—kapag nagdadalawang-isip ang isang tao, hindi pa siya makagawa ng desisyon, nag-aalangan pa siya kung ano ang kaniyang gagawin. Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng **hindi na nagdalawang-isip**?*

Isulat: hindi na nagdalawang-isip – agad-agad na nakapagdesisyon; hindi na nag-alangan

(2) **sinuri**

Basahin: Maingat na **sinuri** ng PAGASA ang tinatabak na direksiyon ng bagyo. Pinag-aralan nila ang mga impormasyong nakalap mula sa kanilang mga istasyon. Inalam nila ang bilis nito. Kimumpara nila ito sa iba pang bagyo. Batay sa kanilang pagsusuri, nagtakda sila ng Signal No. 3 sa buong silangang bahagi ng bansa.

Sabihin: Ano ang salitang-ugat ng salitang **sinuri**? Kapag may bagay kayong **sinusuri**, ano ang ginagawa ninyo dito? Ano'ng mga salita sa binanggit kong pangungusap ang nagpapahiwatig ng kahulugan ng **sinuri**? Ano-ano pang bagay ang sinusuri natin? Kailan tayo gumagawa ng pagsusuri?

Isulat: sinuri – inalam, sinukat, masusing pinag-aralan

(3) **tinanaw**

Basahin: Hilig kong manood ng mga ibong nagliliparan sa bukid. Napakaganda nilang pagmasdan. **Tinanaw** ko ang paglipad ng mga ibon hanggang sa malayo.

Sabihin: Narining na ba niyo ang salitang **tinanaw**? Ano ang salitang-ugat ng **tinanaw**? Tama—tanaw. Ano ang mga salita sa binanggit kong pangungusap na may kahawig na kahulugan ng salitang **tanaw**?

Isulat: tinanaw – pinagmasdan

b. Pagganyak

Itanong: Sa binasa ninyong kuwento noong isang araw, sino ang nag-aalaga kina Chico at Hasmin? Ano kaya ang gagawin nina Chico kapag nagkasakit si Nanay Conchita?

c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: Habang binabasa ninyo ang karugtong ng kuwento, alamin: Ano-ano ang ginawa ni Chico nang magkasakit ang nanay niya?

TALAAAN

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO



Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat.*

Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ang magbabasa nang tahimik at ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ang pakikitinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano naman ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang pangkatang gawain.

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Hindi nagising nang maaga si Nanay Conchita dahil _____. 2. Nakita ni Chico na _____ ang nanay niya. 3. Pinalibutan ng mga _____ ang kama ni Nanay Conchita at binuhat ito palabas. 4. “Dapat umiwas sa _____ ang nanay ninyo,” sabi ng doktor. 5. Tuwing umaga, mula nang magkasakit si Nanay Conchita, gumigising nang maaga si Chico para _____. 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang nangyari kay Nanay Conchita? 2. Ano-ano ang ginawa ni Chico nang magkasakit ang nanay niya? 3. Ano ang sakit ni Nanay Conchita? 4. Bakit nagdesisyon si Chico na tumigil muna sa pag-aaral? 5. Bakit napangiti si Chico noong Recognition Day ni Hasmin?

TALAAN

- Bago tumungo sa susunod na gawain, alamin kung may katanungan ang Pangkat 1. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase.

4 PANGKATANG GAWAIN

Sabihin: *Habatiin ko kayo sa limang pangkat. May ibibigay akong gawain sa bawat pangkat.*



- **Pangkat 1:** Ilista ang mga ginawa ni Chico at Hasmin nang makita nilang nilalagnat ang nanay nila.
- **Pangkat 2:** Nagkaroon ng problema sina Chico nang magkasakit ang nanay nila. May naisip na solusyon si Chico. Ilista sa tsart ang problema at solusyon. Magpakita ng tsart.
- **Pangkat 3:** Ipinaliwanag ng doktor kay Chico ang sitwasyon ng nanay nila. Isadula ang pag-uusap nina Chico at ng doktor.
- **Pangkat 4:** Nagdesisyon si Chico na tumigil muna sa pag-aaral upang bantayan si Nanay Conchita. Ipakita ang mga bagay na ginawa ni Chico araw-araw mula noon, matapos niyang mag-desisyon na siya ang mag-aalaga sa kanilang nanay.
- **Pangkat 5:** Sa huling bahagi ng kuwento, *Recognition Day* na ni Hasmin. Ano ang mga bagay na ginawa ni Chico sa araw na ito? Balikan ang bahaging ito ng aklat at ilarawan ang mga Pandiwa/ salitang kilos na ito.

PAALALA SA GURO

Siguruhing ang bawat pangkat ay binubuo ng mga mag-aaral na galing sa Pangkat 1 (magaling nang magbasa) at Pangkat 2 (hindi pa gaanong magaling magbasa).

5 PAGTALAKAY SA KUWENTO

1. *Ano-ano ang ginawa ni Chico at Hasmin nang makitang may sakit ang nanay nila? Pangkat 1, ipakita ang inyong listahan.*
2. *Ano ang mga problemang binarap nina Chico nang magkasakit si Nanay Conchita? Ano ang naisip ni Chico na solusyon? Pangkat 2, ipakita ang inyong ginawang tsart ng Problema at Solusyon.*
3. *Ano ang sinabi ng doktor kay Chico? Pangkat 3, ipakita ang inyong dula-dulaan.*
4. *Ano ang mga ginagawa ni Chico araw-araw mula nang tumigil siya sa pag-aaral? Pangkat 4, ipakita ang inyong dula-dulaan.*
5. *Ano ang mga ginawa ni Chico pagdating ng Recognition Day ni Hasmin? Pangkat 5, basahin ang inyong listahan ng Pandiwa.*
6. *Paano ninyo ilarawan si Chico? Ano ang hinabangaan ninyo sa kaniya?*

TALAAAN

6

TAKDANG-ARALIN

Ilista ang mga maaaring gawin kapag may sakit ang isang miyembro ng pamilya.

ARAW

5

LAYUNIN

- **F3PB** Nahihinuha ang ugali ng mga tauhan batay sa kanilang sinabi o aksiyon
- **F3PB** Naibibigay ang solusyon ng tauhan sa bawat problema sa kuwento
- **F3PB; F3PS** Naibibigay ang mga tauhan, tagpuan, at banghay sa pagsasalaysay ng kuwento
- **F3PT** Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan

I

BAHAGINAN

- Gamiting lunsaran ang ibinigay na takdang-aralin para sa bahaginan ngayong araw. Ipaalala sa klase ang takdang-aralin at tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang sagot sa buong klase.



Sabihin: *Kahapon, ipinalista ko sa inyo ang mga bagay na maaari ninyong gawin kapag may kapamilya kayong nagkasakit. Tatawag ako ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng mga ideyang inilista nila. Maaari ninyong gamitin ang balimbawang panimulang ito sa inyong paglalabad:*

Kapag may kapamilya akong may sakit, maaari akong _____. Makatutulong ito sa kaniya dahil _____.

- Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap. Halimbawa: *Kapag may kapamilya ako na may sakit, maaari akong magluto ng sopas o lugaw. Makatutulong ito sa kaniya dahil mainam para sa may sakit na humigop ng mainit na sabaw.*
- Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi sa harap ng klase. Itanong sa klase kung ano ang natutunan nila mula sa pagbabahagi ng mga mag-aaral. Maaari din ba nila itong gawin? Ano ang pagkakahawig ng mga binanggit nila sa mga ginawa ni Chico para kay Nanay Conchita?

2

PAGSASANAY: UGALI NG MGA TAUHAN



Sabihin: *Maaaring mabinuha ang ugali ng tauhan sa pamamagitan ng sinasabi o ikinikilos niya. Sabihin ang ugali ng sumusunod na tauhan batay sa kaniyang sinabi o ginawa sa kuwentong binasa kahapon:*

TALAAN

Sinabi o ginawa ng tauhan	Ipinakikitang Ugali
Kinabukasan, gumising nang maaga si Chico para maghimay ng mais, magluto ng almusal, maghanda ng chichacorn, at maglinis ng bahay. Sa gabi, tinulungan niya si Hasmin sa mga takdang-aralin.	_____ si Chico.
Walang ibang maisip si Chico kundi ang boses ng kaniyang tatay. “Ikaw ang manong, Chico. Ikaw ang bahala sa nanay at kapatid mo habang wala ako.”	_____ ang tatay.
Ilang beses na natisod si Hasmin sa pagtakbo pero hindi pa rin siya huminto.	_____ si Hasmin.

3 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 11. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang mga sagot sa kanilang kuwaderno.

Pagsasanay. Talasalitaan

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-unawa ng mga gawain.



4 DAGDAG NA PAGSASANAY

- Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay kung may nalalabi pang oras matapos ipasagot ang *Skill Builder*.

a. Pagtukoy ng Problema at Solusyon

Panuto: May mga nakasaad na problema mula sa *kuwento*. Isulat ang naisip na solusyon ng mga tauban.

Problema	Solusyon
1. May sakit si Nanay Conchita.	Ano ang ginawa ni Chico?
2. Hindi kayang dalhin ni Chico ang kanilang nanay sa ospital nang mag-isa.	Ano ang ginawa ni Hasmin?
3. Kailangang may mag-bantay kay Nanay Conchita.	Ano ang ginawa ni Chico?

TALAAN

b. Muling Pagsalaysay ng Kuwento

Panuto: Isulat ang buod ng kuwento. Punan ang tsart ng mahahalagang bahagi nito:

Tagpuan: Saan nangyari ang kuwento?	
Mga Tauhan: Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?	
Banghay ng Kuwento: Ano-ano ang mahahalagang pangyayari sa kuwento?	1. 2. 3 4. 5.

5

PAGPUPULSO

- Alamin kung ano ang mga kakayahan na kailangan pang tutukan sa susunod na linggo. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:
 - Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?
 - Alin naman ang babagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?
 - Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?
- Maaaring ipakita ng mga mag-aaral ang pagsang-ayon o pagsagot sa tanong sa pamamagitan ng: pagtaas ng kamay (parang graph), pagharap-pagtalikod, at iba pang paraan para sukatin ang pag-unawa nila.

6

TAKDANG-ARALIN

Makinig ng programa sa radyo at abangan ang paggamit o pagbanggit ng alinman sa sumusunod na salitang pinag-aralan ngayong linggo: *chichacorn, kabisado, abono, hinihimay, hinawi, hindi na nagdalawang-isip, naglaro sa isip, giit, alo.*

Isulat sa kuwaderno ang pangungusap/konteksto ng paggamit ng mga salitang ito.


ARALIN

12

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI
LEVELED READER: *SI HASMIN*



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 12

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: Si Hasmin (Kuwento ni Sierra Paraan; Guhit ni Alexandra Paredes)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa itinuturing na batang bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwentong Pinapakinggan (<i>Listening Story</i>): “Ang Bulaklak na Hasmin” Paghawan ng Balakid: <i>klima, taglay, maihalintulad, pampakalma</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pagganyak na Tanong sa pamamagitan ng K-W-L tsart
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikingig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng guro ng kuwento Pagtalakay ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Natatalakay ang mahahalagang bahagi ng kuwento gamit ang K-W-L tsart bilang gabay 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng mahahalagang bahagi ng kuwento gamit ang K-W-L tsart bilang gabay
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng talatang naglalarawan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talatang naglalarawan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bata na itinuturing na bayani 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa bata na itinuturing na bayani
2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gawin ang paghawan ng balakid: <i>klima, taglay, maihahalintulad, pampakalma</i> 	2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na gawain at mga tanong sa pamamagitan ng K-W-L tsart 	<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa dalawang kolum ng K-W-L tsart
3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Magbasa ng unang bahagi ng <i>Leveled Reader</i> at magtanong tungkol dito 	3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito
4. Talakayan Tungkol sa Teksto <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahalagang bahagi ng kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na balikan ang mga nilalaman sa K-W-L tsart 	4. Talakayan tungkol sa teksto pagsalaysay ng mahalagang pangyayari sa kuwento gamit ang K-W-L tsart bilang gabay
5. Pagsulat ng Talata <ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na magsulat ng talatang naglalarawan sa sampaguita, batay sa napakinggang kuwento 	5. Pagsulat ng Talata <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talatang naglalarawan
6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagsusulat ng talata tungkol sa napiling batang bayani
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa itinuturing na batang bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Leveled Reader: Si Hasmin</i> Paghawan ng Balakid: <i>iniunat, kumiskis, bagting, senyales, magpantasya, anunsiyo, kanang kamay</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pangganyak na tanong
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng unang bahagi ng <i>Leveled Reader, Si Hasmin</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa kuwento at Pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bata na itinuturing na bayani 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa bata na itinuturing na bayani
<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i>)</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap 	<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa (Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i>)</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggawa sa pagganyak na gawain <p>c. Pangganyak ng Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagganyak na tanong
<ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pagsagutan ng pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at pasagutan ang binasa 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kuwento at ipabasa ng bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Magtanong sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang natutunan 	<p>4. Patalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong sa pagpupulso <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Takdang-Aralin: Magsulat tungkol sa katangian ni Hasmin
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa itinuturing na batang bayani
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mahahalagang detalye ng binasang kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang detalye ng kuwento
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang anunsiyo tungkol sa mahalagang okasyon sa pamayanan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng Anunsiyo
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang bunga sa nakasaad na dahilan 	<ul style="list-style-type: none"> Dahilan at Bunga
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa nang may tamang diin ang mga salita, naibibigay ang kahulugan ng mga ito, at nagagamit nang wasto sa pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salitang pareho ang baybay ngunit iba ang bigkas at kahulugan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa itinuturing na batang bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>hindi mapakali, umalingawngaw, nanlaki ang mata</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bata na itinuturing na bayani 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa bata na itinuturing na bayani
2. Pagbigay ng Detalye Mula sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang pangyayari at ng detalye sa binasang kuwento 	2. Pagbigay ng Detalye Mula sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa/pagbigay ng mahahalagang detalye batay sa binasang kuwento
3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> (Pagsulat ng Anunsiyo) <ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga mag-aaral na sumulat ng anunsiyo tungkol sa parada ng Santacruzán 	3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> (Pagsulat ng Anunsiyo) <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng anunsiyo tungkol sa parada ng Santacruzán
4. Dagdag na Pagsasanay <p>a. Pagbigay ng Bunga</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang bunga batay sa nakasaad na dahilan <p>b. Pagtukoy ng Akmang Kahulugan ng mga Salitang Pareho ang Baybay</p> <ul style="list-style-type: none"> Ipabasa ang mga salita na pareho ang baybay ngunit iba ang diin Ipabigay ang kahulugan at ipagamit nang wasto sa pangungusap 	4. Dagdag na Pagsasanay <p>a. Pagbigay ng Bunga</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng bunga batay sa nakasaad na dahilan <p>b. Pagtukoy ng Akmang Kahulugan ng mga Salitang Pareho ang Baybay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang wasto ng mga salitang pareho ang baybay ngunit iba ang diin, pagbigay ng kahulugan, at paggamit nito nang wasto sa pangungusap
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bata na itinuturing na bayani 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa bata na itinuturing na bayani
2. Paghahanda sa Pagbabasa <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kahulugan ng mga salita 	2. Paghahanda sa Pagbabasa <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbalik-aral sa kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang tahimik ng pangkat 1 at nang malakas ng pangkat 2 ng pangatlong bahagi ng kuwento, <i>Si Hasmin</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento
	PU	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa nang wasto ang dinaglat na salita 	<ul style="list-style-type: none"> Dinaglat na Salita
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naisusulat nang wasto ang buong salita ng dinaglat na salita 	
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Nakasasali sa pagkanta ng mga awitin 	<ul style="list-style-type: none"> Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa mga bayani
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang wastong solusyon sa nakasaad na problema 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng angkop na solusyon
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang sertipiko ng pasasalamat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng isang sertipiko ng pasasalamat
	PP PU	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa at naisusulat nang wasto ang mga dinaglat na salita 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Dinaglat na Salita
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit nang wasto ng napag-aralang talasalitaan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binasa 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan; Ipabasa ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; Pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
<p>5. Aralin: Mga Dinaglat sa Salita</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin at isulat nang wasto ang mga dinaglat na salita 	<p>5. Aralin: Mga Dinaglat na Salita</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa at pagsulat nang wasto ng mga dinaglat na salita at ang buong salita para dito
<p>1. Panimulang Gawain: Sabayang Pag-awit</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sabayang umawit 	<p>1. Panimulang Gawain: Sabayang Pag-awit</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagkanta
<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <p>a. Problema at Solusyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang pagbigay ng angkop na solusyon sa nakasaad na problema 	<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <p>a. Problema at Solusyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng angkop na solusyon sa nakasaad na problema
<p>b. Pagsulat ng Sertipiko</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang pagsulat ng sertipiko ng pasasalamat at hikayatin ang mga mag-aaral na sumulat ng isang sertipiko ng pasasalamat nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat 	<p>b. Pagsulat ng Sertipiko</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat nang wasto ng sertipiko ng pasasalamat nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat
<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Mga Salitang Dinaglat</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin nang wasto ang mga dinaglat na salita at isulat ang buong salita nito 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Mga Salitang Dinaglat</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng dinaglat na salita at pagsulat ng buong salita nito
<p>b. Paggamit ng mga Salita mula sa Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan 	<p>b. Paggamit ng mga Salita mula sa Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan
<p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Takdang-Aralin: Maglarawan ng alaga
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PN** Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Naisasalaysay ang mahahalagang bahagi ng kuwento batay sa banghay ng kuwento

I

BAHAGINAN

Balik-aralan ang mga salitang tinalakay noong nakaraang linggo. Ipaalala sa klase ang ipinagawang takdang-aralin. Aling mga salita mula sa talasalitaan ng nakaraang linggo ang narinig nilang ginamit ng nakatatanda? Paano ito ginamit? Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi tungkol sa narinig nilang paggamit sa mga salita mula sa talasalitaan. Hikayatin silang banggitin ang salita at kahulugan, at kung sa anong konteksto ito ginamit sa pangungusap.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG KUWENTO

- Ipakita sa klase ang pabalat ng babasahin para sa linggo (pahina 25). Tumawag ng isang mag-aaral upang basahin ang pamagat at ang pangalan ng may-akda.



Sabihin: *Nakilala na ba natin si Hasmin sa iba nating babasahin dito sa klase? Sino nga ulit si Hasmin? Kaano-ano niya si Chico sa kuwento natin noong nakaraang linggo? (Maghintay ng sagot.) Babasahin ko sa inyo ang panimulang bahagi ng ating kuwento ngayong linggo. Pero bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita na maririnig ninyo.*

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang mga salitang pag-aaralan ngayon:

klima

taglay

pagpapakalma



Sabihin: *Gagamitin ko sa pangungusap ang mga bagong salita na nakasulat dito sa pisara. Pakinggang mabuti at subukang alamin ang kahulugan batay sa narinig.*

(1) klima

Basahin: *Depende sa lugar ang klima dito sa Pilipinas. Sa matataas na lugar katulad ng Baguio, malamig ang klima. Sa Maynila naman, pagpapawisan ka nang husto dahil sa mainit na klima.*

Itanong: *Ano ang mga salita sa binasa ko na naglalarawan ng klima sa Baguio at sa Maynila? Ano ang klima dito sa lugar natin? Anong salitang Ingles ang malapit sa salitang ito? Narinig na ba ninyo ang tungkol sa “climate change” o mga pagbabago sa klima ng mundo? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng klima?*

Isulat: **klima** – karaniwang lagay ng panahon sa isang lugar

(2) taglay

Basahin: *May taglay na ugali ang mga mag-aaral sa ating paaralan na kabanga-banga. Sila ay likas na mabait at matulungin.*

Itanong: *Narinig na ba ninyo ang salitang taglay? Ano ang mga salita sa narinig ninyong pangungusap na halos kasingsabulugan ng salitang ito? (sagot: may, likas) Kapag sinabing may taglay kang talino, ano ang ibig sabihin nito? Ano pa ang mga bagay (bukod sa talino at ugali) na maaaring taglayin ng isang tao? Ano ang ibig sabihin ng taglay?*

Isulat: **taglay** – angkin, pagkakaroon

(3) pagpapakalma

Basahin: *Ayon sa mga eksperto, may mga bango o halimuyak na mahusay sa pagpapakalma ng damdamin at isipan. Kapag naamoy daw ang mga bangong ito, tila pumapaya ang pakiramdam. Kapag may problema ako, o kapag hindi ako makatulog, umiinom ako ng tsaa o nagsisindi ako ng kandilang may halimuyak na nagpapakalma at nagpapatahimik ng aking kalooban.*

Itanong: *Ano ang kabaligtaran ng kalma? Bakit kailangang makalma upang makatulog nang mahimbing? Kapag kalmado kayo, ano ang pakiramdam ninyo? Ano ang ibig sabihin ng pagpapakalma?*

Isulat: **pagpapakalma** – pagpapatahimik, pagpayapa

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan sa pisara. Bigyan ng limang minuto ang magkakatabi upang pumili ng isang salita mula sa talasalitaan at gamitin ito sa pangungusap. Tumawag ng mga mag-aaral upang ilahad ang kanilang pangungusap gamit ang mga salitang pinag-aralan.

PAALALA SA GURO

Ipaliwanag sa klase na magkaiba ang klima at temperatura. Sinusukat ng temperatura ang tindi ng init sa isang lugar, at maaari itong magbago oras-oras. Tinutukoy ng klima ang karaniwang lagay ng panahon sa pangkabuuan. Kabilang dito ang karaniwang lagay ng temperatura, kung gaano kadalas umulan, kung gaano kalakas ang hangin, at iba pa.

PAALALA SA GURO

Maaaring tinalakay na ang K-W-L sa MT o sa Filipino noong ang mga mag-aaral ay nasa Baitang 1 o 2. Magbalik-aral na lamang dito.

b. Pagganyak

- Magpakita ng bulaklak na sampaguita.



Itanong: *Alam ba ninyo kung ano ang bulaklak na ito? Ano ang tawag sa bulaklak na ito? Saan ito madalas ginagamit? Bakit mahalaga ang bulaklak na ito sa ating mga Pilipino?*

- Isulat o ikabit sa pisara ang talahanayan sa ibaba.

K What I know (Ano ang alam ko?)	W What I want to know (Ano ang gusto kong malaman?)	L What I learned (Ano ang natutuhan ko?)



Sabihin: *Masdan ang talahanayan sa pisara. Nagamit na ba ninyo ito sa ibang klase? Gagamitin natin ito ngayon sa pagtalakay natin sa sampaguita. Punan natin ang unang hanay. Ano-ano ang alam ninyo tungkol sa sampaguita? (Kumuha ng sagot mula sa klase at isulat sa unang hanay.) Ngayon naman, punan natin ang pangalawang hanay. Ano pa ang gusto ninyong malaman tungkol sa sampaguita? (Kumuha ng sagot mula sa klase at isulat sa pangalawang hanay.)*

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

- Ipakita muli ang larawan o guhit na babasahin at iugnay sa talahanayang K-W-L. (Buksan sa pahina 25 ng *Leveled Reader*.)



Sabihin: *Babasahin ko ang panimula ng aklat natin ngayong linggo. Pagkatapos kong basahin ang teksto, tatalakayin natin at pupunan ang huling hanay dito sa talahanayan: Ano-ano ang natutuhan ko tungkol sa sampaguita? Makinig nang mabuti para sa mga bagong detalye na natutunan ninyo tungkol sa sampaguita.*

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na teksto:

“Ang Bulaklak na Hasmin”

Madalas makita ang bulaklak na hasmin kung saan-saan. Tumutubo ito sa mga bansang tropikal o mga lugar na mainit ang klima. Nakatatagawag pansin ang taglay nitong bango.

Maraming naitutulong sa atin ang hasmin. Ginagamit ito sa paggawa ng tsa, mantika, at mga gamot. Dahil sa taglay nitong bango, madalas na ginagamit ang bulaklak sa pagpapakalma at pagpapagaling ng iba't ibang sakit sa katawan. May mga pagkakataong ginagamit din ito bilang pagkain.

Sa Pilipinas, ang hasmin ay kilala rin bilang sampaguita. Ginagawang kuwintas ang mga sampaguita at madalas na inilalagay sa altar o kaya'y ibinigay sa mga bisita. Ayon sa alamat, ibinigay ng mga Espanyol ang pangalang “sampaguita” mula sa “sumpa kita” o “pangako sa iyo.”

Ngayong linggo, ang kuwentong babasahin ninyo ay tungkol sa mga karanasan ng batang nagngangalang Hasmin. Ano kaya ang pagkakatulad ng bulaklak at ang batang si Hasmin?



4

TALAKAYAN TUNGKOL SA TEKSTO

Sabihin: Balikan natin ang sinimulan nating talabanayan.

Ano-ano ang mga bagay na alam na ninyo tungkol sa sampaguita na tinalakay sa teksto? Nabanggit ba ninyo sa kolum K kung:

- Sa anong uri ng klima ito tumutubo?
- Ano-ano ang pakinabang o naitutulong nito sa mga tao?
- Ano ang isa pang tawag sa hasmin?
- Ayon sa alamat, sino ang nagbigay ng pangalang sampaguita?

Itanong: Ano-ano naman ang tanong ninyo rito sa pangalawang hanay na nasagot ng binasa kong teksto? (Markahan ang mga tanong na nasagot sa pangalawang hanay.) Ano-ano naman ang bago ninyong natutuhan tungkol sa sampaguita? Maaari nating isulat ang mga ito sa ikatlong hanay.

- Tumawag ng mga mag-aaral upang isulat ang mga babanggiting bagong natutuhan sa pangatlong hanay. Pansinin ang kakayahan nila sa pagsulat at pagbaybay upang malaman kung ano ang dapat pang tutukan sa pagtuturo ng mga kakayahang ito.

Itanong: Batay sa napakinggan ninyong teksto, tungkol kanino ang babasahin ninyong aklat ngayong linggo? Ano-ano kaya ang pagkakatulad ng karakter na si Hasmin sa bulaklak na kapangalan niya? Abangan natin sa susunod na mga araw.



TALAAN

5

PAGSULAT NG TALATA

Isulat o ikabit sa pisara ang sumusunod na gawain para sa klase.

Panuto: Magsulat ng talata na naglalarawan sa bulaklak na hasmin. Maaaring punan ang talata sa kahon, o maaaring gumawa ng sariling talata.

Ang hasmin ay kilala rin sa Pilipinas sa pangalang _____. Ang pangalang ito ay galing sa mga salitang _____ na ang ibig sabihin ay _____. Tumutubo ang halamang ito sa klimang _____. Ginagamit ito sa paggawa ng _____, _____, at _____. Ginagawa rin itong _____.

6

TAKDANG-ARALIN

Mag-isip ng kakilala mong bata na maituturing na batang bayani. Magsulat ng ilang pangungusap tungkol sa inyong napiling batang bayani. Paano mo siya nakilala? Ano ang ginawa niyang kahanga-hanga na nakatulong sa iba? Maghandang magbahagi tungkol sa inyong batang bayani bukas.

ARAW

2

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PB-1a-1** Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan
- **F3EP-1b-h-5** Nagagamit ang iba't ibang bahagi ng aklat sa pagkalap ng impormasyon
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito

I

BAHAGINAN

Pagtambalin ang mga mag-aaral at hayaan silang magbahaginan tungkol sa mga batang bayani.

Itanong: *Sino ang batang itinuturing mong bayani? Bakit mo siya itinuturing na bayani? Ano ang ginawa niyang kakaiba at kabanga-banga? Magbahaginan kayo ng inyong katabi tungkol dito. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na panimula:*



Itinuturing kong batang bayani ang aking _____ . Ang pangalan niya ay _____ .
Kahit bata pa, bayani siya para sa akin dahil _____ .

- Bigyan ng tatlong minuto ang mga magkapares upang magbahaginan. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad sa kanila kung sino ang kanilang nabanggit na batang bayani.

2

PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA NG LEVELED READER

PAALALA SA GURO TUNGKOL SA LEVELED READERS

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 11 at 12 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

Ikabit o isulat sa pisara ang dalawang hanay sa ibaba:

Hanay A	Hanay B
1. inunat	a. mahalagang mensahe, nakalathalang patalastas
2. gumasgas	b. maliit na kampana na may taling lubid

TALAAAN

3. bagting	c. itinuwid
4. senyales	d. kumiskis sa magaspang na bagay
5. anunsiyo	e. gamitin ang imahinasyon para isipin ang gustong mangyari
6. mangarap nang gising	f. palatandaan o pahiwatig na may paparating o magaganap

- Ipabasa muna sa klase ang mga salita sa unang hanay.



Sabihin: *Mababasa ninyo mamaya sa inyong aklat ang mga salitang ito sa unang hanay. Alin sa mga salitang ito ang nagamit o nabasa na ninyo? Nasa hanay B ang kabulugan ng mga salita sa hanay A. Basahin nga natin ang mga kabulugang pagpipilian sa hanay B.*

- Basahin nang sabay-sabay ang mga kahulugan sa hanay B. Gabayan ang klase sa pagbasa ng mga kahulugan.



Sabihin: *Masasabi ba ninyo kung aling kabulugan sa hanay B ang katapat ng mga salita sa hanay A? Mas maiintindihan ninyo ang mga salita kapag marinig ninyo ito sa konteksto ng isang sitwasyon. Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salita sa hanay A. Makinig sa bawat pangungusap at hanapin sa hanay B ang pinakamalapit na kahulugan ng salitang ginamit:*

(1) **inunat**



Basahin: *Tanghali na nang gumising ako kaninang umaga. Nang **inunat** ko ang aking braso, tumama ito sa dingding ng silid. Napasigaw ako sa sakit.*



Itanong: *Nag-unat ba kayo ng braso paggising ninyo sa umaga? Ipakita nga ninyo kung paano mag-unat? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng salitang **inunat**? (Sagot: C)*

- Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula sa salita sa hanay A at ang katapat na kahulugan nito sa hanay B. Gawin ito para sa lahat ng sumusunod na salita.

(2) **gumasgas**



Basahin: *Nang madulas at madapa ako, **gumasgas** sa magaspang na kalsada ang aking tubod. Nasugatan ang bahagi ng tubod ko na **gumasgas** sa kalye.*



Itanong: *Bakit nasugatan ang tubod nang **gumasgas** ito sa kalsada? Nangyari na ba sa inyo ito? Ano ang nangyayari kapag **gumasgas** ang isang bagay sa iba pang bagay, lalo na kung magaspang? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang katapat ng salitang **gumasgas**? (Sagot: D) Sino ang gustong gumuhit ng linya dito sa pisara upang ipagdikit ang salita at kabulugan?*

TALAAAN

(3) **bagting**

Basahin: May bagong **bagting** sa aming paaralan. Ang lakas ng kalembang nito kaya naririnig ng labat ng mag-aaral.

Itanong: Aling salita sa pangungusap ang nagpapabimatig kung ano ang **bagting**? May **bagting** ba tayo dito sa paaralan? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang katapat ng salitang **bagting**?

(Sagot: B) Sino ang gustong gumuhit ng linya dito sa pisara upang ipagdikit ang salita at kahulugan?

(4) **senyales**

Basahin: Ginagamit ang bagting bilang **senyales** kung oras na ng pagpasok. **Senyales** din ito ng oras ng recess o oras ng uwian.

Itanong: Ano raw ang **senyales** na oras na ng pagpasok? Ano pa ang ibang bagay na maaaring gamiting **senyales**? Halimbawa, kapag biglang dumilim ang langit dahil sa makapal na ulap, **senyales** ito ng ano? May salita ba kayong alam sa wikang Ingles na naririnig ninyo turing may bagyo na kabawig ng salitang **senyales**?

Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang katapat ng salitang **senyales**?
(Sagot: F) Sino ang gustong gumuhit ng linya dito sa pisara upang ipakita ang salita at ang katapat nitong kahulugan?

(5) **anunsiyo**

Basahin: May nakasulat na anunsiyo sa labas ng opisina ng punongguro. Ayon sa **anunsiyo**, maaga raw ang uwian ng mga mag-aaral bukas dahil may miting ang mga guro ng paaralan.

Itanong: Kailan kayo nakababasa o nakaririnig ng **anunsiyo**? Para sa isang tao lang ba ang **anunsiyo**? Bakit may mga bagay na kailangang ipaalam o ianunsiyo sa marami? Aling salitang Ingles ang pinakakatunog nito? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang katapat ng salitang **anunsiyo**?

(Sagot: A) Sino ang gustong gumuhit ng linya dito sa pisara upang ipag-ugnay ang salita at kahulugan?

(6) **mangarap nang gising**

Basahin: Madalas siyang **mangarap nang gising**. Iniisip niyang matatalo niya sa boksing si Pacquiao kabiti hindi pa siya nakapagsuot ng gloves kabiti kailan.

Itanong: Nangangarap din ba kayo nang gising? Ano ang naiisip o nakikita ninyong ginagawa ninyo? Alin sa mga kahulugan sa hanay B ang katapat ng ekspresyong **mangarap nang gising**?

(Sagot: E) Sino ang gustong gumuhit ng linya dito sa pisara upang ipag-ugnay ang salita at kahulugan?

- Ipasipi bilang talasalitaan ang mga salita at kahulugan sa pisara.

PAALALA SA GURO

Bigyan ng panahon ang mga mag-aaral na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

TALAAAN

b. Pagganyak



Itanong: *Madali ba para sa inyo ang gumising nang maaga? Ano-ano ang panggising sa inyo sa umaga?*

c. Pangganyak na Tanong

- Ipakita ang pabalat ng aklat ngayong araw at ipabasa ang pamagat at may-akda.



Sabihin: *Babasabin ninyo ngayon ang karugtong ng kuwento. Habang binabasa ninyo ang kuwento, alamin: Ano ang panggising ni Hasmin sa kuwento?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.



Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikinggan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Magpupulong kami dito sa isang tabi ng Pangkat 2 upang hindi maistorbo ang Pangkat 1 habang tahimik silang nagbabasa. Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang gumising kay Hasmin isang umaga? 2. Ano-ano ang gamit ng bagong bagting? 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</i></p>

TALAAN

<p>3. Bakit dumarayo ang mga kapitbahay nina Chico sa kanila tuwing may okasyon?</p> <p>4. Ano ang okasyon sa bayan nina Hasmin?</p> <p>5. Bakit kaya pumitas ng gumamela at naglakad na parang nagpaparada si Hasmin?</p> <p>6. Ano-ano ang ginawa ni Hasmin para makatulong sa pagluto?</p>	<p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p. 12: Ano ang gumising kay Hasmin? Bakit pinatunog ni G. Velasco ang bagting? Ano-ano ang gamit ng bagting?</p> <p>Pagkabasa ng p. 13: Ano ang okasyon sa bayan nina Hasmin? Ano ang ginagawa ng mga mamamayan para ipagdiwang ang pista?</p> <p>Pagkabasa ng p. 14: Ano ang paboritong panoorin ni Hasmin?</p> <p>Pagkabasa ng p. 15: Ano-ano ang ginawa ni Hasmin upang tumulong kay Nanay Conchita?</p>
<p>Pagtalakay ng sagot sa pagsasanay at pagbasa nang malakas ng bahagi ng kuwento</p> <p>Sagutin ang mga tanong sa pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng tamang sagot.</p>	<p>Pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pagsasanay</p> <p>Punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</p> <p>Anong mga detalye mula sa kuwento ang sagot sa sumusunod?</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nagising si Hasmin dahil sa tunog ng _____. 2. Nakalagay ang bagting sa _____. 3. Maraming inihahandang pagkain dahil _____ sa bayan nila. 4. Paboritong panoorin ni Hasmin ang parada ng _____. 5. Si Hasmin ay kanang kamay ng kaniyang _____.

TALAAAN

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

Itanong sa buong klase ang sumusunod:

- *Paano ninyo ilalarawan si Hasmin?*
- *May mga katangian ba si Hasmin na kabanga-banga? Ano ang mga ito?*
- *Ihalintulad ninyo ang sarili ninyo kay Hasmin. May mga katangian o ugali ba kayo na katulad ng ipinakita ni Hasmin sa kuwento? Ano ang mga ito?*
- *Sa palagay ninyo, bakit kaya paborito ni Hasmin ang Santacruzán? Nakapanood na rin ba kayo ng Santacruzán? Ano ang makikita dito?*
- *Ano-ano ang pagkakatulad ni Hasmin at ng binasa ko kabapong teksto tungkol sa hasmin o sampaguíta?*

5

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas nila ang kanilang hinlalaki (*thumbs-up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap. Ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusan silang hindi sumasang-ayon (*thumbs-down*). Ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Alam ko na ang kabulugan ng labat ng tinalakay na salita mula sa talasalitaan.*
 - *Maisasalaysay kong muli ang mga pangunahing pangyayari sa kuwento ni Hasmin.*
 - *Malinaw sa akin ang labat ng mga salitang nabasa ko sa kuwento.*
- Alamin kung sino ang mga bata na nagturo pababa ng kanilang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

6

TAKDANG-ARALIN

Ano-ano ang katangian ni Hasmin na ipinakita sa kuwento? Paano ito naipakita sa kuwento? Pumili ng isang katangian at isulat ito. Kompletuhin ang pangungusap:

Si Hasmin ay _____.

Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng _____.

LAYUNIN

- **F3PB** Natutukoy ang mga detalye mula sa kuwento
- **F3PB** Natutukoy ang bunga ng mga dahilan
- **F3PT** Nakagagamit ng pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng salita
- **F3KM** Nakasusulat ng isang anunsiyo

ARAW

3

1 BAHAGINAN

- Gamitin ang takdang-aralin na ibinigay kahapon bilang paksa ng bahaginan ngayong araw. Isulat muli sa pisara ang panimulang ipinagamit sa takdang-aralin:

_____ si Hasmin. Ipinakita niya ito sa pamamagitan ng _____.

- Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang mga pangungusap sa buong klase. Tanungin ang ibang mag-aaral kung sumasang-ayon sila sa mga katangian at patunay na babanggitin tungkol kay Hasmin. Tanungin ang mga mag-aaral na hindi naglalahad sa harapan kung may iba pa silang maidaragdag na katangiang mababanggit tungkol kay Hasmin.

2 PAGBIGAY NG DETALYE MULA SA KUWENTO

- Ipamahagi sa klase ang mga *Leveled Reader*. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbigay nang mabilis na pagsusuma ng mga pangyayari sa kuwentong binasa nila kahapon.

Sabihin: *Sa tuwing nagbabasa tayo, marami tayong mapupulot na detalye na nagpapakita kung ano ang nangyayari sa isang eksena. Subukan nating hanapin ang ilang detalye mula sa kuwento ni Hasmin. Hanapin ang bahagi ng kuwento na nagbibigay ng detalye para sa sumusunod na pangyayari. Kapag nahanap na ninyo, itaas ang inyong kamay. Tatawag ako ng mag-aaral na magbabasa ng bahaging ito nang malakas.*

- Ipahanap ang detalye para sa sumusunod na tagpo:
 - a. Bagong gising si Hasmin.
 - b. Nagtutulungan ang magkakapitbahay sa pagluto ng handa para sa pista.
 - c. Gustong-gusto ni Hasmin ang Santacruzán.
 - d. Matulungin si Hasmin sa nanay niya.



TALAAAN

3 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER (PAGSULAT NG ANUNSIYO)

- Pabuksan sa pahina 16 ang *Leveled Reader*. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat ng mga mag-aaral ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.



Pagsasanay: Pagsulat ng Anunsiyo

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.

4 DAGDAG NA PAGSASANAY

- Kung may natitira pang oras, ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

a. Pagbigay ng Bunga

Panuto: Piliin ang bunga ng mga dahilan sa unang kolum. Isulat ang sagot sa kuwaderno:

Dahilan	Bunga
1. Napakalakas ng tunog ng bagting.	a. Naghahanda ng masasarap na pagkain ang mga mamamayan.
2. Biglang may nagsalita habang nagkukunwaring pumaparada si Hasmin.	b. Nagising si Hasmin.
3. Naamoy ni Hasmin ang masasarap na pagkain sa kusina.	c. Walang tumutulong tubig na pambanlaw sa pinggan.
4. Araw ng pista sa bayan nina Hasmin at Chico.	d. Bumangon si Hasmin at tumungo sa kusina.
5. May ginagawang tubo ng tubig sa daan.	e. Napatigil at namula si Hasmin.

b. Pagtukoy ng akhang kahulugan ng mga salitang pareho ang baybay

Panuto: Piliin ang wastong kahulugan ng salita ayon sa gamit nito sa pangungusap. Isulat ang kahulugan (a o b) sa inyong kuwaderno:

baka: (a) *isang uri ng hayop* (b) *salitang nagsasaad ng posibilidad*

1. May alagang matatabang baka si Tiyo Ben.
2. Magdala tayo ng payong. Baka umulan mamaya.

bunot: (a) *pagtanggap ng bagay na nakabaon* (b) *pangkuskos ng sahig mula sa niyog*

3. Ginagamit na pangdekorasyon ang bunot ng niyog.
4. Ayokong magpabunot ng ngipin.

bukas: (a) *sa kasunod na araw* (b) *hindi sarado*

5. Pumasok ka. Bukas ang aking kuwarto.
6. Dadalo sila sa Pista ng Bayan bukas.

balat: (a) *marka sa katawan mula sa pagkapanganak* (b) *panlabas na takip ng bagay na may laman*

7. Hindi kinakain ang balat ng mani.
8. Ang palatandaan niya ay ang malaking balat sa mukha.

sikat: (a) *paglitaw ng araw sa umaga* (b) *kilalang-kilala*

9. Maaga ang sikat ng araw.
10. Sikat na ang kaibigan kong nanalo sa *contest*.

TALAAN

5

TAKDANG-ARALIN

Mag-isip ng iba pang salita na may higit sa isang bigkas at/o kahulugan. Gumawa ng pangungusap para sa magkaibang bigkas ng isang salita at kahulugan at maghandang ibahagi ito sa klase bukas.

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento
- **F3PB** Nakasasali sa pangkatang gawain at naibibigay ang angkop na tugon sa bahagi ng kuwento
- **F3PB** Naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtugon sa mga tanong ng guro sa iba't ibang paraan
- **F3PT** Natutukoy ang kahulugan ng mga dinaglat na salita

I

BAHAGINAN

- Ipaalala sa klase ang ipinagawang takdang-aralin. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabanggit ng mga salitang naisip nila na may higit sa isang bigkas at/o kahulugan. Ilista ang mga salitang babanggitin nila sa pisara. Ipabigkas sa klase ang mga salita sa pisara, gamit ang lahat ng posibleng bigkas para sa bawat isa. Tanungin kung ano ang kahulugan ng salita batay sa bigkas.
- Tumawag ng tatlong mag-aaral na makapagbibigay ng dalawang pangungusap na nagpapakita ng magkaibang bigkas at/o kahulugan ng isang salita sa pisara.
- Magbigay ng sariling halimbawa upang magsilbing gabay sa mga maglalahad.
- Halimbawa: (a) *May baon akong tinapay at keso ngayong araw, kaya hindi ako bibili ng pagkain sa **canteen** mamayang **recess**.* (b) *Ibaon mo sa lupa ang buto ng santol at tingnan natin kung tutubo ito.*
- Pakinggan ang mga pangungusap na ilalahad ng tatawaging mag-aaral, at tulungan silang isaayos ito kung kinakailangan.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

Isulat sa pisara ang mga pag-aaralang salita ngayong araw at ang mga pagpipiliang kahulugan:

hindi mapakali

(a) hindi maistorbo (b) hindi matahimik (c) hindi makagalaw

TALAAN

umalingawngaw

- (a) huminto ang pagtunog
(b) paulit-ulit at tumatalbog ang tunog (c) humina ang tunog

nanlaki ang mga mata

- (a) natutuwa (b) bagong gising
(c) nakakikita ng hindi karaniwan

Sabihin: *Pag-aralan natin ang ilang salita na mababasa ninyo sa karugtong ng ating kuwento ngayong linggo. Gagamitin ko ang mga salita o pariralang ito sa pangungusap. Pakinggan ninyong mabuti ang pangungusap at subukang alamin ang kahulugan ng salita batay sa marinig ninyo. Pagkatapos, piliin ninyo ang letra ng pinakawastong kahulugan sa ilalim ng bawat salita.*

Sabihin: Hindi mapakali. Hindi mapakali si Anita nang malaman niyang may iuwing tuta ang kaniyang tatay. Tayo siya nang tayo mula sa siya upang dumungaw sa bintana at pagmasdan kung parating na ang tuta na matagal na niyang hinibiling. **Hindi mapakali.** Aling letra ang kasingkahulugan ng **hindi mapakali**?

(Sagot: B) Naranasan na ba ninyo ang pakiramdam na hindi mapakali? Ano ang halimbawa ng ilang sitwasyon kung saan hindi kayo mapakali?

- Maghintay ng sagot. Tulungan ang mag-aaral na gamitin ang ekspresyon sa isang buong pangungusap. Halimbawa: *Hindi ako mapakali noong malapit na ang kaarawan ko. Hindi ako mapakali nang malaman kong may pagsusulat kami bukas.*

Sabihin: Umalingawngaw. Umalingawngaw ang sirena ng trak ng bumbero sa buong barangay. Walang tigil itong tumutunog, kaya't nagsilabasan ang mga tao nang marinig ito. **Umalingawngaw.** Nakarinig na ba kayo ng alingawngaw? Ano ang nangyayari kapag may alingawngaw? Sabihin nga natin ang alingawngaw nang may alingawngaw? "Alingawngaw-ngaw-ngaw-ngaw-ngaw!" Aling letra ang kasingkahulugan ng **umalingawngaw**? **(Sagot: B)**

Sabihin: Nanlaki ang mata. Nanlaki ang mata ni Tina nang makita ang sari-saring pagkain sa mesa. Noon lang siya nakakita ng ganoon karaming putabe. **Nanlaki ang mata.** Palakibin nga natin ang pagkabukas ng ating mga mata. Kailan nanlalaki ang ating mata? Anong bagay o pangyayari ang magpapalaki sa inyong mata? Aling letra ang kasingkahulugan ng **nanlaki ang mata**? **(Sagot: C)**

b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

Sabihin: *Sa kuwento natin noong isang araw, ano ang ipinagdiriwang sa bayan nina Hasmin? Ano-ano kaya ang makikita niyang nakapalamuti sa Parada ng Santacruznan?*

TALAAAN

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: Habang binabasa ninyo ang karugtong ng kuwento, alamin: Ano-ano ang nakita ni Hasmin na nakapalamuti sa daraanan ng Parada ng Santacruzán?

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO



Sabihin: Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging* na level) ay magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 (Madali o *easy* na level) ay pakikikinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

<p>Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)</p>	<p>Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)</p>
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nainip si Hasmin sa pag-aabang para sa Santacruzán kaya _____ muna siya. 2. Si _____ ang may-ari ng pinakamalaking maisan sa bayan. 3. Hindi mapakali si Hasmin nang makita ang _____ sa maisan ni Mang Balong. 4. Napatigil ang mga nanonood ng parada nang marinig ang tunog ng _____. 5. Isang mahabang linya ang nabuo sa kalsada upang mag-abot ng _____. 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p. 17: Saan-saan nakarating si Hasmin sa paglalakad? Ano ang nakita ni Hasmin na nagsisimula sa maisan?</p> <p>Pagkabasa ng p. 18: Bakit walang taong natira sa daan?</p>

TALAAAN

Pagkabasa ng p.19:

Paano nakapasok si Hasmin sa paaralan? Ano ang balak niyang gawin?

Pagkabasa ng p.20:

Paano naabot ni Hasmin ang bagting?

Pagkabasa ng p.21:

Ano ang ginawa ng mga mamamayan para mapatay ang sunog?

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

Sabihin: Sagutin ang mga tanong ko tungkol sa binasa ninyong kuwento. Sa ibang tanong, gusto kong basahin ninyo ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng inyong sagot:

- *Ano-ano ang pinagmasdan at binibilang ni Hasmin na nakapalamuti sa daraanan ng parada? **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.***
- *Nang mainip siya sa kabihintay sa pagdaan ng Santacruzán, ano ang ginawa ni Hasmin?*
- *Sino si Manong Balong? **Basahin ang bahaging nagsasabi tungkol sa kaniya.***
- *Ano ang napansin ni Hasmin sa maisan ni Manong Balong?*
- *Ano kaya ang naramdaman ni Hasmin nang makita niya ang sunog?*
- *Ganoon din kaya ang mararamdaman ninyo?*
- *Ano ang ginawa niya nang hindi niya makita si Manong Balong? **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.***
- *Ano ang naging problema ni Hasmin pagdating niya sa paaralan? Ano ang naisip niyang solusyon?*
- *Kung kayo si Hasmin, ano ang maisip ninyong solusyon?*
- *Nang hindi niya maabot ang bagting, ano ang naisip niyang solusyon? **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.***
- *Nang makita ng mga mamamayan ang sunog, ano-anong solusyon ang naisip nila? **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.***
- *Ano ang masasabi ninyo tungkol sa mga mamamayan?*
- *Ano kaya ang sasabihin ni Manong Balong sa mga mamamayan na tumulong pumatay sa sunog?*


PAALALA SA GURO

Sa pagbabasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot, muling mapakikinggan ng guro ang tatas ng mga mag-aaral sa pagbasa. Magsisilbing modelo sa Pangkat 2 ang mas matatas na pagbasa ng Pangkat 1.

TALAAAN

- *Ano kaya ang sasabihin niya kay Hasmin?*
- *Maituturing ba ninyong bayani si Hasmin? Bakit?*

5

ARALIN: MGA DINAGLAT NA SALITA

- Isulat ang sumusunod na pangungusap sa pisara:

Nanonood ng parada si G. Velasco.

Sabihin: *Babasahin ko ang pangungusap na ito. “Nanonood ng parada si Ginoong Velasco.” Napansin ba ninyo kung paano ko binasa ang babaging ito? (Ituro ang dinaglat na salita.) Ang basa sa **G.** ay **Ginoo**. Halimbawa ito ng dinaglat o pinaiksing salita. May tuldok sa dulo ng dinaglat na salita. May iba pa ba kayong alam na dinaglat na salita? Magbigay nga kayo ng halimbawa. (Kumuha ng sagot mula sa klase.)*

- Isulat o ikabit sa pisara ang listahang ito ng iba pang dinaglat na salita. Ipabasa at ipasipi sa mga mag-aaral:

Bb. – Binibini	Dr. – Doktor
Gng. – Ginang	Engr. – Engineer
Pang. – Pangulo	Atty. – Attorney
Kap. – Kapitan	Kgd. – Kagawad

6

PAGPUPULSO

- Alamin kung ano ang mga kakayanan na kailangan pang tutukan sa susunod na mga araw. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:
 - *Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?*
 - *Alin naman ang babagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?*
 - *Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?*

LAYUNIN

- **F3PB** Naibibigay ang solusyon ng tauhan sa bawat problema sa kuwento
- **F3PB; F3PS** Naibibigay ang mga tauhan, tagpuan, at banghay sa pagsasalaysay ng kuwento
- **F3PT** Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan
- **F3KM** Nakasusulat ng isang sertipiko ng pasasalamat nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

ARAW

5

PANIMULANG GAWAIN: SABAYANG PAG-AWIT

- Ituro sa buong klase ang awiting “Bulaklak” na inawit ni Kuh Ledesma. Ipaskil ang letra o *lyrics* ng awiting ito sa pisara. (Mahahanap ang *lyrics* at tono ng awiting ito sa *website* na ito: https://www.youtube.com/watch?v=8dZLO_0VEbA; <http://www.songlyrics.com/kuh-ledesma/bulaklak-lyrics/>)

Sabihin: *Isinalin ni Rolando Tinio mula sa isang awiting Pranses ang kantang ito. Pinasikat ito ng mang-aawit na si Kuh Ledesma. Basahin muna natin ang lyrics. Kung may salitang hindi pa ninyo alam ang kahulugan, itaas ang inyong kamay upang mapag-usapan natin ang kahulugan nito.*



- Matapos basahin at talakayin ang kahulugan ng ilang salita (hal. sandigan, talulot, mamutawi, paglingap, hantungan), ituro ang tono ng awitin sa buong klase. Pasabayin ang buong klase sa pag-awit matapos ituro ang tono.
- Talakayin ang awitin sa pamamagitan ng pagtanong ng sumusunod:
 - *Ano ang kaugnayan ng kantang ito sa binasa nating kuwento kabapon?*
 - *Ano ang mga binanggit na gamit ng bulaklak?*
 - *Ano ang mga pagkakataong binanggit sa awitin na makatutulong ang bulaklak?*
 - *Aling mga linya sa kanta ang tumutukoy sa panliligaw? Pagdala ng bulaklak sa may-sakit? Paglagay ng bulaklak sa libingan?*

TALAAN

2

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 22. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* tungkol sa pagtukoy ng problema at solusyon at pagsulat ng isang sertipiko ng pasasalamat na makikita sa pahina 22 at 23.
- Ipasulat sa mga mag-aaral ang tanong at sagot sa mga pagsasanay sa kanilang kuwaderno.



Pagsasanay: Problema at Solusyon

Para sa Guro: Maaaring ibigay ang Skill Builder 4 sa pahina 25 sa mga mag-aaral na maagang matapos sa gawain.

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.

3

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may oras pa matapos sagutan ang *Skill Builder*, ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

Mga Salitang Dinaglat

Isulat ang buong salita para sa sumusunod na dinaglat na salita:

- G. _____
- Gng. _____
- Bb. _____
- Dr. _____
- Engr. _____

4

TAKDANG-ARALIN

Maghandang magbahagi tungkol sa isang alagang hayop. Maaaring alaga ito ng inyong pamilya o ng inyong kapitbahay o kaibigan. Ilarawan ang alagang ito at ano ang naidudulot nito sa mga taong nag-aalaga dito. Isulat sa inyong kuwaderno ang ilang pangungusap tungkol sa alagang ito.

ARALIN

13

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI

LEVELED READER: KABANG: ASONG BAYANI



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 13

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: Kabang: Asong Bayani (Kuwento ni Yvette Tan; Guhit ni Hannah Manaligod)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng alaga o kilalang aso
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>mangangaso, pangangaso, natunton, droga, kapansanang, gumagabay, katangi-tangi</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na tanong sa pamamagitan ng K-W-L tsart
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwentong Pinapakinggan (<i>Listening Story</i>): “Ang Alaga at Kaibigan ng Tao” Pagbasa ng guro ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Natatalakay ang mahahalagang bahagi ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng mahahalagang bahagi ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong na nag-uumpisa sa Bakit 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa mga tanong na nag-uumpisa sa Bakit at ang mga kaukulang sagot sa mga ito

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag

KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon

PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang aso at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa aso at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao
2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa paghawan ng balakid 	2. Paghahanda sa Pakikinig sa Kuwento <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
b. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mga paksang kaugnay sa kuwento upang maganyak ang mga mag-aaral sa pakikinig ng kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	b. Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa talakayan <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak na tanong
3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang Kuwentong Pinapakinggan 	3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito
4. Pagtalakay sa Teksto <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang binasang kuwento sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong tungkol dito 	4. Pagtalakay sa Teksto <ul style="list-style-type: none"> Pagsalaysay ng mahahalagang pangyayari sa kuwento
5. Mga Sagot sa Tanong na Bakit <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mga tanong na nag-uumpisa sa Bakit at kung ano ang kaukulang sagot sa mga ito 	5. Mga Sagot sa Tanong na Bakit <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong na nag-uumpisa sa Bakit
6. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa napag-aralang paksa 	6. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain
7. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin tungkol sa mga salitang bakit at dahil 	7. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng mga tanong at sagot

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng alaga o kilalang aso
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>sinusubaybayan, nahulog ang loob, beterinaryo</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-1a-1 Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan at nahihinuha ang maaaring mangyari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa Prediksiyon Tsart 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng hula ng maaaring mangyari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsagot ng Prediksiyon Tsart
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-1b-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Unang bahagi ng <i>Leveled Reader: "Kabang: Asong Bayani"</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa Kuwento at Pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin sa buong klase 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng mga tanong at sagot sa kanilang takdang-aralin
<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i></p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita Gamitin ang mga salita sa pangungusap 	<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa ng <i>Leveled Reader</i></p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang Prediksiyon Tsart at hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng kanilang hula sa mangyayari sa kuwento 	<p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng hula tungkol sa mangyayari sa kuwento
<p>3. Pagbasa sa Kuwento ng Mag-aaral</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<p>3. Pagbasa sa Kuwento ng Mag-aaral</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
<p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p>	<p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot ng pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kuwento at ipabasa sa mga mag-aaral ang bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangungusap tungkol sa pangunahing tauhan ng <i>Leveled Reader</i> 	<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagkompleto sa binigay na pangungusap
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin 	<ul style="list-style-type: none"> Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa mga bayani Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa mga bayani
	PP PT	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa at nababaybay nang wasto ang mga salita ng hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino 	<ul style="list-style-type: none"> Mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nahihinuha kung sino sa mga tauhan ang nagsabi ng nakasaad na pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Paghinuha kung sino sa mga tauhan ang nagsabi ng pangungusap
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Natutukoy kung ang Pandiwa ay pangkasalukuyan o pangnagdaan ayon sa salitang nagsasaad kung kailan ginawa ang aksiyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Pangkasalukuyan o Pagnagdaan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng alaga o kilalang aso
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>sapat, magbahagi</i>

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Panimulang Gawain: Awitin o Tula <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula at umawit 	1. Panimulang Gawain: Awitin o Tula <ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas ng tula at pagkanta
2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> <ul style="list-style-type: none"> Pagpabasa ng mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino 	2. Pagsagot sa <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang wasto ng mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino
3. Dagdag na Pagsasanay <p>a. Paghinuha kung Sino ang Nagsabi</p> <ul style="list-style-type: none"> Ipabasa ang mga maaaring sinabi ng tauhan at paghinuha kung sino ang nagsabi 	3. Dagdag na Pagsasanay <p>a. Paghinuha kung Sino ang Nagsabi</p> <ul style="list-style-type: none"> Paghinuha kung sino sa nga tauhan ang maaaring nagsabi ng nakasaad na pangungusap
b. Pandiwang Pangkasalukuyan at Pagnagdaan <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang panahon kung kailan ginawa ang aksiyon at ang angkop na Pandiwang Pangkasalukuyan o Pagnagdaan 	b. Pandiwang Pangkasalukuyan at Pagnagdaan <ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng angkop na Pandiwa ayon sa salitang nagsasaad ng panahon o kung kailan ginawa ang aksiyon
4. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Ibigay ang wastong sagot sa mga pagsasanay at alamin ang marka ng mga mag-aaral 	4. Pagpupulso
5. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin tungkol sa panahon ng Pandiwa 	5. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa takdang-aralin
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Magsulat ng mga salitang aksiyon sa pisara. Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng dalawang pangungusap sa kanilang katabi. 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi ng mga tanong at sagot sa kanilang takdang-aralin
2. Paghahanda sa Pagbabasa <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kahulugan ng mga salita 	2. Paghahanda sa Pagbabasa <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikalawang bahagi ng <i>Leveled Reader</i>: “Kabang: Asong Bayani”
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa ang tula nang may wastong ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng Tula
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung ilan ang saknong at linya ng tula 	<ul style="list-style-type: none"> Saknong at linya ng tula
	KP	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung aling mga salita sa tula ang magkatunog 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang Magkatunog
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Nakasasali sa pagbigkas ng tula at pagkanta ng mga awitin 	<ul style="list-style-type: none"> Tula: Mga pamilyar na tula tungkol sa mga bayani Awit: Mga pamilyar na awitin tungkol sa mga bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng mga napag-aralang talasalitaan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento c. Pangganyak na Tanong <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento c. Pangganyak na Tanong <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binasa 	3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik sa kuwento at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas sa kuwento at pagsagot sa mga tanong ng guro
4. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan. Ipabasa ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot. Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang tula nang may wastong ekspresyon Hikayatin ang mga mag-aaral na punahin kung ilan ang saknong at linya ng tula Hikayatin ang mga mag-aaral na punahin ang mga salitang magkatunog sa tula 	4. Pagtalakay sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot Pagbasa ng tula nang may wastong ekspresyon Pagsabi kung ilan ang saknong at linya ng tula
5. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Ipabigkas sa mga mag-aaral ang tula tungkol kay Kabang 	5. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng mga salita sa tula na magkatunog Pagbigkas ng tula tungkol kay Kabang
1. Panimulang Gawain: Awitin o Tula <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sabayang bigkasin ang tula tungkol kay Kabang 	1. Panimulang Gawain: Awitin o Tula <ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas ng tula
2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang napag-aralang talasalitaan para punan ang pangungusap 	2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> <ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng wastong talasalitaan upang punan ang pangungusap
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
5	KP	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung aling mga salita sa tula ang magkatunog 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng listahan ng mga gagawin upang maging isang munting bayani
	PP PU	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa at naisusulat nang wasto ang mga salitang hiram sa Ingles 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa at pagbabaybay nang wasto ng mga salitang hiram sa Ingles

DOMAINS: **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag
KP – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Magkatunog na Salita</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga magkatunog na salita sa pangungusap 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Pagtukoy ng mga magkatunog na salita sa mga pangungusap</p>
<p>b. Mga Salitang Hiram</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin at baybayin nang wasto ang mga salitang hiram sa Ingles <p>4. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magsagawa ng mabilisang pagpupulso para matukoy kung alin pang kasanayan ang kailangan tutukan sa susunod na linggo <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng takdang-aralin 	<p>b. Mga Salitang Hiram</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbasa at pagbaybay nang wasto ng mga salitang hiram sa Ingles <p>4. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa gawain <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paglista ng mga salitang hiram na maririnig sa radyo at telebisyon
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PN** Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Natatalakay ang mahahalagang bahagi ng kuwento
- **F3PN** Nasasagot ang mga tanong na nag-uumpisa sa “Bakit”

BAHAGINAN

- Ipaalala sa klase ang ipinagawang takdang-aralin. Gamitin itong paksa para sa bahaginan.



Sabihin: *Naghanda ba kayo ng ilang pangungusap tungkol sa isang alagang hayop? Maaaring alaga ito ng inyong pamilya o ng inyong kapitbahay o kaibigan. Ilarawan ang alagang ito at ano ang naitutulong nito sa mga taong nag-aalaga dito. Humarap sa inyong katabi at magbahaginan tungkol sa isang alagang hayop. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:*

May alagang _____ ang _____ ko.
 May _____ ito. (_____ ang hitsura nito.)
 Malaking tulong ang _____ dahil _____.

- Magbigay ng sariling halimbawang pagbabahagi tungkol sa isang alagang hayop. Halimbawa: *May alagang manok ang tatay ko. May pula itong palong at puti ang plumabe nito. Malaking tulong ang pangangitlog nito dahil nakadadagdag ito sa pagkain ng pamilya.*
- Bigyan ng tatlong minuto ang magkakatabi para sa kanilang bahaginan. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi sa harapan ng klase.

2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG SA KUWENTO

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang mga salitang pag-aaralan bago tumungo sa pakikinig ng kuwento:

pangangaso	natunton	droga
gumabay	kapansanan	



Sabihin: *Gagamitin ko sa pangungusap ang mga bagong salita na maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Subukang alamin ang kabulugan ng mga ito batay sa paggamit ko.*

(1) pangangaso

Basahin: Noong unang panahon, nabubuhay ang mga tao sa **pangangaso**. Pumupunta sila sa kagubatan upang manghuli ng mga hayop na makakain. Kapag **nangangaso** sila, kailangan nilang humanap ng mga palatandaan upang makita kung nasaan ang mga hayop.



Sabihin: May narinig ba kayong mga salita na nagpahiwatig kung ano ang ibig sabihin ng pangangaso? Ano ang hinubuli ng mga mangangaso? Bakit nila kailangang mangaso? (Maghintay ng sagot.) Anong salita ang pinakaugat ng salitang **pangangaso**? Bakit kaya? (Maghintay ng ilang sagot.) Kasa-kasama ng mga tao ang mga aso sa paghanap at paghuli ng hayop. Sa palagay ninyo, bakit isinasama ng mga mangangaso ang aso? Ano kaya ang natitutulong ng aso sa paghanap ng hayop? (Mga posibleng sagot: naaamoy nila kung saan dumaan ang mga hayop, nakatutulong sila sa pagsukol ng hayop at pagpigil nito mula sa pagtakbo, tumatahol sila upang ipaalam kung may nakita silang hayop, atbp.)



Isulat: **pangangaso** – paghuli ng hayop
upang makain

(2) natunton

Basahin: Kung saan-saan hinanap ng mga pulis ang magnanakaw. **Natunton** nila ito na nagtatago sa isang kubo sa may bundok. Nang matagpuan nila ang magnanakaw, agad nila itong dinala sa bilangguan.



Sabihin: Sino ang **natunton** ng mga pulis? Bakit kaya nagtatago ang magnanakaw? Ano ang mga salita sa pangungusap na kasingkahulugan ng **natunton**?



Isulat: **natunton** – nahanap, natagpuan

(3) droga

Basahin: Bukod sa pagnanakaw, nagbebenta ng **droga** ang nabuling kriminal. Kinasuban siya ng mga pulis nang makita ang bitbit niyang mga **droga** katulad ng shabu.



Sabihin: Narinig na ba ninyo sa balita ang tungkol sa mga drogang katulad ng shabu? Bakit kaya kinasuban ang kriminal dahil sa pagbebenta ng **droga**? Bakit kaya ipinagbabawal ang mga **droga** na katulad ng shabu? Ano ang epekto ng **droga** sa katawan at isipan?



Isulat: **droga** – ipinagbabawal na gamot

(4) may kapansanan

Basahin: Nakapila kami sa pagsakay ng bus. Pinauna ng konduktor ang mga taong **may kapansanan**. May sumakay na bulag. Sumakay din ang isang pasaherong naglalakad nang may saklay. May nakatakdang upuan ang bus para sa mga pasaherong **may kapansanan** upang madali silang makasakay, makaupo, at makababa.



TALAAN



Sabihin: *Ano ang mga halimbawa ng pasaherong may kapansanan mula sa binanggit kong pangungusap? Kapag may kapansanan ang isang tao, bakit mahalagang paunahin siya sa pagsakay ng bus o bigyan siya ng takdang maunpuan? Ano kaya ang mararamdaman ninyo kung hindi kayo makakita, makarinig, makapagsalita, o makalakad?*

Isulat: **may kapansanan** – bulag, pipi, bingi, o pilay/lumpo

Ang depinisyon ng **may kapansanan** sa UP Diksiyonaryong Filipino ay ang pagkakaroon ng kalagayang pisikal o mental na nagpapahina sa pagkilos, pandama, o gawain ng isang tao.

(5) gumabay



Basahin: *Sa pagsakay ng mga pasaherong may kapansanan, may kasama sila na umaakay sa kanila. Tumulong din ang konduktor na **gumabay** sa pilay at bulag na pasahero upang ipakita kung saan sila uupo.*



Sabihin: *Paano nakatulong ang paggabay ng konduktor sa pasaherong may kapansanan? Mga taong may kapansanan lang ba ang nangangailangan ng paggabay? Kailan natin kailangan ng gabay? Ano ang ibig sabihin ng **gumabay**?*

Isulat: **gumabay** – umalalay, ipakita o ituro ang daan

(6) katangi-tangi



Basahin: ***Katangi-tangi** ang pintor na si Amado Dulnuan. Ipinanganak siyang walang braso at kamay, ngunit natuto siyang gamitin ang kaniyang mga paa para sa paggubit at paghawak ng pinsel. Dabil sa pambihira niyang kakayanan, marami ang humabanga sa kaniyang kakaibang galing sa pagpinta ng mga larawan.*



Sabihin: *Ano ang salitang-ugat ng **katangi-tangi**? Ano ang ibig sabihin ng tangi? Ano ang kabaligtaran ng natatangi? Ordinaryo lang ba ang pagpinta gamit ang paa? Kaya ba itong gawin ng sinuman? Ano ang ibig sabihin ng **katangi-tangi**?*

Isulat: **katangi-tangi** – kakaiba, kapuri-puri, pambihira

- Ipabasa sa klase ang talasalitaang nakasulat sa pisara. Ipasipi ang talasalitaan. Tumawag ng ilang mag-aaral at pabuuin sila ng pangungusap gamit ang mga pinag-aralang salita.

b. Pagganyak

Sino sa inyo ang may alagang aso? Ano-ano ang tulong na nagagawa ng aso para sa inyo?

c. Pangganyak na Tanong

Sa babasabing kong kuwento, alamin: Ano-ano ang tulong na nagawa ng aso sa mga mangangaso noon? Ano-ano ang tulong ng mga aso sa mga tao ngayon?

TALAAAN

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

Sabihin: *Makinig sa babasabing kong kuwento. Ang pamagat ng teksto ay “Kabang: Asong Bayani.” Ang may-akda ng teksto ay si Bb. Yvette U. Tan. Handa na ba kayong makinig sa aking kuwento?*



- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na teksto:

“Ang Alaga at Kaibigan ng Tao”

Itinuturing ng tao na matalik na kaibigan ang aso dahil sa sa iba’t ibang tulong na ibinibigay nito. Matatalino at madaling turuan ang mga aso. Sabi nga ng ilang siyentipiko, posibleng aso ang unang hayop na inalagaan ng tao.

Noong namumuhay pa ang mga tao sa pamamagitan ng pangangaso, malaking tulong ang mga aso dahil sa matalas nilang pang-amoy. Gamit ang kanilang pang-amoy, natutunton nila ang iba pang hayop. Dahil dito, nakahahanap ang mga mangangaso ng hayop na maaaring maging pagkain.

Hanggang ngayon, marami pa ring pakinabang na naidudulot ang mga aso. Kung dati ay nakatutulong ang matalas na pang-amoy ng aso sa pangangaso, ngayon ay nakatutulong ito sa pananatili ng kaligtasan at seguridad. Kasama ang mga aso ng mga pulis at sundalo sa kanilang trabaho. Natuturuan ang mga asong makaamoy ng bomba at droga. May mga aso ring sinasanay na tumulong sa mga taong may kapansanan. Sa ibang bansa, natuturuan ang mga asong gumabay sa mga bulag upang hindi sila madapa, mabunggo, o maaksidente.

Dahil sa hindi mabilang na pakinabang nito sa tao, hindi kataka-takang maraming tao ang nahuhumaling mag-alaga ng aso. Sa katunayan, ang Pilipinas ang nangunguna sa mga bansang Asyano na may pinakamaraming nag-aalaga ng aso.



TALAAN



Noong 2012, may 11.6 milyong aso sa Pilipinas.

At sa milyon-milyong aso sa Pilipinas, may isang asong katangi-tangi at naging kilala sa buong mundo. Kabang ang pangalan niya.

4

PAGTALAKAY SA TEKSTO

- *Ano-ano ang nagawang tulong ng mga aso sa mga mangangaso noon?*
- *Bakit madaling matunton ng mga aso ang mga hayop sa gubat?*
- *Ngayong hindi na nangangaso ang mga tao, anong tulong ang nagagawa ng mga aso?*
- *Sa palagay ninyo, saan kaya dinadala ng mga pulis at sundalo ang mga aso para umamoy ng bomba? ng droga?*
- *Sino-sino pa ang natutulungan ng mga aso sa ibang bansa?*
- *Sa palagay ninyo, maaari din kayang turuan ang mga aso rito sa atin na gumabay sa mga bulag?*
- *Ayon sa teksto, ilan ang aso ngayon dito sa Pilipinas?*
- *Sino raw ang isang katangi-tanging aso sa Pilipinas? Bakit kaya siya katangi-tangi at kilala sa buong mundo?*

5

ARALIN: MGA SAGOT SA TANONG NA BAKIT

- Isulat sa pisara ang tanong na ito:

Bakit katangi-tanging aso si Kabang?

- Ipabasa sa klase ang tanong. Salungguhitan ang salitang **bakit**.



Sabihin: *Maraming tanong ang nag-numpisa sa **bakit**. Madali bang sagutin ang tanong na nagsisimula sa **bakit**? Kapag tinanong kayo ng **bakit**, ano ang hinibinging sagot ng nagtatanong? Ano ang katapat na salita ng tanong na **bakit** sa ating Mother Tongue? Sa Ingles? (Maghintay ng sagot.)*



Sabihin: *Kapag tinanong kayo ng **bakit**, humibingi ang nagtatanong ng dabilan. Mag-isip nga kayo ng ilang tanong na nagsisimula sa **bakit**. (Halimbawa: Bakit bughaw ang kulay ng langit?) May mga alam ba kayong kanta na gumagamit ng tanong na **bakit**? (Halimbawa: “Bakit ba ganyan? Ang ibig ko’y lagi kang pagmasdan.” “Bakit ngayon ka lang?” “Bakit labis kitang mahal?” “Bakit ganyan ang buhay ng tao? Mayroong mayaman, may api sa mundo.”) Ano ang binabanapan ng dabilan ng mga kantang ito?*

TALAAN

- Magsagawa ng maikling talakayan. Isulat ang mga tanong sa pisara upang makita ng mga mag-aaral ang tinatanong. Hikayatin silang magbigay ng ilang dahilan sa mga tinatanong ng mga nabanggit na kanta.

Sabihin: *Kadalasan, ang tanong na **bakit** ay may sagot na nag-uumpisa sa **sapagkat** o **dahil**. Sagutin ang sumusunod na tanong na nag-uumpisa sa **bakit**:*



- Bakit tinatawag na matalik na kaibigan ng tao ang aso?*
 - Tinatawag na matalik na kaibigan ng tao ang aso dahil _____.
- Bakit madaling matunton ng aso ang mga hayop sa gubat?*
 - Madaling matunton ng aso ang mga hayop sa gubat dahil _____.
- Bakit mahalaga ang aso sa mga pulis at sundalo?*
 - Mahalaga ang aso sa pulis at sa sundalo dahil _____.
- Bakit mahalaga ang aso sa mga taong may kapansanan kagaya ng bulag?*
 - Mahalaga ang aso sa mga taong may kapansanan kagaya ng bulag dahil _____.

6

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas nila ang kanilang hinlalaki (*thumbs-up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap. Ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusan silang hindi sumasang-ayon (*thumbs-down*). At ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Alam ko na ang kabulugan ng labat ng tinalakay na salita mula sa talasalitaan.*
 - *Maisasalaysay kong muli ang mga pakinabang ng aso sa tao.*
 - *Malinaw sa akin kung ano ang hinabanap ng taong may tanong na nagsisimula sa **bakit**.*
 - *Alam ko kung paano sagutin ang tanong na nagsisimula sa **bakit**.*
- Alamin kung sino ang mga bata na nagturo pababa ng kanilang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

TALAAN

7

TAKDANG-ARALIN

Sumulat ng tanong at sagot gamit ang mga salitang **bakit** at **dahil**. Maghandang ibahagi ito sa klase bukas.

ARAW

2

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan at nahihinuha ang maaaring mangyari sa kuwento sa pamamagitan ng pagsagot sa Tsart ng Prediksiyon
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito

I

BAHAGINAN

- Gamiting lunsaran ang ibinigay na takdang-aralin kahapon. Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga tanong na nagsisimula sa “bakit” at sagot na gumagamit ng salitang “dahil” o “sapagkat.” Isulat ang kanilang mga tanong at sagot sa pisara. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga tanong at sagot na isinulat sa pisara.
- Itanong sa klase kung may mga tanong silang nagsisimula sa “bakit” na hindi pa nila alam ang isasagot na dahilan. Ipabanggit sa kanila ang mga tanong na ito. Humingi ng mga ideya mula sa klase kung paano nila maaaring sagutan ang mga tanong na ito. Saan sila maaaring humanap o magsaliksik ng sagot? Sino ang maaari nilang tanungin? Ano ang maaari nilang basahin?



Itanong sa klase: *Bakit mahalagang magtanong ng bakit?*

Tulungan ang mga susubok sumagot na gamitin ang porma ng pangungusap: *Mahalagang magtanong ng bakit dahil _____.*

2

PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA
(PAGBASA NG *LEVELED READER*)

TALAAN

PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 13 at 14 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

Ikabit o isulat sa pisara ang sumusunod na tsart:

Salita	Alin sa sumusunod ang tamang kahulugan?
<i>sinusubaybayan</i>	a. hindi pinapansin b. pinababayaan c. sinusundan o binabantayan upang malaman
<i>nahulog ang loob</i>	a. hindi pinansin b. napamahal o napalapit ang loob c. ayaw maging kalaro
<i>beterinaryo</i>	a. matandang tagapag-alaga ng mga hayop b. doktor ng mga hayop c. may-ari ng <i>pet shop</i>

TALAAAN

- Ipabasa ang mga salita sa unang hanay at ang mga pagpipiliang kahulugan sa tapat nito.



Sabihin: *Kaya na ba ninyong piliin kung ano ang tamang kahulugan ng mga salita sa unang hanay? Mas madaling alamin ang tamang kahulugan kapag marinig natin ang salita o parirala sa konteksto ng isang pangungusap. Pakinggan ang mga babasahin kong pangungusap at alamin kung ano ang tamang kahulugan mula sa pangalawang hanay.*

(1) sinusubaybayan



Basahin: ***Sinusubaybayan** ni Nanay ang balita tungkol sa parating na bagyo. Oras-oras, inaabangan niya palagi sa radyo at telebisyon ang pagbanggit ng anumang impormasyon tungkol sa lagay ng panahon. “Mabuting **subaybayan** ang balita tungkol sa bagyo, para alam natin kung saan ito tatama at kung ano ang kailangan nating gawing pagbabanda,” sabi ni Nanay.*



Sabihin: *Ano ang mga salita sa binasa kong teksto na nagpapahiwatig ng kahulugan ng **sinusubaybayan**? (Posibleng sagot: inaabangan, oras-oras, palagi) Nasubaybayan ba ninyo ang balita tungkol sa bagyo? Ano ang ginagawa ninyo kapag may **sinusubaybayan** kayo? Alin sa mga pagpipilian dito sa pangalawang hanay ang kahulugan ng **sinusubaybayan**?*

Ipasulat sa kuwaderno ang salita at ang tamang kahulugan.

(Sagot: C)



Sabihin: *Ano pa ang ibang bagay na **sinusubaybayan** ninyo dahil gusto ninyong malaman kung ano ang mangyayari? Gamitin ninyo ang salitang **sinusubaybayan** sa isang pangungusap sa pagsagot ng tanong na ito, at isulat sa inyong kuwaderno. (Halimbawa: Sinusubaybayan ko ang telenovelang “Flordeliza.”)*

(2) nahulog ang loob



Basahin: *Noong una, hindi namin pinapansin si Aldo, ang aming kapitbahay. Ngunit minsan, nang madapa ang kapatid ko, siya ang umalalay para makalakad ito nang tuwid. Nang mahulog sa kanal ang bola ko, tinulungan niya akong makuba ito. Dabil sa kabaitan niya, **nahulog ang loob** namin sa kaniya. Ngayon, matalik na namin siyang kaibigan.*



Sabihin: *Isang ekspresyon ang pariralang **nahulog ang loob**. Hindi ito maaaring intindihin sa literal na antas. Batay sa binasa kong mga pangungusap, ano ang nagbago sa pakiramdam ng nagsasalita tungkol kay Aldo? Bakit **nahulog ang loob** ng nagsasalita sa kaniyang kapitbahay? Alin dito sa mga pagpipiliang sagot ang tamang kahulugan ng ekspresyong ito? Ipasulat sa kuwaderno ang parirala at ang tamang kahulugan.*

(Sagot: B)

TALAAN

Sabihin: *Nabulog na rin ba ang loob ninyo o napalapit na ba kayo sa isang kakilala na dati'y hindi ninyo pinapansin? Gamitin ninyo ang ekspresyong **nahulog ang loob** sa isang pangungusap sa pagsagot ng tanong na ito at isulat sa inyong kuwaderno.*

(Halimbawa: Nahulog ang loob ko sa kaklase kong si Pepe dahil palagi niya akong niyayayang maglaro.)

(3) **beterinaryo**

Basahin: *Si Dr. Amor ay isang **beterinaryo**. Sa kaniya namin dinadala ang alaga naming aso kapag ito ay maysakit. Sari-saring hayop na may sakit ang ginagamot niya sa kaniyang klinika.*

Sabihin: *Ano ang mga salita sa binanggit kong pangungusap na nagpahibivatig kung ano ang ginagawa ng isang **beterinaryo**?*

(Mga posibleng sagot: hayop, ginagamot ang may sakit, klinika) *Ano ang kasingkabulugan ng salitang ito dito sa pangalawang hanay? Ipasulat sa kuwaderno ang salita at ang tamang kahulugan.*

(Sagot: B)

Sabihin: *Nakapagdala na ba kayo ng isang hayop sa isang **beterinaryo**? Ano ang isang halimbawa ng hayop na maaaring gamutin ng isang **beterinaryo**? Gamitin ninyo ang salitang **beterinaryo** sa isang pangungusap sa pagsagot ng tanong na ito at isulat sa inyong kuwaderno. (Halimbawa: Ginamot ng **beterinaryo** ang pilay ng aming kalabaw.)*

Sabihin: *Mababasa ninyo ang mga salitang pinag-aralan natin ngayon sa kuwento natin para sa araw na ito. Tandaan ang mga salitang ito at hanapin ang paggamit dito sa ating kuwento.*

**b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong**

- Ipakita sa klase ang pabalat ng aklat na babasahin nila ngayong araw. Ipabasa ang pamagat at may-akda.

Sabihin: *Natatandaan pa ba ninyo mula sa binasa ko kahapon kung ano si Kabang? Ayon sa binasa ko kahapon, katangi-tangi siyang aso. Bakit kaya siya katangi-tangi? Hulaan natin. Maaaring gamitin ang Tsart ng Prediksiyon sa paghula natin.*

Tatlo ang kolum nito: Sa unang kolum, nakasulat ang tanong. Basahin natin. Sa pangalawang kolum, ilalagay natin ang ating hula sa tanong. Ano ang hula ninyo? Isusulat ko dito sa tsart tang inyong mga sagot.

(Kumuha ng ilang sagot at isulat sa ikalawang kolum.)

Sa ikatlong kolum, pag-uusapan natin ang tunay na nangyari pagkatapos basahin ang kuwento.



TALAAAN

Tsart ng Prediksiyon

Tanong	Ang Aming Hula	Ang Tunay na Nangyari
Bakit katangi-tangi si Kabang?	Katang-tangi si Kabang dahil _____.	

- Habang binabasa ninyo ang karugtong ng kuwento, alamin kung tama ang hula ninyo.

3

PAGBASA SA KUWENTO NG MGA MAG-AARAL



Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tabimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikinggan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Pagkatapos, lilipat ako sa Pangkat 1.*

- Hatiin ang klase ayon sa antas ng kanilang pagbasa. Papuntahin sa isang bahagi ng silid ang Pangkat 2 at sa kabilang bahagi ng silid ang Pangkat 1. Ipamahagi ang mga *Leveled Reader* sa mga mag-aaral.



Sabihin: *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Buklatin ang aklat at tingnan nang mabilisan ang laman nito.*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.



Sabihin: *Malinaw ba ang gagawin ng bawat pangkat? Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tabimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tabimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko dito sa pisara. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kumwaderno.

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

TALAAN

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> Ibibigay ni Aldo ang allowance niya para _____. Si Kabang ay napulot ni _____ noong tuta pa ito. Muntik nang masagasaan sina Dina at Princess ng _____. Dinala ni Mang Rudy si Kabang sa isang _____. Si Kabang ay ipagagamot sa _____. 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p><u>Pagkabasa ng p. 1:</u> Sino ba si Kabang? Paano nalaman ni Aldo ang tungkol kay Kabang?</p> <p><u>Pagkabasa ng p. 2:</u> Paano nailigtas ni Kabang sina Dina at Princess? Ano ang nangyari kay Kabang?</p> <p><u>Pagkabasa ng p. 3:</u> Ano ang ginawa ng beteryaryo kay Kabang? Ano ang sinabi ng mga opisyal ng Animal Control kay Mang Rudy?</p> <p><u>Pagkabasa ng p. 4:</u> Bakit dadalhin si Kabang sa Amerika?</p>

TALAAN

(Kasama ang guro)
Pagtalakay sa sagot ng pagsasanay at pagbasa nang malakas sa bahagi ng kuwento.

Sabihin: *Tatawag ako ng mag-aaral na magbibigay ng kanilang sagot sa pagsasanay. Pagkatapos, tatawag naman ako ng isa pang mag-aaral na magbabasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng ibinigay na sagot.*

Pakinggan ang mga sagot sa bawat bilang ng pagsasanay at ang pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay dito. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagwawasto ng kanilang sagot kung kinakailangan. Tanungin ang pangkat kung may nais silang itanong o linawin tungkol sa kanilang binasa. Magsagawa ng talakayan upang matugunan ang kanilang tanong.

Pagsagot sa pagsasanay

Ipasulat sa kuwaderno ng mga mag-aaral ang pagsasanay. Idikta ang sumusunod na mga pangungusap na kokumpletuhin ng mga mag-aaral. Pansinin kung naisulat ng lahat ang mga pangungusap, at magbigay ng tulong kung kinakailangan.

1. Alaga si Kabang ni _____.
2. Anak ni Mang Rudy si _____.
3. Muntik nang masagasaan ng _____ ang dalawang bata.
4. Ibinigay ni _____ ang kaniyang baon para kay Kabang.
5. Ipagagamot si Kabang sa _____.

Sabihin: *Kompletuhin ninyo ang mga pangungusap na idinikta ko. Maaari ninyong balikan ang inyong aklat upang hanapin ang tamang sagot kung kinakailangan. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno. Habang sinasagutan ninyo ang pagsasanay, pupunta naman ako sa Pangkat 1. May nais ba kayong linawin bago ako lumipat sa Pangkat 1?*

Sagutin ang mga tanong at magbigay ng paglilinaw bago tumungo sa kabilang grupo.

4

TALAKAYAN TUNGKOL SA KUWENTO

- Pabalikin sa kanilang orihinal na upuan ang mga mag-aaral. Magsagawa ng talakayan tungkol sa binasang kuwento.



Sabihin: *Balikan natin ang Prediksiyon Tsart. Sagutin natin ang mga tanong dito:*

- Bakit katangi-tangi si Kabang?
Basahin ang inyong hula sa pangalawang kolum.
- Ito ba ang tunay na nangyari, ayon sa kuwento? Ano ang tamang sagot?
Isulat natin dito sa pangatlong kolum.
- Dabil sa pagligtas ni Kabang sa dalawang bata, ano ang nangyari sa kaniya?
- Ano ang mungkahi ng *Animal Control* kay Mang Rudy?
Basahin nang malakas ang bahaging ito ng kuwento.
- Papayag ba kayo, kung kayo si Mang Rudy?
- Ano ang gagawin sa *pondong Care for Kabang*?
Basahin nang malakas ang bahaging ito ng kuwento.
- Kung kayo si Aldo, magbibigay ba kayo sa *Care for Kabang*?

TALAAN

5

TAKDANG-ARALIN

Punan ang pangungusap tungkol kay Kabang:
Hinahangaan ko si Kabang dahil _____.

LAYUNIN

- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong na nag-uumpisa sa **Bakit** sa pamamagitan ng pagbigay ng dahilan
- **F3PB** Nahihinuha kung sino sa mga tauhan ang nagsabi ng nakasaad na pangungusap
- **F3PP; PT** Nababasa at nababaybay nang wasto ang mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino
- **F3WG** Natutukoy kung ang Pandiwa ay Pangkasalukuyan o Pangnagdaan ayon sa salitang nagsasaad kung kailan ginawa ang aksiyon
- Naisasaayos ang mga pangyayari sa kuwento ayon sa wastong pagkakasunod-sunod

ARAW

3

I

PANIMULANG GAWAIN: AWITIN O TULA

- Ituro at ipaawit sa klase ang isang awitin tungkol sa isang alagang hayop katulad ng aso o pusa.
- Maaaring ituro ang alinman sa mga awiting ito na matatagpuan sa *Internet*:
 - “Ako Ay May Pusa”: https://www.youtube.com/watch?v=51_IVc_yqXw
 - “Ang Alaga Kong Aso”: <https://www.youtube.com/watch?v=uVgGG3EmmOk>

TALAAN

- Maaari ring magturo ng isang tula tungkol sa alagang hayop, katulad ng tulang “Ako’y May Alaga, Asong Mataba.”
- Magsagawa ng talakayan matapos awitin ang kanta (o bigkasin ang tula).



Itanong: *Tungkol saan ang awiting / tulang ito? Ano ang pangunahing mensahe? Ano ang kaugnayan ng awiting / tulang ito sa binasa ninyong kuwento kahapon?*

- Ipaawit muli ang kanta o ipabigkas muli ang tula bago tumungo sa susunod na gawain.

2

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 5. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. (Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari at mga Salitang Hiram)
- Ipasipi ang buong pagsasanay sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.



Pagsasanay 1: Pagsunod-sunod ng Pangyayari
Pagsasanay 2: Mga Salitang Hiram

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga *Skill Builder*. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.

3

DAGDAG NA PAGSASANAY

- Kung may nalalabi pang oras matapos ipasagot ang mga *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay:

a. Paghinuha Kung Sino ang Nagsabi

Panuto: Sino sa mga tauhan sa kuwentong binasa kahapon ang nagsabi ng sumusunod na pangungusap? Piliin ang sagot mula sa kabon sa ibaba:

Mang Rudy

drayber ng motorsiklo

Dina at Princess

mga tao sa kalye

Kabang

1. “Muntik na tayong masagasaan. Buti na lang iniligtas tayo ni Kabang.”
2. “Dahil sa matulin kong pagpatakbo ng motorsiklo, naaksidente ang aso.”
3. “Maraming salamat, Kabang, sa pagligtas mo ng anak at pamangkin ko.”

4. “Tingnan ninyo. Kahanga-hanga ang aso. Iniligtas niya ang mga bata.”
5. “Kahit nasaktan ako, nailigtas ko naman ang mga bata.”

b. Pandiwang Pangkasalukuyan at Pangnagdaan

Panuto: Pansinin ang salitang may salungguhit na nagsasaad kung kailan naganap ang aksiyon. Piliin ang angkop na porma ng Pandiwa.

1. Tuwing recess, (bumili, bumibili) sila ng pagkain sa kantina.
2. Noong Lunes, (pumasok, pumapasok) nang maaga si Lino.
3. Araw-araw, maagang (gumising, gumigising) si Arnold.
4. Kahapon, (nagluto, nagluluto) si Lola ng biko.
5. (Nanood, nanonood) kami ng programa sa telebisyon tuwing Sabado.
6. Noong nakaraang Pasko, (dumalaw, dumadalaw) kami sa aming lola.
7. (Naglinis, naglilinis) ang diyantor ng mga silid-aralan tuwing hapon.
8. (Nagsimba, nagsisimba) ang mag-anak tuwing Linggo.
9. Kahapon, (nadapa, nadadapa) ang kapatid ko sa parke.
10. (Nakinig, nakikinig) ka ba ng balita tuwing umaga?

4 PAGPUPULSO

Ibigay ang wastong sagot sa *Skill Builder* (at sa mga dagdag na pagsasanay, kung ipinagawa ito) upang mamarkahan ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Matapos ang pagmamarka, alamin kung ilan sa mga mag-aaral ang nagkamali sa bawat bilang. (Banggitin ang bawat bilang at ipataas ang kamay ng mag-aaral kung nagkamali sila sa bilang na ito.) Gamitin ang makukuhang impormasyon upang malaman kung anong aralin o kakayahan ang kailangan pang tutukan sa mga susunod na araw.

5 TAKDANG-ARALIN

Magsulat ng dalawang pangungusap tungkol sa ginawa ninyo kahapon at dalawang pangungusap tungkol sa ginagawa ninyo araw-araw. Gamitin ang tamang porma ng Pandiwa.

TALAAAN

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
- **F3PB** Nababasa ang tula nang may wastong ekspresyon
- **F3PB** Nasasabi kung ilan ang saknong at linya ng tula
- **F3KP** Nasasabi kung aling mga salita sa tula ang magkatunog

BAHAGINAN

- Maglista ng mga Pandiwa sa pisara na tumutukoy sa mga aksiyon na maaaring gawin araw-araw. Halimbawa, maaaring ilita ang sumusunod: **kain, ligo, lakad, gising, linis**. Maaari ring humingi ng mga dagdag na Pandiwa mula sa mga mag-aaral.
- Hayaang humarap sa katabi ang mga mag-aaral upang magbahagi ng dalawang pangungusap gamit ang alinman sa mga Pandiwa sa pisara. Gagamitin nila ang panahong pangnagdaan para sa unang pangungusap, at ang panahong pangkasalukuyan para sa pangalawa. Mag-ikot sa klase habang nagbabahaginan ang mga magkapares. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ilahad ang kanilang mga pangungusap sa buong klase.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid



Sabihin: *Ipagpapatuloy natin ngayong araw ang pagbasa sa kuwento ni Kabang. Bago iyon, talakayin muna natin ang ilang salita na mababasa ninyo sa karugtong na bahagi ng ating aklat.*

- Isulat sa pisara ang mga salitang pag-aaralan at ipabasa sa mga mag-aaral:

**sapat
sakripisyo**

**despedida
masaklolo**



Sabihin: *Narinig na ba ninyo ang mga salitang ito? Alin sa mga ito ang alam na ninyo ang kahulugan? (Maghintay ng sagot.) Gagamitin ko ang mga salitang ito sa pangungusap. Alamin ang kahulugan batay sa konteksto ng paggamit ko dito.*

(1) **sapat**

Basahin: Nagtitipid si Hasmin araw-araw upang makaipon ng perang pambili ng regalo para sa kaniyang lola. Kailangan niya ng isang daang piso para mabili ang librong nais niyang iregalo. Sa wakas, matapos ang dalawang linggong pagtitipid, **sapat** na ang naipon ni Hasmin na pera. Mabibili na niya ang libro para sa kaniyang lola.



Sabihin: Naranasan na ba ninyo ang mag-ipon para sa isang bagay na gusto ninyong bilhin? Paano ninyo malalaman kung ano ang **sapat** na halaga kapag may pinag-iipunan kayo? Ano ang kabaligtaran ng **sapat**? May maaisip ba kayong mga salita na kasingkahulugan ng **sapat**?



Isulat: sapat – husto, kasiya, tamang halaga

(2) **despedida**

Basahin: Nagpaalam ang aming guro na titigil na siya sa pagturo sa aming paaralan dahil lilipat ang kanilang pamilya sa ibang probinsiya. Bago siya umalis, naghanda kami ng isang **despedida** para sa kaniya. Naghanda kami ng simpleng salo-salo at gumawa kami ng isang malaking poster upang mamaalam at magpasalamat sa kaniya.



Sabihin: Sino rito ang nakadalo na sa isang **despedida**? Ano ang mga salitang binasa ko na nagpapahiwatig ng kahulugan ng **despedida**? Para kanino nagbibigay ng isang **despedida**?



Isulat: despedida – salo-salo na ibinibigay para sa isang taong papaalis o patungo sa ibang lugar

(3) **sakripisyo**

Basahin: Malaking **sakripisyo** para sa kanilang pamilya ang lumipat sa ibang probinsiya. Kailangan nilang iwanan ang kanilang mga trabaho, ang kanilang tabanan, at ang lahat ng kanilang mga kaibigan. Kailangan nilang isakripisyo ang lahat ng ito dahil nagkasakit ang kanilang tatay, at kailangan nitong tumira sa lugar na malapit sa isang kilalang ospital.



Sabihin: Narinig na ba ninyo ang salitang **sakripisyo**? Aling salitang Ingles ang katapat at kahawig nito? Kapag may bagay kayong isinasakripisyo, ano ang pakiramdam ninyo? Bakit kailangang magsakripisyo ng pamilya sa narinig ninyong pangungusap? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng **sakripisyo**?

Isulat: sakripisyo – bagay na kailangang iwanan, ipamigay o ipagliban para sa ikabubuti ng iba

TALAAN

(4) saklolo



Basahin: *Masaya kaming lumalangoy sa ilog nang biglang may narinig kaming sumisigaw. “Saklolo! Saklolo! May nalulunod! Tulungan ninyo kami!” Agad kaming tumungo sa direksiyon ng sigaw upang tumulong sa pagsagip sa nalulunod.*



Sabihin: *Nakaranig na rin ba kayo ng taong humihingi ng saklolo? Ano ang nangyari nang narinig ninyo ito? Ano ang mga salita sa binanggit kong pangungusap na nagbibigay ng ideya kung ano ang ibig sabihin ng saklolo? Ano pa ang ibang pagkakataon kung kailan maaaring may humingi ng saklolo?*

Isulat: saklolo – magbigay ng agarang tulong, magligtas, sumagip

- Ipabasa ang talasalitaang nakasulat sa pisara sa buong klase at ipasipi ito sa kanilang kuwaderno.

b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak



Itanong: *Ano ang nangyari kay Kabang sa nakaraang bahagi ng kuwento? Saan ipagagamot si Kabang?*

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: *Habang binabasa ninyo ang aklat, hanapin ang sagot sa mga tanong na ito: Magagamot pa kaya ang mukha ni Kabang? Ano kaya ang mangyayari sa mukha ni Kabang?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO



Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ay magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay pakikinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano naman ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang pangkatang gawain.

TALAAN

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</i></p> <p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pondo para kay Kabang ay tinawag na _____. 2. Naayos ng doktor sa Amerika ang _____ at _____ ni Kabang. 3. Umuwi si Kabang sa _____. 4. Tinawag si Kabang na _____. 5. Ang hinahangaan ni Aldong bayani ay si _____. 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.6: Ilang bansa ang nagbigay ng pera sa pondong Care for Kabang?</p> <p>Pagkabasa ng p.7: Ano ang naayos sa mukha ni Kabang? Ano ang tawag kay Kabang ng alkalde ng Zamboanga City?</p> <p>Pagkabasa ng p.8: Bakit maituturing na bayani si Kabang?</p> <p>Pagkabasa ng p.9: Paano raw ba magiging bayani ang bawat tao?</p>

- Bago tumungo sa susunod na gawain, alamin kung may katanungan ang Pangkat 1. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase.

4 PAGTALAKAY SA KUWENTO

Itanong:

- Sang-ayon ba kayo na isang bayani si Kabang? Bakit?
- May iba pa ba kayong alam na bayop na katulad ni Kabang ang kabayanihan? Ibahagi sa buong klase.
- Alin sa mga binanggit na paraan upang magpakabayani ang sinuman ang nais ninyong ganin? Bakit?



TALAAN

PAALALA SA GURO

Sa pagbabasa sa bahagi ng kuwento, muling mapakikinggan ng guro ang tatas ng mga mag-aaral sa pagbasa. Magsisilbing modelo sa Pangkat 2 ang mas matatas na pagbasa ng Pangkat 1.



– *Ano ang pinakagusto ninyong bahagi ng kuwento?*

Sabihin: *Ngayon naman, gusto kong basabin ninyo nang malakas ang ilang bahagi ng kuwento. Ipababasa ko nang malakas sa Pangkat 1 ang ilang bahagi, at sa Pangkat 2 ang ibang bahagi. Kung hindi nagbabasa nang malakas ang pangkat ninyo, sundan ninyo ng pagbasa nang tabimik.*

- Ipabasa ang mga bahaging ito ng kuwento:
 1. ang paghatid kay Kabang sa *airport* (Pangkat 1)
 2. ang nagawa sa mukha ni Kabang (Pangkat 2)
 3. ang parangal kay Kabang (Pangkat 1)
 4. ang tulang ginawa ni Aldo (Pangkat 1 at 2)
- Ipaskil o isulat ang tula tungkol kay Kabang sa pisara.

Kahanga-hanga talaga si Kabang!

Isa siyang asong matapang.

*Tumalon siya sa harapan ng motorsikolo
nang dalawang bata ay masaklolo.*

Nawalan tuloy siya ng ilong at baba.

Kawawang Kabang!

*Buti na lang at maraming nakaalam
tungkol sa kaniyang ginawang kabayanihan.*

Pera ay inipon upang siya ay tulungan.

Mabuhay ka, Kabang!



Sabihin: *Balikan natin itong tula mula sa inyong aklat. Tingnan ang isang grupo ng mga linya. Alam ba ninyo kung ano ang tawag sa isang grupo ng linya sa isang tula? (Maghintay ng sagot.) Ang tawag sa isang grupo ng linya sa isang tula ay **saknong**. (Isulat sa pisara ang salitang “saknong.”)*

- Itanong ang sumusunod:
 - *Ilan ang saknong ng tula?*
 - *Ilan ang linya sa unang saknong?*
 - *Ilan ang linya sa ikalawang saknong?*



Sabihin: *Basabin ninyo nang sabay-sabay ang buling salita sa bawat linya sa unang saknong. (Ituro ang bawat salita habang binabasa ng klase.) Anong mga salita ang magkatunog? (Maghintay ng sagot.)*

Basabin naman ang buling salita sa bawat linya ng ikalawang saknong. (Ituro ang bawat salita habang binabasa ng klase.) Aling mga salita ang magkatunog? (Maghintay ng sagot.)

Itanong: *Ano ang maaaring pamagat ng tula? Bakit magandang pamagat ito? Ano ba ang dapat ipahiwatig ng isang pamagat? (Maghintay ng sagot.) Isulat natin ang pamagat dito sa patlang sa umpisa ng tula.*



TALAAN

- Ipasipi sa buong klase ang tula tungkol kay Kabang, pati ang napagkasunduang pamagat.

5 TAKDANG-ARALIN

Basahin/bigkasin para sa inyong mga kapamilya ang tula tungkol kay Kabang. Magpatulong sa kanila sa pag-iisip ng iba pang posibleng pamagat para sa tulang ito.

LAYUNIN

- **F3KP** Napipili ang magkatunog na salita sa mga linya ng tula
- **F3PT** Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang mga napag-aralang talasalitaan
- **F3PP; F3PU** Nababasa at naisusulat nang wasto ang mga salitang hiram sa Ingles
- **F3KM** Nakasusulat ng isang listahan ng mga gagawin ng isang mag-aaral upang maging munting bayani nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

ARAW

5

I PANIMULANG GAWAIN: PAGBIGKAS NG TULA

Ipakita muli ang tula tungkol kay Kabang na tinalakay kahapon. Ipabigkas sa mga mag-aaral nang may damdamin at ekspresyon ang tulang ito. Hikayatin silang gawan ng aksiyon ang bawat linya ng tula. Tumawag ng ilang mag-aaral upang manguna sa pagpapakita ng mga akmang kilos para sa bawat linya. Matapos maitakda ang tamang kilos, patayuin ang buong klase, at ipabigkas nang may damdamin at akmang kilos ang buong tula.

2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 11. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. (Talasalitaan at Pagsulat ng Listahan)



TALAAN

- Isusulat nila ang mga tanong sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.

Pagsasanay 1: Talasalitaan**Pagsasanay 2: Pagsulat: Ano Ang Gagawin Ko?**

Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.

3

DAGDAG NA PAGSASANAY

- Kung may nalalabi pang oras pagkatapos sagutan ang *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay.

a. Magkatunog na Salita

Panuto: Basahin ang mga linya na galing sa iba't ibang tula. Isulat sa inyong kuwaderno ang magkatunog na salita mula sa bawat bilang:

1. Habang nagwawalis ng mga tuyong dahon,
naririnig ko ang huni ng mga ibon.

2. Kapag may tiyaga, may nilaga.

3. Sa malawak na bukirin,
kay ganda ng tanawin.

4. Ilog at dagat ay alagaan,
hindi dapat pabayaan.

5. Kapag karunungan ay pinagyaman,
maunlad ang kinabukasan.

b. Mga Salitang Hiram

Panuto: Isulat ang baybay ng sumusunod na salitang Ingles sa wikang Filipino:

1. teacher _____

2. police _____

3. television _____

4. boxing _____

5. graduate _____

4

PAGPUPULSO

- Alamin kung ano ang mga kakayanan na kailangan pang tutukan sa susunod na linggo. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:
 - *Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?*
 - *Alin naman ang babagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?*
 - *Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?*

5

TAKDANG-ARALIN

Makinig ng balita o iba pang programang pang-impormasyon sa radyo o telebisyon na nasa wikang Filipino. Maglista ng mga salitang maririnig na hiniram mula sa wikang Ingles. Alamin ang kahulugan ng mga salitang ito at gamitin ang isa sa mga ito sa isang pangungusap.

TALAAN

ARALIN


14

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI

LEVELED READER: KAHANGA-HANGANG MGA LUMBA-LUMBA



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 14

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: *Kahanga-hangang mga Lumba-Lumba*

(Kuwento ni Yvette U. Tan; Guhit ni Hannah Manaligod)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng isang hayop
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga larawan, palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>arkipelago, dalampasigan, nanganganib, umahon, baga, hugis-torpedo</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na Tanong sa pamamagitan ng <i>semantic web</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikingig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwentong Pinakikingan: <i>Kahanga-hangang mga Lumba-Lumba</i> Pagbasa ng guro ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Natatalakay ang mahahalagang bahagi ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng mahahalagang bahagi ng kuwento
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naibabahagi ang mahahalagang impormasyon tungkol sa tauhan ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa lumba-lumba

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag

KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon

PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang hayop at ang nagagawa nitong kabutihan sa mga tao 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa isang hayop at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa ng Kuwento</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa ng Kuwento</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento
<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong sa pamamagitan ng <i>semantic web</i> 	<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong sa pamamagitan ng pagbahagi ng nalaman at pagsulat nito sa <i>semantic web</i>
<p>3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro</p> <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang Kuwentong Pinakikinggan at magtanong tungkol dito 	<p>3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro</p> <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito
<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang bahagi ng kuwento 	<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento
<p>5. Pagsulat ng Impormasyon tungkol sa Lumba-Lumba</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon tungkol sa lumba-lumba 	<p>5. Pagsulat ng Impormasyon tungkol sa Lumba-Lumba</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa lumba-lumba
<p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng impormasyong nakalap sa mga magulang o iba pang kapamilya

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa katangian ng lumba-lumba
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>palikpik, peste, bugto</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan at nahihinuha ang maaaring mangyari sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pag-ugnay ng babasahing kuwento sa sariling karanasan
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Unang bahagi ng <i>Leveled Reader: Kahanga-hangang Mga Lumba-Lumba</i>
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabalik-aral
	PS KM	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang isang panayam at nakagagawa ng mga tanong sa isang panayam 	<ul style="list-style-type: none"> Isang Panayam

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtambalin ang mga mag-aaral at hikayatin sila na magbahaginan tungkol sa lumba-lumba 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahaginan tungkol sa mga lumba-lumba
<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap 	<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kanilang hula sa mangyayari sa kuwento 	<p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng hula tungkol sa mangyayari sa kuwento
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
<p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p>	<p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<p>4. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa napag-aralang paksa 	<p>4. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa gawain
<p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng takdang-aralin tungkol sa natutunan 	<p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paglista ng mga natutunan tungkol sa lumba-lumba
<p>1. Panimulang Gawain: Pagbabalik-aral</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa mga kakayanang hindi pa lubusang naiintindihan ng klase 	<p>1. Panimulang Gawain: Pagbabalik-aral</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbalik-aral sa mga kasanayang hindi pa lubusang nauunawaan
<p>2. Pagsasanay: Isang Panayam</p> <ul style="list-style-type: none"> • Talakayin kung ano ang isang panayam at hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang panayam; hikayatin din sila na gumawa ng mga tanong sa isang panayam 	<p>2. Pagsasanay: Isang Panayam</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa isang panayam at paggawa ng sarili nilang panayam

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mahahalagang detalye ng kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng Mahahalagang Detalye ng Kuwento
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Naisusulat ang Pandiwang Pangnagdaan ng mga pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Pangnagdaan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan: Mga Tanong Tungkol sa Lumba-Lumba
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>pinaligiran, bersiyon</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiiugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng panggaryak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang tahimik ng Pangkat 1 at nang malakas ng Pangkat 2 ng pangatlong bahagi ng kuwento, <i>Kahanga-hangang Mga Lumba-Lumba</i>

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> (Pagbibigay ng Detalye)</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin at ipaliwanag na ang mga mahahalagang detalye ng kuwento ay naibibigay sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong na: Ano, Sino, Saan, Ilan, at Bakit 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> (Pagbibigay ng Detalye)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang detalye ng kuwento sa pamamagitan ng pagsagot ng mga tanong na: Ano, Sino, Saan, Ilan, at Bakit
<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa Pandiwang Pangnagdaan at hikayatin sila na ibigay ang wastong Pandiwang Pangnagdaan ng mga pangungusap <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa Pandiwang Pangnagdaan <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paglista ng mga tanong tungkol sa mga lumba-lumba
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Balikan ang takdang-aralin ng mga mag-aaral at hikayatin sila na ibahagi sa kanilang kagrupong mga tanong na kanilang nilista 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga tanong tungkol sa lumba-lumba
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kahulugan ng mga salita mula sa kuwento at hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento, Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwento at magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento, Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento at pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento
	KP	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang magkatugmang salita sa tula 	<ul style="list-style-type: none"> Magkatugmang Salita
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi tungkol sa naisip na <i>superhero</i>
	PP PT	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa nang maayos ang mga salitang pinaiksi at nagagamit ang mga ito sa pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa at pagsulat ng pangungusap tungkol sa mga salitang pinaiksi
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang maikling kuwento tungkol sa isang <i>superhero</i> nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng maikling kuwento tungkol sa isang <i>superhero</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mga sagot na nagpapaliwanag sa tanong na Paano 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Tanong na nag-uumpisa sa Paano
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan; pagpabasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
<p>5. Pagsasanay: Mga Salitang Magkatugma</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang mga magkatugmang salita sa tula <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa kakayanan ng mga mag-aaral na kailangang tutukan sa susunod na mga araw <p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>5. Pagsasanay: Mga Salitang Magkatugma</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng mga magkatugmang salita sa tula <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain <p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paglikha ng sariling <i>superhero</i>
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Balikan ang takdang-aralin ng mga mag-aaral at hikayatin sila na ibahagi sa kanilang kagrupong mga tanong na kanilang nilista 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi tungkol sa naisip na bayani
<p>2. Aralin: Mga Salitang Pinaiksi</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin nang wasto ang mga salitang pinaiksi at gamitin ang mga ito sa pangungusap 	<p>2. Aralin: Mga Salitang Pinaiksi</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang wasto ng mga salitang pinaiksi at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pasagutan ang gawaing <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i> 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng kuwento tungkol sa paboritong bayani
<p>4a. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mga tanong na nag-uumpisa sa Paano; hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong na nag-uumpisa sa Paano 	<p>4a. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong na nag-uumpisa sa Paano
<p>4b. Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng angkop na talasalitaan 	<p>4b. Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

ARAW

I

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga larawan, palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- Nakikinig at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- Natatalakay ang mahahalagang bahagi ng kuwento
- Naibabahagi ang mahahalagang impormasyon tungkol sa tauhan ng kuwento

I

BAHAGINAN

- Magsagawa ng bahaginan na may kaugnayan sa babasahing teksto ngayong araw.



Sabihin: *Noong nakaraang linggo, tungkol sa isang bayaning hayop ang ating kuwento. Ngayon naman, magbabahaginan tayo tungkol sa iba pang hayop na matulungin. Maaari ba kayong magbigay ng halimbawa ng mga hayop na may nagagawang kabutihan sa tao? (Mga posibleng sagot: kalabaw, baka, manok, pusa, at iba pa. Isulat ang mga mababanggit sa pisara.) Magbabahaginan kayo ng inyong katabi tungkol sa naisip ninyong matulungin hayop. Sa inyong bahaginan, banggitin ninyo ang hayop na napili ninyo, at kung bakit ninyo nasabi na matulungin ito. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na panimula:*

Matulungin sa mga tao ang _____ .
Nakatutulong ito sa pamamagitan ng _____ .

Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap bilang gabay:
Matulungin sa mga tao ang uod. Nakatutulong ito sa pamamagitan ng pagpapabulok ng mga materyal sa lupa na nagdadagdag sa sustansyang magagamit ng halaman.

- Bigyan ng tatlong minuto ang mga magkapares para sa kanilang bahaginan. Pagkatapos, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang sagot sa buong klase.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG NG TEKSTO

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang tatalakaying salita sa pisara:

arkipelago
nanganganib

dalampasigan
hugis-torpedo

umahon
baga

Sabihin: *Nasa pisara ang mga bagong salita na maririnig ninyo sa ating teksto ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Para sa ilang salita, magpapakita din ako ng larawan. Tukuyin ninyo ang kabulugan batay sa mga pahiwatig na kontekstwal at batay sa larawan.*



(1) **arkipelago**

(Magpakita ng mapa ng Pilipinas)

Basahin: *Ito ang mapa ng Pilipinas. Binubuo ang Pilipinas ng tatlong malalaking pulo: Luzon, Visayas, at Mindanao. Napalilibutan ang mga islang ito ng karagatan. Tinatawag na **arkipelago** ang bansang kagaya ng Pilipinas na maraming pulo.*



Sabihin: *Marami bang pulo sa Pilipinas? Ano ang mga pangunahing kapuluan sa ating bansa? Ano ang kaugnayan ng mga pulo o isla sa salitang **arkipelago**?*



Isulat: **arkipelago** – kapuluan,
malaking grupo ng mga isla

(2) **dalampasigan**

Basahin: *Dabil napapalibutan ng tubig ang Pilipinas, magaganda ang ating **dalampasigan**. Kaaya-ayang maupo sa **dalampasigan** at pagmasdan ang karagatan. Masaya ring makipaghabulan sa alon sa may **dalampasigan**.*



Sabihin: *Nakapunta na ba kayo sa lugar kung saan tanaw ang karagatan? Ano ang tawag sa lupa kung saan tumatama ang dagat? Ano ang ibig sabihin ng **dalampasigan**?*



Isulat: **dalampasigan** – baybay dagat

(3) **nanganganib**

Basahin: *Kapag may bagyo, **nanganganib** na abutin ng baba ang mga bahay sa dalampasigan. **Nanganganib** din ang mga mangingisda dahil maaaring tumaob o mawasak ang kanilang mga bangka.*



Sabihin: *Nakaranas na ba kayo ng bagyo? Ano ang mga posibleng masamang mangyari kapag bumabagyo? Katulad ba ito ng mga panganib na nabanggit sa pangungusap? Ano ang ibig sabihin ng **nanganganib**?*



Isulat: **nanganganib** – maaaring malagay
sa peligro

(4) **umahon**

Basahin: *Matagal na lumangoy sa dagat ang mga bata. **Umahon** lang sila nang oras na ng tanghalian. Nagpatuyo muna sila sa may dalampasigan pagkatapos nilang **umahon**.*



TALAAN



Sabihin: Nang **umahon** ang mga bata, nasa tubig pa ba sila o nasa dalampasigan? Sa dagat lang ba puwedeng **umahon**? Saan pa maaaring **umahon**?

Isulat: **umahon - umalis sa ilog o dagat pagkatapos lumangoy**

(5) **baga**

(Magpakita ng drowing ng katawan na kita ang **baga**.)



Basahin: Ito ang larawan ng **baga** ng tao. Mahalagang bahagi ng katawan ng mga mammal ang **baga** dahil ito ang ginagamit sa paghinga.



Sabihin: Nasaan banda ang inyong **baga**? Huminga nga kayo nang malalim. Nararamdaman ba ninyo ang paggalaw ng inyong **baga**? Paano ninyo susumabin kung ano ang **baga**?

Isulat: **baga – bahagi ng katawan na ginagamit sa paghinga**

(6) **hugis-torpedo**

(Magpakita ng drowing ng torpedo.)



Basahin: Ito ang torpedo. Isa itong uri ng bombang korteng tubo at kusang gumagalaw sa tubig tungo sa sisiraing sasakyang pandagat.



Sabihin: Ano ang **hugis ng torpedo**? Kapag ang hayop ay **hugis-torpedo**, ganito ang hitsura nito. Paano ninyo ilalarawan ang **hugis ng torpedo**?

Isulat: **hugis-torpedo – pahaba at pabilog na hugis, kasing-hugis ng isang malaking bala**

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan sa pisara. Hikayatin silang iguhit ang mga larawang ipinakita upang mas matandaan ang kahulugan ng mga salita.

b. Pagganyak

- Magpakita ng drowing ng pawikan, butanding, pating, pagi, at lumba-lumba.




Sabihin: Tingnan ang larawan ng mga nabubuhay sa dagat. Ano ang alam ninyo tungkol sa mga hayop na ito? Pumili ng isang hayop at sabihin ang alam ninyo tungkol dito.

- Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng pangungusap tungkol sa isang hayop mula sa larawan. Gabayan o tulongang isaayos ang porma ng pangungusap kung kinakailangan.

c. Pangganyak na Tanong

TALAAAN

Sabihin: *Ang teksto natin ngayon ay tungkol sa lumba-lumba. Alin sa mga bayop dito sa larawan ang lumba-lumba? (Maghintay ng sagot.) Ano ang alam ninyo tungkol sa lumba-lumba? Magbigay ng mga salita tungkol dito na maaaring nagsasabi ng kulay, tirahan, kinakain, at nagagawang tulong sa tao. Isusulat ko sa palibot ng web ang bawat ibigay ninyong salita.*



Sabihin: *Pakinggan ang teksto at balikan itong web upang tingnan kung naisulat natin ang lahat ng detalyeng mababanggit dito tungkol sa lumba-lumba.*

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

Sabihin: *Ang pamagat ng teksto ay “Kabanga-hangang Mga Lumba-lumba.” Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Yvette Tan. Handa na ba kayong makinig sa aking kuwento?*

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa artikulo.
- Basahin ang sumusunod na teksto:

TALAAAN

“Ang mga Lumba-Lumba”

Isang arkipelago ang Pilipinas. Dahil grupo ito ng mga isla, marami itong magagandang dalampasigan. Mayaman ang buhay sa ilalim ng karagatan nito. Ang mga pating, butanding, pawikan, pagi, palos, at lumba-lumba ay ilan lamang sa mga buhay-dagat na matatagpuan sa Pilipinas.

Masasabing ang lumba-lumba o dolpin ang pinakanakakaaliw na hayop sa dagat. Kahit na nakatira sa tubig ang lumba-lumba, hindi sila mga isda kundi mammal. Gaya ng ibang mga mammal, pinainom ng mga ito ang kanilang mga anak ng gatas na mula sa katawan ng ina. Hindi nakahihinga sa ilalim ng tubig ang mga lumba-lumba. Wala silang hasang, hindi gaya ng mga isda. Kaya nga't umaahon ang mga ito upang huminga ng isa o dalawang beses bawat minuto. May baga ang mga lumba-lumba at humihinga sila gamit ang butas sa tuktok ng ulo nila.

Nakatira ang mga lumba-lumba sa pinakamainit na bahagi ng karagatan. Mabilis lumangoy ang mga lumba-lumba dahil madulas ang balat at hugis torpedo ang katawan nila. Nabubuhay at naglalakbay ang mga lumba-lumba sa isang grupo. Sa pamamagitan ng paggawa ng iba't ibang tunog, nauunawaan ng mga lumba-lumba ang isa't isa.

Maraming siyentipiko ang naniniwala na kabilang sa pinakamatatalinong hayop ang mga lumba-lumba, gaya ng aso at unggoy. Hindi lang matalino ang mga lumba-lumba, kaibig-ibig at matulungin din sila. May mga tunay na kuwento na iniligtas ng mga lumba-lumba ang mga taong nanganganib na malunod o makain ng pating, gaya ng nangyari sa isang mangingisda ng Palawan.

4**TALAKAYAN TUNGKOL SA TEKSTO**

- *Ano-ano ang mga hayop na makikita sa ilalim ng ating karagatan?*
- *Ayon sa teksto, alin sa kanila ang pinakanakakaaliw na hayop sa dagat? Bakit?*
- *Ano ang kaibahan ng lumba-lumba sa ibang hayop sa dagat?*
- *Ano-ano ang katangian ng mga mammal na kagaya ng lumba-lumba na nabanggit sa kuwento? Balikan natin ang web tungkol sa lumba-lumba na ginawa natin kanina. Ano pa ang maidadagdag natin dito?*
- *Bakit mabilis lumangoy ang lumba-lumba?*
- *Paano nagkakaunawaan ang mga lumba-lumba?*
- *Ano-ano ang mga katangian ng lumba-lumba na nabanggit sa kuwento?*
- *Paano pinatunayan ng teksto na matulungin sa mga tao ang lumba-lumba?*

5

PAGSULAT NG IMPORMASYON TUNGKOL SA LUMBA-LUMBA

- Gabayan ang klase sa pagsulat ng impormasyon na nakalap nila tungkol sa lumba-lumba mula sa pinakinggang teksto. Isulat sa pisara ang nakakahong teksto sa ibaba at ipasipi sa kuwaderno.
- Magbigay ng mga panggabay na tanong para sa bawat elemento ng impormasyon na hinihingi kung kailangan ng tulong ng mga mag-aaral. Halimbawa, para sa uri ng hayop, maaaring itanong: Ano ang uri ng hayop na nagpapainom ng gatas sa kanilang anak?
- **Panuto:** *Isulat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa lumba-lumba:*

Ang Lumba-lumba

Uri ng Hayop: _____

Uri ng Balat: _____

Hugis ng katawan: _____

Paano humihinga? _____

Paano nauunawaan ang isa't-isa? _____

6

TAKDANG-ARALIN

Ibahagi sa inyong magulang o iba pang kapamilya ang impormasyong nakalap tungkol sa lumba-lumba.

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang babasahing kuwento sa sariling karanasan at nahihinuha ang maaaring mangyari sa kuwento
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa kuwento sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito

ARAW

2

TALAAN

TALAAN

1 BAHAGINAN

- Pagtambalin ang mga mag-aaral, at hayaan silang magbahaginan tungkol sa lumba-lumba gamit ang kahon ng impormasyong isinulat nila kahapon. Ilalahad nila ang impormasyon mula sa kahon sa porma ng pangungusap. Magbigay ng halimbawang panimula:

Isang uri ng ____ ang lumba-lumba. ____ ang balat nito. Hugis ____ ang katawan nito. Humihinga ito gamit ang _____. Nauunawaan ng mga lumba-lumba ang isa't isa sa pamamagitan ng _____.

- Bigyan ang mga pares ng tatlong minuto para sa kanilang bahaginan. Pagkatapos ng tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang pangungusap sa buong klase.

2 PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG *LEVELED READER*)PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA *LEVELED READERS*

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 13 at 14 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga tatalakaying salita sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral:

palikpik

peste

bugto

hapo

TALAAN

Sabihin: Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salitang ito. Pagkatapos, magbibigay ako ng ilang mapagpipiliang kabulugan. Sabihin kung aling letra ang kasingkabulugan ng salita sa pisara. Maghanda kayo ng tatlong piraso ng papel at sulatan ito ng A, B, at C. Itataas ninyo ang letra na katapat ng tamang sagot.



(1) palikpik

Basahin: Nang mamalengke kami kanina, preskong-presko pa ang mga isda. Kumakampay pa ang palikpik ng mga tilapia at maya-maya dahil kabubuli lamang ng mga ito. Ang **palikpik** ay ang **bahagi ng isda** na ginagamit nito para (a) huminga (b) lumangoy at gumalaw (c) makakita.



Sabihin: Itaas ang letra na katapat ng tamang sagot. (Pagmasdan ang isinagot ng bawat mag-aaral. Pansinin kung sino ang hindi nakakuha ng tamang sagot.) Ang tamang sagot ay B. Ginagamit ng isda ang **palikpik** upang lumangoy at gumalaw sa ilalim ng tubig. Bakit ninyo nasabi na B ang tamang sagot? Ano ang bahagi ng katawan na ginagamit ng isda upang huminga (letrang A na sagot)? Upang makakita (letrang C na sagot)?



Isulat: palikpik – bahagi ng isda na ginagamit nito para lumangoy at gumalaw

(2) peste

Basahin: May mga hayop na kaibigan ng tao. Ngunit mayroon ding **peste**, gaya ng daga at ipis. Ang hayop ay sinasabing **peste** kapag ito ay (a) nakasasama sa tao at iba pang nilalang (b) nakatutulong sa tao at iba pang nilalang (c) kaibigan ng tao at iba pang nilalang.



Sabihin: Itaas ang letra na katapat ng tamang sagot. (Pagmasdan ang isinagot ng bawat mag-aaral. Pansinin kung sino ang hindi nakakuha ng tamang sagot.) Ang tamang sagot ay A. Nakasasama ang **peste** sa tao. Bakit ninyo nasabi na A ang tamang sagot? Ano ang pabivatig sa pangungusap na tumulong sa inyong piliin ang tamang sagot? Ano ang balimbawa ng samang idinudulot ng daga, ipis, o iba pang **peste**?



Isulat: peste – nakasasama sa tao at iba pang nilalang

(3) bugto

Basahin: Nang lumangoy siya sa dagat, naramdaman niyang may kumakagat sa kaniya, ngunit wala naman siyang makita. Pagkaabon niya, napansin niyang marami siyang sugat. Ayon sa mga mangingisda at iba pang taga-roon, mga **bugto** ang kumagat sa kaniya. Ang **bugto** ay (a) isda na iba't iba ang kulay; (b) maliit na balamang-dagat; (c) maliit na hayop sa dagat na nangangagat.



TALAAAN



Sabihin: Itaas ang letra na katapat ng tamang sagot. (Pagmasdan ang isinagot ng bawat mag-aaral. Pansinin kung sino ang hindi nakakuha ng tamang sagot.) *Ang tamang sagot ay C. Maliliit na hayop sa dagat ang mga **bugto**. Bakit ninyo nasabi na C ang tamang sagot? Ano ang pahiwatig sa pangungusap na tumulong sa inyong piliin ang tamang sagot?*

Isulat: **bugto** – maliit na hayop sa dagat na nangangatagat

(4) **hapo**



Basahin: Niyaya siya ng kaibigan niyang magpabilisan sa paglangoy sa dagat. Manlilibre ng tanghalian ang maunang makarating sa kabilang ibayo. Nauna nga siyang makarating, pero bingal na bingal siya pagkaabon niya mula sa tubig. Noon lamang siya nakaramdam ng ganoong katinding pagod at **hapo**. Kasingkahulugan ng **hapo** ang (a) matinding gutom (b) matinding pagod (c) matinding saya.



Sabihin: Itaas ang letra na katapat ng tamang sagot. (Pagmasdan ang isinagot ng bawat mag-aaral. Pansinin kung sino ang hindi nakakuha ng tamang sagot.) *Ang tamang sagot ay B. Ang taong **hapo** ay nakararamdam ng matinding pagod, isang uri ng pagod na nakapanghihinal. Bakit ninyo nasabi na B ang tamang sagot? Ano ang pahiwatig sa pangungusap na tumulong sa inyong piliin ang tamang sagot?*

Isulat: **hapo** – matindi at nakapanghihinal na pagod

b. Pagganyak

- Magpakita ng ilang larawan ng mga *superhero*, katulad nina Darna, Captain Barbell, Spiderman, o Batman.



Sabihin: Tingnan ninyo ang mga larawan ng bayani. Sino-sino ang mga ito? Sino pa ang ibang kilala ninyong bayani? Sino sa kanila ang gusto ninyo? Bakit? Pansinin si Spiderman at Batman. Ano ang hayop na nakapaloob sa pangalan nila? Ano ang katangian ng gagamba o paniki na makikita kay Spiderman o Batman?

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: Sa babasahin ninyong kuwento, alamin: Sino ang pinakagustong bayani ni Aldo? Bakit?

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

- Ipakita ang pabalat ng aklat.



Sabihin: Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuba ninyong impormasyon mula dito?

TALAAN

- Kumuha ng ilang sagot. Magpabanggit ng detalye mula sa larawan at humingi ng prediksiyon tungkol sa nilalaman ng aklat batay sa pamagat at larawan sa pabalat.

Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikitingan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Magpupulong kami dito sa isang tabi ng Pangkat 2 upang hindi maistorbo ang Pangkat 1 habang tahimik silang nagbabasa. Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*



- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang pinakagustong gawin nina Aldo, Tope, at Carol ay _____. 2. Ang naisip na bayani ni Carol ay _____. 3. Ang naisip na bayani ni Aldo ay isang _____. 4. Iniligtas ng lumba-lumba ang _____. 5. Sa pamamagitan ng _____, iniligtas ng mga lumba-lumba ang mangingisda. 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maghandang sagutan ang mga ito. Maaari rin kayong magtanong kung may nais kayong linawin o kung may hindi kayo maintindihan tungkol sa kuwento.</i></p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.1: <i>Sino-sinong bayani ang kilala ni Aldo?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.2: <i>Bakit gusto ni Aldo na lumba-lumba ang bayani niya?</i></p>

TALAAAN

	<p>Pagkabasa ng p.3: Bakit tumaob ang bangka ng mangingisda?</p> <p>Pagkabasa ng p.4: Paano nailigtas ng mga lumba-lumba ang mangingisda?</p>
<p>(Kasama ang guro)</p> <p>Talakayan tungkol sa kuwento</p> <p>Sabihin: Ilahad ang inyong sagot sa mga tanong sa pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng tamang sagot.</p>	<p>Pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Sabihin: Pupunta naman ako sa Pangkat 1 habang sinasagot ninyo ang pagsasanay. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.</p> <p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Kaibigan ni Aldo sina _____ at _____. 2. Mahilig ang magkakaibigan sa _____. 3. Nangyari sa mangingisda ang aksidente noong _____. 4. Tumaob ang kaniyang bangka dahil _____. 5. Iniligtas ang mangingisda ng mga _____.

4 PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas nila ang kanilang hinlalaki (*thumbs-up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap, ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusan silang hindi sumasang-ayon (*thumbs-down*), at ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Alam ko na ang kabulugan ng labat ng tinalakay na salita mula sa talasalitaan.*
 - *Maisasalaysay kong muli ang mga pangunahing pangyayari sa kuwento.*
 - *Malinaw sa akin ang labat ng mga salitang nabasa ko sa kuwento.*

- Alamin kung sino ang mga bata na nagturo pababa ng kanilang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

5

TAKDANG-ARALIN

Ilista ang mga natutunan tungkol sa lumba-lumba.

Mga natutunan ko tungkol sa lumba-lumba:

1. _____
2. _____

TALAAN

LAYUNIN

- Naibibigay ang mahahalagang detalye ng kuwento
- Naisusulat ang Pandiwang Pangnagdaan ng mga pangungusap
- Nasasagot ang isang panayam at nakagagawa ng mga tanong sa isang panayam

ARAW

3

I

PANIMULANG GAWAIN: PAGBABALIK-ARAL

- Gamitin ang simula ng klase upang balikan ang mga kakayanan na hindi pa lubusang naintindihan ng klase, batay sa pagpupulso na ginawa kahapon.
- Maaaring ipabasa muli ang talasalitaan at ipagamit ang mga salita dito sa sarili nilang pangungusap. Maaari ring ipabanggit sa klase ang naaalala nilang mga pangyayari mula sa kuwentong binasa kahapon.
- Bago tumuloy sa susunod na gawain, magsagawa muli ng pagpupulso upang siguruhin na nakuha na ng mga mag-aaral ang mga konsepto at kakayanang pinagbalik-aralan.

2

PAGSASANAY: ISANG PANAYAM

Sabihin: *Nakapanood o nakapakinig na ba kayo ng isang panayam? Sa isang panayam o interbyu, may isang tagapagtanong, at may isa o bigit pang taong sumasagot. Nais makakuha ng impormasyon tungkol sa isang paksa o pangyayari ang taong nagsasagawa ng panayam. Sa isang panayam, kadalasa'y tinatanong din ang pinagmumulan ng impormasyon ng ilang bagay tungkol sa kaniya. Maaaring itanong sa isang panayam ang pangalan, tirahan, at hanapbuhay ng taong nagbibigay ng impormasyon, bukod sa mahahalagang detalye na nalalaman niya tungkol sa pangyayari.*



TALAAN

- Isulat o ipaskil ang panayam na kokumpletuhin ng mga mag-aaral. Ipasipi ito sa mga mag-aaral.



Sabihin: Basabin ang panayam ni Aldo sa mangingisda sa Palawan. Kunwari kayo ang mangingisda. Isulat ang inyong sagot sa bawat tanong ni Aldo. May limang minuto kayo para gawin ang pagsasanay.

- Aldo:** Ano po ang buo ninyong pangalan?
Mangingisda: Ako si _____.
Aldo: Ano po ang inyong hanapbuhay?
Mangingisda: Isa akong _____.
Aldo: Saang lugar po kayo nangingisda?
Mangingisda: Nangingisda ako sa _____.
Aldo: Ano po ang nangyari noong Disyembre 8, 2008?
Mangingisda: Habang nangingisda ako, _____.
Aldo: Paano kayo nakaligtas?
Mangingisda: Nakaligtas ako _____.

- Matapos ang limang minuto, tawagin ang pansin ng buong klase.



Sabihin: Magkakaroon tayo ng pagpanayam sa klase. Tatawag ako ng dalawang mag-aaral: gagampanan ng isa ang papel ng tagapanayam at ang isa naman ay mangingisda. Basabin ang inyong isinulat at isinagot sa ating pagsasanay na panayam.

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER (PAGBIBIGAY NG DETALYE)

- Pabuksan sa pahina 16 ang *Leveled Reader*. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat ng mga mag-aaral ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.



Pagsasanay: Pagbibigay ng detalye tungkol sa nabasang kuwento

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may natitira pang oras, ipagawa ang mga sumusunod na pagsasanay tungkol sa **Pandiwang Pangnagdaan**:

Panuto: Nasa kaliwa ang mga salitang-ugat. Lagyan ang mga ito ng angkop na Panlapi upang maisulat ang Pandiwang Pangnagdaan:

- (guhit) 1. _____ ni Aldo ang lumba-lumba.
- (basa) 2. _____ ni Aldo ang balita tungkol sa mangingisda sa Palawan.
- (taob) 3. _____ ang bangka ng mangingisda dahil sa lakas ng hangin.
- (langoy) 4. _____ ang mangingisda pabalik sa dalampasigan.
- (kagat) 5. _____ si Dabal ng mga bugto.
- (litaw) 6. _____ ang mga lumba-lumba sa paligid ni Dabal.
- (gamit) 7. _____ ng mga lumba-lumba ang kanilang palikpik upang itulak si Dabal sa lupa.
- (ligtas) 8. _____ ng mga lumba-lumba ang mangingisda sa panganib.

5

TAKDANG-ARALIN

Kung nais ninyong madagdagan pa ang inyong nalaman tungkol sa mga lumba-lumba, ano-ano ang itatanong ninyo sa isang panayam? Gumawa ng mga tanong para sa isang panayam sa isang eksperto tungkol sa lumba-lumba. Maghandang ibahagi ang inyong mga tanong sa klase bukas.

TALAAN

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
- Nababasa ang tula nang may wastong ekspresyon

1 BAHAGINAN

Ipaalala ang ipinagawang takdang-aralin. Bumuo ng maliit na pangkat at hayaang magbahaginan ang magkakapangkat tungkol sa mga tanong nila tungkol sa lumba-lumba. Pipili ang bawat pangkat ng tatlong tanong na pinakanais nilang masagutan. Tawagin ang bawat pangkat at ipalahad ang mga tanong na nais nilang masagot tungkol sa lumba-lumba. Isulat ang mga ito sa pisara. Hikayatin ang klase na magsagawa ng pagsaliksik o panayam upang malaman ang sagot sa mga katanungang ito.

2 PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid



Sabihin: *Ipagpapatuloy ninyo ngayong araw ang kuwentong sinimulan noong isang araw. Bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang mga salita. Isusulat ko ang mga ito sa pisara. Pagkatapos, pakinggan ang ilang pangungusap na gumagamit sa mga ito. Alamin ang kabulugan batay sa mga pahiwatig na kontekstual na maririnig sa pangungusap.*

Isulat sa pisara: **pinaligiran bersiyon**

(1) pinaligiran



Sabihin: *Pinaligiran. May dumating na artista sa aming bayan. Pinaligiran siya ng mga tao dahil gusto siyang makita nang malapitan. Nagkumpulan ang mga tao sa palibot niya. Hindi siya makalusot sa dami ng taong nakapaikot sa kaniya. Pinaligiran. Ano ang ibig sabihin ng pinaligiran? Ano ang salitang-ugat nito? (Maghintay ng sagot.) Ano ang mga salita mula sa pangungusap na binanggit ko na nagpapahiwatig ng kabulugan ng salitang ito? (Posibleng sagot: palibot, nakapaikot) Ano pa ang ibang sitwasyon kung saan posibleng paligiran ang isang tao?*

Isulat: **pinaligiran** – pinalibutan, pinaikutan

(2) bersiyon

TALAAN

Sabihin: *Bersiyon.* Nabasa ko ang dalawang bersiyon ng kuwento. Sa unang **bersiyon**, sinasabing iniligtas ang mangingisda ng mga lumba-lumba. Sa ikalawang **bersiyon**, sinasabing may dumating na ibang mangingisda na nagligtas kay Dabal. Ilang **bersiyon** ang binanggit sa pangungusap? Ano ang kaibahan ng unang **bersiyon** sa ikalawang **bersiyon**? Bakit posibleng may higit sa isang **bersiyon** ang isang pangyayari? May kabawig bang salitang Ingles ang salitang **bersiyon**? Ano ang kahulugan ng **bersiyon**?



Isulat: bersiyon – pananaw o punto-de-bista

- Ipasipi at ipabasa muli sa klase ang talasalitaan sa pisara. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipagamit ang mga salita sa sarili nilang pangungusap.

b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

Sabihin: *Natatandaan pa ba ninyo ang unang bahagi ng ating kuwento? Paano iniligtas ng lumba-lumba ang mangingisda sa Palawan?*



c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: *Habang binabasa ang kuwento, alamin: Sa anong paraan pa kaya makatutulong ang lumba-lumba?*



3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA KUWENTO

Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ay magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay pakikilingan kong magbasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*



- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</p>	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik.</p>

TALAAAN

<p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tinulungan ng mga lumba-lumba ang apat na _____ sa New Zealand 2. Ang bayani ni Aldo ay tinawag niyang _____. 3. Ang bayani ni Carol na si Dolfina ay may _____. 4. Ang bayani ni _____ ang magaling _____. 5. Ang itinawag nila sa bayani team ay _____. 	<p>Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.6: Paano tinakot ng mga lumba-lumba ang pating?</p> <p>Pagkabasa ng p.7: Ano ang kakaibang kakayahan ng bayani ni Aldo?</p> <p>Pagkabasa ng p.8: Kaninong bayani ang matalas ang paningin at pandinig?</p> <p>Pagkabasa ng p.9: Kaninong bayani ang mukhang kengkoy?</p>
---	--

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO



Sabihin: Sagutin ang mga tanong ko tungkol sa binasa ninyong kuwento. Sa ibang tanong, gusto kong basahin ninyo ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng inyong sagot.

PAALALA SA GURO

Sa pagpabasa sa bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot, muling mapakikilingan ng guro ang tatas ng mga mag-aaral sa pagbasa. Magsisilbing modelo sa Pangkat 2 ang mas matatas na pagbasa ng Pangkat 1.

1. Paano tinakot ng mga lumba-lumba ang pating? **Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa inyong sagot.**
2. Paano inilarawan ni Aldo ang kaniyang bayani? **Basahin ang ginawa niyang tula tungkol dito.**
3. **Basahin ang paglalarawan ng iginuhit na bayani ni Carol.**
4. **Basahin ang tulang ginawa ni Carol tungkol sa kaniyang bayani.**
5. **Basahin ang paglalarawan ng bayani na ginawa ni Tope.**
6. **Ano ang itinawag nila sa tatlong bayani? Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa inyong sagot.**

5

PAGSASANAY: MGA SALITANG MAGKATUGMA

- Isulat sa pisara at ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

Panuto: Basabin ang maikling tula. Ilista ang pares ng salitang magkatugma sa unang hanay. Ilista ang iba pang salita na katugma ng inilistang pares sa pangalawang hanay.

Mala-lumba-lumbang batang Dolpboy
Bayani kahit mukhang kengkoy
Magaling siyang lumangoy at tumalon
Kayang talunin kahit malakas na alon

Salitang magkatugma:	Iba pang salitang katugma ng pares na ito:
_____ at _____	
_____ at _____	

- Tumawag ng ilang mag-aaral at ipabasa nang malakas ang mga salitang magkatugma na napili at naisip nila.

6

PAGPUPULSO

Alamin kung ano ang mga kakayanan na kailangan pang tutukan sa susunod na mga araw. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:

- Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?
- Alin naman ang bahagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?
- Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?

7

TAKDANG-ARALIN

Mag-isip ng sarili ninyong *superhero*. Ano ang mga katangian at kakayahan niya? Paano niya magagamit ang kaniyang kakayahan upang makatulong sa mga tao? Maghandang ibahagi ang tungkol dito sa klase.



TALAAN

BRIDGING

Ang konsepto ng mga salitang magkatugma ay halos magkaparehas sa *Mother Tongue*, Filipino, at *English*. Sa talakayan, balikan ang mga salitang magkatugma sa *Mother Tongue* at ang mga salita sa *English* na alam ng mga mag-aaral.



ARAW

5

LAYUNIN

- Naibibigay ang mga sagot na nagpapaliwanag sa tanong na Paano
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang salita
- Nababasa nang maayos ang mga salitang pinaiksi at nagagamit ang mga ito sa pangungusap
- Nakasusulat ng isang maikling kuwento tungkol sa isang bayani nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

1 BAHAGINAN

- Gamitin ang Takdang-Aralin bilang paksa para sa bahaginan. Tumawag ng tatlong mag-aaral upang ibahagi sa buong klase ang kanilang naisip na *superhero*. Sa paglalahad, siguruhing nasasagot ang mga tanong na ito: *Ano ang pangalan ng inyong bayani? Ano ang mga katangian at kakayahan niya? Paano niya magagamit ang kaniyang kakayahan upang makatulong sa mga tao?*
- Tumawag ng ibang mag-aaral upang isulat sa pisara ang makukuha nilang detalye mula sa paglalahad ng kanilang kaklase. Ipasulat ang detalye sa porma ng talahanayan, katulad nito:

	Pangalan ng Bayani	Katangian at Kakayahan ng Bayani	Paano Makatutulong sa Tao?
Mag-aaral 1			
Mag-aaral 2			
Mag-aaral 3			

- Ipasuri sa klase ang nabuong talahanayan. Ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga *superhero* na nabanggit? Aling *superhero* ang pinakagusto nila at bakit? Magsagawa ng malayang talakayan.

2 ARALIN: MGA SALITANG PINAIKSI

- Isulat ang sumusunod sa pisara:

iba't iba ika'y nga't 'yan



Itanong: *Ano ang napapansin ninyo sa mga isinulat kong salita sa pisara? Ano ang pagkakatulad nila?*

Sabihin: *May mga salitang sinusulat sa pinaikling paraan. Mas maiksi ang pagkasulat kasi may titik na inalis. Kudlit ang ginagamit na pamalit sa inalis na titik. Sa mga halimbawa sa pisara, ano ang mga inalis na titik? (Maghintay ng sagot.) Sa ilang kaso, katulad ng iba't, ika'y at nga't, idinidikit ang kudlit at ang natirang letra sa naunang salita.*



- Isulat ang sumusunod na pagsasanay sa pisara. Ipasagot sa mga mag-aaral.

Panuto: Kopyahin sa kuwaderno ang salitang pinaiksi sa bawat pangungusap:

1. Mga bata't matanda ay nanood ng palaro.
2. Maraming pangaral ang ama't ina ko.
3. Ako'y nagigising nang maaga tuwing Sabado upang makatulong sa gawaing-bahay.
4. Siya'y maraming kalaro at kaibigan.
5. Kahit maraming gawain sa paaralan, sa tuwina'y naglalaro kami.

Magsulat ng pangungusap para sa bawat salitang pinaiksi:

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 22. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* tungkol sa pagtukoy ng problema at solusyon at pagsulat ng isang sertipiko ng pasasalamat na makikita sa pahinang ito.

Pagsasanay: Pagsusulat ng kuwento tungkol sa paboritong superhero

- Ipasulat sa mga mag-aaral ang tanong at sagot sa mga pagsasanay sa kanilang kuwaderno.
- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.



TALAAN

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may oras pa matapos sagutan ang *Skill Builder*, ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

Pagsagot ng Tanong na Paano

Panuto: *Ang tanong na Paano ay nangangailangan ng sagot na nagpapalibanag. Bigyan ng palibanag ang mga tanong na nag-uumpisa sa Paano.*

- 1. Paano nakakahinga ang mga lumba-lumba sa dagat?**
Nakakahinga ang mga lumba-lumba sa dagat sa pamamagitan ng _____.
- 2. Paano nauunawaan ng mga lumba-lumba ang isa't isa?**
Nagkakaunawaan sila sa pamamagitan ng _____.
- 3. Paano nalaman ni Aldo ang tungkol sa pagligtas ng lumba-lumba sa mangingisda?**
Nalaman ni Aldo ang tungkol sa nailigtas na mangingisda sa pamamagitan ng _____.
- 4. Paano natulungan ng lumba-lumba ang mangingisda sa Palawan?**
Natulungan ng lumba-lumba ang mangingisda sa pamamagitan ng _____.
- 5. Paano tinakot ng lumba-lumba ang pating sa New Zealand?** Tinakot ng mga lumba-lumba ang pating sa pamamagitan ng _____.

ARALIN


15

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI

LEVELED READER: *ANG IDOLO NI BEATRICE*



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 15

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: *Ang Idolo ni Beatrice*

(Kuwento ni Sierra Paraan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa kilalang bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>pinupuri, angkin, isinantabi, batas, isinulong, malala, malasakit</i>
		<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang tula sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pagganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikinig ng tula at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng guro ng tula at pagtalakay nito
	TA	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa ang tula nang may angkop na bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng mga mag-aaral ng tula
	KP	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mga salitang magkatugma sa isang tula 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang Magkatugma

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag

KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon

PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bayani 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa isang bayani
<p>2. Paghahanda Para sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita 	<p>2. Paghanda Para sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita
<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong
<p>3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro ng Tula</p> <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang tula 	<p>3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro ng Tula</p> <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa tula
<p>4. Pagtalakay ng Tula</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng tanong tungkol sa tula 	<p>4. Pagtalakay sa Tula</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong tungkol dito
<p>5. Pagbasa ng tula ng mga mag-aaral at pagtalakay sa mga elemento nito</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin ang tula nang may angkop na ekspresyon Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang magkatugmang salita ng tula 	<p>5. Pagbasa ng tula ng mga mag-aaral at pagtalakay sa mga elemento nito</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng tula nang may angkop na bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon Pagbigay ng magkatugmang salita ng tula
<p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Alamin kung aling mga kakayanan ang kailangan pang palawigin o tutukan sa sumusunod na araw 	<p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain
<p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsasaliksik ng detalye tungkol kay Apolinario Mabini

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol kay Apolinario Mabini
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>hindi mapakali, pamilihan, tumataas ang balahibo</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pagganyak na Tanong
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Nahihinuha ang maaaring karanasan ng pangunahing tauhan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Paghinuha sa maaaring karanasan ng pangunahing tauhan
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Unang bahagi ng <i>Leveled Reader: Ang Idolo ni Beatrice</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa nagawang kabutihan ng isang hayop

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan si Apolinario Mabini at gumawa ng “cheer” 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa isang bayani at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao
<p>2. Paghanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap 	<p>2. Paghanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak at pangganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kanilang hula sa maaaring karanasan ng pangunahing tauhan 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng hinuha tungkol sa karanasan ng pangunahing tauhan
<ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
<p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p>	<p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa kuwento at pagpabasa ng bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot
<p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng pinakanagustuhang katangian ni Apolinario Mabini
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bayani at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa isang bayani at ang nagawa nitong kabutihan sa mga tao
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nahihinuha ang mga katangian ng tauhan batay sa kaniyang mga ginawa 	<ul style="list-style-type: none"> Paghinuha ng Katangian ng Tauhan
	PP PT PU	<ul style="list-style-type: none"> Nababasa, nagagamit sa pangungusap, at nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal-katining 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang may Kambal-katining
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung ang ginamit na Pandiwa sa pangungusap ay pangkasalukuyan o pangnagdaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Pangnagdaan at Pangkasalukuyan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa isang bayani
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>malumpo, tagapayo, konstitusyon</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbasa nang tahimik ng Pangkat 1 at nang malakas ng Pangkat 2 ng ikatlong bahagi ng kuwento, <i>Ang Idolo ni Beatrice</i>

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>2. Aralin: Paghinuha ng Katangian ng Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa mga katangian ng tao at paghinuha ng mga katangian ng tauhan batay sa kaniyang mga ginawa 	<p>2. Aralin: Paghinuha ng Katangian ng Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng katangian ng tauhan
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na basahin at piliin ang mga salita na may kambal-katinig, gamitin ang mga ito sa pangungusap, at baybayin nang wasto 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng mga salitang may kambal-katinig, paggamit sa pangungusap at pagbaybay ng mga ito nang wasto
<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa Pandiwang Pangnagdaan at Pangkasalukuyan at hikayatin sila na sabihin kung ang ginamit na Pandiwa ay pangnagdaan o pangkasalukuyan <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa Pandiwang Pangnagdaan at Pangkasalukuyan <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggawa ng mga pangungusap na may Pandiwang Pangkasalukuyan at Pangnagdaan
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan si Apolinario Mabini 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol kay Apolinario Mabini
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kahulugan ng mga salita mula sa kuwento 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita
<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento, Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwento at magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento, Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento at pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binasa 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento
	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpupulso
5	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang pagkakatulad ng mga tauhan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Paghahambing ng mga tauhan
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayani nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talambuhay
	EP	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa Nilalaman ng Aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Nilalaman ng Aklat

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Pagtalakay sa mga Opinyon o Palagay tungkol sa Binasang Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan; Ipabasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<p>4. Pagtalakay sa mga Opinyon o Palagay tungkol sa Binasang Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paglista ng dalawang patakaran
<p>1. Panimulang Gawain: Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa mabilisang pagpupulso upang malaman kung aling kasanayan o konseptong tinalakay ang hindi pa naiintidihan ng mga mag-aaral 	<p>1. Panimulang Gawain: Pagpupulso</p>
<p>2. Pagbabalik-aral: Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan 	<p>2. Pagbabalik-aral: Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang pagkakatulad ng dalawang tauhan sa kuwento 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng magkatulad na ugali ng dalawang tauhan sa kuwento
<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Pagsulat ng Talambuhay</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin kung ano at paano isinusulat ang isang talambuhay at hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ang talambuhay ni Mabini <p>b. Pagtukoy ng Impormasyon Mula sa Talaan ng mga Nilalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na tingnan at pag-aralan ang pahina ng Talaan ng Nilalaman ng aklat nila sa Filipino at sagutan ang mga tanong tungkol dito 	<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Pagsulat ng Talambuhay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talambuhay ni Mabini nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat <p>b. Pagtukoy ng Impormasyon mula sa Talaan ng mga Nilalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga Nilalaman ng aklat

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

I

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita
- Naiuugnay ang papakinggang tula sa sariling karanasan
- Nakikinig ng tula at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- Nababasa ang tula nang may angkop na bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Naibibigay ang mga salitang magkatugma sa isang tula

I

BAHAGINAN

- Iugnay ang bahaginan sa tema para sa linggong ito.



Sabihin: *Bayani ang isang tao na may ginawang kabutihan para sa kaniyang bayan o tumutulong at nagliligtas sa ibang taong nangangailangan. Sino ang kilala ninyong bayani? Bakit ninyo nasabi na bayani siya? Ano ang kaniyang naitulong sa bayan? Paano siya nagkapagligtas ng taong nangangailangan ng tulong o saklolo? Magbahaginan tungkol dito. Humarap sa inyong katabi at kompletubin ang mga pangungusap na ito:*

Ang kilala kong bayani ay si _____.
Bayani siya dahil _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap. Halimbawa: *Ang kilala kong bayani ay si Efrén Peñaflorida. Bayani siya dahil tinutulongan niya ang mga batang lansangan na matutong magbasa at makapag-aral sa tulong ng kaniyang “pushcart classroom.”*
- Bigyan ng limang minuto ang mga magkakatabi para magbahaginan. Pagkatapos ng takdang panahon, tumawag ng ilang mag-aaral para maglahad sa buong klase.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG

a. Paghawan ng Balakid

- Ipaskil o isulat sa pisara ang dalawang hanay ng mga salita. Nasa hanay A ang listahan ng salitang pag-aaralan ngayong araw, at nasa Hanay B ang mga pagpipiliang kahulugan. Ipabasa sa buong klase ang bawat hanay. Ituro ang bawat bilang (o letra) na ipinapabasa. Pagkatapos, ipaliwanag ang gagawing paghawan ng balakid.

1. pinupuri	a. malubha
2. angkin	b. hindi muna ipinagpatuloy
3. batas	c. sinasabi ang kagalingan
4. isinantabi	d. taglay

5. isinulong	e. mga alituntuning ginawa ng mga mambabatas
6. malala	f. pag-alala sa ikabubuti ng iba
7. malasakit	g. inabante, itinaguyod

Sabihin: *Alam na ba ninyo kung aling kabulugan sa Hanay B ang katapat ng mga salita sa Hanay A? Makatutulong ang pagdinig ng mga pangungusap na gumagamit sa mga salitang pag-aaralan natin ngayon sa pagtukoy ng kanilang kabulugan. Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salita sa Hanay A. Pakiingang mabuti at hanapin ang pinakamalapit na kabulugan para dito mula sa Hanay B.*



(1) pinupuri

Basahin: *Si Albert ay palaging **pinupuri** ng kaniyang guro. “Tingnan ninyo si Albert,” sabi ng guro. “Talagang kabangahanga siya. Palagi siyang maagang pumasok. Laging tapos ang kaniyang mga Takdang-Aralin. Pagdating niya, tumutulong siyang maglinis ng ating silid-aralan.”*



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng pinupuri? Ano ang binabanggit na katangian kapag may pumupuri sa inyo? Positibo ba o negatibo ang makatanggap ng pagpuri? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng salitang **pinupuri**? (Sagot: C)*



- Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula sa salita sa hanay A at ang katapat na kahulugan nito sa hanay B. Gawin ito para sa lahat ng sumusunod na salita.

(2) angkin

Basahin: *Ang aking kapatid ay may **angking** talino sa paggubit. Kabit walang nagturo sa kaniya, napakagalang niyang gumuhit ng mga mukha ng tao, ng mga hayop, at ng mga magagandang tanawin. Sadya sigurong may mga taong may taglay na natural na kakayahan sa paggubit.*



Itanong: *Ano ang mga salitang narinig sa pangungusap na kasingkabulugan ng **angkin**? Ano ang pagkakabanig ng salitang “akin” sa salitang **angkin**? Kapag inaangkin ninyo ang isang bagay, ano ang ginagawa ninyo? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng salitang **angkin**? (Sagot: D)*



(3) isinantabi

Basahin: *Isinantabi niya ang maganda niyang trabaho sa lungsod para matulungan ang mahibirap na magsasaka sa probinsiya. Itinigil muna niya ang pagtrabaho sa lungsod dahil sa tingin niya’y mas mahalagang tumulong muna sa mga magsasaka.*



TALAAN



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **isinantabi**? Ano ang dalawang salitang bumubuo sa isinantabi? (isang tabi). Kung gayon, inilalagay mo muna sa isang tabi ang bagay na isinasantabi mo. Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng **isinantabi**? (Sagot: B)*

(4) batas



Basahin: *Ang **batas** ay ginawa ng mga pinuno para sa kabutihan ng mga mamamayan. Mahalagang sumunod sa **batas** upang magkaroon ng kaayusan at disiplina sa lipunan. Kapag hindi ka sumunod sa **batas**, maaari kang maparusahan.*



Itanong: *May alam ba kayong halimbawa ng **batas**? Ano ang ibig sabihin ng kasabihang “Ang utos niya ay **batas**”? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng **batas**? (Sagot: E)*

(5) isinulong



Basahin: ***Isinulong** ng aming paaralan ang proyekto na “Gulayan sa Paaralan.” Labat kami ay nagtatanim ng gulay sa nakatakdang lugar sa bakuran ng paaralan.*



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **isinulong**? Saan ninyo narinig ang salitang sulong? Ano ang ibig sabihin kapag sinabing “Sulong mga kapatid!” Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng **isinulong**? (Sagot: G)*

(6) malala



Basahin: *Binisita ko ang kaibigan ko na nasa ospital. **Malala** ang kaniyang sakit at matagal pa raw siyang gagamutin sa ospital. Lubhang masama na pala ang lagay ng kaniyang kalusugan.*



Itanong: *Ano ang ilang halimbawa ng malalang sakit na makadadala sa inyo sa ospital? Ano ang mga kasingkabulugan ng **malala** na nabanggit ko sa pangungusap? Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng **malala**? (Sagot: A)*

(7) malasakit



Basahin: *Ang aming punongguro ay may **malasakit** sa mga mag-aaral. Gusto niyang labat kami ay matuto ng mga aralin at makapagtapos ng pag-aaral. Lagi niyang ipinadarama ang kaniyang pag-aalala para sa amin.*



Itanong: *Alin sa mga kabulugan sa hanay B ang kasingkabulugan ng **malasakit**? (Sagot: F) Paano ipinapakita ang pagmamalasakit?*

PAALALA SA GURO

Hikayatin at gabayan ang mga mag-aaral na gumawa ng sariling pangungusap.

- Ipabasa muli ang bawat salita sa hanay A, kasunod ang kahulugan nito sa hanay B. Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan. Papiliin ng isang napag-aralang salita ang bawat mag-aaral at magpasulat ng sariling pangungusap gamit ang salitang ito.

b. Pagganyak

Sabihin: *May ipakikita ako sa inyong sampung pisong barya. Kilala ba ninyo ang bayani na nasa sampung pisong ito? Ano ang nalalaman ninyo tungkol sa kaniya? (Kumuha ng ilang sagot.)*



TALAAAN

c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: *Si Apolinario Mabini nga ang bayaning nasa sampung piso. Sa tulang babasahin ko, alamin ang sumusunod: Bakit kaya siya kinilalang bayani? Ano-anong kabutihan ang ginawa niya?*



3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO NG TULA

Sabihin: *Makinig sa babasahin kong tula. Ang pamagat ng tula ay “Ang Isang Bayani.” Ang may-akda ng tula ay si Bb. Sierra Paraan. Handa na bang makinig sa tula?*

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na teksto.

PAALALA SA GURO

Maaaring ilagay sa tsart ang kopya ng tula para masundan ng mga mag-aaral ang babasahin.



“Ang Isang Bayani”

Mayroong isang bayani
 Siya ay palaging pinupuri
 Makikita siya sa sampung piso
 Hinahangaan ang angkin niyang talino
 Talagang siya ay katangi-tangi
 Yaman at katanyagan, kaniyang isinantabi
 Hangad niya ang makatulong
 Mga batas at patakaran, kaniyang isinulong
 Kahit malala ang kaniyang sakit
 Itinuloy pa rin ang malasakit
 Ipinagtanggol ang mga kababayan
 Kinalinga ang minamahal na bayan



4

PAGTALAKAY NG TULA

- *Bakit palaging pinupuri si Apolinario Mabini?*

TALAAN

- *Bakit siya katangi-tangi?*
- *Ano-ano ang kaniyang isinantabi?*
- *Kaya kayang gawin ng iba ang isantabi ang yaman at katanyagan?*
- *Ano ang kaniyang bangad?*
- *Ano-ano ang kaniyang isinulong?*
- *Ano kayang uri ng batas ang kaniyang isinulong?*
- *Ano kaya ang kaniyang malalang sakit?*
- *Paano niya ipinakita ang malasakit sa bayan?*

5

PAGBASA NG TULA NG MGA MAG-AARAL AT PAGTALAKAY SA MGA ELEMENTO NITO



Sabihin: *Ngayon, basahin ninyo nang malakas ang tula nang may magandang ekspresyon.*

- Magsagawa ng sabayang pagbigkas ng tula. Pagkatapos ng pagbigkas, talakayin ang mga elemento ng tula sa pamamagitan ng pagtanong ng sumusunod:
 - *Ilang sakinong mayroon ang tula?*
 - *Ilan ang linya ng bawat sakinong?*
 - *Ano-ano ang magkatugmang salita sa unang sakinong?*
 - *Basahin ang pangalawang sakinong.*
 - *Ano-ano ang magkatugmang salita?*
 - *Basahin ang pangatlong sakinong.*
 - *Basahin ang magkatugmang salita.*

PAALALA SA GURO

Ipaalala sa mga mag-aaral na basahin ang tula nang may angkop na ekspresyon. Maaaring magmodelo kung paano ito babasahin.

6

PAGPUPULSO

- Alamin kung aling mga kakayanan ang kailangan pang palawigin o tutukan sa sumusunod na araw. Ipataas ang dalawang kamay ng lahat ng mag-aaral. Itutupi o ibababa nila ang isang daliri sa tuwing sasagot sila ng “hindi” sa mga babanggitin ninyong tanong. Banggitin ang sumusunod:
 - *Alam na alam na ba ninyo ang kabulugan ng salitang **malasakit**?*
 - *Magagamit na ba ninyo sa isang pangungusap ang salitang **angkin**?*
 - *Masasabi ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng **batas**?*
 - *Alam na alam na ba ninyo ang kabulugan ng salitang **malala**?*
 - *Magagamit na ba ninyo sa isang pangungusap ang salitang **isinantabi**?*

- Masasabi ba ninyo kung ano ang ibig sabihin ng **pinupuri**?
 - Makababanggit ba kayo ng isang bagay na **angkin** sa inyo?
 - Maipakikita ba ninyo kung ano ang isang **sakenong**?
 - Matutukoy ba ninyo ang **mga salitang magkatugma** sa isang tula?
 - Makapagbibigay ba kayo ng isang detalye tungkol kay Apolinario Mabini?
- Pansinin kung sino sa mga mag-aaral ang may pinakamaraming nakatuping daliri. Pansinin din kung sa aling tanong pinakamarami ang sumagot ng “hindi”/nagtupi ng daliri. Tutukan ang mga mag-aaral at kakayanang ito sa susunod na araw.

TALAAN

7

TAKDANG-ARALIN

Magsaliksik ng ilang detalye tungkol kay Apolinario Mabini. Maghandang ibahagi ang tungkol dito bukas.

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PB-Ia-I** Nahihinuha ang maaaring karanasan ng pangunahing tauhan sa kuwento
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito

ARAW

2

I

BAHAGINAN

Ipaalala sa klase ang ibinigay na Takdang-Aralin. Ano ang mga detalye tungkol kay Apolinario Mabini na nasaliksik nila? Patayuin ang lahat at magpabuo ng maliit na pangkat na may limang kasapi. Magbabahaginan ang magkakapangkat ng kanilang mga natutunan tungkol kay Mabini. Pipili sila ng isang detalye na ibabahagi nila sa buong klase sa porma ng isang “cheer” o masayang sigaw. Upang bumagay sa porma ng “cheer,” kailangang gawin nilang positibo ang inilalahad nilang detalye. Sabay-sabay nilang ilalahad sa klase ang kanilang nabuong “cheer.”

TALAAAN

2

PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA
(PAGBASA NG LEVELED READER)PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA LEVELED READERS

I. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 15 at 16 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga pag-aaralang ekspresyon at salita para sa araw na ito sa pisara:

**hindi mapakali pamilihan
tumataas ang balahibo**



Sabihin: *Mababasa ninyo ang mga salitang ito sa inyong aklat ngayong araw. Pag-aralan muna natin ang kabulugan ng mga ito.*

(1) hindi mapakali



Basahin: *Hindi mapakali sa kaniyang upuan si Paolo. Hindi niya alam kung ano ang gagawin niya, at tingin siya nang tingin sa kanilang guro. Hindi niya nagawa ang kaniyang Takdang-Aralin, kaya nag-aalala siya. Baka siya mapagalitan ni Gng. Romero.*



Itanong: *Naranasan na ba ninyo ang nararamdaman ni Paolo sa pangungusap? Bakit siya nag-aalala? Ano ang senyales na hindi siya mapakali? Ano ang ibig sabihin ng **hindi mapakali**?*

TALAAN

Isulat: **hindi mapakali** – hindi mapalagay, ninenerbiyos

(2) pamilihan

Basahin: Nagtitinda si Aling Rosa ng mga gulay at prutas sa **pamilihan** sa bayan. Marami siyang suki na mabilig bumili ng paninda niya.

Itanong: Ano ang salitang-ugat ng **pamilihan**? Ano ang ginagawa sa **pamilihan**? Ano ang isa pang salita para sa **pamilihan**?



Isulat: **pamilihan** – palengke

(3) tumataas ang balahibo

Basahin: **Tumataas ang balahibo** ko habang pinapakinggan ang kuwento ni Lolo Teban tungkol sa mga multo.

Itanong: Nakapakinig na ba kayo ng kuwento tungkol sa multo? Ano ang nararamdaman ninyo? Bakit kaya sinasabi na **tumataas ang balahibo** kapag may pinapakinggan nakakatakot? Talaga nga bang **tumataas ang balahibo** ninyo?



Isulat: **tumataas ang balahibo** – nararamdaman kapag natatakot

b. Pagganyak

Sabihin: Ang pamagat ng babasahin ninyong kuwento ay “Ang Idolo ni Beatrice.” Ano ang isang idolo? Magbigay ng halimbawa ng iniidolo ng kabataan ngayon. Bakit siya iniidolo?



c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: Habang binabasa ang kuwento, alamin: Sino si Beatrice? Sino ang idolo ni Beatrice?



3 PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

- Ipakita ang pabalat ng aklat na babasahin ng mga mag-aaral ngayong araw.

Sabihin: Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makuha ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano ang nasa larawan?

- Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad ang mga detalyeng mahihinuha mula sa pabalat.

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.



PAALALA SA GURO

Tampok sa kuwentong, *Ang Idolo ni Beatrice*, ang buhay nina Apolinario Mabini at ang batang si Beatrice. Magkasabay na pinapakita ang mga pangyayari sa kanilang buhay sa kuwentong ito. Dahil nag-iiba-iba ang perspektiba, lugar, at panahon sa bawat pahina, gabayan nang mabuti ang mga bata sa pagbabasa.



Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikitinggan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Pagkatapos, lilipat ako sa Pangkat 1.*

Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.

- Hatiin ang klase ayon sa antas ng kanilang pagbasa. Papuntahin sa isang bahagi ng silid ang Pangkat 2, at sa kabilang bahagi ng silid ang Pangkat 1. Ipamahagi ang mga *Leveled Reader* sa mga mag-aaral.
- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1	Pangkat 2 (Kasama ang Guro)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Basahin nang tahimik ang kuwento. Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> <i>Sino ang bayani na pinag-uusapan sa klase?</i> _____ <i>Sino-sino ang mga magulang niya? _____ at _____</i> <i>Ano ang hanapbuhay ng tatay niya? _____</i> <i>Ano naman ang hanapbuhay ng nanay niya?</i> _____ <i>Sa anong paaralan naging iskolar si Mabini?</i> _____ <i>Anong kurso ang pinag-aralan niya? _____</i> <i>Ano sana ang gustong kurso ng nanay niya?</i> 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</i></p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.1: <i>Bakit hindi mapakali si Beatrice habang nagsasalita si Bb. Cabiles?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.2: <i>Ilang magkakapatid sina Apolinario Mabini? Sino ang mga magulang niya? Ano ang hanapbuhay nila?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.3: <i>Saan unang nag-aral si Apolinario? Saan niya ipinagpatuloy ang pag-aaral? Ano ang kinuha niyang kurso?</i></p>

TALAAN

Pangkat 1	Pangkat 2 (Kasama ang Guro)
8. Ano ang ginawa niya upang madagdagan ang perang pangmatrikula? _____	Pagkabasa ng p.4: Ano ang kursong gusto ng nanay niya? Bakit law o pag-aabogado ang pinili niya?
(Kasama ang Guro) Pagtalakay sa sagot sa pagsasanay at pagbasa nang malakas ng bahagi ng kuwento Sabihin: Sagutin ang mga tanong sa pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng tamang sagot.	Pagsagot sa pagsasanay Sabihin: Pupunta naman ako sa Pangkat 1, habang sinasagot ninyo ang pagsasanay. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno. Pagsasanay 1. Si Apolinario Mabini ay ipinanganak sa _____. 2. Ang tatay niya ay si _____ at ang nanay niya ay si _____. 3. Naging iskolar siya sa _____. 4. Para madagdagan ang perang panggastos niya sa pag-aaral, siya ay _____. 5. Gusto ng nanay ni Apolinario na siya ay maging _____.

Sabihin: May pabaon akong tanong bago kayo magbasa ng kuwento. Sagutin:

1. Sino si Beatrice?
2. Sino ang idolo ni Beatrice?
3. Kung kayo si Beatrice, magiging idolo rin kaya ninyo si Mabini? Bakit?



4

TAKDANG-ARALIN

Isulat ang pinakanagustuhan ninyo kay Apolinario Mabini.

Pinakanagustuhan ko kay Mabini ang kaniyang pagiging

ARAW

3

LAYUNIN

- Nahihinuha ang mga katangian ng tauhan batay sa kaniyang mga ginawa
- Nababasa, nagagamit sa pangungusap, at nababaybay nang wasto ang mga salitang may kambal-katining
- Nasasabi kung ang ginamit na Pandiwa sa pangungusap ay pangkasalukuyan o pangnagdaan

I

BAHAGINAN

- Magsagawa ng bahaginan batay sa Takdang-Aralin. Ipalahad sa mga mag-aaral ang sagot nila sa sumusunod na panimula:

Pinakanagustuhan ko kay Mabini ang kaniyang pagiging _____.

- Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi tungkol sa katangian ni Mabini na pinakanagustuhan nila.

2

ARALIN: PAGHINUHA NG KATANGIAN NG TAUHAN



Itanong: *Ano-ano ang mga posibleng katangian ng isang tao? Kailan ninyo masasabi na siya ay matulungin? masipag? maalalabanin? matalino? mabait? mapagbigay? Ano ang nagpapatunay ng mga katangiang ito? (Kumuha ng ilang sagot.)*



Sabihin: *Nakikita o nalalaman ang katangian ng isang tao sa pamamagitan ng kaniyang aksiyon. Halimbawa, anong aksiyon ang makapagpapakita na masipag ang isang tao? Magbigay nga kayo ng aksiyong nagpapatunay ng kasipagan. (Kumuha ng ilang sagot.)*

- Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay. Ipasipi ang bawat bilang at ipasagot sa kanilang kuwaderno.

Panuto: Tinalakay sa kuwento kahapon ang mga ginawa ni Mabini. Ibigay ang katangiang ipinakita niya sa sumusunod na sitwasyon.

- Nakakuha si Mabini ng *scholarship* sa Colegio de San Juan de Letran. Siya ay _____.
- Nagturo siya para makaipon at madagdagan ang pangmatrikula. Siya ay _____.
- Nag-aral siya ng *law* o pag-aabogado para makapaglingkod sa kapuwa. Siya ay _____.

3 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 5. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito.

Pagsasanay 1: Mga Salitang May Kambal-katinig

Paalala sa Guro: *Mag-ingat sa salitang “reaksiyon.” Wala itong Kambal-katinig.*

- Ipasipi ang buong pagsasanay sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.
- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga *Skill Builder*. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.



4 DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may nalalabi pang oras matapos ipasagot ang mga *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay:

Kailan Nangyari ang Kilos o Aksiyon?

Basabin ang mga pangungusap. Sabihin kung ang may salungubit na Pandiwa ay pangkasalukuyan o pangnagdaan:

1. Nagpapaliwanag si Bb. Cabiles sa klase ng tungkol kay Mabini.
2. Gabi-gabi, kinukuwentuhan ni Beatrice ang nanay niya.
3. Nagturo si Mabini noong nag-aaral siya sa Unibersidad ng Santo Tomas.
4. Nag-aaral nang mabuti si Apolinario para maging magaling na abogado.
5. Ikinukuwento ni Beatrice sa nanay niya ang nangyari sa klase nila.
6. Nagbabasa sila ng talambuhay ng mga bayani tuwing tapos na ang klase.
7. Nagkasakit nang malubha si Mabini noong 1895.
8. Nagkaroon ng eleksyon ang klase nina Beatrice.
9. Bumoto na lahat ng mag-aaral kahapon.
10. Binibilang ang boto ng bawat kandidato ngayon.



BRIDGING

Ang konsepto ng Pandiwang Pangkasalukuyan at Pangnagdaan ay tinalakay na sa *Mother Tongue*. Maaaring talakayin ng guro kung ano ang magkaparehas at magkaiba sa anyo ng mga Pandiwa sa dalawang wika.

TALAAN

5

TAKDANG-ARALIN

Magsulat sa kuwaderno ng tatlong pangungusap na may Pandiwang Pangkasalukuyan at tatlong pangungusap na may Pandiwang Pangnagdaan.

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katururan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
- **F3PB** Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa binasang kuwento

I

PANIMULANG GAWAIN: MULA KAY MABINI

- Magsagawa ng maikling talakayan tungkol kay Apolinario Mabini.



Itanong: *Ano ang mga bagay tungkol kay Apolinario Mabini na natutunan ninyo nitong mga nakaraang araw? Ano ang mga katangiang kabanga-banga tungkol kay Mabini? Perpekto kaya si Mabini? Nagkakamali rin kaya siya?*

- Kumuha ng ilang sagot mula sa mga mag-aaral. Pagkatapos, isulat o ikabit ang sumusunod na kasabihan mula kay Mabini at ipabasa sa klase:

Hindi masama ang magsuri ng lumipas upang timbangin ang dami ng ating mga pagkakamali... sinumang nagkusang umamin ng mga kasalanan ay nagpapakita ng katapatan at pagsang-ayong iwasto ang mga pagkakamali. – Apolinario Mabini



Itanong:

- *May mga salita ba dito sa sinulat ni Mabini na hindi pa ninyo alam ang kahulugan? (Alamin ang salitang kailangan pang ipaliwanag, at magbigay ng payak na pagklaro ng kahulugan nito.)*
- *Ayon kay Mabini, bakit daw mabuting umamin ng pagkakamali o kasalanan?*

- *Ano raw ang dapat gawin sa mga pagkakamali?*
- *Sumasang-ayon ba kayo kay Mabini? Bakit?*

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

Sabihin: *Ipagpapatuloy ninyo ngayon ang pagbasa ng kuwentong may kinalaman kay Mabini. Pero bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita mula sa susunod na bahagi ng aklat.*

- Isulat sa pisara ang pag-aaralang salita:

malumpo

tagapayo

Konstitusyon

Sabihin: *Gagamitin ko ang mga salitang ito sa pangungusap. Pakiingang mabuti at alamin ang tamang kahulugan batay sa pahiwatig na makukuha mula sa konteksto ng paggamit ko sa salita.*

(1) lumpo

Basahin: *Nang naging **lumpo** ang aking Lolo Nato, hindi na siya makatayo o makalakad. Palagi siyang nakaupo sa wheelchair na itinutulak ng aking tiyo.*

Itanong: *Kapag hindi na makatayo o makalakad ang isang tao, anong bahagi ng kaniyang katawan ang hindi na niya maigalam? Batay dito, ano ang ibig sabihin ng **lumpo**?*

Isulat: **lumpo – hindi na nagagalaw ang binti o paa; hindi na makalakad**

(2) tagapayo

Basahin: *Si Gng. Roces ang **tagapayo** ng mga class officer sa aming klase. Tinatanong siya ng pangulo namin kung ano ang mabuting gawin.*

Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **tagapayo**? Anong tulong ang naibibigay ng mabuting payo? Batay dito, ano ang ginagawa ng isang **tagapayo**?*

Isulat: **tagapayo – tagapagbigay ng ideya o direksiyon; tagagabay**

(3) Konstitusyon

Basahin: *Nakalista sa **Konstitusyon** ng Pilipinas ang mga susunding patakaran at obligasyon ng mga Pilipino. Ito ang pinakamahalagang batas dahil dito nakabatay ang labat ng iba pang batas sa ating bansa.*

TALAAN



Itanong: *Ano ang palinwanag tungkol sa **Konstitusyon** na narinig ninyo sa pangungusap? Anong uri ng dokumento ito? Bakit ito mahalaga?*

**Isulat: Konstitusyon – Saligang Batas;
pinakamataas na batas sa isang bansa,
batayan ng lahat ng iba pang batas**

- Tumawag ng ilang mag-aaral at ipagamit ang mga tinalakay na salita sa sariling pangungusap.
- Magbigay ng ilang pangungusap at ipapili sa mga mag-aaral kung alin sa tatlong salitang pinag-aralan ang dapat ilagay sa patlang.
 - *Kapag isa kang abogado, pulis, o iba pang alagad ng batas, mahalagang alam mo ang _____ ng Pilipinas.*
 - *Kapag may mahalaga akong desisyon na gagawin, humihingi ako ng tulong mula sa aking _____.*
 - *Nang si Apolinario Mabini ay nagkasakit ng polio, inatake ng sakit ang kaniyang mga binti, kaya't siya ay naging _____.*

b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak



Itanong: *Ano ang natutunan ninyo tungkol kay Apolinario Mabini sa binasa ninyong kuwento noong isang araw?*

c. Pagganyak na tanong



Sabihin: *Sa pagbasa ninyo ng karugtong ng kuwento ngayon, alamin: Ano-ano pa kaya ang nagawa ni Mabini para sa ating bayan?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO



Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging* na level) ay magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 (Madali o *easy* na level) ay pakikikinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang pangkatang gawain.

TALAAN

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Isulat ang pagsasanay para sa Pangkat 1 sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</i></p> <p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> Ano ang makabayang organisasyon na sinalihan ni Mabini? Ano ang ginawa ng La Liga Filipina? Sino-sino pa ang kasapi ng La Liga Filipina? Ano ang nangyari kay Mabini noong 1895? Sino ang presidente ng pamahalaang rebolusyonaryo? Ano ang naging trabaho ni Mabini noong presidente ng pamahalaang rebolusyonaryo si Aguinaldo? Ano ang mahalagang isinulat ni Mabini? Ano ang sakit ng nanay ni Beatrice? Ano kaya ang iaanunsyo ni Bb. Cabiles sa klase? 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.6: Ano ang Liga Filipina? Sino-sino ang mga miyembro nito?</p> <p>Pagkabasa ng p.7: Ano ang naging resulta ng pagkakasakit ni Mabini?</p> <p>Pagkabasa ng p.8: Bakit ipinatawag ni Presidente Aguinaldo si Mabini?</p> <p>Pagkabasa ng p.9: Bakit palaging nakahiga ang nanay ni Beatrice?</p> <p>Pagkabasa ng p.10: Ano ang iaanunsyo ni Bb. Cabiles sa klase?</p>

- Bago tumungo sa susunod na gawain, alamin kung may katanungan ang Pangkat 1. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase.

4

PAGTALAKAY SA MGA OPINYON O PALAGAY TUNGKOL SA BINASANG KUWENTO

Sabihin: *Ano ang kaibahan ng katotohanan o katunayan sa opinyon? Magbigay nga ng isang halimbawa ng katunayan at isang halimbawa ng opinyon?*



TALAAAN

- Kumuha ng ilang sagot. Siguruhing mababanggit ang pangunahing kaibahan: wala nang pagtatalo at matitiyak ang katotohanan ng isang katunayan, habang maaaring magkaroon ng iba't ibang opinyon. Magbigay ng sariling halimbawa, katulad ng: *Katotohanan na ang mundo ay bilog. Opinyon na ang mundo ang pinakamagandang planeta sa buong kalawakan.*



Sabihin: *Kapag nagbibigay ng sariling palagay sa nabasang kuwento, naglalahad kayo ng sarili ninyong opinyon. Gusto kong marinig ang palagay o opinyon ninyo sa mga nabasa ninyo. May inilista akong mga tanong dito sa pisara. Babasabin ko ang mga ito. Habang binabasa ko, isipin kung ano ang palagay ninyo tungkol sa tinatanong. Walang tama o mali dito, dahil opinyon ninyo ito. Pero mahalagang pag-isipan ninyo itong mabuti at gamitin ang inyong pagsusuri at pag-iisip sa pagbuo ng inyong opinyon.*

- Isulat at basahin para sa klase ang sumusunod:
 1. *Ano sa palagay ninyo ang kabutihang idinulot ng La Liga Filipina? Bakit?*
 2. *Kabit lumpo si Mabini, masipag pa rin niyang isinusulong ang kapakanan ng mga mamamayan. Sa palagay ba ninyo, may pagkakataon ding gusto na niyang sumuko? Bakit?*
 3. *Sa palagay ninyo, dapat bang ituro sa mga mag-aaral ang mga karapatan at obligasyon ng mga Pilipino? Bakit?*
 4. *Sa palagay ninyo, ano-ano ang mapupulot na aral ng mga mag-aaral sa kuwento ng buhay ni Mabini? Bakit?*
 5. *Sa palagay ninyo, kaya ba ni Beatrice na maging opisyal ng klase? Bakit?*
 6. *Sa palagay ninyo nanalo kaya si Beatrice bilang class officer? Bakit?*



Sabihin: *Humarap sa inyong katabi. Pumili ng isa sa mga tanong dito sa pisara at ihayag ang inyong opinyon sa inyong kapares. Pakinggan din ang kaniyang palagay tungkol sa napili niyang pangungusap. Bibigyan ko kayo ng limang minuto para magbahaginan.*

- Mag-ikot sa klase at pakinggan ang kanilang paglalahad. Tumawag ng ilang mag-aaral at hayaang ilahad nila ang kanilang opinyon sa buong klase. Magsagawa ng pagsusuma.



Sabihin: *Maaaring sabibing walang tama o maling opinyon, at na ang labat ng tao ay may karapatan sa kanilang sariling palagay tungkol sa isang paksa. Ngunit mahalagang tandaan na kapag bumubuo tayo ng ating opinyon, ibinabatay natin ito sa katotohanan, at maaari nating ipalitanag at panindigan ang ating mga palagay.*

5

TAKDANG-ARALIN

Maglista ng dalawang patakaran na maaaring isulong ng mga class officer ng inyong klase.

LAYUNIN

- **F3PT** Naibibigay ang pagkakatulad ng mga tauhan sa kuwento
- **F3PB** Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan
- **F3KM** Nakasusulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayani nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat
- **F3EP** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon sa nilalaman ng aklat

ARAW

5

1 PANIMULANG GAWAIN: PAGPUPULSO

- Alamin kung alin sa mga kakayanan at konseptong tinalakay nitong nakaraang mga araw ang kailangan pang linawin sa mga mag-aaral. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:
 - *Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase sa mga nakaraang araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?*
 - *Alin naman ang babagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?*
 - *Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangan muling ituro o ipakita ng guro?*
- Kung kinakailangan, magtanong sa mas direktang paraan:
 - *Masasabi na ba ninyo kung ano ang kaibahan ng katunayan sa opinyon?*
 - *Magagamit na ba ninyo sa sariling pangungusap ang labat ng salita mula sa ating talasalitaan?*
 - *Maisasalaysay na ba ninyo ang mga pangyayari mula sa kuwentong binasa, sa inyong sariling pananalita?*
- Batay sa isinagot ng mga mag-aaral, magsagawa ng mabilisang pagpapaliwanag o pagrerebyu bago tumungo sa susunod na gawain.

2 PAGBABALIK-ARAL: TALASALITAAN

- Ikabit o isulat sa pisara ang sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita. Piliin ang sagot mula sa kahon:

isinulong	angkin	isinantabi
tagapayo	malala	

1. Kahanga-hanga ang _____ niyang talino.

TALAAN

2. _____ ng mga opisyal ng barangay ang paglinis ng ilog.
3. Naging _____ ng barangay ang alkalde ng bayan.
4. _____ ang sakit ni Lola Conchita kaya isinugod namin siya sa ospital.
5. _____ ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaway. Nagkasundo sila sa mga gagawing patakaran sa klase.

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 11. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang mga tanong sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.



Pagsasanay: Paghahambing

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may nalalabi pang oras pagkatapos sagutan ang *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay.

a. Pagsulat ng Talambuhay



Sabihin: *Ang talambuhay ay galing sa dalawang salita.*

Masasabi ba ninyo kung ano ang mga salitang ito? Tama: tala at bubay. Ang talambuhay ay tala/pagpansin/paglilista ng mga pangyayari sa bubay ng isang tao. Talakayin natin ang mahabalagang pangyayari sa bubay ni Mabini. Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. *Kailan at saan ipinanganak si Apolinario Mabini?*
2. *Sino-sino ang magulang niya?*
3. *Saan nag-aral si Mabini?*
4. *Ano ang kursong kinuha niya?*
5. *Ano ang makabayang organisasyon na sinalihan niya?*
6. *Sino-sino ang ibang miyembro ng organisasyon?*
7. *Ano ang naging sakit niya?*
8. *Bakit siya ipinatatag ni Emilio Aguinaldo?*
9. *Ano ang isa sa mga naisulat ni Mabini?*

Gamitin ang mga sagot sa tanong sa pagbuo ng talambuhay ni Apolinario Mabini:

TALAAAN

Ang Talambuhay ni Apolinario Mabini

Si Apolinario Mabini ay ipinanganak noong _____ sa _____. Sina _____ at _____ ang mga magulang niya. Nag-aral siya ng _____ sa _____ at sa _____. Naging miyembro siya ng _____. Kasama niya sa organisasyon sina _____, _____, at _____.

Noong _____ nagkasakit siya at naging _____. Ipinatawag siya ni _____ at inatasang maging _____. Isa sa mga isinulat niya ay ang _____.

b. Pagtukoy ng Impormasyon Mula sa Talaan ng Nilalaman

Sabihin: *Sa unang pahina ng aklat, makikita ninyo ang talaan ng mga nilalaman nito. Makikita sa ibaba ang Talaan ng Nilalaman ng inyong aklat sa Filipino na pinamagatang “Batang Pinoy Ako.”*



Talaan ng Nilalaman

Yunit 1: Pamilya Ko, Mamahalin Ko

Aralin 1: Ako Ito 2

Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

Aralin 2: Pamilya Ko 7

Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

Pagkilala sa Iba't Ibang Bahagi ng Aklat

Aralin 3: Pag-uugali Ko 10

Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay

Aralin 4: Libangan Ko 13

Paggamit ng Diksiyunaryo

Aralin 5: Pangarap Ko 17

Pagbibigay ng Tauhan, Tagpuan, at Banghay ng Kuwento

Aralin 6: Kakayahan Ko 22

Paggamit ng Panghalip (Kami, Tayo, Kayo, Sila)

Pagbibigay-kahulugan sa Pictograph

Aralin 7: Paniniwala Ko 26

Pagbuo ng Bagong Salita

TALAAAN

Hanapin ang sagot para sa sumusunod na tanong mula sa Talaan ng Nilalaman:

1. Ano ang pamagat ng Yunit 1 ng aklat? _____
2. Ilan ang nakalistang aralin sa unang pahina ng nilalaman?

3. Sa aling aralin pag-aaralan ang pagbibigay ng tauhan, tagpuan, at banghay ng kuwento? _____
4. Sa aling aralin pag-aaralan ang *pictograph*? _____
5. Sa anong pahina pag-aaralan ang paggamit ng diksyonaryo?

ARALIN


16

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: ANG ISANG BAYANI

LEVELED READER: ANG MGA BAYANING BABAE NG BANSA



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 16

Tema: Ang Isang Bayani

Leveled Reader: Ang mga Bayaning Babae ng Bansa

(*Kuwento ni Sierra Paraan; Guhit ni Rea Diwata Mendoza*)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
1	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa mga bayaning babae
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>tagapagtatag, kasagsagan, pananakop, magpamahagi</i>
		<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pagganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Kuwentong Pinakikinggan: <i>Ang mga Bayaning Babae sa Bansa</i>
2	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mahahalagang detalye tungkol sa tauhan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang detalye tungkol sa tauhan
	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag

KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon

PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang bayaning babae 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa isang bayaning babae
2. Paghahanda sa Pakikinig <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita <p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Ihanda ang mga mag-aaral sa pakikinig sa kuwento; magbigay ng pagganyak na tanong 	2. Paghahanda sa Pakikinig <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita sa kuwento Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita <p>b. Pagganyak at Pagganyak ng Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain at pagsagot sa pagganyak na tanong
3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang kuwento 	3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento
4. Pagtalakay ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Magtanong tungkol sa kuwentong binasa 	4. Pagtalakay ng Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento
5. Pagsasanay: Mahahalagang Detalye Tungkol sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang mahahalagang detalye tungkol sa tauhan 	5. Pagsasanay: Mahahalagang Detalye Tungkol sa Kuwento <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang detalye tungkol sa tauhan
6. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa napag-aralan 	6. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain
7. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	7. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa takdang-aralin
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa takdang-aralin 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga sagot sa takdang-aralin
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>tinalakay, sabat</i>
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Unang Bahagi ng <i>Leveled Reader: Ang mga Bayaning Babae ng Bansa</i>
	PP PT PU	<ul style="list-style-type: none"> Napipili ang mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang Hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit sa pangungusap ng mga salitang hiram 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng salitang hiram
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang Pandiwang Panghinaharap at ang angkop na salita na nagsasabi kung kailan ginawa ang aksiyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Panghinaharap
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Napipili ang mga detalye na angkop sa pangunahing ideya 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Detalye para sa Pangunahing Ideya

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap at ibigay ang kahulugan ng mga salita; at ipagamit sa kanila ang mga salitang ito sa pangungusap <p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>2. Paghahanda sa Indibidwal na Pagbasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap <p>b. Pagganyak at Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa sa Kuwento ng mga Mag-aaral</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p>	<p>3. Pagbasa sa Kuwento ng mga Mag-aaral</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p>
<p>4. Aralin: Mga Salitang Hiram sa Ingles</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang mga salitang hiram sa Ingles 	<p>4. Aralin: Mga Salitang Hiram sa Ingles</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpili sa mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino Paggamit sa pangungusap ng salitang hiram sa Ingles
<p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng tanong para sa takdang-aralin 	<p>5. Takdang-aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa takdang-aralin
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga sagot sa takdang-aralin
<p>2. Aralin: Pandiwang Panghinaharap</p> <ul style="list-style-type: none"> Ipaliwanag kung paano isinusulat ang Pandiwang Panghinaharap at ang mga salita na nagsasabi kung kailan ginagawa ang Pandiwa 	<p>2. Aralin: Pandiwang Panghinaharap</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa Pandiwang Panghinaharap
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Ipaliwanag kung ano ang pangunahing ideya; Hikayatin ang mga mag-aaral na sipiin ang mga detalye para sa pangunahing ideya 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsipi sa mga detalye na angkop sa pangunahing ideya
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PT	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang mga salitang magkasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang Magkasingkahulugan
	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan: Sagot sa Takdang-Aralin
4	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>nakabase, idisenyo, espiya</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikatlong Bahagi ng <i>Leveled Reader: Ang Mga Bayaning Babae ng Bansa</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Napagtatambal ang pangalan ng tauhan at ang ginawa nitong kabayanihan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtambal ng tauhan at ng ginawa nitong kabayanihan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Dagdag na Pagsasanay: Mga Salitang Magkasingkahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sipiin ang mga salitang magkasingkahulugan <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Ibigay ang wastong sagot sa mga <i>Skill Builder</i> at alamin ang marka ng mga mag-aaral <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magpasulat ng mga pangungusap sa mga mag-aaral 	<p>4. Dagdag na Pagsasanay: Mga Salitang Magkasingkahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsipi sa mga salitang magkasingkahulugan <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggawa ng takdang-aralin
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga sagot sa takdang-aralin
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kahulugan ng mga salita at ipagamit ang mga ito sa pangungusap 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa nabasang bahagi ng kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng Mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa 	<p>3. Pagbasa ng Mga Mag-aaral sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>4. Pagsasanay: Pagtalakay sa Mahahalagang Detalye Tungkol sa Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pagtambalin ang pangalan ng tauhan at ang mahalagang ginawa nito bilang isang bayani 	<p>4. Pagsasanay: Pagtalakay sa Mahahalagang Detalye Tungkol sa Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtambal ng pangalan ng tauhan at ng mahalagang ginawa nito bilang isang bayani
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4			
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan: Sagot sa Takdang-Aralin
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung ang nakasaad na pangungusap ay katunayan o opinyon 	<ul style="list-style-type: none"> Katunayan o opinyon
	PU	<ul style="list-style-type: none"> Nababaybay nang wasto sa wikang Filipino ang mga salitang hiram sa Ingles 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbaybay sa wikang Filipino ng mga salitang hiram
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayaning babae nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talambuhay ng bayaning babae

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
5. Takdang-Aralin	5. Takdang-Aralin
<ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa takdang-aralin
1. Bahaginan	1. Bahaginan
<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa takdang-aralin 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga sagot sa takdang-aralin
2. Aralin: Opinyon o Katunayan (<i>Opinion vs Fact</i>)	2. Aralin: Opinyon o Katunayan (<i>Opinion vs Fact</i>)
<ul style="list-style-type: none"> Ipaliwanag ang kaibahan ng katunayan at opinyon at talakayin ang mga halimbawang pangungusap na nagsasaad ng katunayan at opinyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa pangungusap na nagsasaad ng katunayan at opinyon
3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i>	3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i>
<ul style="list-style-type: none"> Ipabasa ang mga salitang Ingles at hikayatin ang mga mag-aaral na baybayin ang mga ito sa wikang Filipino 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbaybay ng mga salitang hiram sa wikang Filipino
4. Dagdag na Pagsasanay	4. Dagdag na Pagsasanay
a. Talasalitaan	a. Talasalitaan
<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutan ang pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan
b. Pagsulat ng Talambuhay ng Isang Bayaning Babae	b. Pagsulat ng Talambuhay ng Isang Bayaning Babae
<ul style="list-style-type: none"> Talakayin kung ano at paano isinusulat ang isang talambuhay at hikayatin ang mga mag-aaral na isulat ang talambuhay ng bayaning babae ng bansa nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talambuhay ng bayaning babae ng bansa nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat
5. Pagpupulso	5. Pagpupulso
<ul style="list-style-type: none"> Alamin kung aling kakayanan ang kailangan pang tutukan sa susunod na linggo 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain
6. Takdang-Aralin	6. Takdang-Aralin
<ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin sa mga mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsasaliksik sa mga <i>UNESCO Heritage sites</i>
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasang PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PT** Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita
- **F3PN** Naiiugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Naibibigay ang mahahalagang detalye tungkol sa tauhan

I

BAHAGINAN



Sabihin: *Ang bayani ay isang tao na may ginawang kabutihan para sa kaniyang bayan o isang tao na tumutulong o nagliligtas sa ibang taong nangangailangan. Nitong mga nakaraang linggo, may nakilala tayong mga bayaning may kapansanan, mga batang bayani, at mga bayaning aso at lumba-lumba. Ngayong linggo, matututuhan natin ang tungkol sa mga bayaning babae. Sino ang kilala ninyong bayaning babae? Ito ang paksa ng bahaginan natin ngayon. Humarap sa inyong katabi at magbahaginan kayo tungkol sa isang bayaning babae. Ano ang pangalan niya? Ano ang ginawa niyang kabutihan o kabayanihan para sa bayan? Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:*

Ang kilala kong bayaning babae ay si _____.
Nakatulong siya sa bayan noong/dahil _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang higit na magabayan ang mga mag-aaral.
Halimbawa: *Ang kilala kong bayaning babae ay si Gabriela Silang. Nakatulong siya sa bayan dahil isa siya sa mga namuno sa pag-aaklas ng Ilocos laban sa mga mananakop na Espanyol mula 1762-1763.*
- Bigyan ng tatlong minuto ang mga magkakapares para sa kanilang bahaginan. Tumawag ng ilang mag-aaral matapos ang tatlong minuto at hayaan silang maglahad ng kanilang pangungusap sa buong klase.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang pag-aaralang salita para sa araw na ito:

tagapagtatag
kasagsagan

pananakop
magpamahagi

Sabihin: *Nasa pisara ang mga bagong salita na maririnig ninyo sa babasahin kong teksto ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Alamin ang kahulugan batay sa konteksto ng paggamit ko sa mga salitang ito. Pagkatapos, piliin mula sa kahon ang tamang kahulugan ng bawat salita.*



- Ikabit o isulat sa pisara ang kahon ng mga pagpipiliang kahulugan, at basahin kasabay ng mga mag-aaral:

- a. kalakasan
- b. mamigay
- c. tagapagtayo ng samahan upang gampanan ang isang mabuting layunin
- d. pagsasailalim ng isang bansa sa kapangyarihan ng mas malakas na bansa

(1) **tagapagtatag**

Basahin: *Nagtayo ang mga kabataan sa bayan ng isang samahan na ang layunin ay mapangalagaan ang kalikasan. Isa sa mga proyekto nila ay ang pagtatanim ng mga puno sa bakanteng lote. Puro kabataan ang naging mga **tagapagtatag** sa samahang tinawag nilang Kabataang Makakalikasan.*



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **tagapagtatag**? Higit sa isa ang kahulugan ng tatag. Maaari itong tumukoy sa tibay ng isang bagay. Maaari din itong tumukoy sa aksiyon ng pagsimula ng isang bagay. May salita ba sa pangungusap na binasa ko na kasingkahulugan ng tatag? Ano ang itinatag ng mga kabataan sa pangungusap? Alin sa mga pagpipiliang kahulugan sa kahon ang kasingkahulugan ng **tagapagtatag**? (Sagot: C. Isulat ang salitang **tagapagtatag** sa tapat ng kahulugan nito.)*



(2) **pananakop**

Basahin: *Nagtatag ng hukbo at nakipaglaban ang mga matatapatang na Pilipino dahil hindi sila sang-ayon sa **pananakop** ng mga Hapon sa ating bansa. Sa kabila nito, nanatili pa rin ang panlulupig ng mga Hapon sa Pilipinas mula 1942 hanggang 1945.*



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **pananakop**? May salita ba sa pangungusap na binasa ko na kasingkahulugan ng sakop o **pananakop**? Narinig na ba ninyo ang salitang “panlulupig”? Halimbawa, ‘sa manlulupig hindi ka pasisiil.’ Alin sa mga pagpipiliang kahulugan sa kahon ang kasingkahulugan ng **pananakop**? (Sagot: D. Isulat ang salitang **pananakop** sa tapat ng kahulugan nito.)*



TALAAN

(3) kasagsagan



Basahin: Noong **kasagsagan** ng bagyong Yolanda, biglang nilipad ng malakas na bugso ng hangin ang bubong ng bahay nila Tiya Rosario. Nabasa ang labat ng gamit nila.



Itanong: Ano ang pumapasok sa isip ninyo kapag narinig ang salitang **kasagsagan**? Sa pangungusap na binasa ko, ano ang umabot sa kasagsagan? Naranasan na ba ninyo ang **kasagsagan** ng isang bagyo? Gaano kalakas ang bagyo kapag kaya nitong paliparin ang mga bubong? Ano pa ang may kasagsagan? Kasagsagan ng init. Kasagsagan ng _____. Alin sa mga pagpipiliang kahulugan sa kabon ang kasingkahulugan ng **kasagsagan**?

(Sagot: A. Isulat ang salitang **kasagsagan** sa tapat ng kahulugan nito.)

(4) magpamahagi



Basahin: Tumulong ang mga Boy Scout na **magpamahagi** ng mga damit at pagkain sa mga nasalanta ng bagyo. Lubos ang pasasalamat ng mga nasalanta sa natanggap nilang handog mula sa mga organisasyong nagpapamahagi ng tulong.



Itanong: Alin sa mga salitang narinig ninyo ang nagpahiwatig ng kahulugan ng **magpamahagi**? Ano pa ang ibang bagay na maaaring ipamigay sa mga nasalanta ng bagyo? Alin sa mga pagpipiliang kahulugan sa kabon ang kasingkahulugan ng **magpamahagi**?

(Sagot: B. Isulat ang salitang **magpamahagi** sa tapat ng kahulugan nito.)

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan, at pasulatin sila ng pangungusap gamit ang mga salitang ito. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipalahad ang kanilang mga pangungusap sa buong klase.

b. Pagganyak



Sabihin: Pinag-usapan natin noong isang linggo ang bayani na nasa sampung pisong barya. Tingnan ang bayaning tampok sa 500 piso at sa 1,000 piso. Kilala ba ninyo sila?

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: Nasa 500 piso ang larawan ng yumaong Pangulong Corason Aquino. Nasa 1,000 piso naman ang larawan ni Josefa Llanes Escoda. Sino kaya si Josefa Llanes Escoda? Ito ang aalaman ninyo sa babasahin kong teksto ngayong araw.

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

Sabihin: *Makinig sa babasabin kong teksto. Ang teksto ay tungkol sa mga bayaning babae ng Pilipinas. Ang may-akda ng kuwento ay si Bb. Sierra Paraan. Ano nga ulit ang dapat tandaan kapag nakikinig?*



- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na teksto:

“Mga Bayaning Babae”

Nakakita ka na ba ng limang daang piso? Ano ang napansin mo rito? Ano sa tingin mo ang pagkakapareho ng limang daang piso at isang libo?

Ang mga perang ito ang tanging nagtatampok ng mga bayaning babae. Sa limang daang piso, nariyan ang mukha ng ating dating Presidenteng Corazon Aquino. Sa isang libo, tampok si Josefa Llanes Escoda na kasama ang dalawa pang tanyag na Pilipino. Mayroon ba kayong ideya kung sino si Josefa? Bakit kaya siya piniling maitampok sa ating salapi?

Si Josefa Llanes Escoda ay kilalang bayani ng bansa, ispirituwal na lider, at isa sa mga tagapagtatag ng Girl Scouts of the Philippines. Malaki ang naitulong niya sa kasagsagan ng pananakop ng Hapon sa bansa. Tumulong siyang magtakas, magpadala, at magpamahagi ng mga pagkain, medisina, armas, at damit sa mga Pilipinong lumalaban para sa kalayaan ng bansa.

Tubong Ilocos Norte, si Josefa ang panganay sa pitong magkakapatid. Sa murang edad, kinakitaan na siya ng talino. Nagkamit siya ng maraming parangal mula grade school hanggang sa masteral degree. Ang lahat ng kaniyang natutunan ay ginamit niya sa pagtulong sa bayan. Sa ngayon, mayroong kalye, gusali, monumento, at perang nagtatanghal sa kadakilaan ni Josefa Llanes Escoda.

Ikaw, may kilala ka bang bayaning babae bukod sa kaniya? Abangan ang kuwento natin ngayong linggo upang makilala natin ang iba pang bayaning babae.



TALAAN

4

PAGTALAKAY NG KUWENTO

Itanong ang sumusunod at magsagawa ng talakayan tungkol sa teksto:

1. *Sino ang babaeng tampok sa 1,000 piso?*
2. *Ano-ano ang nagawa ni Josefa Llanes Escoda?*
3. *Ano-ano ang naitulong niya noong kasagsagan ng pananakop ng mga Hapon?*
4. *Saan siya ipinanganak?*
5. *Ano ang nagpapatunay ng katalinuhan niya?*
6. *Ano-ano ang nagpapaalala sa atin ng kabayanihan niya?*

5

PAGSASANAY: MAHAHALAGANG DETALYE TUNGKOL SA TAUHAN

Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay. Kung kinakailangan, maaaring basahin muli ang teksto para sa mga mag-aaral.

Panuto: Kopyahin sa kuwaderno at kompletuhin ang mahahalagang detalye tungkol kay Josefa Llanes Escoda na narinig sa kuwento:

Buong pangalan: _____

Lugar ng kapanganakan: _____

Katangian: _____

Mga ginawang pagtulong noong pagsakop ng mga Hapon sa Pilipinas: _____

Ginampanang papel sa Girl Scouts of the Philippines: _____

Paano pinarangalan: _____

6

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Ipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pagsang-ayon sa mga babanggiting pangungusap batay sa lakas ng kanilang pagpalakpak. Papalakpak sila nang malakas kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggiting pangungusap. Papalakpak sila nang mas mahina kung bahagya lang ang kanilang pagsang-ayon, at hindi sila papalakpak kung hindi sila sumasang-ayon.

- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Alam ko na ang kabulugan ng **tagapagtatag**.*
 - *Alam ko na ang kabulugan ng **pananakop**.*
 - *Alam ko na ang kabulugan ng **kasagsagan**.*
 - *Alam ko na ang kabulugan ng **magpamahagi**.*
 - *Maisasalaysay kong muli ang mga narinig kong detalye tungkol kay **Josefa Llanes Escoda**.*
- Alamin kung sino ang mga batang hindi pumalakpak sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng nakararami sa mga mag-aaral. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

TALAAN

7

TAKDANG-ARALIN

Gamitin ang mga pinag-aralang salita ngayong araw sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong na ito sa porma ng pangungusap.

- Sinong bayaning Pilipino ang **tagapagtatag** ng Katipunan?
- Kailan naganap ang **pananakop** ng mga Kastila sa Pilipinas?
- Ano ang dapat gawin sa **kasagsagan** ng bagyo?
- Anong simpleng handog ang maaaring **ipamahagi** sa inyong mga kapamilya kapag kaaarawan nila?

ARAW

2

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito
- **F3PP; F3PT; F3PU** Napipili ang mga salitang hiram sa Ingles na binaybay sa wikang Filipino
- **F3PT** Nagagamit sa pangungusap ng mga salitang hiram

BAHAGINAN

- Pakinggan ang mga pangungusap na ipinasulat sa Takdang-Aralin kahapon na sumasagot sa sumusunod na tanong:
 - *Sinong bayaning Pilipino ang **tagapagtatag** ng Katipunan?*
 - *Kailan naganap ang **pananakop** ng mga Kastila sa Pilipinas?*
 - *Ano ang dapat gamitin sa **kasagsagan** ng bagyo?*
 - *Anong simpleng handog ang maaaring **ipamahagi** sa inyong mga kapamilya kapag kaaarawan nila?*
- Tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang mga isinulat na pangungusap. Kung kinakailangan, gabayan sila sa pagsasaayos ng ideya at porma ng kanilang paglalahad.

2

PAGHAHANDA SA INDIBIDWAL NA PAGBASA (PAGBASA NG LEVELED READER)

PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA LEVELED READERS

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

TALAAAN

2. Ang kuwento para sa Aralin 15 at 16 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng dalawang kuwento at ang guhit ng unang kuwento. Ang pangalawang kuwento ay magsisimula naman sa pahina 12 at ang guhit ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 25. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa unang kuwento. Para sa pangalawang kuwento, titingnan nila ang guhit sa pahina 25.

a. Paghawan ng Balakid

Sabihin: *Bago ninyo basabin ang aklat para sa linggong ito, pag-aralan muna natin ang ilang salita.*

Isulat ang **finalakay** at **sabat** sa pisara. Ipabasa sa klase bago tumungo pag-usapan ang mga salita.

(1) tinalakay

Basahin: *Tinalakay* sa klase ang iba't ibang paraan ng pagtulong sa bansa na maaaring gawin ng mga mag-aaral. Nagpahayag ng kani-kanilang ideya ang mga miyembro ng klase. Nagpalitan sila ng kanilang mga opinyon tungkol sa mga posibleng proyekto at hakbang na makatutulong sa bayan.

Sabihin: *Ano ang mga pahiwatig mula sa binanggit kong pangungusap na nagbibigay ng ideya tungkol sa salitang tinalakay? (Posibleng sagot: nagpahayag ng ideya, nagpalitan ng opinyon) Ano ang salitang-ugat ng tinalakay? Ano ang iba pang salita na mula sa salitang-ugat na ito? (Posibleng sagot: talakayan) Ano ang ginagawa kapag may tinatalakay?*

Isulat: **finalakay** – pinag-usapan

(2) sabat

Basahin: *Pinag-uusapan nina Tatay at Lolo ang tungkol sa nakaraang bagyo. Pumasok si Kuya at biglang sumali sa usapan. "Nilo," sabi ni Tatay kay Kuya, "hindi maganda ang basta sasabat sa usapan kung hindi ka naman kasali." "Sorry po," sabi ni Kuya.*

Sabihin: *Ano ang pahiwatig mula sa binanggit kong pangungusap na nagbibigay ng ideya tungkol sa salitang sabat? (Posibleng sagot: biglang pagsali sa usapan) Ano ang ginagawa ng taong sumasabat?*

Isulat: **sabat** – biglang pagsingit o pagsali sa usapan ng iba

TALAAN

b. Pagganyak



Sabihin: *May ibang naniniwala na maliit lamang ang papel ng mga kababaihan sa rebolusyon ng Pilipinas noong panahon ng Kastila. Sumasang-ayon ba kayo dito? Bakit?*

c. Pagganyak na Tanong



Sabihin: *Sa kuwentong babasahin ninyo ngayon, alamin: sino ang nabanggit na bayaning babae sa bahaging ito ng ating kuwento? Ano ang papel niya sa Katipunan at sa rebolusyon?*

3

PAGBASA NG KUWENTO NG MGA MAG-AARAL



Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tabimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikinggan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Pagkatapos, lilipat ako sa Pangkat 1.*

- Hatiin ang klase ayon sa antas ng kanilang pagbasa. Papuntahin sa isang bahagi ng silid ang Pangkat 2, at sa kabilang bahagi ng silid ang Pangkat 1. Ipamahagi ang mga *Leveled Reader* sa mga mag-aaral.

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.



Sabihin: *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuha ninyong impormasyon dito? Buklatin ang aklat at tingnan nang mabilisan ang laman nito.*

- Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.



Sabihin: *Malinaw ba ang gagawin ng bawat pangkat? Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tabimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tabimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko dito sa pisara. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

TALAAN

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <p>1. Bakit kaya namumula si Beatrice at nanunuyo ang lalamunan niya noong meeting ng officers ng klase? _____</p> <p>2. Sino-sino ang mga paboritong bayani na binanggit ng klase? _____, _____, at _____</p> <p>3. Sino ang bayaning babaeng binanggit ni Bb. Cabiles? _____</p> <p>4. Bakit kaya siya tinawag na Ina ng Rebolusyon? _____</p> <p>5. Ano ang maipapayo mo kay Henry na palaging sumasabat sa talakayan sa klase?</p>	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p> <p>Pagkabasa ng p. 12: Ano-ano ang tinalakay ni Bb. Cabiles noong unang meeting ng class officers?</p> <p>Pagkabasa ng p. 13: Sino ang natatanging babaeng officer ng klase? Ano kaya ang naramdaman niya noong meeting? Bakit kaya niya ito naramdaman?</p> <p>Pagkabasa ng p. 14: Sino-sino ang mga bayaning binanggit ng klase? Bakit kaya puro bayaning lalaki ang binanggit nila?</p> <p>Pagkabasa ng p. 15: Ano-anong tulong ang ginawa ng Ina ng Rebolusyon sa mga Katipunero?</p>
<p>(Kasama ang Guro) Talakayin ang sagot ng Pangkat 1 sa pagsasanay at ipabasa nang malakas ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay sa kanilang sagot sa bawat bilang.</p>	<p>Pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Sabihin: Pupunta naman ako sa Pangkat 1. Habang nasa kabilang pangkat ako, sagutan ninyo ang pagsasanay na ito. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.</p> <p>1. babaeng opisyal ng klase: _____</p>

TALAAN

	<p>2. nag-akala na hindi kaya ng babae ang maging bayani: _____</p> <p>3. tawag sa pinakakilalang bayaning babae: _____</p> <p>4. mga ibinigay ng klase na kilala nilang bayani: _____, _____, at _____</p>
--	---

4

ARALIN: MGA SALITANG HIRAM SA INGLÉS



Sabihin: Basabin ang mga salitang nasa kabon. Alin dito ang mga salitang hiram sa wikang Ingles na binaybay sa wikang Filipino?

misis	patakaran	bolpen
barangay	lider	miting
silya	eksport	iskor

- Kumuha ng sagot mula sa klase. Ang mga salitang hiram mula sa Ingles ay ang sumusunod:

misis, bolpen, iskor, miting, eksport, lider



Sabihin: Parating nagbabago at yumayaman ang wika. Sinasalamin ng wika ang mga pagbabago at impluwensiya ng iba-ibang kultura, wika, at porma ng komunikasyon. Labat ng wika sa mundo ay kumukuba o humibiram ng salita mula sa iba pang wika. Sa katunayan, kabit ang wikang Ingles ng mga Amerikano (*American English*) ay nanghiram din ng ilang salita mula sa wikang Filipino. (Halimbawa, bundok – *boondock*; amok – *amok*)

Dabil sa ating kasaysayan, may mga salita mula sa wikang banyaga na pumasok sa bokabularyo ng wikang Filipino. Maraming salita ang hiram sa wikang Espanyol. Aling salita dito sa kabon ang hiram sa wikang Espanyol? (sagot: silya - silla) May mga salita ring hiram sa wikang Ingles. Sa kalaunan, nagbago ang baybay ng salita mula sa orihinal na baybay nito sa pinaghiramang wika. Kapag ginagamit natin ang mga salitang ito sa wikang Filipino, ginagamit natin ang nakagawian na nating pagbaybay sa mga salitang ito.

- Ikabit o isulat ang sumusunod na talahanayan sa pisara:

Baybay sa Wikang Ingles	Baybay sa Wikang Filipino	Kahulugan
ballpen	bolpen	panulat
Mrs.	misis	babaeng may-asawa
leader	lider	pinuno
meeting	miting	pagpupulong
export	eksport	produktong binebenta sa ibang bansa
score	iskor	tala ng puntos sa isang laro

Sabihin: *Napansin ba ninyo ang pagbabago ng baybay mula sa orihinal na Ingles? Nagbago man ang baybay, pareho pa rin ang kahulugan ng salita. May maisip pa ba kayong ibang salitang hiram mula sa Ingles na nagbago ang baybay sa wikang Filipino? May tanong ba kayo tungkol sa mga salitang hiram?*

- Ipasipi ang talahanayan. Hayaang gamitin ng mga mag-aaral sa sariling pangungusap ang ilang salitang hiram mula sa talahanayang ito. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ilahad ang kanilang mga pangungusap sa buong klase.

5 TAKDANG-ARALIN

Sino pa ang ibang mga babae mula sa Pilipinas na kinikilala ngayon bilang mga pinuno sa kanilang napiling larangan? Ilista ang mga ito. Maaaring humingi ng tulong mula sa magulang o iba pang kapamilya sa pagasagot ng tanong na ito.

TALAAAN

PAALALA SA GURO

Maaaring mapansin ng mga mag-aaral na may ilang salita mula sa Ingles na ginagamit sa mga sulating Filipino, ngunit pinanatili na ang orihinal na baybay. Halimbawa, sa aklat na ito, ginamit ang pariralang “class officers.” Naging gawain na ngayon, lalo na kung mas kumplikado ang subukang isa-Filipino ang baybay, na pag-isahin na lang ang baybay ng mga salitang Ingles na bagong dagdag sa bokabularyong Filipino. Iniiba na lang ang paglimbag ng mga salitang ito, o inilalagay sa loob ng mga panipi.

ARAW

3

LAYUNIN

- **F3WG** Naibibigay ang Pandiwang Panghinaharap at ang angkop na salita na nagsasabi kung kailan ginawa ang aksiyon
- **F3PB** Napipili ang mga detalye na angkop sa pangunahing ideya
- **F3PT** Naibibigay ang mga salitang magkasingkahulugan

BAHAGINAN

- Gamitin ang ipinagawang takdang-aralin kahapon bilang paksa ng bahaginan. Hayaang magbahaginan ang mga magkakatabi tungkol sa mga inilista nilang tanyag na Filipina na kinikilala sa kanilang mga napiling larangan. Maaari nilang gamitin ang panimulang ito:

Nangunguna sa kaniyang larangan ang Filipinang si _____. Isa siyang tanyag na _____, at kinikilala siya para sa kaniyang _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap upang maipakita sa mga mag-aaral ang ipinapagawang paglalahad. Halimbawa: *Nangunguna sa kaniyang larangan ang Filipinang si Josette Biyo. Isa siyang tanyag na guro at siyentista, at kinikilala siya para sa kaniyang praktikal, malalim, at epektibong pagtuturo ng agham.*
- Bigyan ng tatlong minuto ang mga magkapares. Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad tungkol sa kanilang tanyag na Filipina sa buong klase.

2

ARALIN: PANDIWANG PANGHINAHARAP

Isulat o ipaskil sa pisara ang sumusunod na pangungusap na gumagamit ng Pandiwang Panghinaharap.

Panuto: Basahin ang mga naisip ng mga mag-aaral na gawin **mamayang gabi**.

1. Magtatanong ako kay Lolo Andoy kung sino ang mga bayaning babae.
2. Makikinig ako sa mga kuwento niya tungkol sa ginawa ng mga bayaning babae.
3. Magbabasa rin ako ng aklat sa Araling Panlipunan.
4. Maglilista ako ng mga pangalan ng bayani sa aking kuwaderno.
5. Mag-aaral ako ng mga nakalistang pangalan ng bayani at ng mga ginawa nila.



Itanong: *Kailan gagawin ng mga mag-aaral ang aksiyon sa pangungusap? Ano ang ginamit na Pandiwa sa bawat pangungusap? Isa-isabin ang mga ito.*

Sabihin: *Ang tawag sa mga pandiwang ito ay **Pandiwang Panghinaharap**. Tinatawag itong **Pandiwang Panghinaharap** dahil hindi pa nangyayari ang aksiyon; gaganapin pa lang ang aksiyon sa panahong hinaharap. Kaiba ito sa Pandiwang Pangnagdaan—pandiwang tapos na ang aksiyon—at Pandiwang Pangkasalukuyan—pandiwang kasalukuyan pa ring ginagawa o nagaganap ang aksiyon.*



- Ikabit o isulat ang tsart na ito sa pisara:

Porma ng Pandiwa	sulat	aral	tanong
Pangnagdaan	nagsulat	nag-aral	nagtanong
Pangkasalukuyan	nagsusulat	nag-aaral	nagtatanong
Panghinaharap	magsusulat	mag-aaral	magtatanong

Sabihin: *Pansinin kung paano nagbabago ang porma ng Pandiwa ayon sa panahon ng pagganap ng aksiyon. Ano ang napapansin ninyo sa mga Pandiwang Panghinaharap? Tama! Nag-uumpisa ang Pandiwa sa **mag-** at **inuulit ang ikalawang pantig** nito. Ibig sabihin, gagawin pa lang ang aksiyon.*



- Ipasipi sa kuwaderno at ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Bilugan ang **Pandiwang Panghinaharap** at salungguhitan ang salita na nagsasabi kung kailan gagawin ang aksiyon:

1. Maglilinis si Kuya Arturo ng bakuran bukas ng umaga.
2. Maglalaba si Ate Lumen ng maruruming damit sa Sabado.
3. Magluluto ng hapunan si Nanay mamayang hapon.
4. Maghuhugas ako ng mga pinagkainan mamayang gabi.
5. Mag-aaral kami ng leksiyon pagkatapos ng hapunan.
6. Magpapaturo si Lenna sa akin pagkatapos kong gawin ang takdang-aralin ko.
7. Manonood kami ng programa sa telebisyon pagkatapos mag-aral.
8. Matutulog kami nang maaga.

TALAAAN

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 16. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito.

Pagsasanay: Pagpili ng mga Detalye na Angkop sa Pangunahing Ideya

- Ipasipi ang buong pagsasanay sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.
- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga *Skill Builder*. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.



BRIDGING

Ang paghinuha ng pangunahing ideya ay tinalakay na sa *Mother Tongue*. Iugnay ang paksang ito sa *Mother Tongue*.



Skill Builder

4

DAGDAG NA PAGSASANAY: MGA SALITANG MAGKASINGKAHULUGAN

Kung may nalalabi pang oras matapos ipasagot ang mga *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Pansinin ang salitang may salungguhit.

1. Tinitigan ng guro ang maingay na mag-aaral.
2. Si Beatrice ang tanging babaeng class officer ng klase.
3. Maraming gustong sabihin si Beatrice.
4. Nakabase si Tandang Sora sa Guam.
5. Natigil sa pagkukuwento si Bb. Cabiles.
6. Si Trining ay may angking pisikal na lakas.
7. Senyales ang bagting na panahon na para mag-uwian.

Piliin ang salita sa kolum B na kasingkahulugan ng salita sa kolum A. Isulat ang titik ng inyong sagot:

Kolum A	Kolum B
1. <u>tinitigan</u>	a. taglay
2. <u>tangi</u>	b. oras
3. <u>gusto</u>	c. nahinto
4. <u>nakabase</u>	d. nag-iisa
5. <u>natigil</u>	e. ibig
6. <u>angkin</u>	f. tiningnan
7. <u>panahon</u>	g. nakatira



BRIDGING

Ang salitang magkasingkahulugan ay tinalakay na sa *Mother Tongue*. Iugnay ang paksang ito sa mga salita sa *Mother Tongue* lalo na kung may mga salitang magkaparehas o magkalapit sa *Mother Tongue*.

5

PAGPUPULSO

Ibigay ang wastong sagot sa *Skill Builder* (at sa dagdag na pagsasanay, kung ipinagawa ito) upang mamarkahan ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Matapos ang pagmamarka, alamin kung ilan sa mga mag-aaral ang nagkamali sa bawat bilang. (Banggitin ang bawat bilang, at ipataas ang kamay ng mag-aaral kung nagkamali sila sa bilang na ito.) Gamitin ang makukuhang impormasyon upang malaman kung anong aralin o kakayahan ang kailangan pang tutukan sa mga susunod na araw.

6

TAKDANG-ARALIN

Gumawa ng tatlong pangungusap na gumagamit ng Pandiwang Panghinaharap.

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Napagtatambal ang pangalan ng tauhan at ang ginawa nitong kabayanihan

ARAW

4

I

BAHAGINAN

- Ipaalala sa klase ang ipinagawang takdang-aralin. Tumawag ng ilang mag-aaral upang magsulat sa pisara ng kanilang inihandang pangungusap na gumagamit ng Pandiwang Panghinaharap. Tumawag ng iba pang mga mag-aaral at ipabasa nang malakas ang kanilang pangungusap. Matapos makapagsulat ng pangungusap sa pisara ang unang pangkat ng mag-aaral, ipabasa sa buong klase ang isinulat nila. Kung kinakailangan, gabayan ang klase sa pagtukoy ng mga bagay na dapat iwasto sa mga isinulat na pangungusap.
- Bago tumungo sa susunod na gawain, tanungin ang klase kung may nais silang klaruhin tungkol sa Pandiwang Panghinaharap. Sagutin ang kanilang mga tanong, o tumawag ng ilang mag-aaral na nais sumagot sa tanong ng kanilang kaklase.

TALAAN

TALAN

- Maaari ring magpasagot ng ilang tanong sa klase upang masiguro na nakuha na nila ang konsepto ng panahong panghinaharap. Halimbawa, maaaring itanong:
 - *Kailan ginagamit ang Pandiwang Panghinaharap?*
 - *Ano ang ilang halimbawa ng mga panahon kung kailan ginagamit ang Pandiwang Panghinaharap?* (Halimbawang sagot: bukas, sa Pasko, mamaya, sa susunod na buwan, atbp.)
 - *Paano ilalagay sa pormang panghinaharap ang mga pandiwang ito: lista, kinig, nood?*
 - *Anong porma ng Pandiva ang gagamitin kung ang aksiyon ay nangyari kahapon? Nangyayari ngayon? Mangyayari sa susunod na linggo?*

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid



Sabihin: *Bago ninyo ipagpatuloy ang pagbasa ng aklat tungkol sa mga bayaning babae, pag-aralan muna natin ang ilang salitang makikita ninyo sa susunod na bahagi ng kuwento.*

- Isulat o ipaskil sa pisara ang nasa ibaba, at ipabasa sa buong klase. Unahin ang hanay sa kaliwa, bago ipabasa ang hanay sa kanan.

1. nakabase	a. iguhit ng dibuho
2. idisenyo	b. pasekretong nagmamasid sa ginagawa ng iba
3. espiya	c. nakatira o naghahanapbuhay sa isang lugar



Sabihin: *Masasabi na ba ninyo kung alin sa mga kabulugan sa kanang hanay ang katapat ng mga salita sa kaliwang hanay? Pakinggan muna ninyo ang paggamit ko sa mga salita sa unang hanay sa konteksto ng pangungusap. Habang nakikinig, tukuyin kung alin ang kasingkabulugan ng ginamit kong salita.*

(1) **nakabase**



Basahin: *Taga-Bulacan si Tiya Maring, pero nagtatrabaho siya sa Cebu. Isang taon na siyang **nakabase** sa Cebu, pero umuwi pa rin siya nang madalas sa Bulacan.*



Itanong: *Saang probinsiya oribinal na nanggaling si Tiya Maring? Bakit siya **nakabase** sa Cebu? Anong salitang Ingles ang pinakakatulad ng salitang ito? Anong letra ang kasingkabulugan ng salitang **nakabase**? (Sagot: C. Gumuhit ng linya mula sa bilang 1 patungong titik C.)*

TALAAAN

(2) **idisenyo**

Basahin: *Pinakiusapan ni Ate Lucy ang mananahi na **idisenyo** siya na magandang sayang gagamitin niya sa programa ng kanilang paaralan.*

Itanong: *Ano ang ipinapadisenyo ni Ate Lucy? Anong salitang Ingles (at salitang Kastila) ang pinakakatulad ng salitang ito? Anong letra ang kasingkabulugan ng salitang **idisenyo**?*

(Sagot: **A.** Gumuhit ng linya mula sa bilang 2 patungong titik A.)

(3) **espiya**

Basahin: *Kinaibigan ni Jacinto ang mga gumagamit ng droga para mabuli kung sino ang nagtitinda sa kanila ng bawal na gamot. Hindi madali ang trabaho niya bilang **espiya**.*

Itanong: *Ano ang trabaho ni Jacinto? Anong salitang Ingles (at salitang Kastila) ang pinakakatulad ng salitang ito? Anong letra ang kasingkabulugan ng salitang **espiya**?*

(Sagot: **B.** Gumuhit ng linya mula sa bilang 3 patungong titik B.)

Sabihin: *Isulat ang mga salita at ang katapat nilang kabulugan sa inyong kuwaderno. Pumili ng isa sa mga natutubang salita at gamitin ito sa pangungusap. Isulat ang pangungusap sa inyong kuwaderno.*

b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

Sabihin: *Naaalala pa ba ninyo ang nararamdaman ni Beatrice nang huli nating binasa ang aklat? Ano ang sinabi ng kaklase niyang si Henry nang may magtanong kung may bayaning babae? Bakit kaya ganito ang pananaw ni Henry? Sumasang-ayon ba kayo kay Henry na hindi kaya ng mga babaeng maging bayani? Mas magaling ba talaga ang lalaki sa babae? Bakit mo nasabi iyon?*

c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: *Sa pagbasa ninyo ng karugtong ng kuwento, alamin: Sino-sino pa ang mga bayaning babae na mababanggit ni Bb. Cabiles? Ano-ano ang ginawa nila para sa bayan?*

3**PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO**

Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging* na level) ay magbabasa nang tabimik, at ang Pangkat 2 (Madali o *easy* na level) ay pakikikinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tabimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano naman ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

TALAAAN

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang susunod na gawain.

<p>Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)</p>	<p>Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)</p>
<p>Isulat ang pagsasanay para sa Pangkat 1 sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</i></p> <p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang sekretong organisasyon ay tinawag na _____. 2. Nanirahan sa Guam si Tandang Sora sa loob ng _____ taon. 3. Isa sa mga nagdisenyo ng bandila ng Pilipinas si _____. 4. Sinabi ni Beatrice na hindi nahuli ng mga Kastila si Patrocinio dahil _____ ito. 5. Ang akala ni Henry, nagiging bayani lamang kapag _____. 6. Si _____ ay maituturing ding bayani dahil lumahok siya sa maraming laban. 7. Nagbilin si Beatrice sa klase na sila ay _____ bukas. 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento. Maaari din kayong magtaas ng kamay habang nagbabasa kung may hindi kayo naintindihang salita o ideya.</p> <p>(Mga maaaring itanong ng guro):</p> <p>Pagkabasa ng p.17: Saan ipinatapon si Melchora Aquino?</p> <p>Pagkabasa ng p.18: Ano ang ginawa ni Patrocinio Gamboa para sa ating bayan?</p> <p>Pagkabasa ng p.19: Maliban sa pagdisenyo ng bandila ng Pilipinas, ano pa ang ginawa ni Patrocinio?</p> <p>Pagkabasa ng p.20: Ano ang ginawa ni Trinidad Tecson para sa bayan?</p> <p>Pagkabasa ng p.21: Ano ang sinabi ni Beatrice sa klase bago mag-uwian?</p>

- Bago tumungo sa susunod na gawain, alamin kung may katanungan ang Pangkat 1. Maaari ring ibahagi ng guro sa buong klase ang ilang tanong o paglilinaw na nagmula sa Pangkat 2 na makatutulong sa pag-unawa ng buong klase.

4

PAGSASANAY: PAGTALAKAY SA MAHAHALAGANG DETALYE TUNGKOL SA TAUHAN

Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Isulat ang pangalan ng bayaning babae na gumawa ng sumusunod. Piliin ang sagot mula sa mga pangalan sa kahon:

Melchora Aquino	Josefa Llanes Escoda
Patrocinio Gamboa	Trining Tecson

- Naging espiya ng rebolusyon at nars ng bayan.

- Tumulong na magtakas, magpadala, at mamahagi ng pagkain, medisina, at armas sa mga Pilipinong nakikipaglaban sa Hapon.

- Nag-alaga sa mga sugatan, nagpakain, at nagpatira sa mga Katipunero. _____
- Lumahok sa maraming laban noong panahon ng rebolusyon.

5

TAKDANG-ARALIN

Sino ang hinahangaan ninyo sa mga bayaning babae na nabanggit sa kuwento ngayong araw? Isulat kung bakit siya ang hinahangaan ninyo.

LAYUNIN

- **F3PB** Nasasabi kung ang nakasaad na pangungusap ay katunayan o opinyon
- **F3PU** Nababaybay nang wasto sa wikang Filipino ang mga salitang hiram sa Ingles
- **F3PT** Nagagamit nang wasto ang napag-aralang talasalitaan
- **F3KM** Nakasusulat ng isang talambuhay tungkol sa isang bayaning babae nang may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

ARAW

5

I

BAHAGINAN

- Tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad sa harapan ng klase ng kanilang pinakahahangaang bayaning babae mula sa mga nabanggit sa kuwento kahapon. Sa kanilang pagbabahagi, maaari nilang gamitin ang panimulang ito:

Pinakahahangaan ko si _____ dahil _____.

TALAAN



BRIDGING

Ang paksang Opinyon o Katunayan ay tinalakay na sa Mother Tongue. Iugnay ang paksang ito sa paksa sa Mother Tongue.

PAALALA SA GURO

Maaaring kailangan ng mas mahabang paliwanag ang ibig sabihin ng katunayan (fact).

2

ARALIN: OPINYON O KATUNAYAN (OPINION VS. FACT)

- Matapos magbahagi ng isang mag-aaral, tanungin ang buong klase kung sino ang sumasang-ayon sa kaniyang piniling bayani. Ipaalala sa klase na ang bawat isa sa kanila ay may karapatan sa kanilang sariling opinyon o palagay. Ipagpatuloy ang pagtawag ng mgamag-aaral na maglalahad. Tapusin ang bahaginan pagkatapos ng ilang minuto at tumungo sa susunod na gawain.



Sabihin: Sa bahaginan natin kanina, may kani-kaniya kayong palagay tungkol sa pinakamagaling o pinakahabangaan ninyong bayaning babae. Bakit kaya posibleng magkaroon ng iba-ibang opinyon tungkol sa paksang ito? (Maghintay ng ilang sagot.)

- Isulat sa pisara ang mga salitang **Opinyon** at **Katunayan**.



Sabihin: Sa mga bagay na katulad ng pinakadakilang babae, o pinakamagaling na bayani, maaaring magkaroon ng pagtatalo o iba-ibang opinyon. Ngunit may mga bagay o katotohanan na napagtibay na ng agham o kasaysayan. Ang tawag sa mga katotohanang ito ay mga **katunayan**. Ang **katunayan** ay batay sa tunay na pangyayari. Ito ay maaaring patunayan. Kabit ilang ulit subukan ang katotohanan nito, lagi itong napapatunayang tunay o totoo. Tanggap na ang katotohanang ito ng labat, at wala nang pagtatalo tungkol sa katunayan nito. Sa wikang Ingles, ang tawag sa katunayan ay “fact.” Ano ang katumbas na salita para dito sa inyong Mother Tongue? (Maghintay ng sagot.)



Sabihin: Ang **opinyon** ay sariling paniniwala, palagay, o kongklusyon ng taong nagsasalita. Maaaring may batayan ang nagbibigay ng opinyon para sa kaniyang paniniwala, ngunit posibleng may ibang pananaw ang ibang tao tungkol sa paksang ito. Posible pa ring magkaroon ng pagtatalo tungkol sa isang opinyon.

- Magbigay ng halimbawa ng katunayan at ng opinyon:

Katunayan: Si Jose Rizal ay ipinanganak noong 19 Hunyo 1861. Itinuturing siyang pambansang bayani.

Opinyon: Si Jose Rizal ang pinakamatalinong bayani ng Pilipinas.

Katunayan: Maraming bayaning babae ang nagsilbi sa rebolusyon laban sa mga Kastila, Amerikano, at Hapon.

Opinyon: Mas magaling ang mga bayaning babae kaysa sa mga lalaking bayani.



Itanong: Malinaw na ba ang kaibahan ng katunayan sa opinyon? May nais ba kayong linawin tungkol sa kaibahan ng dalawang konseptong ito? (Maghintay ng tugon, at sagutin ang mga tanong ng mga mag-aaral.) Kung malinaw na ang kaibahan ng katunayan sa opinyon, magsagawa tayo ng pagsasanay.

TALAAAN

- Magpahanda ng isang piraso ng papel sa bawat mag-aaral. Ipasulat sa harap ng papel ang letrang **K**, at ipasulat sa likod ng papel ang letrang **O**. Ipaliwanag kung paano gagamitin ang mga letrang ito.

Sabihin: *May babasabin akong mga pangungusap. Sabihin kung ito ay **katunayan** o **opinyon**. Itaas ang letrang **K** kung ito ay **katunayan**, at itaas ang letrang **O** kung ito ay **opinyon**.*



- Basahin ang sumusunod. Maaari ring isulat at ipaskil ito sa pisara upang masundan ng mga mag-aaral habang binabasa ng guro.
 - Si Josefa Llanes Escoda ay panganay sa pitong magkakapatid. (K)*
 - Palagay ko, mahinang-mabina na si Melchora nang bumalik galing Guam. (O)*
 - Si Patrocinio Gamboa ay isang Bisayang Katipunera. (K)*
 - Pinakamagaling na mananahi at taga-disenyo si Patrocinio. (O)*
 - Marunong si Trinidad Tecson sa fencing o eskrima. (K)*
 - Si Josefa Llanes Escoda ang isa sa mga tagapagtatag ng Girl Scouts of the Philippines. (K)*
 - Mas mahusay ang mga bayaning lalaki kaysa mga bayaning babae. (O)*
 - Lampas na ng isandaang taong gulang si Melchora nang siya ay mamatay. (K)*
 - Sa apat na bayaning Pilipino na tinalakay sa kuwento, pinakamagaling si Melchora Aquino. (O)*
 - Pinakamatapang sa apat na bayaning babae si Patrocinio Gamboa. (O)*

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 11. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito (Hiram na Salita). Isusulat nila ang mga tanong sa kanilang kuwaderno. Sa kuwaderno din nila sasagutan ang pagsasanay.
- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.



4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may nalalabi pang oras pagkatapos sagutan ang *Skill Builder*, gawin ang sumusunod na pagsasanay.

TALAAAN

a. Talasalitaan

Panuto: Puman ang bawat pangungusap ng angkop na salita. Piliin ang sagot sa loob ng kahon:

tinalakay	sumabat	kasagsagan
espiya	nakabase	

- (1) Bumuhos ang malakas na ulan sa _____ ng prusisyon. Mabuti na lang may dala kaming payong.
- (2) Kahapon, _____ sa aming klase ang tungkol sa ginawa ng mga bayani noong rebolusyon.
- (3) Hindi magandang ugali ang _____ sa usapan kapag hindi ka naman kasali.
- (4) Hinuli ng mga Hapon ang Pilipinong _____ dahil marami siyang alam na sekreto tungkol sa himagsikan.
- (5) Ang tiyo kong sundalo ay bihirang umuwi. _____ sa probinsiya.

b. Pagsulat ng Talambuhay ng Isang Bayaning Babae

Panuto: Buuin ang talambuhay ni Josefa Llanes Escoda.

Ang Talambuhay ni _____

Si _____ ay ipinanganak sa _____. Siya ang _____ sa _____ magkakapatid. Noong panahon ng pananakop ng Hapon, siya ay _____. Kilala rin siya bilang _____.

5

PAGPUPULSO

Alamin kung ano ang mga kakayanan na kailangan pang tutukan sa susunod na linggo. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:

- Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?
- Alin naman ang bahagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?
- Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?

6

TAKDANG-ARALIN

TALAAN

Magsaliksik tungkol sa mga *UNESCO World Heritage Sites* na matatagpuan sa Pilipinas. Ilang halimbawa ng mga *UNESCO World Heritage Sites* sa ating bansa ay ang *rice terraces* ng Cordilleras; ang bayan ng Vigan sa Ilocos Sur; Mount Hamiguitan sa Davao Oriental; at ang Tubbataha Reef sa Palawan. Anu-ano ang mga katangian ng mga lugar na ito? Bakit sila napiling *world heritage site*? Ano ang kahulugan ng *world heritage*? Maghandang ibahagi ang nasaliksik ninyo tungkol sa paksang ito sa susunod na linggo.

ARALIN

17

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA MAKASAYSAYANG LUGAR SA AKING BANSA

LEVELED READER: *MISTERYO SA VILLA SOLEDAD*



**LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 17**

Tema: Mga Makasaysayang Lugar sa Aking Bansa

Leveled Reader: *Misteryo sa Villa Soledad* (Kuwento nina Sierra Mae Paraan, Ani Rosa Almario, at Yvette U. Tan; Guhit ni Jericho Moral)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
Araw-araw	PS	Sa loob ng isang linggo, inaasahan ang mga mag-aaral na: <ul style="list-style-type: none"> • PS Nakasasali sa pagbigkas ng napag-aralang tula • F3PS 	<ul style="list-style-type: none"> • Tula: Napag-aralang tula
	PS	<ul style="list-style-type: none"> • Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay-ulat tungkol sa makasaysayang lugar sa ating bansa
I	PT	<ul style="list-style-type: none"> • Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> • Paghawan ng Balakid: <i>UNESCO World Heritage Sites, makasaysayan, impluwensiya, katutubo, pag-aalsa, manlulupig, mangangalakal</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> • Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita 	<ul style="list-style-type: none"> • Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita
	PN	<ul style="list-style-type: none"> • Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagganyak at Pangganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> • Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> • Kuwentong Pinapakinggan (<i>Listening Story</i>): “Halina sa Vigan”
	PN	<ul style="list-style-type: none"> • Naitatala ang mahahalagang impormasyon tungkol sa binasang lugar 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatala ng mahahalagang impormasyon tungkol sa lugar na binasa

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<ul style="list-style-type: none"> Paghihikayat sa mga mag-aaral na sabayang bumigkas ng tula 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigkas ng tula
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang makasaysayang lugar sa ating bansa 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahayag tungkol sa makasaysayang lugar sa ating bansa
<p>2. Paghahanda sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan 	<p>2. Paghahanda sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap
<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita
<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbibigay ng pagganyak at pangganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak at Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagganyak at pangganyak na tanong
<p>3. Pakikinig sa Pagbabasa ng Guro ng Tekstong Pang-Impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang kuwento at magtatanong tungkol dito 	<p>3. Pakikinig sa Pagbabasa ng Guro ng Tekstong Pang-Impormasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbabasa ng kuwento at pagtatanong tungkol dito
<p>4. Pagtalakay ng Teksto</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa binasang lugar 	<p>4. Pagtalakay ng Teksto</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa lugar

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I			
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa makasaysayang lugar sa ating bansa
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>pakulo, survival bag, misteryoso</i>
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad (Unang Bahagi)</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang wastong Pandiwang Panghinaharap 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Panghinaharap
<p>DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas</p>			

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>5. Talaan ng Mahahalagang Impormasyon Tungkol sa Vigan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipagawa ang pagsasanay <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magsagawa ng mabilisang pagpupulso sa pinag-aralan ngayong araw <p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magpasaliksik tungkol sa makasaysayang lugar sa Pilipinas 	<p>5. Talaan ng Mahahalagang Impormasyon Tungkol sa Vigan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng pagsasanay <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa gawain <p>7. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsaliksik tungkol sa makasaysayang lugar sa Pilipinas
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na pag-usapan ang isang makasaysayang lugar sa ating bansa 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapahayag tungkol sa makasaysayang lugar sa ating bansa
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap at ibigay ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gabayan ang talakayan tungkol sa pagbibiyahe sa malayong lugar <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggabay sa talakayan tungkol sa pagbibiyahe sa malayong lugar <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa pagganyak na tanong
<p>3. Pagbabasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay • Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa 	<p>3. Pagbabasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay • Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>4. Pagbabalik-Aral: Pandiwang Panghinaharap</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang wastong Pandiwang Panghinaharap 	<p>4. Pagbabalik-Aral: Pandiwang Panghinaharap</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng wastong Pandiwang Panghinaharap
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2			
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	PY	<ul style="list-style-type: none"> Nababaybay ang mga salitang may 3-5 pantig na napag-aralan sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabaybay
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsunod-sunod ng mga pangyayari
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit ang wastong Pandiwang Panghinaharap 	<ul style="list-style-type: none"> Pandiwang Panghinaharap
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Talasalitaan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpupulso
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>empanada, kalesa, engrande, napagpasyahan, kasosyo, antigo</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na Tanong
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad (Pangalawang Bahagi)</i>
<p>DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas</p>			

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
5. Takdang-Aralin	5. Takdang-Aralin
<ul style="list-style-type: none"> • Pagbigay ng takdang-aralin 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsulat ng mga gagawin sa susunod na araw
1. Bahaginan	1. Bahaginan
<ul style="list-style-type: none"> • Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtatalakay ng kanilang takdang-aralin 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatalakay ng takdang-aralin
2. Gawain: Pagbabaybay	2. Gawain: Pagbabaybay
<ul style="list-style-type: none"> • Magbigay ng pagsasanay sa pagbabaybay 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbabaybay ng tinalakay na talasalitaan
3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i>	3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i>
<ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na alalahanin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento
4. Dagdag na Pagsasanay	4. Dagdag na Pagsasanay
a. Pandiwang Panghinaharap	a. Pandiwang Panghinaharap
<ul style="list-style-type: none"> • Pasagutan ang pagsasanay tungkol sa Pandiwang Panghinaharap 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng mga pagsasanay tungkol sa Pandiwang Panghinaharap
b. Talasalitaan	b. Talasalitaan
<ul style="list-style-type: none"> • Pasagutan ang pagsasanay tungkol sa talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot ng pagsasanay tungkol sa talasalitaan
1. Panimulang Gawain: Pagpupulso	1. Panimulang Gawain: Pagpupulso
<ul style="list-style-type: none"> • Hikayatin ang mga mag-aaral na sabihin kung ano ang mga paksa na kailangan pa nilang maintindihang mabuti 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa gawain o talakayan
2. Paghahanda sa Pagbabasa	2. Paghahanda sa Pagbabasa
a. Paghawan ng Balakid	a. Paghawan ng Balakid
<ul style="list-style-type: none"> • Talakayin ang kahulugan ng mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtalakay ng kahulugan ng mga salita at paggamit nito sa pangungusap
b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak	b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak
<ul style="list-style-type: none"> • Magbalik-aral sa kuwento bilang pagganyak na gawain 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsali sa talakayan
3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento	3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento
<ul style="list-style-type: none"> • Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at ipasagot ng pagsasanay • Pangkat 2: Ipababasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa binabasa 	<ul style="list-style-type: none"> • Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay • Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasang PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang liham pangkaibigan na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng liham pangkaibigan
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang tanong na “Bakit” sa pamamagitan ng pagbigay ng dahilan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng Dahilan
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang kasingkahulugan ng napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa napag-aralang talasalitaan at pabibigay ng kasingkahulugan nito

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Pagtatalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan at ipabasa ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<p>4. Pagtatalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtatalakay ng kanilang takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtatalakay ng takdang-aralin
<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> ng <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Magbalik-aral at talakayin kung ano at paano isinusulat ang isang liham pangkaibigan. Hikayatin ang mga mag-aaral na magsulat ng liham nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat. 	<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> ng <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng liham pangkaibigan nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat
<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Bakit</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng mga tanong na nagsisimula sa “Bakit” 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Bakit</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong na nagsisimula sa “Bakit”
<p>b. Mga Salitang Magkasingkahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan at ng kasingkahulugan nito 	<p>b. Mga Salitang Magkasingkahulugan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa pagbibigay ng dahilan

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

I

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita
- Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- Naitatala ang mahahalagang impormasyon tungkol sa binasang lugar

I

BAHAGINAN

- Ipaalala sa mga mag-aaral ang ipinagawang takdang-aralin noong nakaraang linggo.



Sabihin: *Nakapagsaliksik ba kayo tungkol sa mga UNESCO World Heritage Sites na matatagpuan sa Pilipinas? Nagbanggit ako ng ilang halimbawa ng mga UNESCO World Heritage Sites sa ating bansa. Kabilang dito ang payyo o Rice Terraces ng Cordillera; ang bayan ng Vigan sa Ilocos Sur; Mount Hamiguitan sa Davao Oriental; at ang Tubbataha Reef sa Palawan. Ano ang natutuhan ninyo tungkol sa mga lugar na ito? Ano ang natuklasan ninyo tungkol sa mga UNESCO World Heritage Sites?*

- Tumawag ng ilang mag-aaral na nakapagsaliksik tungkol sa mga binanggit na lugar. Isulat o ipaskil ang sumusunod na maikling paliwanag tungkol sa *UNESCO World Heritage Sites*, at ipabasa sa isang mag-aaral:

UNESCO World Heritage Sites

Ang mga UNESCO World Heritage Sites ay mga tanyag na lugar na kinikilala ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) na mahalaga sa kasaysayan, kalikasan, at kultura ng mundo. Nadaragdagan ang pagbibigay-pansin at pangangalaga sa mga lugar na ito dahil nailista sila bilang isa sa mga World Heritage Sites.

- Magpakita ng larawan ng bayan ng Vigan, Ilocos Sur.

**Itanong:**

- *Ano ang nakikita ninyo sa larawan?*
- *Paano naiiba ang bayan ng Vigan sa ibang bayan ng Pilipinas?*
- *Bakit kaya itinanghal na isa sa mga World Heritage Site ang bayan na ito? Ano ang kahalagahan nito sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas at ng mundo?*

Sabihin: Isang makasaysayang lugar ang bayan ng Vigan. Tungkol dito ang tema natin sa buong linggo. Ito rin ang lokasyon ng kuwentong babasabin natin. Ngayong araw, pakinggan ninyo ang isang panimula bilang pagpapakilala sa lugar na ito. Ngunit bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita na maririnig ninyo sa tekstong babasabin ko.



2 PAGHAHANDA SA PAKIKINIG

a. Paghawan ng Balakid

Isulat o ikabit sa pisara ang sumusunod na kahon:

1. impluwensiya	a. likas na katangian na nagmula at naangkop sa isang lugar
2. katutubo	b. mananakop, o nanguha ng teritoryo ng iba
3. manlulupig	c. paglaban sa maykapangyarihan
4. pag-aalsa	d. mahalagang epekto ng anuman o sinuman sa isang tao o komunidad
5. mangangalakal	e. negosyante na nagtitinda ng mga produkto o serbisyo
6. makasaysayan	f. may koneksiyon sa kasaysayan ng isang lugar

Sabihin: Nasa pisara ang ilang bagong salita mula sa pakikinggan ninyong teksto ngayon. Nasa kabilang hanay ang pagpipilian ninyong kabulugan ng mga salitang ito. Basabin natin nang sabay-sabay ang hanay sa kalima, bago natin basabin ang mga pagpipiliang kabulugan sa kanang hanay. (Ipabasa sa klase ang talasalitaan.) Gagamitin ko ang mga salita sa unang hanay sa pangungusap. Pakinggang mabuti ang bawat pangungusap. Alamin ang ibig sabihin ng salita at pilin ang tamang kabulugan ng mga ito:



(1) impluwensiya

Basahin: Nagtrabaho nang matagal sa Japan ang tiyo ko. Dabil sa tagal ng inilagi niya doon, makikita ang **impluwensiya** ng kulturang Hapon sa panlasa niya. Mabilig siyang uminom ng tsa, marunong siyang magluto ng mga pagkaing Hapon, at sanay na sanay na siyang gumamit ng chopsticks.



Itanong: Ano ang kaugnayan ng panlasa ng tiyo sa pamamalagi niya sa Japan? Bakit kaya nagkaroon ng epekto o impluwensiya sa kaniya ang ganitong pamumuhay sa Japan? Ano ang salitang Ingles na kahawig ng salitang **impluwensiya**? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng **impluwensiya**?



(Sagot: D. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 1 patungong titik D.)

TALAAAN

(2) katutubo



Basahin: Tinuruan kami ni Gng. Tena ng **katutubong** sayaw ng mga Igorot. Ayon sa kaniya, ilang henerasyon na ng mga Igorot ang pinagpasaban ng mga sayaw na ito. Halos walang pagbabago sa mga galaw ng sayaw mula nang una itong itanghal ng mga Igorot, kabit ilang daantaon na ang nakalipas.



Itanong: Ano ang mga salita sa pangungusap na nagpapahiwatig ng kabulugan ng salitang **katutubo**? Ano ang salitang-ugat ng **katutubo**? Ano kaya ang koneksiyon ng salitang “tubo” sa isang bagay na likas o nagmula sa isang lugar? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkabulugan ng **katutubo**?

(Sagot: A. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 2 patungong titik A.)

(3) manlulupig



Basahin: Sa halos 400 taon ng kasaysayan ng Pilipinas, nasa ilalim ng mga dayubang **manlulupig** ang ating bansa. Maaring sabihing nilusob nila ang ating bansa at sinakop ang ating teritoryo upang palakasin ang kanilang ekonomiya at palawakin ang kanilang impluwensiya sa buong mundo.



Sabihin: Sa pambansang awit, madalas nating naririnig o nababanggit ang salitang **manlulupig**. Sa aling bahagi ng Lupang Hinirang maririnig ang salitang ito? Ano ang pagkakaaintindi ninyo sa salitang ito? Ano ang mga salita sa binasa kong pangungusap na kasingkabulugan ng **manlulupig**? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkabulugan ng **manlulupig**?

(Sagot: B. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 3 patungong titik B.)

(4) pag-aalsa



Basahin: Noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol, nagkaroon ng maraming **pag-aalsa** sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Nilabanan ng mga **pag-aalsang** ito ang mga pang-aabuso ng mga dayubang manlulupig.



Sabihin: Ano ang salitang-ugat ng **pag-aalsa**? Kung minsan, ginagamit din ang salitang “alsa” tungkol sa paggawa ng tinapay—pinapabangon o pinapataas ang masa upang magkaroon ng hangin sa loob ng tinapay. May nakikita ba kayong pagkakatulad sa **pag-aalsa** ng tinapay at **pag-aalsa** ng mga mamamayan upang labanan ang Kastila? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkabulugan ng **pag-aalsa**?

(Sagot: C. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 4 patungong titik C.)

TALAAN

(5) mangangalakal

Basahin: *Maraming mangangalakal ang nagtayo ng puwesto sa mga tiangge at palengke dito sa lungsod. Marami silang binebentang damit, sapatos, at pati mga gamit sa bahay. Karamihan sa kanilang kalakal ay nanggaling sa Tsina.*

Itanong: *Ano ang mga salita sa pangungusap na nagpapahiwatig ng kahulugan ng salitang mangangalakal? Ano ang salitang-ugat ng mangangalakal? Ano ang mga produkto o kalakal na nabanggit sa pangungusap? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng mangangalakal?*

(Sagot: E. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 5 patungong titik E.)

(6) makasaysayan

Basahin: *Makasaysayan ang bayan ng Malolos sa lalawigan ng Bulacan dahil dito nagpulong ang kauna-unahang Kongreso ng Pilipinas na bumuo ng kauna-unahan nating Konstitusyon noong 1898.*

Itanong: *Ano ang mga bagay na pinag-aaralan kapag ang paksa ay tungkol sa kasaysayan? Ano ang batayan upang masabi na ang isang bagay o pangyayari ay makasaysayan? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng makasaysayan?*

(Sagot: F. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 6 patungong titik F.)

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang mga salita at ang katapat na kahulugan. Ipagamit ang mga salitang natutuhan sa sarili nilang pangungusap. Hikayatin silang pagsamahin ang paggamit ng mga salitang pinag-aralan sa isa o dalawang magkakaugnay na pangungusap.

b. Pagganyak

Itanong: *Ano-ano ang alam ninyong makasaysayang lugar dito sa Pilipinas? Bakit makasaysayan ang mga ito?*

c. Pangganyak na Tanong

Sabihin: *Sa tekstong pakikitingnan ninyo ngayon, alamin: Anong mga mabahalagang pangyayari sa ating kasaysayan ang naganap sa bayan ng Vigan?*

TALAAAN

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO NG TEKSTONG PANG-IMPORMASYON

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pagkakaintindi ng klase sa kuwento. Basahin ang sumusunod na teksto.
- Makatutulong kung may kopya ng tekstong ito sa pisara, upang masundan ng mga mag-aaral habang nagbabasa ang guro. Maaaring kailanganin nila ang kopyang ito sa pagtugon sa mga susunod na gawain.

“Halina sa Vigan!”

Vigan ang kabisera o capital city ng Ilocos Sur. Kilala ito dahil sa makasaysayang mga bahay at gusaling itinayo noong panahon pa ng Espanyol. Ayon sa alamat, nagmula ang pangalan nito sa bigaa, isang uri ng halamang-ugat (root crop) na kamag-anak ng gabi. May impluwensiyang Asyano, Europeo, at Latino Amerikano ang disenyo ng mga bahay at gusali bukod sa pagiging katutubong Ilokano nito. Sa katunayan, ito ay itinalagang isa sa UNESCO World Heritage Sites.

Noong Hunyo 1572, nakarating sa Vigan si Juan de Salcedo, ang kilalang manlulupig na Espanyol, upang tuklasin at sakupin ang norte. Sa ilalim ng mga Espanyol, naging sentro ang Vigan ng relihiyon at pulitikal na pamumuhay ng norte. Nang maging ganap na lungsod ang Vigan, tinawag itong “Ciudad Fernandina de Vigan” bilang parangal sa hari ng Espanya na si Haring Fernando VI.

Malupit ang buhay sa ilalim ng mga mananakop na Espanyol kaya nga’t maraming pag-aalsang nangyari sa Vigan mula taong 1600 hanggang sa katapusan ng 1800. May Malong Revolt noong 1661, Silang Revolt noong 1762, Tobacco Revolt noong 1788, at Basi Revolt noong 1807. Masigasig na sinuportahan ng mga mamamayan ng Vigan ang pag-aalsa laban sa mga mananakop. Natalo ni Heneral Aguinaldo at ng kaniyang mga hukbo ang mga mananakop sa Vigan noong 1896 sa tulong ng mga mamamayan ng Vigan. Sa wakas, iwinagayway ang watawat ng Pilipinas sa Vigan, pagkatapos ng apat na raang (400) taon ng pagkakasakop.

Bago pa man dumating ang mga Espanyol, may mga mangangalakal na mula Tsina, Hapon, at Malaya na pumupunta sa Vigan upang bumili ng mga produkto. Ilan sa mga iyan ang

TALAAN

ginto, pagkit (beeswax), at iba't iba pang katutubong produktong inangkat mula sa Cordillera. Ngayon, kilala ang Vigan para sa higit pa sa mga produktong binanggit. Nariyan ang bigas, mais, basi, bawang, at iba pa.

Vigan ang isa sa mga pangunahing binibisita ng mga turista sa Ilocos Sur dahil sa taglay nitong kagandahan at kasaysayan.



4 PAGTALAKAY NG TEKSTO

1. *Ano ang makasaysayang lugar na paksa ng tekstsong ito?*
2. *Bakit napili ang Vigan bilang isa sa UNESCO World Heritage Sites?*
3. *Galing sa ano-anong bansa ang mga mangangalakal na pumupunta sa Vigan bago pa dumating ang mga mananakop na Espanyol?*
4. *Ano-ano ang katutubong produktong binili nila?*
5. *Sino ang manlulupig na Espanyol na pumunta sa Vigan?*
6. *Ano ang itinawag sa Vigan noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol?*
7. *Saan kinuha ang pangalang Fernandina?*
8. *Paano inilarawan ang bubay ng mga tao sa Vigan sa ilalim ng mga mananakop na Espanyol?*
9. *Bunga ng pagmamalupit ng mga mananakop na Espanyol, ano-ano ang pag-aalsang naganap dito?*
10. *Ilang taong sinakop ng mga mananakop na Espanyol ang Vigan?*

5 TALAAN NG MAHAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA VIGAN

- Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay. Isulat o ipaskil ang pagsasanay sa pisara, upang masipi at masagutan ng mga mag-aaral sa kanilang kuwaderno.

Panuto: Isulat ang mahahalagang impormasyon tungkol sa Vigan na natutuhan mula sa pinakinggang tekstong pang-impormasyon:

Ang Vigan City

Saang probinsiya matatagpuan: _____

TALAAN

Ang manlulupig na Espanyol na sumakop sa Vigan: _____

Ang buong pangalan ng Vigan noon: _____

Saan kinuha ang buong pangalan ng Vigan: _____

Gaano katagal na sinakop ng mga mananakop na Espanyol ang Vigan: _____

Pilipinong heneral na nakatalo sa mga ng mga mananakop na Espanyol sa Vigan: _____

- Bigyan ng sampung minuto ang mga mag-aaral upang sagutin ang pagsasanay. Hayaan silang sumangguni sa kopya ng teksto sa pisara upang mahanap ang mga detalyeng hinihingi sa talaan.

6

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas nila ang kanilang hinlalaki (*thumbs up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap, ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusang silang hindi sumasang-ayon (*thumbs down*), at ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Lubos kong naintindihan ang teksto na binasa ng guro, at mababanggit ko ang mga mahahalagang detalye mula dito.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **manlulupig**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **makasaysayan**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **pag-aalsa**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **mangangalakal**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **impluwensiya**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **katutubo**.*
- Pansinin kung sino sa mga estudyante ang itinuro pababa ang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

7

TAKDANG-ARALIN

Magsaliksik tungkol sa isang makasaysayang lugar sa Pilipinas. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas. Humingi ng tulong sa inyong mga magulang o kapatid. Maaaring maghanap sa silid-aklatan ng mga libro tungkol sa makakasaysayang lugar. Maaari ding maghanap sa internet. Maaari ding maghanap ng mga makakasaysayang lugar sa inyong komunidad. Magtanong-tanong sa mga mas nakatatanda o sa opisina ng barangay.

LAYUNIN

- Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito
- Naibibigay ang wastong Pandiwang Panghinaharap

ARAW

2

I

BAHAGINAN

- Gamitin ang ibinigay na takdang-aralin kahapon bilang paksa ng bahaginan. Patayuin ang lahat ng mag-aaral at hayaan silang humanap ng kapares na iba ang napiling makasaysayang lugar. Hayaan silang magbahaginan tungkol sa detalye na nasaliksik nila. Maaari nilang gamitin ang panimulang ito:

_____ang isang makasaysayang lugar na alam ko. Matatagpuan ito sa _____.
Makasaysayan ito dahil _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap.

Halimbawa:

Tirad Pass ang isang makasaysayang lugar na alam ko. Matatagpuan ito sa Ilocos Sur, sa Bundok Tirad. Makasaysayan ito dahil dito naganap ang labanan sa pagitan ng mga hukbong Amerikano at ang mga sundalo sa ilalim ni Heneral Gregorio del Pilar noong Disyembre 1899. Dahil sa kabayaniban ng mga sundalong Filipino, nagkaoras na tumakas si Pangulong Aguinaldo palayo sa mga Amerikano.

TALAAN

Bigyan ang mga magkapatres ng limang minuto para magbahaginan. Paupuin muli ang mga mag-aaral. Tumawag ng ilang mag-aaral na nais maglahad tungkol sa napili nilang makasaysayang lugar sa buong klase.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

PAALALA SA GURO TUNGKOL SA LEVELED READERS

- I. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 17, 18, at 19 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng kuwento at ang guhit ng kuwento sa Aralin 17. Sa Aralin 18, magsisimula sa pahina 11 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 36. Sa Aralin 19, magsisimula sa pahina 22 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita naman sa pahina 37. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa Aralin 17. Para sa Aralin 18 at Aralin 19, titingnan nila ang guhit sa pahina 36 at 37.

a. Paghawan ng Balakid



Sabihin: *Kabapon, napakinggan ninyo ang isang teksto tungkol sa makasaysayang bayan ng Vigan. Ngayon, ang babasahin ninyong aklat ay tungkol sa pagbisita ng magpinsang sina Gabriel at Nona sa bayang ito. Bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salita na mababasa ninyo sa inyong aklat.*

- Isulat ang mga pag-aaralang salita sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral:

**misteryo
antigo**

**naalimpungatan
muwebles**

TALAAAN

(1) **misteryo**

Basahin: *Sabi ng mga naninirahan sa may Bundok Banabaw, marami raw itong itinatagong **misteryo**. Ayon sa kanila, maraming mahiwagang pangyayari sa bundok na ito na hindi nila lubusang maipaliwanag. Nakapagpapagaling daw ng sakit ang tubig mula sa bundok na ito.*



Itanong: *Bakit daw puno ng **misteryo** ang Bundok Banabaw? Ano ang mga narinig ninyong salita na nagbibigay ng ideya tungkol sa kabulugan ng **misteryo**? Alam ba ninyo ang salitang Ingles na kahawig nito? Ano ang ibig sabihin ng **misteryo**?*



Isulat: **misteryo – hiwaga, bagay na hindi maipaliwanag**

(2) **naalimpungatan**

Basahin: *Mahimbing na natutulong ang sanggol nang may biglang kumalabog sa labas ng kuwarto. **Naalimpungatan** ang sanggol mula sa pagkatulog. Dabil nagising nang bigla, umiyak ito nang walang tigil.*



Itanong: *Naranasan na ba ninyo ang biglang magising? Ano ang pakiramdam nang mangyari ito sa inyo? Ano ang kaugnayan ng biglang paggising sa salitang **naalimpungatan**?*



Isulat: **naalimpungatan – biglang nagising**

(3) **antigo**

Basahin: *Sa espesyal na okasyon lang ginagamit ng aking nanay ang kuwintas na ipinamana sa kaniya ng aking lola. Isa raw itong **antigo**, at nanggaling pa raw ito sa lola ng lola ko. Mahigit isandaang taon na raw itong pinakaingatan at ipinapasa-pasa sa bawat henerasyon ng aming pamilya.*



Itanong: *Batay sa pangungusap, ano-ano ang mga katangian ng isang bagay na **antigo**? Pangkaraniwang bagay lang ba ang isang **antigo**? Ano ang mga salitang nagbibigay ng ideya kung bakit mahalaga at iniingatan ang isang **antigo**? May alam ka bang salitang Ingles na babagyang katunog nito at kasingkabulugan?*



Isulat: **antigo – luma o sinaunang gamit na lalong nagiging mahalaga habang tumatagal**

(4) **muwebles**

Basahin: *Gawa sa puno ng niyog ang karamihan ng mga **muwebles** sa Coconut Palace sa Maynila. Nais nitong ipakita na magagamit ang puno ng niyog sa paggawa ng mga mesa, silya, tokador, at iba pang kasangkapan sa bahay.*



TALAAN



Itanong: *Ano ang mga balimbawa ng **muwebles** na nabanggit sa binasa kong pangungusap? Anong salita ang kasingkabulugan ng **muwebles**?*

Isulat: muwebles – mga kasangkapan sa bahay katulad ng mesa, silya, aparador, at iba pa

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaang isinulat sa pisara. Hikayatin silang gamitin sa pangungusap ang mga salitang pinag-aralan. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ilahad ang kanilang pangungusap sa buong klase.

b. Pagganyak



Itanong: *Kapag bibiyabe sa malayong lugar, ano ang mga bagay na dadalhin ninyo?*

c. Pagganyak na Tanong



Sabihin: *Sa babasahin ninyong kuwento, alamin: Ano-ano ang dinala nina Nona at Gabriel nang bumiyabe sila papuntang Vigan?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

- Ipakita ang pabalat ng *Leveled Reader*.



Sabihin: *Tingnan ang pabalat ng babasahin ninyong aklat. Ano-ano ang makukuba ninyong impormasyon dito? Basahin ang pamagat. Sino ang may-akda? Sino ang tagaguhit? Ano ang nasa larawan?*



Sabihin: *Habatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging* na level) ang magbabasa nang tabimik, habang ang Pangkat 2 (Madali o *easy* na level) ang magbabasa nang malakas. Pakikitingan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

- Ipamahagi ang mga *Leveled Reader*. Bigyan ng panahon ang mga bata na masinsinang tingnan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.



Sabihin: *Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tabimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwentong isinulat ko sa pisara. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tabimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.

TALAAN

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bakit nasabi ni Gabriel na matagal ang biyahe nila papuntang Vigan? 2. Sino ang kamag-anak na binisita nina Lola Ely sa Vigan? 3. Ano ang mga tanyag na lugar at gusali na nabanggit ni Nona at ni Tita Jovy na bibisitahin nila sa Vigan? 4. Bakit marami nang alam si Nona tungkol sa Vigan? 5. Paano ninyo ilalarawan si Nona? Bakit ninyo nasabi na ito ang mga katangian niya? 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</i></p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p> <p>Pagkabasa ng p.1: <i>Gaano na kaluma ang mga gusaling makikita sa Vigan?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.2: <i>Kaano-ano ni Lola Ely si Tita Jovy?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.3: <i>Ano ang mga lugar na mapapasyalan sa Vigan?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.4: <i>Ano ang mga nakita nina Nona at Gabriel pagpasok nila sa bahay ni Tita Jovy?</i></p>
<p>Talakayan kasama ang guro</p> <p>Sabihin: <i>Pag-usapan natin ang mga sagot ninyo sa mga tanong sa pagsasanay.</i></p> <p><i>Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay na tama ang inyong sagot.</i></p>	<p>Pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Sabihin: <i>Pupunta naman ako sa Pangkat 1, habang sinasagutan ninyo ang pagsasanay. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.</i></p> <p>Pagsasanay</p> <p>Anong mga detalye mula sa kuwento ang sagot sa sumusunod?</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang lola nina Nona at Gabriel: _____ 2. Ang tita nila sa Vigan: _____ 3. Ang sinakyan nila papuntang Vigan: _____

TALAAAN

	<p>4. Ang mansion na gustong makita ni Nona: _____</p> <p>5. Ang meryenda na inihanda ni Tita Jovy: _____</p>
--	---

4

**PAGBABALIK-ARAL:
PANDIWANG PANGHINAHARAP**



Sabihin: Pansinin ang mga pangungusap dito sa pisara. Ipagpalagay natin na ito ang sinabi ni Lola Ely kay Nona at Gabriel nang naghabanda sila para sa biyabe papuntang Vigan.

Basahin natin:

“Bukas, **gigising** tayo nang maaga. **Sasakay** tayo sa bus papuntang Vigan. **Bibisita** tayo kay Tita Jovy. Pagdating natin sa Vigan, **pupunta** tayo sa Baluarte. Tapos, **kakain** tayo sa plaza.”



Itanong:

- Ano-ano ang gagawin nina Lola Ely, Nona, at Gabriel?
- Kailan nila gagawin ang mga ito?
- Ano-ano ang ginamit na salitang kilos o Pandiwa?
- Kailan magaganap ang aksiyon? Ano ang porma ng Pandiwa na ginamit sa mga pangungusap na ito?



Sabihin: Dabil ang aksiyon o kilos ay gagawin pa lamang kinabukasan, ang mga Pandiwa ay nasa panahong **panghinaharap**. Ano ang napapansin niyo sa mga **Pandiwang Panghinaharap** na ginamit sa mga pangungusap na ito? Tama! Inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat.

- Isulat sa pisara ang sumusunod na mga Pandiwa: **tulong, pasok, sayaw**. Ipagamit ang mga ito sa mga pangungusap tungkol sa aksiyon na gagawin sa hinaharap. Maaaring magbigay ng panimula katulad ng sumusunod:
 - Bukas, _____ ako.
 - Mamaya, _____ kami.
 - Sa susunod na linggo, _____ tayo.



BRIDGING

Ang Pandiwang Panghinaharap ay tinalakay na sa *Mother Tongue*. Iugnay ito sa talakayan sa Filipino. Maaaring ipakita sa mga bata ang pagkakaparehas at pagkakaiba ng anyo ng Pandiwang Panghinaharap sa dalawang wika.

5

TAKDANG-ARALIN

Maglista ng tatlong bagay na gagawin bukas. Gamitin ang Pandiwang Panghinaharap.

LAYUNIN

- Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento
- Nagagamit ang wastong Pandiwang Panghinaharap
- Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan
- Nababaybay ang mga salitang may 3-5 pantig na napag-aralan sa kuwento

ARAW

3

1

BAHAGINAN

- Talakayin ang ipinagawang takdang-aralin. Tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad sa buong klase ng kanilang mga inihandang pangungusap, gamit ang Pandiwang Panghinaharap. Isulat sa pisara ang kanilang mga babanggiting Pandiwa. Tulungan ang mga mag-aaral sa pagtukoy kung paano nailagay sa panahong panghinaharap ang mga pandiwang ginamit nila. Nagdagdag ba sila ng panlaping **mag-**? Inulit ba nila ang unang pantig?
- Alamin kung may natitira pang katanungan ang mga mag-aaral tungkol sa Pandiwang Panghinaharap bago tumungo sa susunod na gawain.

2

GAWAIN: PAGBABAYBAY

- Idikta sa klase ang sumusunod na mga salitang napag-aralan o nabasa nitong nakaraang mga araw at ipasulat ito sa kanilang kuwaderno.

a. <i>mangangalakal</i>	f. <i>sumang-ayon</i>
b. <i>parangal</i>	g. <i>pasahero</i>
c. <i>masigasig</i>	h. <i>pamangkin</i>
d. <i>makasaysayan</i>	i. <i>produkto</i>
e. <i>mahiwaga</i>	j. <i>impluwensiya</i>
- Matapos idikta ang mga salita, isulat ang tamang baybay ng mga salitang ito sa pisara. Hayaang magpalitan ng kuwaderno ang magkatabi at ipawasto sa kanila ang pagbaybay ng kanilang katabi batay sa listahan sa pisara.

TALAAN

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 5. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.



Pagsasanay: Pagsunod-sunod ng mga Pangyayari

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may panahon pang nalalabi pagkatapos ng pagsagot ng *Skill Builder*, maaaring ipagawa ang mga sumusunod na pagsasanay.

a. Pandiwang Panghinaharap

Panuto: Ilagay sa pormang panghinaharap ang mga Pandiwa sa loob ng panaklong (parentheses).

- (kain) 1. _____ tayo ng almusal bago magbiyahe.
 (tabi) 2. _____ kayo sa akin sa bus.
 (baba) 3. _____ tayo sa terminal ng bus.
 (tira) 4. _____ tayo sa lumang mansyon ni Jovy.
 (pasyal) 5. _____ tayo sa magagandang lugar sa Vigan.

b. Talasalitaan

Punan ang bawat pangungusap ng angkop na salita. Piliin ang sagot sa mga salita sa kabon.

makasaysayang mangangalakal	katutubong pag-aalsa
--------------------------------	-------------------------

- (1) Nanood kami ng mga _____ sayaw ng mga Ilokano.
 (2) Dahil sa kalupitan ng mga mananakop na Espanyol, napilitang lumaban ang mga kababayan natin. Maraming nasaktan sa _____ ng mga Pilipino laban sa mananakop.
 (3) Binisita ng mga turista ang mga _____ lugar sa aming bayan.
 (4) Dumayo sa Vigan ang mga _____ upang mamili ng mga produkto ng lugar na ibebenta nila sa ibang lungsod.

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot

ARAW

4

I PANIMULANG GAWAIN: PAGPUPULSO

- Alamin kung ano ang mga kakayahan na kailangan pang tutukan upang lubusang maintindihan ng lahat ng mag-aaral. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang sumagot nang tapat sa sumusunod na tanong:
 - *Alin sa mga tinalakay o ginawa sa klase nitong nakaraang mga araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?*
 - *Alin naman ang babagyang nakukuba na ninyo pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?*
 - *Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?*
- Batay sa sagot ng mga mag-aaral, magsagawa ng mabilisang pagpapaliwanag o pagrerebyu bago tumungo sa susunod na gawain.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga salitang pag-aaralan ngayong araw sa pisara:

binurdahan	hotel
eskararate	imahinasyon

- Ipabasa sa klase ang mga salita/parirala sa pisara. Tanungin sila kung nabasa o narinig na nila ang mga salita o pariralang ito. Ano ang pagkakaintindi nila sa mga ito? Kumuha ng ilang sagot mula sa mag-aaral.

Sabihin: *May mga babasabin akong pangungusap na gagamit ng mga salita rito sa pisara. Pakinggang mabuti at subukang alamin ang kahulugan ng mga salita sa pisara batay sa binasa kong teksto.*



TALAAN

(1) binurdahan



Basahin: *Binurdahan* ni Nancy ang mga tuwalya, bimpò, at lampin na ireregalo niya sa kaniyang pamangkin na sanggol. Nagtabi siya ng disenyong bulaklak sa sulok ng bawat isa. Ibinurda din niya ang letra ng pangalan ng sanggol.



Itanong: *May mga gamit ba kayo sa bahay na may burda, katulad ng binanggit sa pangungusap? Bakit kaya nilalagyan ng espesyal na tabi ang ilang mga gamit katulad ng lampin o tuwalya? Ano ang mga salita sa binasa kong pangungusap na nagpapahiwatig ng kabulugan ng binurdahan?*

Isulat: binurdahan – tinahian ng dekorasyon o disenyo ang tela

(2) hotel



Basahin: *Kapag bumibiyabe ang tiya niya sa ibang probinsiya, tumutuloy muna siya sa isang **hotel**. Nang bumisita sila sa Davao, sa Villa Margarita Hotel siya nangupahan ng kuwarta. Maraming turista ang tumutuloy dito.*



Itanong: *Nakapunta na ba kayo sa isang **hotel**? Bakit kailangang tumuloy sa **hotel**? Sino ang nangangailangang tumira sa mga **hotel**?*

Isulat: hotel – lugar na maaaring pansamantalang paglagian ng biyehero/turista/bakasyonista

(3) eskaparate



Basahin: *Nagpagawa ng **eskaparate**ng gawa sa kahoy ang museo upang maitanghal ang... Kwadrado ang bugis nito na may tatlo hanggang apat na dibisyon o hati na mapagpapatungan ng garapon habang ipinapakita ito sa mga turistang bibisita sa museo.*



Itanong: *Bakit gumagamit ng salamin sa paggawa ng **eskaparate**? Para saan ginagamit ang **eskaparate**? Bukod sa museo, saan ba nakakakita ng mga gamit sa lalagyang may salamin?*

Isulat: eskaparate – lalagyang gawa sa kahoy na may salamin upang makita ang nilalaman

(4) imahinasyon

Basahin: *Kabanga-banga ang **imahinasyon** ng Pilipinang pintor na si Pacita Abad. Kung ano-anong kulay, pintura, at tabi ang ipinagsasama niya upang makabuo ng kakaibang mga larawan. Tanyag siya para sa kaniyang malikhaing pamamaraan ng paggawa ng sining.*

Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **imahinasyon**? Ano ang kinalaman ng imabe o larawan sa pagiging malikhaing? Ano ang ibig sabihin ng **imahinasyon**?*

TALAAN

Isulat: imahinasyon – likhang-isip o haraya; kakayahang ilarawan sa isipan ang iba-ibang ideya

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan. Magpasulat din ng pangungusap gamit ang mga salitang pinag-aralan.

b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak

Sabihin: *Ipagpapatuloy ninyo ang pagbasa sa kuwento ni Nona at Gabriel sa Vigan. Ano nga ulit ang pamagat ng aklat na sinimulan ninyo noong isang araw? Nang iniwanan natin ang mga tauban sa ating kuwento, sino ang kamag-anak na binisita nila?*



c. Pagganyak na tanong

Sabihin: *Sa babasahin ninyong karugtong ng kuwento, alamin: Sino ang dating nagmamay-ari ng babay ni Tita Jory?*



3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ang magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 ((Madali o easy na level) ang pakikikinggan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*



- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang pangkatang gawain.

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang pagsasanay para sa Pangkat 1 sa pisara.</p> <p><i>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, punan ng tamang sagot ang bawat pangungusap:</i></p> <p>Pagsasanay</p> <p>Punan ang patlang ng angkop na salita:</p>	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</i></p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p>

TALAAN

1. Nagpasya si Tita Jovy na gawing _____ at museo ang kaniyang bahay.
2. Ang kumot sa kuwarto nina Nona ay gawa sa _____, isang uri ng tela na gawa sa Ilocos.
3. _____ ang ipapangalan ni Tita Jovy sa kaniyang bagong hotel
4. Pinakaiingatan ni Tita Jovy ang isang lumang _____ na mula pa noong panahon ni Heneral Aguinaldo.
5. Napisigaw si Nona nang makasalubong niya ang trabahador na si _____.

Pagkabasa ng p.6:

Bakit maraming trabahador sa bahay ni Tita Jovy?

Pagkabasa ng p.7:

Saan nakuha ni Tita Jovy ang pangalan ng kaniyang hotel?

Pagkabasa ng p.8:

Ano ang laman ng eskaparate sa bahay ni Tita Jovy?

Pagkabasa ng p.9:

Bakit kaya gusto nang lumipat ng ibang hotel ni Nona?

PAALALA SA GURO

Sa pagpabasa sa bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot, muling mapakikilingan ng guro ang tatas ng mga mag-aaral sa pagbasa. Magsisilbing modelo sa Pangkat 2 ang mas matatas na pagbasa ng Pangkat 1.

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

- Magsagawa ng talakayan tungkol sa kuwento sa pamamagitan ng pagtanong ng sumusunod:
 - a. *Ano-ano ang nagpapatunay na malaki at makasaysayan ang babay na tinitirhan ni Jovy? Basahin ang bahaging ito ng kuwento.*
 - b. *Kung kayo si Jovy, gagawin ba ninyong hotel at museo ang inyong babay? Bakit?*
 - c. *Ano ang naramdaman ni Nona nang makita niya ang silid na punong-puno ng libro? Basahin ang bahaging ito ng kuwento.*
 - d. *Bakit kaya nasabi ni Nona na marami pang tinatagong sekreto ang Villa Soledad?*
 - e. *Kung makakabisita kayo sa Villa Soledad, aling bahagi ng babay ang pinakagusto ninyong makita? Bakit?*

5

TAKDANG-ARALIN

Sa bahay ni Tita Jovy, may iniingatan siyang watawat mula sa panahon ni Heneral Aguinaldo. Ano ang halimbawa ng bagay na mahalagang pangalagaan? May ganito ba kayo sa inyong pamilya? Magsulat ng ilang pangungusap tungkol dito at maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

LAYUNIN

- **F3PB** Nasasagot ang tanong na Bakit kaya sa pamamagitan ng pagbigay ng dahilan
- **F3PT** Naibibigay ang kasingkahulugan ng napag-aralang talasalitaan
- **F3PT** Nakasusulat ng pangungusap tungkol sa napag-aralang talasalitaan
- **F3KM** Nakasusulat ng isang liham pangkaibigan na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

ARAW

5

BAHAGINAN

- Gamiting lunsaran ang ibinigay na takdang-aralin para sa bahaginan ngayong araw. Ipaalala sa klase ang takdang-aralin, at tumawag ng ilang mag-aaral upang maglahad ng kanilang sagot sa buong klase.

Sabihin: *Kahapon, ang takdang-aralin ninyo ay ang magsulat kung sang-ayon kayo sa pangangalaga ng mga makasaysayang bagay. Ibahagi ninyo ngayon sa klase ang inyong sagot. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang panimulang ito sa inyong paglalahad:*



Mahalagang pangalagaan ang _____ dahil

- Magbigay ng sariling halimbawang pangungusap.
Halimbawa: *Mahalagang pangalagaan ang lumang bikaw ng aking nanay dahil ipinamana pa ito sa kaniya ng lola niya. Mahalagang pangalagaan ang mga alamat ng bawat lugar sa Pilipinas dahil wala itong kapalit saan man sa mundo.*
- Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi sa harap ng klase. Pagkatapos magbahagi ng ilang mag-aaral, magsagawa ng mabilis na sarbey upang malaman kung ilan ang sang-ayon sa pangangalaga ng makasaysayang bagay at kung ilan ang hindi sang-ayon.

Sabihin: *Sa buong mundo, maraming bansa ang kumikilos upang pangalagaan ang mga lugar at bagay mula sa kanilang kasaysayan. Ito din ang punto ng mga UNESCO World Heritage Sites. Ang ibig sabihin ng salitang “heritage” ay pamana. Kailangan nating pangalagaan ang mga bagay mula sa ating kasaysayan dahil mahalaga itong pamana sa mga susunod na henerasyon. Sa tulong ng mga ito, mas mauunawaan nila ang kasaysayan na pinagdaanan ng kanilang mga ninuno at ng kanilang bansa.*



TALAAN

2

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 11. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang buong pagsasanay sa kanilang kuwaderno.



Pagsasanay: Pagsusulat ng Liham Pangkaibigan

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-unawa ng mga gawain.

3

DAGDAG NA PAGSASANAY

- Ipagawa ang sumusunod na pagsasanay kung may nalalabi pang oras matapos ipasagot ang *Skill Builder*.

a. Bakit?

Panuto: Ang tanong na “Bakit” ay naghahanap ng dahilan.

Punan ang mga pangungusap ng angkop na dahilan ayon sa kuwento:

- (1) *Bakit kaya maraming karpintero at pintor sa mansyon?*
Maraming karpintero at pintor sa mansyon dahil _____.
- (2) *Bakit kaya napagpasyahan ni Jovy na gawing hotel ang mansyon?*
Napagpasyahan ni Jovy na gawing hotel ang lumang mansyon dahil _____.
- (3) *Bakit kaya natakot si Nona kay Mang Jun?*
Natakot si Nona kay Mang Jun dahil _____.

b. Mga Salitang Magkasingkahulugan

Panuto: Piliin mula sa kaibon ang kasingkahulugan ng salitang may salungugbit. Pagkatapos, magsulat ng pangungusap gamit ang sinalungugbitang salita.

- tanyag
- pinakamahalaga
- tinitingnan
- luma
- malaki

- (1) Minamasdan ni Gabriel ang mga dinadaanang lugar.
- (2) May malawak na hardin ang bahay.

- (3) Maraming antigong kasangkapan sa bahay ni Jovy.
- (4) Iginuhit ang mga larawan ng mga kilalang Pilipinong pintor.
- (5) Ang pinakaimportanteng bagay sa kuwarto ay ang bandila ng Pilipinas.

TALAAAN

ARALIN

18

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA MAKASAYSAYANG LUGAR SA AKING BANSA

LEVELED READER: *MISTERYO SA VILLA SOLEDAD*



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 18

Tema: Mga Makasaysayang Lugar sa Aking Bansa

Leveled Reader: *Misteryo sa Villa Soledad* (Kuwento nina Sierra Mae Paraan, Ani Rosa Almario, at Yvette U. Tan; Guhit ni Jericho Moral)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
1	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa mga bayaning babae
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>sekreto, nagtatangka sa buhay, hapag</i>
	PT PS	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikingig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Ikalawang Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagawa ng mapa base sa nakalarawan sa napakinggang kuwento. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagguhit ng mapa ng bahay ni Aguinaldo na may mga sekretong lagusan
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag

KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon

PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>I. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa pagbabalik-tanaw sa kuwentong binasa noong isang linggo 	<p>I. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpsali sa pagbabalik-tanaw sa kuwentong binasa noong isang linggo
<p>2. Paghahanda sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento 	<p>2. Paghahanda sa Pakikinig</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng kahulugan ng mga salita sa kuwento
<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang mga salita
<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggawa ng gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng Guro ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang kuwento <p>4. Pagtalakay ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Magtanong tungkol sa kuwentong binasa 	<p>3. Pagbasa ng Guro ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa guro <p>4. Pagtalakay ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga tanong tungkol sa kuwento
<p>5. Paggawa ng Mapa</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na gumuhit ng mapa ng bahay ni Aguinaldo na nakalagay ang mga sekretong lagusan <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>5. Paggawa ng Mapa</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagguhit ng mapa ng bahay ni Aguinaldo na ipinakikita ang mga sekretong lagusan <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng iginuhit na map ng <i>Aguinaldo Shrine</i> sa kanilang mga magulang at iba pang kapamilya
<p>I. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang iginuhit na mapa ng kanilang bahay at karatig-pook 	<p>I. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng iginuhit na mapa sa klase

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>lahi, sambit, kobrekama, libutin, nangingilid ang luha</i>
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikalawang Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa Kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung kailan ginawa, ginagawa o gagawin ang aksiyon batay sa panandang panahon (<i>time signal</i>) 	<ul style="list-style-type: none"> Mga isinasaad na panahon ng <i>time signal</i>
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayang ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa mga gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak ng tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayan ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kuwento at ipabasa ang bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot
<p>4. Aralin: Panandang Panahon (<i>Time Signal</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang iba't ibang <i>time signal</i> at ang panahon na isinasaad ng Pandiwa batay sa mga ito <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralang paksa/konsepto <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Aralin: Panandang Panahon (<i>Time Signal</i>)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng wastong panahon na isinasaad ng Pandiwa batay sa <i>time signal</i> <p>5. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain <p>6. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng ilang pangungusap tungkol sa isang makasaysayang lugar
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ginawa nilang takdang-aralin 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga sagot sa takdang-aralin
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	WG	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang angkop na <i>time signal</i> sa nakasaad na aksiyon o Pandiwa 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng angkop na <i>time signal</i>
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng napag-aralang talasalitaan
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>kasosyo, nagkibit-balikat, ngumuso, nagpanhik-panaog</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3; F3PB Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikalawang Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay ng Kuwento

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> Mula sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang <i>time signal</i> na angkop sa nakasaad na aksiyon o Pandiwa 	<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> Mula sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng angkop na <i>time signal</i> sa nakasaad na Pandiwa o aksiyon
<p>3. Dagdag na Pagsasanay: Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na punan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay: Talasalitaan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang talasalitaan <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbasa ng diyaryo, magasin, o libro at pagsulat ng mga <i>time signal</i> na makikita sa mga ito
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang mga <i>time signal</i> na kanilang nahanap sa diyaryo, magasin, o libro na kanilang binasa 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng mga <i>time signal</i> na nakita sa diyaryo, magasin, o libro
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento
<p>b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbabalik-aral sa kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagganyak na tanong
<p>3. Pagbabasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pasagutan ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa 	<p>3. Pagbabasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan; ipabasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<p>4. Talakayan Tungkol sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang sitwasyon kung kailan natuwa o natakot ang mga tauhan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mga sitwasyon kung kailan natuwa o natakot ang mga tauhan
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Panimulang Gawain
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nakabibigay ng angkop na solusyon sa nakasaad na problema 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng angkop na solusyon
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Naibibigay ang kasalungat ng salita 	<ul style="list-style-type: none"> Mga Salitang Magkasalungat
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang talaarawan na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng Talaarawan

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>5. Pagsasanay: Damdamin ng Mga Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaaral na ibigay ang mga sitwasyon kung kailan natuwa o natakot ang mga tauhan <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso para alamin ang kakayanan na kailangan pang tutukan sa susunod na mga araw 	<p>5. Pagsasanay: Damdamin ng Mga Tauhan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa mga pagsasanay tungkol sa pagbibigay ng angkop na sitwasyon na natuwa o natakot ang mga tauhan <p>6. Pagpupulso</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawa
<p>1. Panimulang Gawain: Laro ("Takot-Lungkot-Tuwa")</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa paglalaro 	<p>1. Panimulang Gawain: Laro ("Takot-Lungkot-Tuwa")</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa laro
<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang angkop na solusyon sa nakasaad na problema 	<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na solusyon
<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Magkasalungat na Salita</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kasalungat ng nakasaad na salita 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Magkasalungat na Salita</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa salitang magkasalungat
<p>b. Pagsulat ng Talaarawan</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral pagbabalik-aral; talakayin kung ano at paano isinusulat ang isang talaarawan at hikayatin ang mga mag-aaral na magsulat nito nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat 	<p>b. Pagsulat ng Talaarawan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng talaarawan nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PT; F3PS** Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita
- **F3PN** Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Nakagagawa ng mapa base sa nakalarawan sa napakinggang kuwento

I

BAHAGINAN

Simulan ang klase sa pagbabalik-tanaw ng kuwentong binasa noong nakaraang linggo. Gamitin ang pamagat ng kuwento bilang paksa ng bahaginan ngayong araw.



Sabihin: *Tungkol sa pagbisita sa Vigan ng magpinsang si Gabriel at Nona ang sinimulan nating kuwento noong nakaraang linggo. Sino ang makapagsasabi ng pamagat ng aklat na ito? (Maghintay ng sagot.)*

Tama—ang pamagat ng aklat ay “Misteryo sa Villa Soledad.” Ano nga ulit ang Villa Soledad? Kaninong babay ito? (Maghintay ng sagot.)

*At ano ang ibig sabihin ng salitang **misteryo**? (Maghintay ng sagot.)*

Noong iniwan natin ang kuwento, alam na ba natin kung ano ang libim sa Villa Soledad, o isa pa rin itong misteryo? (Maghintay ng sagot.)

Ngayong umaga, gusto kong marinig ang mga hula at palagay ninyo tungkol sa misteryong ito. Sa inyong palagay, ano kaya ang libim na itinatago ng hotel ni Tita Jovy? Mag-isip sandali at magbandang ibahagi ang inyong palagay sa buong klase. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:

Sa palagay ko, ang misteryo sa Villa Soledad ay _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap.
Halimbawa: *Sa palagay ko, ang misteryo sa Villa Soledad ay dati itong ospital para sa mga rebolusyonaryo.*
- Tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi ng kani-kanilang palagay. Tanungin ang ibang mag-aaral na nakikinig kung sang-ayon sila o hindi sa inilahad, at bakit.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG



Sabihin: *Ngayong araw, ipagpapatuloy natin ang pagtuklas sa misteryo sa Villa Soledad. May babasabin akong bahagi ng kuwento para sa inyo. Pero bago iyon, pag-aralan muna natin ang ilang salitang maririnig ninyo.*

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang mga salita at ekspresyong tatalakayin:

sekreto nagtatangka sa buhay hapag

Sabihin: *Nasa pisara ang ilang salita at ekspresyon na maririnig ninyo sa ating kuwento ngayon. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Sabihin ang tamang kabulugan ng mga ito:*

(1) **sekreto**

Basahin: *May sorpresa ako para kay Nanay bukas. Ikaw at ako lang ang nakakaalam sa **sekreto** na ito, kaya huwag mong ipagsasabi. Masisira ang sorpresa kapag may ibang makaalam ng **sekreto** natin.*



Itanong: *Narinig na ba ninyo ang salitang **sekreto**? Aling salita sa Ingles ang kasingkabulugan at halos katunog nito? Ano-anong salita sa pangungusap ang nagbibigay ng ideya sa kabulugan ng **sekreto**?*



Isulat: sekreto – lihim, bagay, ideya, o pangyayari na itinatago mula sa kaalaman ng iba

(2) **nagtatangka sa buhay**

Basahin: *Maraming naging kalaban sa politika at sa negosyo ang gobernador sa probinsiya namin, kaya't marami ring **nagtatangka sa buhay** niya. Pinapangalagaan siya ng kaniyang mga gumardiya upang sigurubin na hindi siya masasaktan o mailalagay sa panganib.*



Sabihin: *Narinig na ba ninyo ang ekspresyong ito? Pag-aralan natin ang mga salitang bumubuo dito. Ano ang ibig sabihin ng **tangka**? Kapag sinabi kong **nagtangka** akong lumangoy, ano ang ibig sabihin nito? (Maghintay ng sagot.) Tama—kapag may **tinatangka** tayo, mayroon tayong **sinusubukan** o **balak** ganin. Kung gayon, ano ang **sinusubukang** ganin kapag may **nagtatangka** sa buhay ng gobernador?*



Isulat: nagtatangka sa buhay – nagbabantang saktan o nagbabalak patayin ang isang tao

(3) **hapag**

Basahin: *Iginayak o inihanda o inilagay ng nanay sa **hapag** ang kaniyang simpleng handa para sa kaarawan ng kaniyang anak. Nasa **hapag** ang niluto niyang pansit, at ang bibingkang paborito ng batang may kaarawan.*



Itanong: *Ano ang mga bagay na inilagay ng nanay sa **hapag**? Ano ang gamit ng isang **hapag**?*



Isulat: hapag – mesa

TALAAN

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang isinulat na talasalitaan sa pisara. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipagamit ang mga salitang pinag-aralan sa kanilang sariling pangungusap. Tanungin ang klase kung may nais pa silang linawin tungkol sa talasalitaan bago tumungo sa susunod na gawain.

b. Pagganyak



Itanong: *Mula sa bahaginan natin kanina, may nabubuo na ba kayong ideya kung ano ang misteryo sa Villa Soledad? Sa palagay ninyo, malalaman na ba natin ngayon kung ano ang misteryong ito?*

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: *Sa babasahin kong kuwento, alamin: Ano ang palagay ni Gabriel tungkol sa misteryo sa Villa Soledad?*

PAALALA SA GURO

Habang binabasa ang kuwento, titingnan ng mga mag-aaral sa larawan sa pahina 37.

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong, o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pag-unawa ng klase sa kuwento.
- Basahin ang sumusunod na bahagi ng kuwento nang may angkop na buhay at damdamin:

“Sekreto sa Lumang Bahay”

Pagbalik sa hotel nina Lola Ely, Nona, at Gabriel, hindi kinikibo ni Nona ang pinsan.

“Uy! Kanina pa kita kinakausap ah! Sabi ko, masarap ‘yung empanada kina Tita Jovy. Pero gusto ko rin tikman ‘yung bagnet. Ikaw ba?” sabi ni Gabriel. Nagpatuloy sa pag-aayos ng gamit si Nona. “Nona naman!” tinuloy ni Gabriel ang pangungulit sa pinsan. “Kayo talagang dalawa... kapag nag-away na naman kayo, babalik na tayo sa Baguio!” sabi ni Lola Ely. Nang marinig ito, biglang kinausap ni Nona si Gabriel, “Ang gulo mo kasi kanina eh. Kita mo na ngang takot na ‘yung tao...”

“Ay, sorry na, Nona. Hindi ko naman alam na natatakot ka talaga eh,” alo ni Gabriel. “Tsaka ang tinutukoy ko namang sekreto e ‘yung mga hindi nakakatakot.” “Ha? Paanong hindi

TALAAN

“nakakatakot?” sagot ni Nona. “Hindi ba, sabi diyan sa libro mo, ‘yung malalaking bahay na ginawa noong panahon ng pananakop ng Espanyol, ginawan talaga ng mga sekretong daanan at silid?” Binuksan ni Nona ang libro at nagsimulang magbuklat ng mga pahina.

“O, teka, teka. Iyan!” Tinuro ni Gabriel ang isang larawan. Naroon ang Aguinaldo Shrine. Malakas na binasa ni Nona ang teksto sa pahina. “Ang Aguinaldo Shrine ang mansiyon ng unang presidente ng bansa na si Emilio Aguinaldo. Matatagpuan ito sa Kawit, Cavite. Mayroon itong magagandang bangko, upuan, at kabinet na may mga sekretong compartment o bahagi kung saan puwedeng itago ang mga armas. Marami ring sekretong daanan at silid ang mansiyon. Itinatago sa sekretong daanan at silid ang mga importanteng dokumento at armas na ginamit sa rebolusyon laban sa mga Kastila.

Noong panahon ng rebolusyon, maraming nagtatangka sa buhay ni Aguinaldo. Kaya noong ipinatayo ang bahay niya, siniguradong makakaalis siya nang walang nakakaalam sa pamamagitan ng mga lihim na daanan. Sa katunayan, isa sa mga sekretong daanan sa bahay niya ay nasa ilalim ng hapag kainan. Ang sekretong daanan na ‘yon ang ginagamit upang makapunta si Aguinaldo sa malapit na simbahan.” Isinara ni Nona ang libro pagkabasa.

“O hindi ba?” nanghahamon na boses ni Gabriel. “Sobrang luma ng bahay ni Donya Soledad—este, ni Tita Jovy. Tingin ko may sekretong daan din yun!” Matagal na tinitigan ni Nona ang pinsan.

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

Talakayin ang kuwento at sagutin ang sumusunod na tanong. Sagutin ang sumusunod na tanong sa pagtalakay ng kuwento.


- (1) Bakit may mga sekretong daanan at silid ang mga lumang bahay?
- (2) Ano ang Aguinaldo Shrine? Ilarawan ito.
- (3) Bakit kaya maraming nagtatangka sa buhay ni Aguinaldo?
- (4) Paano sekretong nakatatakas sa mga kaaway si Aguinaldo?
- (5) Saan nakalagay ang sekretong daanan?
- (6) Saan pumupunta si Aguinaldo sa tulong ng sekretong daanan?
- (7) Ano ang ideya ni Gabriel tungkol sa misteryo sa Villa Soledad?
- (8) Sa palagay ninyo, may sekreto rin kayang daanan ang bahay ni Tita Jovy?

TALAAN

5

PAGGAWA NG MAPA

- Magpakita ng isang simpleng mapa ng isang bahay at ilang kalapit na gusali. Ipaliwanag kung ano ang sinasagisag ng bawat kahon o linya, at kung paanong mula sa ibabaw ang pagtanaw nito ipinapakita ang isang paibabaw na pagtanaw sa isang bahay at mga karatig pook. Halimbawa:



- Hayaang gumuhit ng sarili nilang mapa ang mag-aaral upang ipakita ang sekretong daanan mula *Aguinaldo Shrine* patungong simbahan ng Kawit. Hikayatin silang gamitin ang kanilang imahinasyon sa pagguhit ng kanilang mapa. Pagkatapos gumuhit, susulat sila ng maikling pangungusap na naglalahad ng mga lugar at daanan sa kanilang mapa, at kung paano ito posibleng ginamit ni Aguinaldo. Magbigay ng halimbawa sa klase na maaaring sundan ng mga mag-aaral. Bigyan ang klase ng 10 minuto para sa gawaing ito. Matapos ang inilaang panahon, tumawag ng ilang mag-aaral na magpapakita ng kanilang mapa at magbabasa ng kanilang pangungusap.

6

TAKDANG-ARALIN

Panuto: Ipakita sa inyong magulang at iba pang kapamilya ang iginuhit ninyong mapa ng *Aguinaldo Shrine*. Magpatulong sa kanila sa paggawa ng mapa ng inyong bahay at ilang kalapit na lugar. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito
- **F3WG** Nasasabi kung kailan ginawa, ginagawa, o gagawin ang aksiyon batay sa Panandang Panahon o mga palatandaan ng panahon *time signal*

ARAW

2

I BAHAGINAN

Ipaalala ang ipinagawang takdang-aralin. Humingi ng mga boluntaryo upang ipakita ang mapa ng kanilang bahay at karatig-pook. Babasahin din nila ang isinulat nilang pangungusap tungkol sa mapa. Gamitin ang panahong ito upang malaman kung naintindihan na ng lahat ng mag-aaral kung paano gumawa at kumuha ng impormasyon mula sa mapa. Habang nagpapakita ng mapa ang isang mag-aaral, maaaring tumawag ng ibang mag-aaral ang guro upang itanong dito ang ilang detalye na makukuha mula sa iginuhit na mapa. Maaring magbigay ng mga tanong:

(a) *Ano ang mga gusali na makikita sa mapa?* (b) *Saan makikita ang giba-gibang bahay?* (c) *Ano-ano ang makikita malapit sa lumang kamalig?*

2 PAGHAHANDA SA PAGBABASA

PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA LEVELED READERS

I. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok. Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

TALAAN

2. Ang kuwento para sa Aralin 17, 18, at 19 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng kuwento at ang guhit ng kuwento sa Aralin 17. Sa Aralin 18, magsisimula sa pahina 11 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 36. Sa Aralin 19, magsisimula sa pahina 22 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita naman sa pahina 37. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa Aralin 17. Para sa Aralin 18 at Aralin 19, titingnan nila ang guhit sa pahina 36 at 37.

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat sa pisara ang pag-aaralang salita at ipabasa nang malakas:

lahi libutin	sambit nangingilid ang luha	kobrekama
-----------------	--------------------------------	-----------



Sabihin: *Ipagpapatuloy ninyo ngayon ang pagbasa sa aklat na “Misteryo sa Villa Soledad.” Mababasa ninyo ang mga salitang ito sa kuwento. Pag-aralan natin ang kahulugan ng mga salitang ito. Gagamitin ko ang mga ito sa pangungusap. Alamin kung alin sa sumusunod na pagpipiliang kahulugan ang katapat ng bawat salita.*

- Ikabit o isulat sa pisara ang sumusunod na kahon ng mga pagpipiliang kahulugan. Basahin para sa mga mag-aaral, o tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa ng mga kahulugang ito para sa klase:

- maglibot at maghanap
- telang pantakip sa kama
- malapit nang umiyak
- angkan, tribo, o liping pinanggalingan
- nabigla o nagulat

- Gamitin ang mga salita sa pangungusap at gabayan ang mga mag-aaral sa pagpili ng tamang kahulugan mula sa kahon.

(1) lahi



Sabihin: *Lahi.* Iba-iba ang **lahi** ng mga mamamayan sa bansang Malaysia. May **lahing** nagmula sa Tsina, may **lahing** katutubong Malay, at may **lahing** mula sa India, bukod pa sa mga katutubong pangkat-etniko. Dabil sa kasaysayan ng Malaysia sa ilalim ng pananakop ng Bretanya, namuhay sa iisang bansa ang mga **lahing** ito. **Lahi.** Alin sa mga pagpipiliang kahulugan sa kahon ang umaakma sa salitang ito? (**Sagot: D.** Isulat ang salitang **lahi** sa tapat ng kahulugang ito.)

TALAAN

(2) **sambit**

Sabihin: Sambit. “Naku!” Biglang napasambit si Ana nang makita niya ang kalat sa mesa. “Magagalit si Nanay kapag makita niyang magulo itong hapag!” **Sambit.** Bakit napasigaw ng “Naku!” si Ana? Ano ang nakita at naisip niya? Napasambit na rin ba kayo tulad ni Ana? Ano ang nakapagpasambit sa inyo? Ano ang kahulugan ng **sambit** mula sa mga pagpipilian dito sa kabon?

(Sagot: E. Isulat ang salitang **sambit** sa tapat ng kahulugang ito.)

(3) **kobrekama**

Sabihin: Kobrekama. Dabil isang buwan na mula nang may pumasok sa silid, makapal na ang alikabok na naipon sa **kobrekama**. Dali-dali siyang naghanap ng ipapalit dito mula sa aparador kung saan matatagpuan ang mga kumot at punda. **Kobrekama.** Ano ang salitang-ugat dito? Para saan kaya ang **kobrekama**? Sa wikang Ingles, ang katuwang na ekspresyon para sa salitang ito ay “bedcover” o “bedsheet”. Alin sa mga kahulugan dito sa kabon ang katapat ng **kobrekama**?

(Sagot: B. Isulat ang salitang **kobrekama** sa tapat ng kahulugang ito.)

(4) **libutin**

Sabihin: Libutin. Umaga pa lamang nang nagsimula silang **libutin** ang museo. Nang matapos sila sa paggalugad at pagtanaw ng mga gamit, kuwadro, at iskultura sa buong gusali, palubog na ang araw.

Libutin. Ano pa ang ibang lugar na puwedeng **libutin**? Ano ang mga salita sa pangungusap na nagpapahiwatig ng kahulugan ng **libutin**? Aling kahulugan dito sa kabon ang katapat ng salitang ito?

(Sagot: A. Isulat ang salitang **libutin** sa tapat ng kahulugang ito.)

(5) **nangingilid ang luha**

Sabihin: Nangingilid ang luha. Dinamdang niya nang lubos ang napanood niyang drama sa telebisyon. **Nangingilid ang luha** niya nang mapanood ang eksenang nagpapaalam ang bida sa kaniyang anak bago ito tuluyang namatay bago ito umalis para hanapin ang nawawalang kapatid. **Nangingilid ang luha.** Ano ang salitang-ugat ng nangingilid? Tama: gilid. Kapag **nangingilid ang luha**, nasa gilid ng anong bahagi ng mukha ang luha? Nangyari na rin ba sa inyo ito? Kailan **nangingilid ang luha** ninyo? Ano ang mga sitwasyon na muntik na kayong mapaiyak? Ano ang katapat na kahulugan ng **nangingilid ang luha** dito sa kabon?

(Sagot: C. Isulat ang salitang **nangingilid ang luha** sa tapat ng kahulugang ito.)



TALAAAN

- Ipasipi sa mag-aaral ang talasalitaan sa pisara. Tanungin sila kung may nais silang linawin o itanong tungkol sa mga salitang pinag-aralan bago tumungo sa susunod na gawain.

b. Pagganyak



Itanong: *Batay sa mga pinag-aralan nating mga salita, ano ang hula o prediksyon ninyo tungkol sa susunod na pangyayari sa kuwentong “Misteryo sa Villa Soledad?” Ano kaya ang ang mangyayari sa mga susunod na bahagi na babaging babasabin ninyo?*
(Kumuha ng ilang sagot.)

c. Pagganyak na Tanong



Sabihin: *Sa pagbasa ninyo ng susunod na kabanata ng aklat, alamin kung sino ang taubang nangilid ang luba? Bakit nangilid ang luba niya?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO



Sabihin: *Habatiin ko kayo sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 ay magbabasa nang tahimik (Mahirap o challenging na level) habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikinggan ko muna ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2. Magpupulong kami dito sa isang tabi ng Pangkat 2 upang hindi maistorbo ang Pangkat 1 habang tahimik silang nagbabasa. Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno.*

Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1 (Nagbabasa nang tahimik)	Pangkat 2: Kasama ng guro (Nagbabasa nang malakas)
Isulat ang sumusunod sa pisara: Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong: I. Ano ang nabasang impormasyon ni Nona tungkol sa mga bahay sa Calle Crisologo?	Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.

TALAAAN

2. Bakit naghihilahan sina Nona at Gabriel sa unang bahagi ng kuwento (p. 13)?
3. Sino ang nakita nila nang buksan ni Gabriel ang pinto? Ano ang naramdaman nila sa puntong ito ng kuwento? (p. 14)
4. Ano at sino ang nakita ng magpinsan sa loob ng madilim na kuwarto? (p. 15)
5. Bakit nangilid ang luha ni Nona matapos nilang makita ang lalaki sa loob ng kuwarto?

Mga maaaring itanong ng guro:

Pagkabasa ng p. 12:

Bakit kaya nasabi ni Gabriel na may lahing Tsinoy si Donya Soledad?

Pagkabasa ng p. 13:

Bakit ayaw nang tumuloy ni Nona sa paggalugad ng bahay?

Pagkabasa ng p. 14:

Sino kaya ang sinimulang banggitin ni Tita Jovy na baka makita ng magpinsan sa paggalugad nila sa buong bahay?

Pagkabasa ng p. 15:

Paano ninyo ilalarawan ang lalaking nakita nina Gabriel at Nona sa loob ng silid? Kung kayo ang nasa lugar nila, ano ang mararamdaman ninyo tungkol sa lalaking ito?

Talakayan

(Kasama ang guro)

Sabihin: Ilahad ang inyong sagot sa bawat bilang ng pagsasanay. Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay na tama ang inyong sagot.

Pagsagot sa pagsasanay

Sabihin: Pupunta naman ako sa Pangkat 1, habang sinasagot ninyo ang pagsasanay. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.

Pagsasanay

Gamit ang mga salita sa loob ng kahon, punan ang patlang ng tamang salita upang makompleto ang pangungusap.

nangingilid ang luha
sambit sekreto
mangangalakal

1. Maraming bahay sa kalyeng ito ang pagmamay-ari ng mga _____ na Tsinoy.
2. "Oo nga pala!" biglang _____ ni Nona.
3. "Sabik na akong malaman kung anong _____ ng Villa Soledad ang malalaman ko dahil sa inyo."
4. _____ sa mga mata ni Nona.

TALAAAN



BRIDGING

Ang konseptong mga hudyat ng panahon ay tinalakay na sa *Mother Tongue*. Iugnay ang pagtuturo sa Filipino sa napag-aralan na sa *Mother Tongue*. Maaaring ipakita ng guro ang pagkakaparehas at pagkakaiba ng konsepto sa dalawang wika.

4

ARALIN: PANANDANG PANAHON
(TIME SIGNAL)

Sabihin: *Paano natin malalaman kung kailan naganap ang isang pangyayari? Bukod sa anyo ng Pandiwa, ano pa ang ibang palatandaan o pahiwatig kung kailan naganap ang aksiyon sa isang pangungusap?* (Kumuha ng ilang sagot mula sa mga mag-aaral.)

PARA SA GURO

Ipalawanag sa mag-aaral na ang Panandang Panahon (*time signal*) ay tinatawag ding Pang-abay na Pamanahon. Kung mayroon pang oras o sa susunod na pagkakataon, talakayin ang konsepto ng Pang-abay na Pamanahon.

- Isulat sa pisara at ipabasa ang sumusunod na mga pangungusap:

Naglaro kami ng patintero kahapon.

Bukas, maglalaro naman kami ng luksong-tinik.

Hindi ako nakasali sa laro nila ngayon, kasi naglalaba ako ng damit namin.

Naglalaro sila ng tumbang preso sa kasalukuyan.



Sabihin: *Pansinin ang mga salitang may salungubit. Ano ang isinasaad ng mga ito? Alam ba ninyo kung ano ang tawag sa mga salitang may salungubit? (Maghintay ng sagot.) Panandang panahon o time signal ang tawag sa mga salitang nagpapahiwatig kung kung kailan ginawa ang aksiyon. Ano pa ang ibang alam ninyong mga Panandang Panahon o Pang-abay na Pamanahon?*

- Kumuha ng sagot mula sa mga mag-aaral at isulat ang mga ito sa pisara. Pag-usapan kung anong panahon ang tinutukoy ng mga Panandang Panahon o *time signal*. Pagkatapos ng talakayan, ipagawa ang sumusunod na pagsasanay. Ikabit o isulat sa pisara ang pagsasanay na ito. Ipasipi at ipasagot sa kuwaderno.

Panuto: Basahin ang mga Panandang Panahon o time signal at sabihin kung ito ay nagsasaad ng aksiyon na nagawa na (Pangnagdaan), kasalukuyang ginagawa (Pangkasalukuyan), o gagawin pa lamang (Panghinaharap):

- | | | |
|----------------------|-------------------|--------------|
| 1. kahapon | 4. mamayang hapon | 7. bukas |
| 2. tuwing gabi | 5. tuwing recess | 8. araw-araw |
| 3. sa sunod na buwan | 6. noong pasko | 9. kahapon |

- Bigyan ng sampung minuto ang klase upang sagutin ang pagsasanay. Mag-ikot sa buong klase habang sinasagutan nila ito. Pansinin kung sino ang tila hindi pa lubusang nakaiintindi sa konsepto ng Panandang Panahon o Pang-abay na Pamanahon o *time signal*.

5

PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Itataas nila ang kanilang hinlalaki (*thumbs-up*) kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap, ituturo nila nang pababa ang hinlalaki kung lubusang silang hindi sumasang-ayon (*thumbs-down*), at ituturo nila nang patagilid ang hinlalaki kung hindi sila sigurado kung sang-ayon sila o hindi.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Alam ko na ang kabulugan ng labat ng tinalakay na salita mula sa talasalitaan.*
 - *Maisasalaysay kong muli ang mga pangunahing pangyayari sa kuwento.*
 - *Malinaw sa akin ang labat ng mga salitang nabasa ko sa kuwento.*
- Alamin kung sino ang mga bata na nagturo pababa ng kanilang hinlalaki sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

6

TAKDANG-ARALIN

Magsulat ng ilang pangungusap tungkol sa isang makasaysayang lugar. Subukang gumamit ng mga hudyat ng panahon na tumutukoy sa panahong pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

Gamitin ang pormulang ito sa pagsusulat:

_____ (Pandiwa) _____ ako/siya/kami/tayo sa _____
 (makasaysayang lugar) _____ (Panandang Panahon o
 Pang-abay na Pamanahon)_____.

TALAAN

ARAW

3

LAYUNIN

- **F3PB** Nahihinuha ang naramdaman ng tauhan sa iba't ibang sitwasyon
- **F3WG** Naibibigay ang angkop na Panandang Panahon o time signal sa nakasaad na aksiyon o Pandiwa
- **F3PT** Nagagamit nang wasto ang mga napag-aralang talasalitaan

I BAHAGINAN

- Gamitin ang ipinagawang takdang-aralin kahapon para sa bahaginan ngayon.



Sabihin: *Kahapon, itinakda ko sa inyo na magsulat ng mga pangungusap tungkol sa isang makasaysayang lugar. Inatasan ko kayong gumamit ng mga Pang-abay na Pamanahon na tumutukoy sa panahong pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap. Magbabahaginan tayo ngayon gamit ang inyong sinulat na pangungusap. Maaari ninyong gamitin ang panimulang ito:*

____(Pandiwa) ____ ako/siya/kami/tayo sa ____
(makasaysayang lugar) _____ (Pang-abay na Pamanahon).

- **Magbigay ng halimbawang pangungusap. Halimbawa:**

- *Bibisita kami sa Fort Santiago sa susunod na buwan.*
- *Bumisita siya sa Fort Santiago noong 2014.*
- *Bumibisita siya sa Fort Santiago araw-araw.*



Itanong: *Ano ang Panandang Panahon o Pang-abay na Pamanahon sa unang pangungusap? Sa pangalawa? Sa pangatlo? Paano nagbago ang Pandiwa sa bawat pangungusap? Bakit nagbago ang Pandiwa?*



Sabihin: *Tumayo tayong labat at bumuo ng malaking bilog. Ang bawat isa sa inyo ay magbabanggit ng isang pangungusap. Ang unang mag-aaral ang gagamit ng Panandang Panahon para sa panahong pangnagdaan. Ang pangalawa ang gagamit ng Panandang Panahon para sa panahong pangkasalukuyan. Ang pangatlo sa bilog ang gagamit ng Panandang Panahon na panghinaharap. Ganito ulit ang magiging pagkakasunod-sunod sa paggamit ng Panandang Panahon para sa sumusunod na tatlong mag-aaral. Gagawin natin ito hanggang ang labat ng mag-aaral ay nakapaglahad ng isang pangungusap. Malinaw ba ang panuto?*

- Simulan ang pagbabahaginan ng pangungusap. Gabayan ang mga mag-aaral sa paglahad ng pangungusap sa wastong porma kung kinakailangan.

2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipabuklat sa pahina 16 ang *Leveled Reader*. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito (angkop na Panandang Panahon o Pang-abay na Pamanahon). Isusulat ng mga mag-aaral ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.

Pagsasanay: Angkop na Pang-abay na Pamanahon



- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o gabay sa pagsagot ng gawain.

3 DAGDAG NA PAGSASANAY: TALASALITAAN

Panuto: Punan ang pangungusap ng nabasang salita mula sa kuwento. Piliin ang sagot mula sa kabon.

kalabog	nagtatangka sa buhay	paglutas
dokumento	nangingilid ang luha	

1. Itinago ni Ate Lita ang mahalagang _____ sa isang *bag*.
2. Gusto ng pulis na tumulong sa _____ ng problema.
3. Nang tanungin ng guro ang kaklase ko kung bakit sila nag-away ng kaniyang kapatid, biglang _____ niya at muntik nang umiyak.
4. May _____ ng pulitiko, kaya may guwardiya ang bahay niya.
5. Nagising si Lola nang marinig ang _____ sa kusina. May natumba palang garapon dahil may dumaan na pusa sa mesa.

4 TAKDANG-ARALIN

Magbasa ng diyaryo, magasin, o librong nakasulat sa wikang Filipino. Pansinin ang mga pangungusap na gumagamit ng mga Panandang Panahon. Isulat ang mga *time signal* sa inyong kuwaderno, at isulat din kung anong panahon ang isinasaad ng mga *time signal* na ito. Pangnagdaan ba ito? Pangkasalukuyan? O panghinaharap? Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot
- **F3PB** Naibibigay ang sitwasyon kung kailan natuwa o natakot ang mga tauhan

BAHAGINAN

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga nailista nilang Panandang Panahon mula sa pagsaliksik nila sa diyaryo, magasin, o libro. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipabanggit ang Panandang Panahon at kung anong panahon ang isinasaad nito. Tumawag din ng tatlong mag-aaral na magsusulat ng mga Panandang Panahon o time signal na babanggitin ng kanilang mga kaklase sa pisara. Italaga ang isang mag-aaral para magsulat ng lahat ng Panandang Panahon para sa isang panahon: isa para sa Panandang Panahon na pangnagdaan, isa para sa pangkasalukuyan, at isa para sa panghinaharap. Pakinggan ang sagot ng mga naglalahad, at bantayan din ang pagsulat at pagbaybay ng mga mag-aaral na nagsusulat sa pisara. Magbigay ng gabay at pagwawasto kung kinakailangan. Tanungin ang klase kung may nais pa silang klaruhin tungkol sa konsepto ng mga Panandang Panahon bago tumungo sa susunod na gawain.

2

PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

- Ipaskil o isulat sa pisara ang tsart sa ibaba. Ipabasa sa buong klase ang bawat hanay. Unahin muna ang lahat ng mga salita sa kaliwang hanay, bago ipabasa ang listahan ng mga kahulugan sa kabila.

Salita	Kahulugan
1. kasosyo	a. umakyat-baba
2. nagkibit-balikat	b. itinuro ang isang bagay gamit ang nguso
3. ngumuso	c. kilos na nagsasaad na hindi alam ang sagot o na hindi interesado sa isang bagay

TALAAAN

4. sungit	d. kaparte o kabahagi sa isang bagay
5. nagpanik-panaog	e. nagpapakita ng inis o galit

Sabihin: *Nasa kalinang babagi ng kabon ang mga salitang pag-aaralan natin. Nasa kanang babagi naman ang kabulugan ng mga salita. Gagamitin ko sa pangungusap ang mga salita sa unang hanay. Pakiingnan ang konteksto at piliin mula sa kabilang hanay ang wastong kabulugan ng salita.*

(1) **kasosyo**

Sabihin: *Kasosyo. Dabil **kasosyo** niya sa pagtitinda ng mga aklat kaniyang kapatid, nagsasalitan sila sa pagbantay ng kanilang tindaban.*

Kasosyo. *Ano ang mga salita mula sa pangungusap na nagbibigay sa inyo ng ideya kung ano ang kabulugan ng salitang ito? Ano ang salitang-ugat ng **kasosyo**? Bakit maganda kapag may **kasosyo** kayo sa isang bagay? Aling kabulugan dito sa hanay sa kanan ang wastong kabulugan ng salitang ito?*

(**Sagot: D.** Tumawag ng mag-aaral na guguhit ng linya mula sa bilang 1 patungong titik D.)

(2) **nagkibit-balikat**

Sabihin: *Nagkibit-balikat. Sunod-sunod ang tanong ng tatay ko sa kaniya. Nasaan ang kapatid mo? Sino ang kasama? Bakit hindi siya nagpaalam sa akin? Walang maisagot ang kapatid ko, kaya't **nagkibit-balikat** na lang siya. **Nagkibit-balikat.***

*Magkibit-balikat nga kayo. Ano ang ipinapahimatig ng kilos na ito? Kailan kayo **nagkikibit-balikat**? Aling kabulugan dito sa kanang hanay ang tamang sagot sa bilang na ito?*

(**Sagot: C.** Tumawag ng mag-aaral na guguhit ng linya mula sa bilang 2 patungong titik C.)

(3) **ngumuso**

Sabihin: *Ngumuso. May lumapit sa kanila upang magtanong, "Pinapakuba po ni Gng. Reyes ang salamin niya. Nasaan po kaya dito mabahanap iyon?" Hindi siya makapagsalita dahil may nginunguya siya, kaya **ngumuso** na lang siya upang ituro ang aparador.*

Ngumuso. *Ano ang salitang-ugat ng **ngumuso**? Gamitin nga ninyo ang inyong nguso upang ituro ang pisara? Aling kabulugan dito sa hanay na ito ang sagot para sa bilang na ito?*

(**Sagot: B.** Tumawag ng mag-aaral na guguhit ng linya mula sa bilang 3 patungong titik B.)



TALAAAN

(4) **sungit**

Sabihin: *Sungit.* *Ang **sungit** mo naman! Bakit kailangan mo pang sumigaw? Napagalitan ka ba kanina? **Sungit.** Ano ang mga pahiwatig sa loob ng pangungusap na nagsasaad kung ano ang ibig sabihin ng **sungit**? Kailan kayo nagsusungit? Bakit kaya nagiging **masungit** ang isang tao? Ano ang tamang letra para sa salitang **sungit**?*

(**Sagot: E.** Tumawag ng mag-aaral na guguhit ng linya mula sa bilang 4 patungong titik E.)

(5) **nagpanhik-panaog**

Sabihin: *Nagpanhik-panaog.* *Inutusan sila ng nanay na linisin ang kuwarto sa ikalawang palapag. Buong araw silang **nagpanhik-panaog** para maitabi sa kanilang bakuran ang labat ng kalat na nakita nila sa kuwarto sa taas. **Nagpanhik-panaog.** Ano ang ibig sabihin ng salitang **panik**? Ano naman ang ibig sabihin ng **panaog**? Gagamitin ko ang mga salitang ito ng hinalay. Pumanik ka sa bagdanan. Manaog ka dito sa lupa. Malinaw na ba kung ano ang ibig sabihin ng **nagpanhik-panaog**? Ano ang tamang sagot?*

(**Sagot: A.** Tumawag ng mag-aaral na guguhit ng linya mula sa bilang 5 patungong titik A.)

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan. Tumawag ng ilang mag-aaral at ipagamit ang mga salita sa isang pangungusap. Maaari rin silang magpakita ng kilos na nagpapahiwatig ng kahulugan ng mga salita. Alamin kung may tanong pa ang mga mag-aaral bago tumungo sa susunod na gawain.

b. **Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak**

Itanong: *Ano nga ulit ang ibig sabihin ng salitang “misteryo”? Mula sa nabasa na ninyo sa aklat na “Misteryo sa Villa Soledad,” ano ang mga tanong na nananatili sa inyong isipan? Ano nga kaya talaga ang misteryo sa babay na ito?*

c. **Pangganyak na Tanong**

Sabihin: *Sa pagpapatuloy ng pagbasa ng kuwentong “Misteryo sa Villa Soledad,” alamin: Ano ang hindi masagot na tanong o misteryo sa dulo ng bahaging ito ng aklat?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO



Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o *challenging* na level) ang magbabasa nang tabimik, habang ang Pangkat 2 (Madali o *easy* na level) ang pakikikingan kong magbasa nang malakas.*

Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

TALAAN

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na pagsasanay.</i></p> <p>Pagsasanay: Punan ang patlang ng angkop na salita.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. “Ito si Tito _____. Kasosyo ko siya sa _____. May-ari rin siya nitong Villa Soledad.” 1. “Ang sungit ni Tito Mike. Talaga bang _____ siya ni Tita Jovy?” 2. Kitang-kita nila _____ kung paano nag-sagutan sina Tita Jovy at Tito Mike. Hindi nila maintindihan ang sinasabi pero alam nilang _____ ang dalawa. 3. Hinihinal ang dalawa nang makabalik sa kanilang pinagsimulan – sa tapat ng _____. 4. Nagkalat ang basag na _____ at bubog sa sahig. Nasira ang _____ ni Tita Jovy. 5. Wala na ang _____ at _____ na nasa loob! 	<p>Sabihin: Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya habang nagbabasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p> <p>Pagkabasa ng p.17: Sino ang bagong tauhang lalaki na ipinakilala ni Tita Jovy? Kaano-ano kaya niya ito?</p> <p>Pagkabasa ng p.18: Kaano-ano naman ni Tita Jovy si Tito Mike?</p> <p>Pagkabasa ng p.19: Ano ang pakiramdam nina Gabriel at Nona kay Tito Mike?</p> <p>Pagkabasa ng p.20: Ano kaya ang pinag-aawayan nina Tita Jovy at Tito Mike? Ano ang hula ninyo?</p> <p>Pagkabasa ng p.21: Ano ang nakita nina Nona at Gabriel pagpasok nila sa silid-aklatan? Bakit kaya nawawala ang watawat at pera sa loob ng eskaparate?</p>

TALAAAN

4

TALAKAYAN TUNGKOL SA KUWENTO

- *Sino-sino ang mga bagong tauban na nakilala ninyo sa babaging ito ng kuwento? Kaano-ano sila ni Tita Jovy?*
- *Paano ninyo ilalarawan si Tito Ramil? Paano naman ninyo ilalarawan si Tito Mike?*
- *Sa palagay ninyo, bakit kaya masungit si Tito Mike?*
- *Ano kaya ang pinag-aawayan ni Tita Jovy at Tito Mike?*
- *Ano ang naiwang tanong sa dulo ng babaging ito ng aklat? Ito na kaya ang misteryo ng Villa Soledad? Bakit?*
- *Sa palagay ninyo, ano kaya ang nangyari sa watawat at pera na dating nasa eskaparate?*

5

PAGSASANAY: DAMDAMIN NG MGA TAUHAN

Panuto: Habang tumatakbo ang mga pangyayari sa kuwento, may mga pagkakataong natuwa sina Nona at Gabriel, at may mga pagkakataon ding natakot sila. Balikan ang iba-ibang bahagi ng kuwento. Kailan sila natuwa? Kailan sila natakot? Magbigay ng dalawang pagkakataon na nagpakita ng mga damdaming ito ang magpinsan. Isulat sa kumaderno.

Natuwa sina Nona at Gabriel nang:

1. _____
2. _____

Natakot sila nang:

1. _____
2. _____

6

PAGPUPULSO

Alamin kung ano ang mga kakayahan na kailangan pang tutukan sa susunod na mga araw. Hikayatin ang klase na huwag mahiyang magsabi nang tapat/huwag mahiyang maging matapat sa pagsagot sa sumusunod na tanong:

- *Alin sa mga tinalakay o ginawa ng klase ngayong araw ang lubusan na ninyong naiintindihan?*
- *Alin naman ang bahagyang nakukuba na ninyo, pero nangangailangan pa ng kaunting pagsasanay?*
- *Alin sa mga tinalakay na konsepto o gawain ang hindi pa malinaw o hindi pa naiintindihan nang lubusan at kailangang muling ituro o ipakita ng guro?*

LAYUNIN

- **F3PB** Nakabibigay ng angkop na solusyon sa nakasaad na problema
- **F3PT** Napupunan ang mga pangungusap ng napag-aralang talasalitaan
- **F3PT** Naibibigay ang kasalungat ng salita
- **F3KM** Nakasusulat ng isang talaarawan na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

ARAW

5

I PANIMULANG GAWAIN: LARO ("TAKOT-LUNGKOT-TUWA")

- Magsagawa ng isang laro. Isulat sa pisara ang sumusunod na linya:

1. "Sino 'yan?"
2. "Ano'ng ginagawa mo diyan?"
3. "Ikaw ba 'yan?"
4. "Pasok!"

- Ipabasa sa mga mag-aaral ang bawat linya, ayon sa tatlong damdamin ng takot, lungkot, at tuwa. Kung kailangan, magpakita ng halimbawa ng isang paraan ng pagbigkas sa mga linyang ito ayon sa bawat ekspresyon.
- Kapag nakapagpraktis na ang klase, ipaliwanag ang panuto ng laro. Likot ang guro sa buong klase habang binabanggit ang "Takot-Lungkot-Tuwa." Kapag tumigil ang guro sa isang mag-aaral at nagbigay ng bilang ng linya (1, 2, 3, o 4), sasabihin ito ng mag-aaral ayon sa huling damdamin na binanggit na guro. Halimbawa, kung natigil ang guro sa salitang "Lungkot" at sinabi niya ang bilang na 3, sasabihin ng mag-aaral ang "Ikaw ba 'yan?" nang may damdaming malungkot.
- Gawin ang laro hanggang mabasa ang lahat ng linya ayon sa lahat ng posibleng damdamin.

2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 21. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* tungkol sa pagtukoy ng problema at solusyon na makikita sa pahinang ito.

Pagsasanay: Kailan Nangyari ang Aksiyon?

- Ipasulat sa mga mag-aaral ang tanong at sagot sa mga pagsasanay sa kanilang kuwaderno.
- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-intindi ng mga gawain.



TALAAN

3

DAGDAG NA PAGSASANAY

- Kung may oras pa matapos sagutan ang *Skill Builder*, ipagawa ang sumusunod na pagsasanay:

Magkasalungat na Salita

Panuto: Isulat ang kasalungat ng salitang nakasalungubit.:

- Mabagal si Miyaw, pero _____ ang daga.
- Maliwanag sa hardin, ngunit _____ sa butas.
- Makipot ang pasilyo, _____ ang kalsada.
- Marami ang sekretong daanan sa mansyon, ngunit _____ lang ang daanan sa ibang bahay.
- Tahimik na nagsalita si Lola Ely pero _____ ang iyak ni Tita Jovy.
- Malungkot si Tita Jovy kaya gumawa ng paraan si Lola para maging _____ siya.
- Mabigat ang mga larawan pero _____ ang watawat.
- Maingay si Miyaw, pero _____ sina Gabriel at Nona.
- Masungit si Tito Mike, _____ si Tito Ramil.
- Tahimik si Gabriel, _____ si Nona.

ARALIN


19

GABAY SA PAGTUTURO

IKATLONG BAITANG FILIPINO

TEMA: MGA MAKASAYSAYANG LUGAR SA AKING BANSA

LEVELED READER: *MISTERYO SA VILLA SOLEDAD*



LINGGUHANG GABAY NG GURO SA FILIPINO
IKATLONG BAITANG
YUNIT 2, ARALIN 19

Tema: Mga Makasaysayang Lugar sa Aking Bansa

Leveled Reader: *Misteryo sa Villa Soledad* (Kuwento nina Sierra Mae Paraan, Ani Rosa Almario, at Yvette U. Tan; Guhit ni Jericho Moral)

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
I	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa mga makasaysayang lugar
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>makipagsapalaran, kumakatawan, himagsikan, pambihira</i>
	PT PS	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita 	<ul style="list-style-type: none"> Paggamit sa pangungusap ng napag-aralang salita
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagganyak at Pangganyak na Tanong
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nakikinig ng kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro 	<ul style="list-style-type: none"> Ikatlong Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>
	PN	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi ang kahulugan ng mga kulay at disenyo ng watawat ng Pilipinas 	<ul style="list-style-type: none"> Kahulugan ng mga kulay at disenyo ng watawat ng Pilipinas

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng mga halimbawa ng makasaysayang lugar 	1. Bahaginan <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mga halimbawa ng makasaysayang lugar
2. Paghahanda sa Pakikinig <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin sa pangungusap ang napag-aralang mga salita 	2. Paghahanda sa Pakikinig <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento Paggamit sa pangungusap ng mga napag-aralang salita
<p>b. Pagbalik-aral at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>b. Pagbalik-aral at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa kuwento <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pangganyak na tanong
3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Basahin ang kuwento at magtanong tungkol dito 	3. Pakikinig sa Pagbasa ng Guro <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig sa kuwento at pagsagot ng mga tanong tungkol dito
4. Pagtalakay ng Teksto <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga kulay at disenyo ng watawat ng Pilipinas 5. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw 6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	4. Pagtalakay ng Teksto <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga kulay at disenyo ng watawat ng Pilipinas 5. Pagpupulso <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa gawain 6. Takdang-Aralin <ul style="list-style-type: none"> Pagsaliksik tungkol sa isang makasaysayang lugar sa Pilipinas
PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
2	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay-ulat tungkol sa mga makasaysayang lugar
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>tumatagaktak, binasag ang katahimikan, lagusan</i>
	EP	<ul style="list-style-type: none"> F3EP-Ib-h-5 Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
	TA	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3 Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikatlong Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa Kuwento at pagbasa ng bahagi ng kuwento na sumasagot sa tanong
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Natatalakay ang gamit at nakasusulat ng karatula nang may wastong baybay at ibang mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng isang karatula

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang nasaliksik tungkol sa makasaysayang lugar sa Pilipinas 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng nasaliksik tungkol sa makasaysayang lugar
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na unawain ang gamit ng salita sa pangungusap, ibigay ang kahulugan ng mga ito at gamitin sa pangungusap <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pangganyak na tanong 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng kahulugan ng mga salita at paggamit ng mga ito sa pangungusap <p>b. Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng gawain <p>c. Pangganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pangganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pagsagutan ang pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang kuwento at ipabasa ng bahagi nito na nagsasaad ng sagot sa tanong 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat <p>Pangkat 1: Pagbasa ng kuwento nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay</p> <p>Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng mga tanong tungkol sa kuwento at pagbasa ng bahagi na nagsasaad ng sagot
<p>4. Gawain: Paggawa ng Karatula</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang gamit at pagpasulat ng karatula nang may wastong baybay at iba pang mekaniks ng pagsulat <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Gawain: Paggawa ng Karatula</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng isang karatula nang may wastong baybay at iba pang mekaniks ng pagsulat <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtanong sa mga kapamilya kung may nais silang inanunsiyo sa buong barangay
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
3	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan: Bugtong
	PT	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi kung ang pares na salita ay magkasingkahulugan o magkasalungat 	<ul style="list-style-type: none"> Magkasingkahulugan at magkasalungat na mga salita
	WG	<ul style="list-style-type: none"> Napipili ang Pandiwa sa bawat pangungusap at nasasabi kung kailan nangyari ang aksiyon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng Pandiwa at pagbigay ng <i>time signal</i> na nagsasabi kung kailan nangyari ang aksiyon
4	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	PT	<ul style="list-style-type: none"> F3PT-Ic-I.4 Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (<i>context clues</i>), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan 	<ul style="list-style-type: none"> Paghawan ng Balakid: <i>imbestigasyon, bintang, pampalipas-oras, pinoposasan</i>
	PB	<ul style="list-style-type: none"> F3PB-Ia-I Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa unang bahagi ng kuwento at pagsagot ng pangganyak na tanong
	TA PB	<ul style="list-style-type: none"> F3TA-0a-j-3; F3PB Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon 	<ul style="list-style-type: none"> Ikatlong Bahagi ng <i>Leveled Reader: Misteryo sa Villa Soledad</i>

DOMAINS: EP – Estratehiya sa Pag-aaral AL – Kaalaman sa Aklat at Limbag
 KP – Kamalayang Ponolohiya KM – Komposisyon
 PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan PS – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng bugtong at hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga ito; hikayatin ang mga mag-aaral na mabigay ng halimbawa ng ibang bugtong 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsali sa bugtungan
<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayang ang mga mag-aaral sa pagbalik-aral sa magkasingkahulugan at magkasalungat na salita at hikayatin sila na sabihin kung ang pares na salita ay magkasingkahulugan o magkasalungat 	<p>2. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa mga salitang magkasingkahulugan at magkasalungat
<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na piliin ang Pandiwa sa bawat pangungusap at sabihin kung kailan nangyari ang aksiyon <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>3. Dagdag na Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng Pandiwa sa pangungusap at pagbigay ng angkop na <i>time signal</i> <p>4. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Paghingi sa mga magulang at kapamilya ng mga halimbawa ng bugtong
<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang takdang-aralin sa kanilang katabi 	<p>1. Bahaginan</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbahagi ng takdang-aralin sa katabi
<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayang ang mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita mula sa kuwento 	<p>2. Paghahanda sa Pagbabasa</p> <p>a. Paghawan ng Balakid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtukoy sa kahulugan ng mga salita mula sa kuwento
<p>b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayang ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral sa kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng pagganyak na tanong 	<p>b. Pagbabalik-aral sa Kuwento at Pagganyak</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbalik-aral sa kuwento <p>c. Pagganyak na Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot ng pagganyak na tanong
<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Ipabasa nang tahimik ang kuwento at pagsagutan ang pagsasanay Pangkat 2: Ipabasa nang malakas ang kuwento at magtanong tungkol sa bahagi ng kuwento na binasa 	<p>3. Pagbasa ng mga Mag-aaral ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkat 1: Pagbasa nang tahimik at pagsagot sa pagsasanay Pangkat 2: Pagbasa nang malakas at pagsagot sa mga tanong ng guro
<p>PU – Pagsulat at Pagbaybay PB – Pag-unawa sa Binasa PT – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan PP – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika TA – Tatas</p>	

Araw	Domain	Mga Layunin	Paksang Aralin
4	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot 	<ul style="list-style-type: none"> Pagtalakay sa Kuwento
5	PS	<ul style="list-style-type: none"> Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala, at intonasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Bahaginan
	EP	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi ang gamit ng Glosaryo at nasasagot ang mga tanong tungkol dito 	<ul style="list-style-type: none"> Pag-aral ng Glosaryo
	PB PS	<ul style="list-style-type: none"> Naisasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang balangkas ng kuwento bilang gabay 	<ul style="list-style-type: none"> Muling pagsalaysay ng kuwento gamit ang balangkas bilang gabay
	PB	<ul style="list-style-type: none"> Nasasabi ang bunga ng nakasaad na dahilan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng bunga sa nakasaad na dahilan
	KM	<ul style="list-style-type: none"> Nakasusulat ng isang kard na paanyaya na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng kard na paanyaya

DOMAINS: **EP** – Estratehiya sa Pag-aaral **AL** – Kaalaman sa Aklat at Limbag
KP – Kamalayang Ponolohiya **KM** – Komposisyon
PL – Pagpapahalaga sa Literasi, Wika, at Panitikan **PS** – Pagsasalita/Wikang Binibigkas

Mga Gawain ng Guro	Mga Gawain ng Mag-aaral
<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na sumali sa talakayan; ipabasa ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Magbigay ng takdang-aralin 	<p>4. Pagtalakay sa Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa tanong tungkol sa kuwento; pagbasa ng bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot <p>5. Takdang-Aralin</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagkuwento ng <i>Leveled Reader</i> sa magulang at iba pang kapamilya
<p>1. Bahaginan: Balangkas ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang balangkas ng kuwento para alalahanin ang mga mahahalagang detalye ng kuwento 	<p>1. Bahaginan: Balangkas ng Kuwento</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng balangkas ng kuwento para alalahanin ang mahahalagang bahagi ng kuwento
<p>2. Aralin: Pag-aaral ng Glosaryo</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin ang Glosaryo at hikayatin sila na sagutin ang mga tanong tungkol dito 	<p>2. Aralin: Pag-aaral ng Glosaryo</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay tungkol sa napag-aralang Glosaryo
<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbabalik-aral ng balangkas ng kuwento at hikayatin sila na gamitin ito sa muling pagsalaysay ng kuwento 	<p>3. Pagsagot ng <i>Skill Builder</i> sa <i>Leveled Reader</i></p> <ul style="list-style-type: none"> Muling pagsalaysay ng kuwento gamit ang balangkas ng kuwento bilang gabay
<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Ano ang Bunga?</p> <ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang mga mag-aaral na ibigay ang angkop na bunga sa nakasaad na dahilan 	<p>4. Dagdag na Pagsasanay</p> <p>a. Ano ang Bunga?</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsagot sa pagsasanay sa pamamagitan ng pagbigay ng bunga sa nakasaad na dahilan
<p>b. Paggawa ng kard na paanyaya</p> <ul style="list-style-type: none"> Talakayin kung paano isinusulat ang isang kard na paanyaya at hikayatin ang mga mag-aaral na magsulat nito nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat 	<p>b. Paggawa ng kard na paanyaya</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng kard ng paanyaya nang may wastong baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat

PU – Pagsulat at Pagbaybay **PB** – Pag-unawa sa Binasa **PT** – Pag-unlad/Paglinang ng Talasalitaan
PN – Pakikinig/Pag-unawa sa Napakinggan **PP** – Palabigkasan at Pagkilala sa Salita
WG – Wika at Gramatika/Kayarian ng Wika **TA** – Tatas

ARAW

I

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3PT; F3PS** Nagagamit sa pangungusap ang napag-aralang salita
- **F3PN** Naiuugnay ang papakinggang kuwento sa sariling karanasan
- **F3PN** Nakikinig sa kuwento at nakatutugon nang angkop at wasto sa mga tanong ng guro
- **F3PN** Nasasabi ang kahulugan ng mga kulay at disenyo ng watawat ng Pilipinas

I

BAHAGINAN



Sabihin: *Tungkol pa rin sa mga makasaysayang lugar ang tema natin ngayong linggo. Noong nakaraang linggo, natutuhan ninyo ang tungkol sa Vigan, Ilocos Sur, at Aginaldo Shrine sa Kanit, Cavite. Ano pang mga makasaysayang lugar sa Pilipinas ang alam ninyo?*

- Maghintay ng ilang sagot. Pagkatapos, magpakita ng ilang larawan ng mga makasaysayang lugar, katulad ng Luneta sa Maynila, Krus ni Magallanes (*Magellan’s Cross*) sa Cebu, o Hagdan-hagdang Palayan ng Banaue (*Banaue Rice Terraces*). Hikayatin ang mga mag-aaral na magpalitan ng pahayag at tanong tungkol sa mga larawang ito. Pagtambalin ang mga magkakatabi. Maaari silang magbigay ng mga impormasyong alam na nila sa mga lugar na ito, o bumuo ng mga tanong kung kaunti pa ang nalalaman nila rito. Bigyan sila ng tatlong minuto para sa kanilang bahaginan.
- Matapos ang tatlong minuto, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad ng kanilang pahayag o tanong tungkol sa mga makasaysayang lugar sa buong klase. Atasan ang mga mag-aaral na magsaliksik tungkol sa mga itinanong ng kanilang kklase upang lubos na maunawaan ang mga ipinakitang makasaysayang lugar.

2

PAGHAHANDA SA PAKIKINIG

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat o ipaskil sa pisara ang sumusunod na kahon:

1. makipagsapalaran	a. rebolusyon; pag-aalsa
2. kumakatawan	b. kakaiba; nag-iisa
3. himagsikan	c. sumasagisag; nagsisilbing simbolo o representasyon
4. pambihira	d. sumubok ng bagong karanasan

Sabihin: *Nasa pisara ang ilang bagong salita mula sa pakikitingan ninyong teksto ngayon. Nasa kabilang hanay ang pagpipilian ninyong kahulugan para sa mga salitang ito. Basabin natin nang sabay-sabay ang hanay sa kaliwa, bago natin basabin ang mga pagpipiliang kahulugan sa kanang hanay. (Ipabasa sa klase ang talasalitaan.) Gagamitin ko ang mga salita sa unang hanay sa pangungusap. Pakinggan ang pangungusap, alamin ang ibig sabihin ng salita, at piliin ang tamang kahulugan ng mga ito:*



(1) makipagsapalaran

Basahin: *Pumunta ang kapatid niya sa Cebu upang **makipagsapalaran** sa lungsod at humanap ng mas magandang hanapbuhay. Buong tapang niyang hinarap ang mga bagong hamon ng buhay sa napiling lugar na pagtatrabahuban.*



Itanong: *Batay sa pangungusap, simpleng bagay lang ba ang makipagsapalaran? Ano ang salitang-ugat ng makipagsapalaran? Ano kaya ang koneksiyon ng salitang “palad” o “kapalaran” sa mga binanggit na bagong karanasan sa binasa kong pangungusap? Kapag naghahanap ang isang tao ng bagong karanasan, nagbabago din ba ang kaniyang kapalaran? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng **makipagsapalaran**?*



(Sagot: D. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 1 patungong titik D.)

(2) kumakatawan

Basahin: *May mga simbolo na **kumakatawan** sa mga ideya o konsepto. Kapag nakita ang mga simbolong ito, hindi na kailangan pa ng salita o paliwanag. Alam na natin kung ano ang ideyang sinasagisag nito. Halimbawa, kapag makita natin ang simbolo ng bungo na may naka-ekis na buto sa ilalim (N), alam na kaagad natin na nakalalason ang bagay na iyon.*



Itanong: *Anong ideya ang **kinakatawan** ng binanggit na simbolo na bungo at naka-ekis na buto? Ano ang mga narinig ninyong salita na kasingkahulugan ng **kumakatawan**? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng **kumakatawan**?*



(Sagot: C. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 2 patungong titik C.)

(3) himagsikan

Basahin: *Nang nagsimula ang **himagsikan** laban sa Espanya noong 1896, maraming Pilipino ang sumali sa Katipunan. Sumali sila sa rebolusyon upang makamit ang ating kalayaan mula sa mga Kastila.*



Itanong: *Laban sa aling bansa ang **himagsikan** na binanggit sa pangungusap? Ano pa ang ibang salita sa pangungusap na nagpapahiwatig ng ibig sabihin ng **himagsikan**? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkahulugan ng **himagsikan**?*



TALAAN

(Sagot: A. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 3 patungong titik A.)

(4) pambihira



Basahin: *Walang katulad ang kagandahan ng Bundok Mayon. Marami ang humabanga sa **pambihira** nitong bugis. Ito ang tanging bulkan sa Pilipinas na may korteng halos perpektong kono (cone).*



Itanong: *Ano-ano ang mga salita na ginamit upang ilarawan ang Bundok Mayon? Ano ang salitang-ugat ng **pambihira**? Kapag bibira ang isang bagay, marami ba itong katulad? Kung gayon, ano ang ibig sabihin ng **pambihira**? Aling letra sa hanay sa kanan ang kasingkabulugan ng **pambihira**?*

(Sagot: B. Tumawag ng mag-aaral at magpaguhit ng linya mula bilang 4 patungong titik B.)

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang mga salita at ang katapat na kahulugan. Ipagamit ang mga salitang natutuhan sa sarili nilang pangungusap. Hikayatin silang pagsamahin ang paggamit ng mga salitang pinag-aralan sa isa o dalawang magkakaugnay na pangungusap.

b. Pagbabalik-aral at Pagganyak



Itanong: *Ano nga ulit ang pamagat ng binabasa nating kuwento nitong mga nakaraang linggo? Ano ang hinaharap na misteryo nina Nona at Gabriel sa bahagi ng kuwentong tinapos ninyo noong nakaraang linggo?*

c. Pangganyak na Tanong



Sabihin: *May babasabin ako tungkol sa misteryo na kinakaharap nina Nona at Gabriel sa Villa Soledad. Habang nakikinig kayo, alamin: bakit kaya may kumuha ng watawat na iniingatan ni Tita Jory sa Villa Soledad?*

PAALALA SA GURO

Habang binabasa ang kuwento, titingnan ng mga mag-aaral sa larawan sa pahina 36.

3

PAKIKINIG SA PAGBASA NG GURO

- Bago magsimula, ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong habang nagbabasa ang guro, lalo na kung tungkol sa mahihirap na salita o tungkol sa isang ideya o konseptong nabanggit na hindi pa malinaw sa kanila. Hayaan silang magtanong o sumagot sa tanong ng kanilang kamag-aral.
- Habang nagbabasa, huminto sa pagitan ng ilang pangungusap kung napapansin na tila hindi lubusang naiintindihan ng lahat ng mag-aaral ang kanilang pinapakinggan. Maaaring magtanong ang guro sa pagitan ng pagbabasa upang matiyak ang pag-unawa ng klase sa kuwento. Basahin ang sumusunod na teksto.

TALAAN

“Ang Watawat ni Tita Jovy”

Mahilig sa mga bagong karanasan ang magpinsang sina Gabriel at Nona. Gustong-gusto nilang nakadidisukubre ng mga bagong lugar, at nakatitikim ng bagong pagkain. Ito ang mga sinubukan nilang gawin sa kanilang bakasyon sa Vigan. Namasyal sila sa mga sikat na tanawin, tumikim ng bagong pagkain, at naghanap ng mga bagong karanasan. Hindi inakala ng dalawa na isang pambihirang misteryo ang maaabutan nila sa Vigan.

Sa bahay ng kanilang Tita Jovy, may mga lumang pera at watawat na iniingatan. Sa hindi maipaliwanag na dahilan, bigla na lang itong nawala. “Gabriel, bakit kaya nawala ang mga antigong iniingatan ni Tita?” tanong ni Nona. “Ang tanong, sino kaya ang kumuha?” dagdag ni Gabriel.

Alam ng magpinsan na mahalaga at makasaysayan ang watawat ng bansa. Nabasa nila sa libro ni Nona na itinahi ang unang watawat ng Pilipinas ni Marcela Marino de Agoncillo, kasama ng iba pang kababaihan. Iwinagayway ito noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite kasabay ng pagdedeklara ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya.

May apat na kulay ang watawat ng Pilipinas – pula, bughaw, puti, at dilaw. Sa panahon ng kapayapaan, ang bughaw na bahagi ay nasa itaas habang ang pulang bahagi ay nasa ibaba. Sa panahon ng digmaan, ang pulang bahagi naman ang nasa itaas. Ang tatlong dilaw na bituin ay kumakatawan sa tatlong malalaking isla ng bansa – ang Luzon, Visayas at Mindanao. Ang gintong araw na may walong sinag ay kumakatawan sa walong lalawigang nagsimula ng himagsikan noong 1896.


Nagtinginan ang magpinsan. Kung totoong ginamit noong panahon ni Aguinaldo ang watawat na nasa pag-iingat ni Tita Jovy, siguradong may katumbas itong malaking halaga. Maibebenta ang mga antigong katulad nito sa mga kolektor ng makasaysayang bagay. Ito kaya ang dahilan kung bakit may kumuha dito?



4 PAGTALAKAY SA TEKSTO

1. *Ano ang misteryo na hindi masagot nina Nona at Gabriel?*
2. *Bakit mahalaga ang watawat ng Pilipinas?*
3. *Bakit may katumbas na malaking halaga ang navalang watawat?*
4. *Ano ang idineklara nang inwagayway ang bandila sa Kawit, Cavite noong 1898?*
5. *Masdan ang watawat ng Pilipinas. Isulat sa kumaderno ang kahulugan ng mga kulay at ang kinakatawan ng mga simbolo na nasa disenyo nito.*

TALAAAN



5 PAGPUPULSO

- Magsagawa ng mabilisang pagpupulso tungkol sa pinag-aralan ngayong araw. Papalakpak sila nang malakas kapag lubusan silang sumasang-ayon sa babanggitin ninyong pangungusap, hindi sila papalakpak kung hindi sila sumasang-ayon, at papalakpak sila nang mas mahina kung bahagyang sumasang-ayon sila, pero may nais pa silang higit na linawin tungkol sa kakayahang binanggit sa pangungusap.
- Basahin ang sumusunod na pangungusap:
 - *Lubos kong naintindihan ang teksto na binasa ng guro, at mababanggit ko ang mga mabahalagang detalye mula dito.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **pambihira**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **himagsikan**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **makipagsapalaran**.*
 - *Alam ko na kung ano ang kabulugan ng salitang **kumakatawan**.*
- Alamin kung sino sino sa mga bata ang hindi pumalakpak sa halos lahat ng pangungusap. Alamin din kung alin sa mga nabanggit na kasanayan ang hindi pa gaanong alam ng mga bata. Tutukan ang mga kasanayang ito sa susunod na araw.

PAALALA SA GURO

Maybigay ng simpleng gabay sa paggawa ng isang saliksik. Halimbawa:

1. Ano ang alam nila?
2. Ano ang hindi nila alam?
3. Saan, ano at sino ang makatutulong sa kanila?
4. Simulan ang pagsaliksik.
5. Talakayin ang bagong nalaman.
6. Ano ang kanilang natutunan?

6 TAKDANG-ARALIN

Magsaliksik tungkol sa isang makasaysayang lugar sa Pilipinas. Maaaring magsaliksik ng sagot sa mga tanong na binanggit tungkol sa makasaysayang lugar sa bahaging kanina. Maghandang magbahagi tungkol dito bukas.

LAYUNIN

- **F3PT** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan
- **F3EP-Ib-h-5** Naibibigay ang mahahalagang impormasyon ng pabalat ng aklat
- **F3TA-0a-j-3** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong ng guro tungkol sa kuwento at naiwawasto ang pang-unawa sa pamamagitan ng muling pagbasa ng iba't ibang bahagi nito
- **F3KM** Natatalakay ang gamit at nakasusulat ng karatula nang may wastong baybay at ibang mekaniks ng pagsulat

ARAW

2

1 BAHAGINAN

- Gamitin ang ibinigay na takdang-aralin kahapon bilang paksa ng bahaginan. Tumawag ng mag-aaral upang magbahagi ng kanilang nasaliksik tungkol sa isang makasaysayang lugar. Maaari nilang gamitin ang panimulang ito:

_____ ang makasaysayang lugar na nasaliksik ko. Matatagpuan ito sa _____. Makasaysayan ito dahil _____.

- Magbigay ng halimbawang pangungusap. Halimbawa: Ang Krus ni Magallanes (Magellan's *Cross*) ang makasaysayang lugar na nasaliksik ko. Matatagpuan ito sa Cebu City. Makasaysayan ito dahil dito inilagay ni Magallanes ang malaking kahoy na krus upang gunitain ang pagiging Kristiyano ni Rajah o Raha Humabon at ng kaniyang angkan noong 1521.
- Gabayan ang mga mag-aaral na maglalahad sa harapan ng klase kung kinakailangan. Tanungin ang ibang miyembro ng klase kung may nais silang idagdag na katunayan o detalye tungkol sa mga binanggit na lugar ng mga naglahad. Sagutin ang anumang tanong na maaaring banggitin ng mga mag-aaral.

2 PAGHAHANDA SA PAGBABASA

PAALALA SA GURO
TUNGKOL SA LEVELED READERS

1. Bawat pamagat ng *Leveled Reader* ay mayroong dalawang bersiyon o lebel. Ang isa ay mas mahaba at mas napabalat kaysa isa. Ang palantandaan ay makikita sa likod ng aklat kung saan nakasulat ang Baitang 3. Ang mas maikling bersiyon o lebel ay mayroong isang tuldok. Ang mas mahabang bersiyon ay may dalawang tuldok.

TALAAN

Halimbawa:



- Para sa mas mababa na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*



- Para sa mas mataas na lebel o bersiyon ng *Leveled Reader*

2. Ang kuwento para sa Aralin 17, 18, at 19 ay matatagpuan sa isang aklat ng *Leveled Reader*. Sa bungad ng aklat makikita ang pamagat ng kuwento at ang guhit ng kuwento sa Aralin 17. Sa Aralin 18, magsisimula sa pahina 11 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita sa pahina 36. Sa Aralin 19, magsisimula sa pahina 22 ang bahagi ng kuwentong babasahin ng mag-aaral. Ang guhit para sa bahagi ng kuwentong ito ay makikita naman sa pahina 37. Sa mga araw na binabasa ng guro ang Kuwentong Pinapakinggan (*Listening Story*), titingnan ng mga mag-aaral ang guhit sa harap ng aklat para sa Aralin 17. Para sa Aralin 18 at Aralin 19, titingnan nila ang guhit sa pahina 36 at 37.

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga pag-aaralang parirala o ekspresyon sa pisara at ipabasa sa mga mag-aaral:

**tumatagaktak binasag ang katahimikan
lagusan**

(1) tumatagaktak



Basahin: *Tumatagaktak* ang pawis niya habang naglalakad dahil sa tindi ng init. Sunod-sunod ang pagpatak nito mula sa kaniyang mukha at katawan.



Itanong: Naranasan na ba ninyong pagpanisan nang husto dahil sa init, katulad ng binanggit sa pangungusap? Ano ang nangyayari sa pawis ninyo kapag matindi ang init? Ano ang kasingkahulugan ng *tumatagaktak*?

Isulat: **tumatagaktak – pagtulo ng
sunod-sunod na patak**

(2) binasag ang katahimikan



Basahin: Walang imik ang buong klase nang sabihin ng guro na magkakaroon sila ng biglaang pagsusulit. Ngunit **binasag ang katahimikan** ng biglang paghatsing ng isa nilang kaklase.



Itanong: Ano ang kabaligtaran ng katahimikan? Ano ang nangyayari kapag may bumasag sa katahimikan? Ano ang bumasag sa katahimikan sa pangungusap na binanggit ko? Narinig na ba ninyo ang ekspresyon sa wikang Ingles na katulad nito? (“break the silence”?) Ano ang ibig sabihin ng ekspresyon na **binasag ang katahimikan**?

Isulat: binasag ang katahimikan – tinapos ang katahimikan; umimik, nagsalita, o gumawa ng tunog

(3) **lagusan**

Basahin: *Noong panahon ng giyera laban sa mga Hapon, nagbukay ng lagusan ang mga sundalo ng Hukbalahap upang hindi sila makita ng kalaban. Hinukay nila ito sa ilalim ng ilang mga gusali at bahay. Ang Ilog Pasig ay lagusan ng tubig mula sa Laguna de Bai hanggang sa Look ng Maynila.*

Itanong: *Saan matatagpuan ang mga lagusan? Bakit daw ito binukay noong panahon ng giyera? Ano ang salitang-ugat ng 'lagusan'? Kasingkabalugan ng 'lagós' ang 'tagós'. Samakatwid ano ang 'lagusan'?*

Isulat: lagusan – daanan mula sa isang bahagi papunta sa kabila

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaang isinulat sa pisara. Tanungin ang mga mag-aaral kung may nais silang linawin tungkol sa kahulugan ng mga salita. Hikayatin silang gamitin sa pangungusap ang mga salitang pinag-aralan. Tumawag ng ilang mag-aaral upang ilahad ang kanilang pangungusap sa buong klase.

b. Pagganyak

Itanong: *Nang huli ninyong binasa ang aklat na "Misteryo sa Villa Soledad," ano ang nangyari sa mga antigong gamit sa silid-aklatan? Kung kayo sina Nona at Gabriel, ano ang gagawin ninyo upang tulungan si Tita Jovy?*

c. Pagganyak na Tanong

Sabihin: *Babasahin ninyo ngayon ang karugtong ng kuwento. Hanapin ang sagot sa tanong na ito: Ano ang naisip gawin nina Nona at Gabriel upang alamin kung sino ang nagnakaw sa watawat?*

3

PAGBASA NG MGA MAG-AARAL NG KUWENTO

Sabihin: *Habatiin ko ang klase sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ang magbabasa nang tahimik, habang ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay magbabasa nang malakas. Pakikinggan ko ang pagbasa nang malakas ng Pangkat 2.*

- Ipamahagi ang mga *Leveled Reader*. Bigyan ng panahon ang mga bata na tingnan nang masinsinan ang pabalat ng aklat at buklatin ang mga pahina nito.

PAALALA SA GURO

Pakinggang mabuti at alalayan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng tulong sa pagbasa.



Sabihin: *Pangkat 1, pagkatapos magbasa nang tahimik, sasagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa kuwento na isinulat ko sa pisara. Isusulat ninyo ang mga sagot sa inyong kuwaderno. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 sa kuwaderno ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang talakayan tungkol sa kuwento.

Pangkat 1 (Magbabasa nang tahimik)	Pangkat 2 (Magbabasa nang malakas)
<p>Isulat ang sumusunod sa pisara:</p> <p><i>Panuto: Pagkatapos magbasa nang tahimik, sagutin ang sumusunod na tanong:</i></p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ayon kay Tito Ramil, sino ang posibleng nagnakaw sa mga antigong gamit? 2. Bakit nagalit si Tito Mike kay Tito Ramil? 3. Bakit naisip nina Nona at Gabriel na nasa Villa Soledad pa ang nawawalang watawat at ang koleksiyon ng lumang pera? 4. Ano ang binalak gawin nina Nona at Gabriel upang tulungan si Tita Jovy? 5. Nakita ba nina Nona at Gabriel sa mga gamit ng trabahador ang hinahanap? Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin nito? 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</i></p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p> <p>Pagkabasa ng p.23: <i>Ano ang reaksiyon nina Tita Jovy, Tito Mike, Tito Ramil, at Lola Ely sa nakita nila sa silid-aklatan?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.24: <i>Ayon kay Tito Ramil, sino ang posibleng nagnakaw sa mga antigong gamit?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.25: <i>Ano ang binalak gawin nina Nona at Gabriel upang tulungan si Tita Jovy?</i></p> <p>Pagkabasa ng p.26: <i>Ano ang narinig nina Nona at Gabriel matapos nilang halungkatin ang mga gamit ng mga trabahador?</i></p>

TALAAN

Talakayan kasama ang guro

Sabihin: Pag-usapan natin ang mga sagot ninyo sa mga tanong sa pagsasanay.

Basahin ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay na tama ang inyong sagot.

Pagsagot sa pagsasanay

Sabihin: *Pupunta naman ako sa Pangkat 1 habang sinasagutan ninyo ang pagsasanay. Isulat ang inyong sagot sa kuwaderno.*

Pagsasanay

Anong mga detalye mula sa kuwento ang sagot sa sumusunod?

1. Ang mga ninakaw na gamit mula sa eskaparate:

2. Dahilan kung bakit nagalit si Tito Mike kay Tito Ramil:

3. Ang binalak gawin nina Nona at Gabriel upang tulungan si Tita Jovy:

4. Kung saan tumakbo sina Nona at Gabriel nang may marinig silang boses:

4 GAWAIN: PAGGAWA NG KARATULA

- Ipaskil ang halimbawang karatula sa ibaba:

Bakanteng posisyon: karpintero

Sabihin: *Ipagpalagay natin na naghahanap pa si Tita Jovy ng mga trabahador para sa kaniyang hotel. Maaari siyang magkabit ng karatula na katulad nito upang ipaalam na naghahanap siya ng karpintero. Kapag may gustong ianunsyo sa mga tao, maaaring magsulat ng karatula na katulad nito. Isinasabit ito sa lugar na madaling makita ng mga tao. Halimbawa ay may gusto rin kayong ianunsyo, gumawa rin kayo ng karatula. Ilalagay natin sa dingding ng kuwarto ang mga ginawa ninyo. Lagyan ng dekorasyon para makatawag pansin.*

- Ipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang isang karatula ang kung kailan ito ganagamit. Pagkatapos magsulat ng karatula, tumawag ng mga bata para ibahagi sa buong klase ang kanilang ginawa.



TALAAN

5

TAKDANG-ARALIN

Tanungin ang inyong magulang o ibang kapamilya kung may nais silang ipaalam o ianunsiyo sa buong barangay. Tulungan silang gumawa ng karatula.

ARAW

3

LAYUNIN

- **F3WG** Napipili ang Pandiwa sa bawat pangungusap at nasasabi kung kailan nangyari ang aksiyon
- **F3PT** Nasasabi kung ang pares na salita ay magkasingkahulugan o magkasalungat

PANIMULANG GAWAIN: BUGTONG

- Isulat o ipaskil sa pisara ang bugtong na ito at ipabasa nang malakas sa klase:

Kalangita'y puti't dilaw, pula't bughaw;
May tatlong bituwin sa tabi ng araw!



Sabihin: *May isang bugtong dito sa pisara. Naaalala pa ba ninyo kung paano sumagot ng bugtong? Ano kaya ang sagot sa bugtong na ito?*

- Kumuha ng ilang sagot mula sa mga mag-aaral. Isulat ang sagot sa ilalim ng bugtong. (Sagot: watawat ng Pilipinas). Ipasipi sa mga mag-aaral ang bugtong at sagot.



Itanong: *Ano nga ulit ang sinasagisag ng mga kulay, bituin, at sinag ng araw sa watawat ng Pilipinas? Ano ang kinalaman ng sagot sa bugtong na ito sa kuwentong binasa ninyo kahapon?*

- Tanungin ang klase kung may iba pa silang alam na bugtong. Hayaan silang maglahad ng dagdag na bugtong at pahulaan ito sa mga mag-aaral.

2 PAGSAGOT NG SKILL BUILDER SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 26. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang mga sagot sa pagsasanay sa kanilang kuwaderno.

Pagsasanay: Magkasingkahulugan o Magkasalungat?

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay. Pansinin ang mga mag-aaral na nangangailangan ng dagdag na tulong o patnubay sa pagsagot ng gawain.



3 DAGDAG NA PAGSASANAY

Kung may panahon pang nalalabi pagkatapos ng pagsagot ng *Skill Builder*, maaaring ipagawa ang sumusunod na pagsasanay.

Mga Pandiwa

Panuto: Salunggubitan ang Pandiwa sa bawat pangungusap. Isulat kung ito ay Pangnagdaan, Pangkasalukuyan, o Panghinaharap:

- _____ 1. Bumalik uli si Gabriel sa sekretong daanan.
- _____ 2. Matutulog sila sa *hotel*.
- _____ 3. Nakikinig nang mabuti sina Gabriel sa plano ni Tita Jovy.
- _____ 4. Binalot ni Nona ang mga dadalhin sa *hotel*.
- _____ 5. Nagtatalo sina Tito Mike at Tita Jovy.
- _____ 6. Magtatago sila sa mahiwagang kahon.
- _____ 7. Nakita ng mga kapitbahay ang pag-alis ni Tita Jovy.
- _____ 8. Dadalhin ni Gabriel ang *survival bag*.
- _____ 9. Bumalik sila sa Villa Soledad.
- _____ 10. Maghihintay sila sa mga magnanakaw.

4 TAKDANG-ARALIN

Tanungin ang inyong magulang o iba pang kamag-anak kung may alam pa silang ibang halimbawa ng bugtong. Isulat ito sa inyong kuwaderno, at maghandang ibahagi sa klase bukas.

ARAW

4

LAYUNIN

- **F3PT-Ic-I.4** Nakagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng mga salita tulad ng paggamit ng mga palatandaang kontekstuwal (*context clues*), katuturan o kahulugan, o kasingkahulugan
- **F3PB-Ia-I** Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
- **F3TA-0a-j-3; F3PB** Nababasa ang kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala, at ekspresyon
- **F3PB** Nasasagot ang mga tanong tungkol sa kuwento at nababasang muli ang bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot

I BAHAGINAN

Hayaang magbahaginan ang mga magkakatabi tungkol sa ipinagawang takdang-aralin. Magpapalitan sila ng kanilang mga bugtong. Bigyan sila ng tatlong minuto para sa gawaing ito. Pagkatapos ng takdang panahon, tumawag ng ilang mag-aaral na maglalahad sa buong klase ng kanilang bugtong.

2 PAGHAHANDA SA PAGBABASA

a. Paghawan ng Balakid

- Isulat ang mga salitang / pariralang pag-aaralan ngayong araw sa pisara:

imbestigasyon	bintang
pampalipas-oras	pinoposasan

- Ipabasa sa klase ang mga salita / parirala sa pisara. Tanungin sila kung nabasa o narinig na nila ang mga salita o pariralang ito. Ano ang pagkakaintindi nila sa mga ito? Kumuha ng ilang sagot mula sa mag-aaral.



Sabihin: *May mga babasahin akong pangungusap na gagamit ng mga salita rito sa pisara. Pakinggang mabuti at subukang alamin ang kahulugan ng mga salita sa pisara batay sa binasa kong teksto.*

(1) imbestigasyon



Basahin: *Kinausap ng mga pulis ang labat ng nakakita ng insidente ng pagnanakaw. Nangolekta rin sila ng ebidensiya mula sa lugar kung saan nangyari ang insidente. Babagi daw ito ng kanilang imbestigasyon.*



Itanong: *Ano ang ginawa ng pulis na babagi ng imbestigasyon? Bakit nila ginagawa ito kapag mayroon silang iniimbestiga? May alam ba kayong salitang Ingles na katunog at kasingkahulugan nito? Ano ang ibig sabihin ng imbestigasyon?*

TALAAAN

Isulat: imbestigasyon – sistematikong pagsuri ng ebidensiya upang malaman ang totoong nangyari (hal. sa isang krimen o aksidente)

(2) **bintang**

Basahin: *Nang maaksidente ang barko, sa kapitan natutok ang labat ng **bintang**. Ang suspetsa ng mga pasahero, nagpabaya raw ang kapitan kaya nagkaroon ng aksidente.*



Itanong: *Napagbintangan na ba kayo na may ginawa kayong masama? Ano ang naging pakiramdam ninyo? Kapag pinagbibintangan ang isang tao, ano ang hinibinala na ginawa ng taong ito? Pinagkakativalaan ba ang isang tao na pinagbibintangan? Ano ang kahulugan ng **bintang**?*



Isulat: bintang – hinala o suspetsang may ginawang masama ang isang tao kahit hindi pa ito napatutunayan

(3) **pampalipas-oras**

Basahin: *Matagal pa raw silang maghahintay bago dumating ang sasakyan. Bilang **pampalipas-oras**, nanood muna sila ng telebisyon habang naghahintay.*



Itanong: *Ano ang mga salita na bumubuo sa **pampalipas-oras**? Bakit kailangang palipasin ang oras sa pangungusap ko kanina? Ano ang iba pang paraan upang mas mabilis na dumaan ang mga oras kapag may hinhintay kayong bagay? Ano ang ibig sabihin ng **pampalipas-oras**?*



Isulat: pampalipas-oras – bagay na ginagawa upang hindi mainip habang naghahintay

(4) **pinoposasan**

Basahin: *Kapag may nabuli ang mga pulis na kriminal, agad nila itong **pinoposasan**. Tinatangal lang ng pulis ang posas mula sa mga kamay ng kriminal kapag naipasok na ito sa kulungan.*



Itanong: *Ano ang salitang-ugat ng **pinoposasan**? Nakakita na ba kayo ng posas? Saang bahagi ng katawan inilalagay ang posas? Bakit kailangang itali o pigilan ang mga kamay ng kriminal kapag nabuli ito ng pulis? Ano ang ibig sabihin ng **pinoposasan**?*



Isulat:
pinoposasan – kinakabitan ng posas ang pulso

- Ipasipi sa mga mag-aaral ang talasalitaan. Magpasulat din ng pangungusap gamit ang mga salitang pinag-aralan.

TALAAAN

b. Pagbalik-aral sa Kuwento at Pagganyak



Sabihin: *Ipagpapatuloy ninyo ang pagbasa sa kuwento nina Nona at Gabriel. Nang iwan natin ang mga tauban sa ating kuwento, ano ang ginagawa nina Nona at Gabriel? Sa palagay ninyo, ano kaya ang mangyayari dito sa huling bahagi ng kanilang kuwento? Mahanap kaya nila ang sagot sa misteryo ng Villa Soledad?*

c. Pagganyak na Tanong



Sabihin: *Habang binabasa ninyo ang huling bahagi ng kuwento, alamin ang sagot sa tanong na ito: Sino ang nagnakaw ng watawat at ang koleksiyon ng lumang pera mula sa Villa Soledad?*

3

PAGBASA NG KUWENTO NG MGA MAG-AARAL



Sabihin: *Habatiin ko kayong muli sa dalawang pangkat. Ang Pangkat 1 (Mahirap o challenging na level) ay magbabasa nang tahimik, at ang Pangkat 2 (Madali o easy na level) ay pakikikingan ko habang nagbabasa nang malakas. Pangkat 1, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang tahimik ang kuwento? Pangkat 2, ano-ano ang dapat tandaan habang binabasa nang malakas ang kuwento?*

- Ipaalala sa mga mag-aaral na maaari silang magtanong o humingi ng paglilinaw habang nagbabasa. Ililista muna ng mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong habang hindi nila kasama ang guro. Ipabanggit sa mga nasa Pangkat 1 ang kanilang tanong bago magsimula ang pangkatang gawain.

Pangkat 1	Pangkat 2
<p>Isulat ang pagsasanay para sa Pangkat 1 sa pisara.</p> <p><i>Panuto: Magbasa nang tahimik. Kapag tapos na kayong magbasa, sagutan ang pagsasanay:</i></p> <p>Pagsasanay</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Bakit pinigilan ni Lola Ely ang magpinsan na ipagpatuloy ang kanilang imbestigasyon? 2. Sino ang pinaghihinalaan nina Nona at Gabriel sa simula? 3. Tama ba ang unang hinala nina Nona at Gabriel? 	<p>Sabihin: <i>Tatawagin ko ang unang magbabasa ng isang bahagi ng kuwento. Susundan ng iba ang binabasa niya sa pamamagitan ng pagbasa nang tahimik. Maaari akong magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang bahagi ng kuwento.</i></p> <p>Mga maaaring itanong ng guro:</p> <p>Pagkabasa ng p.28: <i>Bakit pinigilan ni Lola Ely ang magpinsan na ipagpatuloy ang kanilang imbestigasyon?</i></p>

TALAAN

4. Paano nalaman nina Nona at Gabriel kung sino ang magnanakaw?

5. Bakit nag-aaway noong una sina Tita Jovy at Tito Mike?

Pagkabasa ng p.29:

Bakit tumaas ang boses ni Lola Ely? Ano ang sinabi niya sa magpinsan?

Pagkabasa ng p.30:

Bakit pumunta ulit si Nona sa silid-aklatan?

Pagkabasa ng p.31:

Bakit ayaw ibigay ni Tito Ramil ang aklat kay Nona? Ano ang nahulog mula sa libro?

Pagkabasa ng p.32:

Paano nahuli ang tunay na magnanakaw? Paano nakatulong sina Nona at Gabriel sa paghuli sa magnanakaw?

4

PAGTALAKAY SA KUWENTO

Sagutin ang sumusunod na tanong upang talakayin ang kuwento:

- *Bakit pinigilan ni Lola Ely sina Nona at Gabriel mula sa pagtuloy na pag-imbetiga?* **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.**
- *Sino ang unang pinaaghinalaan ng magpinsan na nagnakaw ng mga antigo? Ano ang naging reaksiyon ni Lola Ely sa hinala nina Nona at Gabriel?* **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.**
- *Ano ang narinig ni Nona habang binabanap ang librong naiman niya sa silid-aklatan?* **Basahin ang bahaging ito ng kuwento.**
- *Paano nalaman nina Nona at Gabriel kung sino ang magnanakaw? Ano ang ginawa nila upang mahuli ang magnanakaw?*
- *Sa inyong palagay, ano ang natutuhan ng magpinsan mula sa mga pangyayari sa Villa Soledad?*
- *Kung kayo sina Gabriel at Nona, gagawin rin ba ninyo ang labat ng kanilang ginawa upang tulungan si Tita Jovy? Bakit?*

5

TAKDANG-ARALIN

Ikuwento sa inyong mga kapamilya ang kuwento ng *Misteryo sa Villa Soledad*. Tanungin ang inyong magulang o nakatatandang kapatid kung ano ang opinyon nila tungkol sa ginawa nina Gabriel at Nona.

PAALALA SA GURO

Sa pagbabasa sa bahagi ng kuwento na nagpapatunay ng sagot, muling mapakikinggan ng guro ang tatas ng mga mag-aaral sa pagbasa. Magsisilbing modelo sa Pangkat 2 ang mas matatas na pagbasa ng Pangkat 1.

ARAW

5

LAYUNIN

- **F3PB** Nasasabi ang bunga ng nakasaad na dahilan
- **F3PB; F3PS** Naisasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang balangkas ng kuwento bilang gabay
- **F3EP** Nasasabi ang gamit ng Glosaryo at nasasagot ang mga tanong tungkol dito
- **F3KM** Nakasusulat ng isang kard na paanyaya na may wastong baybay, bantas, at mekaniks ng pagsulat

1

**BAHAGINAN:
BALANGKAS O BANGHAY NG KUWENTO**

Ipaalala sa klase kung ano ang bumubuo ng balangkas ng isang kuwento. Hikayatin silang gamitin ang balangkas ng kuwento sa pag-alala sa mahahalagang detalye mula sa *Misteryo sa Villa Soledad*. Sino ang mga tauhan? Saan naganap ang kuwento? Ano ang lumitaw na problema o misteryo sa Villa Soledad? Paano nalutas ang problema o misteryo? Hayaang magbahaginan ng kanilang sagot ang mga magkakatabi. Bigyan sila ng limang minuto para sa bahaginan. Pagkatapos ng limang minuto, tumawag ng ilang mag-aaral upang ibahagi ang balangkas ng kuwento. Gabayan sila sa pagwawasto ng kanilang sagot at pangungusap kung kinakailangan.

2

ARALIN: PAG-AARAL NG GLOSARYO (GLOSARI)

Sabihin: *Nakapagbasa na ba kayo ng isang aklat-pang-impormasyon na maraming mga terminong hindi pa pamilyar sa inyo? Ano kaya ang bahagi ng aklat na makatutulong sa inyo upang maintindihan ang mga katawagan o salitang ito? (Kumuha ng ilang sagot.) May ilang librong pang-impormasyon na may nakatakdang bahagi upang ipaliwanag ang mga hindi-pamilyar na salita. Ang tawag sa bahaging ito ng aklat ay Glosaryo.*

- Isulat ang sumusunod sa pisara:

Glosaryo – bahagi ng aklat pang-impormasyon na nagpapaliwanag sa kahulugan ng mahihirap intindihin na salita; madalas na nakalagay sa bandang dulo ng libro; nakalista ang mga salita ayon sa pagkakakasunod-sunod ng alpabeto, katulad ng diksiyonaryo



Sabihin: *Ang Glosaryo ay parang munting diksiyonaryo. Ito ay matatagpuan sa likurang bahagi ng mga aklat pang-impormasyon. Nakatutulong ang Glosaryo sa mga mag-aaral sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita.*

- Magpakita ng halimbawang pahina mula sa Glosaryo ng isang libro. Ipasuri ito sa mga mag-aaral.

Glosaryo

TALAAN

A

abono: pataba ng mga tanim

antigo: yari noong panahon

arkipelago: kapuluan

B

bersiyon: sariling pang-unawa

beterinaryo: doktor ng mga hayop

bugto: maliit na hayop sa dagat na nangangagat

D

dalampasigan: baybay-dagat

dokumento: mahalagang kasulatan

droga: ipinagbabawal na gamot

E

empanada: tinapay na may palamang karne, gulay, at pasas

engrande: malaki at mamahaling tingnan

espiya: pasekretong nagmamasid sa ginagawa ng iba

H

hinalungkat: masusing hinanap ang nawawalang bagay

hindi mapakali: hindi mapalagay

I

idisenyoy: iguhit ng dibuho

K

kabisado: alam na alam gawin

kalabog: ingay ng nabagsak na mabigat na bagay

kalesa: sasakyang panlupa na yari sa kahoy, may dalawang gulong at hinihila ng kabayo

kasagsagan: kalakasan

kasosyo: kasama sa negosyo

katangi-tangi: kapuri-puri

katutubo: likas o katangian na nakaangkop sa kultura ng lugar

klima: panahon

konstitusyon: aklat na naglalaman ng mga karapatan at obligasyon ng mga Pilipino

krimen: ginawa na labag sa batas

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa nabasang Glosaryo:

- *Ano ang unang titik o letra sa Glosaryo?*
- *Ano ang unang salita sa pabina ng Glosaryo?*
- *Ano ang huling salita sa pabina?*
- *Paano pinagsunod-sunod ang mga salita sa Glosaryo?*
- *Anong titik ang pamatnubay sa salitang bersiyon?*

TALAAN

- Magbanggit ng ilang salita mula sa halimbawang Glosaryo at ipabasa ang kahulugan sa mga mag-aaral. Ipabanggit sa mga mag-aaral kung ano ang naibibigay na tulong ng isang Glosaryo.
- Tanungin ang klase kung may nais pa silang linawin tungkol sa paggamit ng Glosaryo. Sagutin ang mga tanong ng klase bago tumungo sa susunod na gawain.

3

PAGSAGOT NG SKILL BUILDER
SA LEVELED READER

- Ipamahagi ang *Leveled Reader* sa mga mag-aaral at pabuksan sa pahina 32. Ipagawa ang mga pagsasanay o *Skill Builder* na makikita sa pahinang ito. Isusulat nila ang buong pagsasanay sa kanilang kuwaderno.

Pagsasanay: Muling Pagsalaysay ng
Binasang Kuwento

- Mag-ikot sa klase habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang *Skill Builder*. Pansinin at gabayan ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng tulong sa pag-unawa ng mga gawain.

4

DAGDAG NA PAGSASANAY

Ano ang Bunga?

Panuto: Isulat ang bunga ng sumusunod na sanhi:

- Binanggit ni Nona ang pangalan ni Tito Mike kay Lola Ely na tila nagbibintang.
- Nagpumilit ang magpinsan kay Manong Jun na hayaan silang pumunta sa silid-aklatan.
- Itinaas ni Tito Ramil ang libro upang hindi maabot ni Nona.
- Sumigaw sina Gabriel at Nona nang malaglag ang lumang barya mula sa librong hawak ni Tito Ramil.
- Ipinaliwanag ni Tita Jovy kung bakit sila nag-away ni Tito Mike.